

ENGLISH - FILIPINO

LEGAL
DICTIONARY



CEZAR C. PERALEJO, SR.

Binagong Edisyon



Miyembro ng Judicial at Bar Council ng Korte Suprema, nagtapos ng Bachelor of Laws na may pagkilalang cum laude sa Unibersidad ng Santo Tomas noong 1950 si Hukom Cezar C. Peralejo. Natamo niya ang kaniyang Master of Public Administration sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1959.

Kabilang sa kaniyang mga salin ang *Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991*, *Ang Kodigo ng Pilipinas*, *Ang Kodigo Penal ng Pilipinas*, at ang dalawang tomo ng *Ang Kodigo Sibil ng Pilipinas*. Para sa kaniyang mga isinalin, pinagkalooban siya ng Gawad Cecilio Lopez ng UP Sentro ng Wikang Filipino noong 1995, Gawad Pagkilala mula sa Komisyon ng Wikang Filipino noong 1994, at Citation for Outstanding Achievements mula sa Manila Critics Circle noong 1983 at 1964. Noong 1958, naging kasapi siya ng International Honor Society of Phi Kappa at ng International Society of Phi Gamma Mu, UP Chapter.

Tubong-Nueva Ecija, ang may-akda ay kasal kay Marina C. Limjuco ng Santa Cruz, Laguna. Mayroon silang siyam na anak.

ISBN 971-8781-02-7



9 789718 781029

English-Filipino Legal Dictionary

©1995, 2004 Cezar C. Peralejo, Sr.
©1995, 2004 Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi ng aklat na ito
sa alinmang paraan—graphic, electronic, mechanical—nang
walang nakasulat na pahintulot sa mga mayhawak ng
karapatang-ari.

Unang limbag, 1995
Binagong edisyon, 2004

Lilia F. Antonio Ph.D., Editor
Rommel P. Macaraig, tagadiseno ng aklat at coordinator

The National Library of the Philippines,
CIP Data

Recommended entry:

Peralejo, Cezar S.
English-Filipino legal dictionary /
ni Cezar S. Peralejo, Sr. - Binagong ed.
- Quezon City : UP-SWF, c2004

1. Law - Dictionaries. 2. Law -
Terminology. I. University of the
Philippines. Sentro ng Wikang Filipino.
II. Title

K52 340 P043000470 2004
ISBN 971-8781-02-7

Dahil sa kalinga ng Diyos
at ng Saligang Batas
Alay ko ang akdang ito
sa aking Bayan

Cezar C. Peralejo, Sr.


SENTRO NG WIKANG FILIPINO
A. Ma. Regidor St., Area XI
U.P. Diliman, Lungsod Quezon
Tel: 924-4747; 426-5838

**PAUNANG SALITA
sa BINAGONG EDISYON**

Batas ang pinakamalakas na kasangkapan upang maging payapa ang lipunan dahil kinikilala nito ang mga pangangailangan ng bayan. Higit pa sa layuning akademiko, ito ang pangunahing dahilan sa paglalathala ng *English-Filipino Legal Dictionary*—ang pagkalooban ang mga Filipino lalong-lalo na ang mga ordinaryong mamamayan ng batayang pang-unawa sa batas at sa kanilang karapatan. Isang mabisang kasangkapan ang diksiyonaryong ito upang madaling maintindihan ng karaniwang Filipino ang mga titik ng batas lalo na iyong mga salitang nakasulat sa wikang banyaga tulad ng Latin at Espanyol.

Nagsimula ang paggawa ng diksiyonaryong ito humigit-kumulang 40 taon na ang nakararaan sa pagsasalin ni Hukom Cezar Peralejo ng mga terminong pambatas. Mula sa kaniyang borador, pinalawak ito at dumaan sa pangkat ng mga editor na kinabibilangan nina dating Dekano Pacifico A. Agabin, dating SWF Direktor Virgilio S. Almario, Atty. Rosa Maria Juan-Bautista, Mahistrado Jose C. de la Rama, Prop. Viveca Hernandez, Atty. Antonio G.M. Laviña, Dr. Teresita G. Maceda, at Dr. Consuelo Paz. Pagsapit ng 1995, inilathala ng Unibersidad ng Pilipinas ang kauna-unahang *English-Filipino Legal Dictionary*.

Makalipas ang halos isang dekada, inilalathala na ang binagong edisyon ng *English-Filipino Legal Dictionary*. Dahil nagtataglay ng mas marami at higit na pininong lahok, inaasahang maisasakatuparan nito ang pangunahing layunin ni Hukom Peralejo na ilapit sa taumbayan ang katarungan sa pamamagitan ng wika.


DR. LILIA F. ANTONIO
Direktor, SWF

**INTRODUKSIYON
sa UNANG EDISYON**


Sa kabila ng probisyong konstitusyonal noong 1987 na nagtatalaga sa Filipino bilang opisyal na wika, ang paggamit ng Filipino sa pag-aaral at pagpapatupad ng batas ay nananatiling isang posibilidad na hindi palagiang kinikilala sa pamamagitan ng paggamit nito. Hindi na ito nakapagtataka sapagkat sa ating bansa, ang pagsasanay sa batas, sa teorya man o praktika, ay isinasagawa sa ibang wika, sa Ingles; nangangahulugan ding karamihan sa ating mga babasahin at materyal tungkol sa batas ay nakasulat sa Ingles. Sa madaling salita, sa ating labis na pagkaabala sa pagpapakadalubhasa sa pag-unawa sa batas sa wikang karaniwang inihahain sa atin upang higit na mabisa nating magamit ang mga prinsipyo nito sa ating pang-araw-araw na buhay, nakaligtan na nating linangin ang ating mga tagóng kaalaman sa Filipino na tunay na makapagbibigay-buhay sa lengguwahe ng batas para sa ating mga kababayan.

Mapanghawan ang *English-Filipino Legal Dictionary* ni Hukom Cezar Peralejo, sa pakikipagtulungan ng mga editor at ng Unibersidad ng Pilipinas, sa pagtatangka nitong bigyang-solusyon ang problema at ipakita ang kakayahan ng ating wika na maipaabot sa atin ang karaniwang hindi matanggap at hindi maunawaang kaalaman.

Bilang pagkilala sa patuloy na ugnayan ng batas at wika, matiyagang itinaguyod ni Hukom Peralejo ang kaniyang paninindigang ipaabot ang batas sa higit na nakararaming mambabasa, sa pagsasalin ng apat na iba pang pundasyonal na tomo sa pag-aaral ng batas sa Filipinas. Sa paglalathala ng diksiyonaryong ito na nagbibigay-kahulugan sa mga terminolohiyang Ingles ayon sa idyoma ng pamumuhay at pag-iisip ng nakararaming Filipino, pinagkalooban niya ng pagkakataon si Juan de la Cruz at Mang Pandoy upang maunawaan ang titik ng batas sa pamamagitan ng kanilang sariling kakayahan sa halip na umaasa na lamang sa iba.

Higit na mahalaga pa rin ang katotohanang ito ang kauna-unahang tapat, kongkreto, at maingat na pagsisikap upang maipakita ang kahusayan ng Filipino sa pamamagitan ng pagpapamalas ng taal nitong kakayahang umangkop at makuha ang diwa ng masasalimuot na kaisipan at idea tulad ng mga nakakaharap sa disiplinang legal. Kabilang ang mga termino at kahulugan na paminsan-minsan ay sinasadyang hindi maging malinaw lalo na sa mga nakararaming hindi aral. Dahil dito, lubos kong ipinagmamalaki ang bahagi ng UP sa tagumpay ng kapuri-puring proyektong ito. Isinasakatuparan nito ang pangunahing tungkulin ng Unibersidad bilang tagapangalaga ng wika, kultura, at halagahang Filipino, na siyang pangunahing layunin sa pitong-puntos na agenda ng aking administrasyon.

Ang pagsasalin ay isang eksaktong sining at kakaunti lamang ang may kakayahang magpalipat-lipat sa dalawang wika. Sa ganitong paraan, mabisang naitalaga ng mga taong nasa likod ng produksiyong ito ng napapanahong diksiyonaryo para sa mga Filipino, ang kanilang sarili bilang kinikilalang kasapi ng samahang pangkomunikasyon. Sa pamamagitan ng kanilang gawain, nabawasan kung hindi man ay tuluyang napawi ang maituturing na kinatatakutan sa pag-unawa ng batas na nabibihisan ng hiram na wika. Mapabilis at mapadadali ng bukod-tangi nilang diksiyonaryo ang komunikasyon sa mga paglilitis, na marubdob naming inaasahan, ay magiging daan sa edipikasyon ng ating opisyal na wika bilang wika sa mga hukuman.



DR. EMIL QUINTO JAVIER
Pangulo
Unibersidad ng Pilipinas-Sistema

INTRODUKSIYON sa BINAGONG EDISYON

Nang ilathala ni Hukom Cezar C. Peralejo, Sr. sa pakikipagtulungan ng UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman (UP SWF-Diliman) ang unang edisyon ng *English-Filipino Legal Dictionary* noong 1995, batid ng mga nasa likod ng produksiyong ito na magiging mabisa itong hakbang sa pagkaunawa at sa kalaunan ay sa pagpapatupad ng batas. Bilang kauna-unahang lathalain sa categoryang ito, hindi lamang ang mga mag-aaral ng batas ang matutulungan ng diksiyonaryong ito kundi pati na rin ang mga nasa legal na propesyon at ang mga ordinaryong mamamayan na sumasailalim sa kanilang serbisyo.

Makalipas ang halos isang dekada, muling nagtulungan ang UP SWF-Diliman at si Hukom Peralejo upang ilathala ng binagong edisyon ng *English-Filipino Legal Dictionary*. Dinagdagan ang mga lahok at pinakinis. Bunga nito, inaasahang higit itong makatutulong sa ating mga kababayan tungo sa pag-unawa ng batas.

Mahalaga ang patuloy na pagpapaunlad ng publikasyong ito. Bagaman hindi nagbabago ang mga pangangailangan ng bawat indibidwal pagdating sa kaniyang karapatan, kailangang makasunod ang diksiyonaryo sa nagbabagong panahon at kalagayan. Tulad ng ibang mga bagay, kailangang maging dinamiko ang diksiyonaryo upang patuloy itong maging kapaki-pakinabang.

Kaisa ni Hukom Peralejo ang UP SWF-Diliman sa kaniyang misyon na gawing tulay ang wika para sa ganap na pagkaunawa sa batas at kamalayan sa karapatan ng bawat Filipino. Naniniwala kaming darating ang araw na maaalpasan ang suliraning pangwikang kinaharap at patuloy na kinakaharap ng mga nag-aaral ng batas, mga miyembro ng hudikatura, at mga taong bahagi ng mga pagdinig sa korte.

PASASALAMAT

Kay Dr. Francisco Nemenzo, ang kasalukuyang Pangulo ng UP at ang mga naunang Pangulo ng Unibersidad na sina Dr. Emil Q. Javier at Dr. Jose V. Abueva, para sa kanilang patuloy na pagsuporta tungo sa pagsulong at pagpapalaganap ng wikang Filipino;

Kay Tsanselor Emerlinda Roman, para sa kaniyang natatanging pagtulong upang maisakatuparan ang paglalathala ng binagong edisyon ng diksiyonaryong ito;

Sa Lupon ng mga Editor ng unang edisyon na binubuo nina dating Dekano Pacifico A. Agabin, dating SWF Direktor Virgilio S. Almario, Atty. Rosa Maria Juan-Bautista, Hukom Jose C. de la Rama, Atty. Antonio G.M. Lavina, Dr. Teresita Gimenez Maceda, at Dr. Consuelo Joaquin Paz, ang aking taos-pusong pasasalamat para sa kanilang mga puna at kritisismo tungkol sa mga termino at kahulugan sa Filipino;

Sa Sentro ng Wikang Filipino, sa kasalukuyan nitong Direktor, Dr. Lilia F. Antonio, para sa kaniyang hindi matatawarang pagtataguyod sa proyektong ito gayundin sa mga nagdaang direktor, Dr. Galileo S. Zafra at Dr. Mario I. Miclat sa kanilang paniniwala sa kahalagahan ng aking proyekto;

Kay Dekano Virgilio S. Almario, para sa kaniyang paggabay at patuloy na pagtangkilik;

Kay Rommel Macaraig at sa lahat ng iba pang kawani ng SWF, para sa kanilang walang sawang pagtulong at pagsusumikap upang mapakinis at mapabuti ang edisyong ito;

Kay Renato Ambrosio Peralejo, ang aking bunsong anak para sa lahat ng tulong na kaniyang ibinigay;

Sa aking mga apo, para sa ibayong galak na ipinagkakaloob nila sa akin;

At sa aking pinakamamahal na asawang si Marina, para sa kaniyang walang hanggang pag-ibig at pagkalinga na nagdulot ng ibayong inspirasyon sa aking buhay at sa aking mga gawain.


CEZAR C. PERALEJO, SR.

MAHAHALAGANG KATANGIAN NG DIKSIYONARYO

1. Mga Lahok

Ang binagong edisyon ng diksiyonaryong ito ay nagtataglay ng kabuuang 3,232 mga lahok. Isinaayos ang lahat ng lahok ayon sa bagong alpabetong Filipino. Nakalimbag sa **sans serif bold** ang mga pangunahing lahok at nakausli sa pagsisimula ng bawat talata ang mga lahok.

2. Bahagi ng Pananalita

Karamihan sa mga lahok ay may kasamang bahagi ng pananalita. Kapag ang isang lahok ay nagtataglay ng isa o higit pang label, ang katumbas na salin ay maaaring gamitin sa mga isinaad na bahagi ng pananalita. Walang label kung ang lahok ay isang parirala, sugnay, o kasabihan.

Halimbawa:

do ut des *Lat. do ut des.* Magbibigay ako upang magbigay ka rin.

insane *n., adj.* baliw...

Ang mga label ng bahagi ng pananalita na naka-light italics ay dinaglat nang ayon sa sumusunod:

<i>adj.</i>	-	adjective
<i>adv.</i>	-	adverb
<i>conj.</i>	-	conjunction
<i>n.</i>	-	noun
<i>prep.</i>	-	preposition
<i>v.</i>	-	verb

Ang mga label ng bahagi ng pananalita ay maaari ring makita bago ang ikalawang kahulugan ng lahok.

Halimbawa:

convict *n.* kondenado. Sinumang napatunayang nagkasala sa isang krimen. *v.* kondenahin, ikondena. Paglalapat ng parusa sa nagkasala.

3. Etimolohiya

Ang etimolohiya ng bawat entri ay sadyang inalis. Gayumpaman, ang mga daglat o akronim ay nilagyan ng angkop na etimolohiya.

Halimbawa:

I.O.U. [abbr.] *I owe you.* Isang palatandaan ng utang.

Ang pinanggalingang wika ng hiniram na katumbas na salin ay karaniwang inilalagay pagkaraan ng label ng bahagi ng pananalita.

Halimbawa:

husband *n.* Ceb. bana. Asawang lalaki.

Ang mga pinanggalingang wika na makikita sa diksiyong ito ay naka-light italics at dinaglat nang ayon sa sumusunod:

<i>Ceb.</i>	-	Cebuano
<i>Esp.</i>	-	Espanyol
<i>Fr.</i>	-	French
<i>Hil.</i>	-	Hiligaynon
<i>Lat.</i>	-	Latin
<i>War.</i>	-	Waray

Hindi inilalagay ang mga pinanggalingang wika ng mga pinagsamang hiram na salita gayundin ang mga nagmula sa Ingles.

4. Salin, Kahulugan, at Paglalagay ng Bilang sa mga Kahulugan

4.1 Karamihan sa mga lahok ay nilagyan ng katumbas na salin sa Filipino. Halos lahat ng posibleng salin na may legal na kahulugan ay isinama sa bawat lahok. Ang katumbas na salin ay karaniwang sinusundan ng kahulugan ng bawat lahok. Ang mga hindi nagtataglay ng kahulugan ay yaong mga lahok na hindi estriktong legal, may mga kahulugang karaniwang makikita sa mga ordinaryong diksiyong ito, karaniwang ginagamit, madaling maunawaan, o may ibinigay na karagdagang babasahin.

Halimbawa:

Chief Justice *n.* Punong Mahistrado. Puno ng pinakamataas na hukuman o Korte Suprema.

storage *n.* imbakan; depositoryo; taguan.

tangible *adj.* nakikita; nadarama; nasasalat.

guilty *adj.* maysala, nagkasala. *n.* salarin

growing crops *n.* growing crops. *Tingnan* Art. 447...

4.2 Ang mga lahok na walang isahang (one-to-one equivalent) katumbas sa Filipino ay naka-light italics maliban na lamang kung mayroong katulad na bigkas at baybay sa Filipino ang mga ito. Alinman dito, ang mga termino ay nakasulat nang normalface type. Lahat ng mga terminong Latin ay hindi binago at naka-light italics.

Halimbawa:

sublease *n.* sublease ...

flotsam, flotsan *n.* flotsam, flotsan ...

tax *n.* tax ...

jettison *n.* jettison... *v.* ipa-jettison ...

alibi *n.* Lat. alibi; ...

- 4.3 Kapag higit sa isa ang kahulugan ng isang lahok, ang mga kahulugan ay may magkakasunod na numerong Arabiko na naka-boldface type. Walang tiyak na pagkakasunod-sunod ang mga kahulugan. Gayumpaman, binibigyang-prioridad ang mga kahulugang may legal na gamit.

Halimbawa:

utility *n.* kagamitan... 1. Sa *Patent Law*, ... 2. Ang katangiang magagamit ...

charge *n.* 1. sakdal; paratang. 2. tungkulin; pasanin. *v.* 1. singilin... 2. ilista ...

- 4.4 Ginagamit ang maliit na titik na naka-boldface type kung kailangang magbanggit ng enumerasyon sa kahulugan.

Halimbawa:

academic freedom *n.* kalayaang akademiko ...
Kalayaan ng unibersidad na magpasiya kung
a. ano ang ituturo, **b.** sino ang magtuturo ...

- 4.5 Ang konteksto ng kahulugan ng bawat lahok ay karaniwang nakasulat sa simula o hulihan at naka-light italics. Karamihan sa mga konteksto ay nasa Ingles dahil tayo ay nasa panahon pa lamang ng transisyon.

Halimbawa:

amparo *n.* amparo. Sa *Spanish-American Law*, ...

interrogatory ...Mga nakasulat na tanong
...alinsunod sa *Rules of Court*.

5. Mga singkahulugan

- 5.1 Ang mga alternatibong termino ay sadyang isinama sa katumbas na salin o kahulugan ng lahat ng entri. Ang mga gagamit ng diksiyonaryong ito

ay bibigyan ng pagkakataong pumili sa mga magkakatulad na salita na pinaghihiwalay ng slash (/) at "o."

Halimbawa:

omission *n.* ... ang di-pagsama o di-pagbanggit ...

imperative ...Pag-utos/pagpapatupad ng mga obligasyon/tungkulin.

- 5.2 Ang mga singkahulugan ng lahok ay hindi nilalagyan ng label o tanda. Ang mga entri na may magkakaibang salitang-ugat ay pinaghihiwalay n tuldok-kuwit (;) habang ang mga nagtataglay ng magkakaparehong salitang-ugat ay pinaghihiwalay ng kuwit (,).

Halimbawa:

cancel *v.* kaltasin, magkaltas, kumaltas;
kanselahin, magkansela, ikansela; tanggalin,
magtanggali.

calumny *n.* paninirang-puri; paninirang-dangal;
pang-aalipusta.

6. Mga Sipi, Tala, at Halimbawa

- 6.1 Lahat ng mga sipi ay naka-light italics. Karaniwan itong makikita sa hulihan ng katumbas na salin o kahulugan para sa karagdagan pagsangguni. Ang mga sipi ay karaniwang nagmula sa mga kaso o akl na may tuwirang ugnayan sa salin o kahulugan ng lahok. Ang mga sangguniang hindi pa naisalin ay pinananatili sa kanilang pamagat sa Ingles.

Halimbawa:

Tingnan ... Rules of Court (i.e. wala pang salin)

Tingnan ... Kodigo Sibil

Nakalista sa ibaba ang mga sipi o aklat na naisalin na sa Filipino:

Constitution	-	Saligang Batas
Civil Code	-	Kodigo Sibil
Family Code	-	Kodigo ng Pamilya
Local Government Code	-	Kodigo ng Pamahalaang Lokal
Revised Penal Code	-	Binagong Kodigo Penal

6.2 Inilalagay ang mga tala bilang karagdagang impormasyon para sa mga gagamit. Ang mga ito ay karaniwang makikita sa huliñan ng kahulugan at kung minsan, nakapaloob sa mga square bracket [].

Halimbawa:

total loss *n.* ganap na pagkawala ... Kaiba sa *partial loss*, di-ganap na pagkawala.

per capita *per capita* ... [Sa Bulacan, ang ginagamit ay "bawat tiyan" sa halip na "bawat ulo."]

6.3 Lahat ng mga halimbawa ay naka-light italics, bahagi man ito o hindi ng kahulugan ng lahok, upang makaiwas sa pagpapalagay na mayroon itong tuwirang kaugnayan sa kahulugan.

Halimbawa:

withhold *v.* ... Huwag isiwalat ... gaya ng pagkakait sa impormasyon.

incorporeal rights *n.* mga karapatang di-nakikita.
Halimbawa *karapatan sa kalayaan, pagsamba, atbp.*

6.4 Lahat ng pangngalang pantangi sa Ingles ay hindi isinalin.

Halimbawa:

Bureau of Mines

United States

7. Mga Ibang Simbolo

7.1 Ang mga terminong nakapaloob sa mga panipi (" ") ay maaaring isinalin nang literal, inimbento, o kasabihan o parirala.

Halimbawa:

tacking *n.*idinadagdag o "ikinakabit" (*tacks*)...

vocation *n.* bokasyon. Regular na "calling"...

but for test *n.* ... test na "kung hindi dahil sa ..." ay "hindi sana..."

7.2 Ang gitling ay ginagamit bilang tanda ng duplikasyon o pag-uulit ng mga salita, markang diakritiko, o resulta ng automatikong paggitling sa word-wrapping teknik ng computer.

Halimbawa:

stop and frisk *v., n.* ...kahina-hinala.

strike *n.* welga ... pag-aaklas.

Sa kaso ng mga tambalang salita sa Filipino bilang resulta ng pagsasalin, minabuti ng diksiyonaryong ito na lagyan ng gitling ang mga entri na may katumbas na isang salita, ang mga affix at salitang-ugat, o yaong halaw lamang sa anyong Ingles.

Halimbawa:

veto *v. veto*; di-sang-ayunan; di-pagtibay**non-appearance** *n.* di-pagharap; di-pagdalo...**co-heir** *n.* ka-tagapagmana ...

7.3 Ang mga panaklong ay ginagamit upang ipahiwatig ang karagdagang paliwanag, salin (karaniwang naka-light italics) ng naunang mga salita o parirala, alternatibong terminong teknikal, akronim, o bilang na nagpapahiwatig ng edad.

Halimbawa:

Judge Advocate General's Office (JAGO) ...**adjective law** (*procedural law*)**boycott** ... para matamo ang (kahilingang) konsesyon ...**emancipation by age** *n.* edad labingwalo (18) ...

Mga Daglat

<i>adj.</i>	-	adjective
<i>adv.</i>	-	adverb
<i>Art.</i>	-	Artikulo/Article
<i>Blg.</i>	-	Bilang
<i>Ceb.</i>	-	Cebuano
<i>conj.</i>	-	conjunction
<i>Esp.</i>	-	Espanyol
<i>Fr.</i>	-	French
<i>Hil.</i>	-	Hiligaynon
<i>Lat.</i>	-	Latin
<i>n.</i>	-	noun
<i>No.</i>	-	Number
<i>Nos.</i>	-	Numbers
<i>P.D.</i>	-	Presidential Decree
<i>prep.</i>	-	preposition
<i>Sec.</i>	-	Section
<i>Sek.</i>	-	Seksiyon
<i>SCRA</i>	-	Supreme Court Reports Annotated
<i>v.</i>	-	verb
<i>War.</i>	-	Waray

Aa

abandon *v.* abandona, abandonahin, iabandona; ganap na iwan, iwanan; ganap na talikdan, talikuran.

abandonment *n.* pag-abandona. Pagtalikod sa responsabilidad halimbawa ganap na pag-iwan at pagpapabaya ng isang magulang sa kaniyang anak.

abandonment of minor *n.* pag-abandona sa menor de edad. Pag-iwan sa batang wala pa sa edad (18 taong gulang).

abandonment of office *n.* pag-abandona o pagtalikod sa tungkulin. Ang mga elemento nito ayon sa Art. 238 binagong Kodigo Penal ay **a.** opisyal ng bayan ang lumabag; **b.** tumalikod siya sa tungkulin; **c.** hindi pa natatanggap ang kaniyang resignasyon o pagbibitiw; **d.** napinsala ang paglilingkod sa bayan dahil sa pag-abandona niya sa opisina. Tingnan *People vs. Santos* 55OG 5566.

abatement *n.* reduksiyon; pagpapaliit; pagbabawas. Pagpigil sa isang kaahalahan. Pagsawata na hindi ginamitan ng pag-uusig.

abbreviation *n.* daglat; pinaikli; pinaikling salita tulad ng atbp para sa "at iba pa," n.u. para sa "ng umaga," op. cit para sa "opere citato."

abdication *n.* abdikasyon. Pagtalikod/ pag-iwan sa kaharian/trono katulad ng ginawa ng yumaong Haring Edward VIII ng England.

abduction *n.* abduksiyon; sapilitang pag-agaw ng babae. Ang pagkidnap sa isang babae upang siya ay maialis sa kaniyang tirahan at pagdala sa kaniya sa ibang lugar para pakasalan o siraaan ng dangal. Tingnan Art. 342, Binagong Kodigo Penal.

abduction *n.* abduksiyon. Ang kriminal o malisyosong pagkuha o pagtangay sa pamamagitan ng dahas. Ang kuhaang ito ay sa paraan ng panlilinlang, pamimilit, o lantad na pananakot. Ang paksa nito ay maaaring isang bata, alaga, asawa, atbp.

abduction with consent *n.* abduksiyong may pahintulot. May pahintulot na pag-agaw sa babaeng di bababa sa 12 at di hihigit sa 18 ang edad. Tingnan Art. 343, Binagong Kodigo Penal.

Sa pinaka-eksklusibong kaisipan, ang abduksiyon ay limitado sa pagtangay ng isang babae upang pakasalan, asawahin, o pagputahin.

aberratio ictus *n.* *Lat. aberratio ictus.* Ang hataw na tumama sa iba katulad ng pagmanais na barilin ang isang tao ngunit ang tinamaan ay ibang tao.

abet *n.* pag-udyok; pagsulsol. Pag-udyok, pagsulsol o pagtulong upang mapabilis o maganap ang paggawa ng masama.

abettor *n.* tagaudyok; tagasulsol. Nag-udyok o nagsulsol sa pagganap o pagpabilis ng paggawa ng masama.

abeyance *n.* pagpigil; pagpaliban.

ability *n.* kakayahan; abilidad.

ab initio *Lat. ab initio.* Sa simula. *Tingnan Heirs of Archers vs. Diaz; SCRA 445.*

ab intestato *Lat. ab intestato.* Walang huling habilin.

abjuration *n.* pagtatakwil. Pagtalikod o pagtatakwil sa bandera/watawat ng bansang pinagmulan, sa paniniwala, o sa pinanumpaan.

able-bodied *adj.* malusog at walang kapansanan.

abode *n.* tirahan; tahanan.

abode, freedom of *n.* *Tingnan freedom of abode.*

abolition *n.* abolisyon; pag-aalis; pagpawi; pagtanggap.

abort *v.* pag-abort, iabort; pagpigil, pigilin; ihinto; itigil; ilaglag, magpalaglag, ipalaglag.

abortion *n.* aborsiyon; pag-aagas; paglalaglag, sinadya man o hindi. *Tingnan Art. 256 at 257, binagong Kodigo Penal.*

abortive trial *n.* natigil na paglilitis na hindi kagustuhan ng bawat panig sa usapin.

abridge *v.* paiklin. Pagputol ng isa o

ilang bahagi halimbawa ng isang kontrata para umikli ito.

abridgement *n.* pagpapaikli (sa kabuuang)

abroad *adj.* abrod; sa ibang lupain; sa ibang bansa.

abrogation *n.* abrogasyon. Pagpapa-walang saysay ng batas.

abscond *v.* itakas, tumakas; magtago.

absconding debtor *n.* tumakas na may-utang.

absence *n.* pagliban; di-pagdalo; di-pagharap.

absence, leave of (LOA) *n.* *Tingnan leave of absence.*

absent *adj.* absent; wala; di-kaharap; di-dumalo; di-humarap.

absentee *n.* absentee. Ang taong hindi dumadalo o hindi humaharap.

absentee landlord *n.* absentee landlord. May-ari ng lupa na di nakatira sa lupa o bahay na pinaupahan o pinagkakitaan.

absolute *v.* absoluto; lubos; komplet; perpekto; ganap; buo; tiyak; walang takda.

absolute community of property *n.* absolutong komunidad sa ari-arian. Sistemang namamahala sa pag-samahang ari-arian ng mag-asawa na tiyak na magsisimula sa araw ng pagkaganap ng kasal. *Tingnan Art. 88, Kodigo ng Pamilya.*

absolute divorce *n.* *absolute divorce*. Ang disolusyon ng kasal o paghihiwalay ng mag-asawa sa kama at sa kainan (*bed and board*) ayon sa mga kadahilanang isinasaad, itinakda,

iniutos ng batas. Tanging hukuman lamang ang makapagbibigay nito.

absolute pardon *n.* absolutong pribilehiyo; pribilehiyong walang pasubali. Kondisyon ng batas na ang nagsabi o sumulat ay walang pananagutan. *Tingnan Libel Law.*

abstract of record *n.* ang buo at pinaikling kasaysayan; pinaikling anyo ng kaso katulad ng mababasa sa rekord. Ang layon ay maparating sa apeladong hukuman sa maikling anyo ang isang tumpak at awtentikong kasaysayan ng lahat ng mga paglilitis sa kaso katulad ng nagaganap sa paglilitis sa mababang hukuman. Dapat na maging lubos upang maipakita ang mga katanungan na iniharap para repasuhin ng apeladong hukuman. (231. S.W. 70)

abstract of title *n.* ang isang maikling kasaysayan ng titulo sa lupa; isang sumaryo o buod ng mga kaganapang pinagsaligan gaya ng katibayan ng titulo, na nararapat na maglaman ng isang kataga ng lahat ng mga pinanggalingan ng dokumento, mga sinalinan, o ibang mga kaganapan na basehan ng mga ebidensiya ng titulo ng *claimant*, sinalinan, o ibang mga nangyari na lumilitaw sa rekord na maaaring makasira sa titulo. Dapat na mapaloob rito ang lahat ng mga kaloob, mga pagkakabili, mga testamento at lahat ng mga rekord at hudisyal na mga paglilitis, na sa anumang bagay ang titulo ay kasangkot, at ang lahat ng mga pagkasangla at mga lien sa rekord, at nagpapakita kung saan at bakit napawalang-bisa sa mga ito. (107 N.E., 183)

absurd *adj.* absurdo; walang katuturan.

absurdity *n.* pagkaabsurdo; kawalang-katuturan.

abuse *v.* umaabuso, abusuhin, mang-abuso; magmalabis; manlapastangan.

abuse of authority *n.* pagmamalabis, pagsasamantala, o pag-abuso sa kapangyarihan.

abuse of confidence *n.* pag-abuso/pagsira sa pagtitiwala.

abuse of process *n.* pag-abuso sa proseso. Ang paggamit ng kriminal o sibil na proseso na kaiba sa layunin ng batas. Ang maling gamit ng proseso sibil ay may kinalaman sa mali o labag sa batas na pagpapasimula ng nasabing proseso, samantalang ang pag-abuso sa proseso sibil ay nauukol sa maling paglalapat ng isang prosesong makaraang palabasin ito.

abut *v.* [abutting] makarating; paghinto sa punto ng pagdidikit; makabit sa mga boundary; sa primaryang kahulugan ang 'abutting' ay nagbibigay-kahulugan ng mas malapit na; kalapitan kaysa sa terminong 'adjacent', at kung ang huli ay maaaring ipakahulugan na nakalagay na malapit sa o tunay na karatig ay nakasalalay sa kalakhan sa konteksto ng pagkakagamit.

abutting owner *n.* karatig na may-ari ng lupa.

academic freedom *n.* kalayaang akademiko. 1. ang karapatan ng isang miyembro ng kaguruan ng unibersidad upang gumawa ng mga saliksik at pag-aaral sa asignaturang kaniyang pinagkadalubhasaan at ipahayag ang

kaniyang mga kongklusyon nang walang takot at hindi maaaring usigin o pakialaman **2.** ang karapatan ng isang guro na kinilala at epektibong ginantiyahan ng lipunan upang magsaliksik at magpahayag ng katotohanang pansarili niyang natuklasan, kapuwa sa kaniyang gawaing akademiko at sa kakayahan niya bilang isang taong pribado. *Tingnan Garcia vs. Faculty Admission Committee, L-40779 Nob. 28, 1975; 68 SCRA 283.* **3.** kalayaan ng unibersidad na magpasiya kung **a.** ano ang ituturo, **b.** sino ang magtuturo, **c.** paano magtuturo, at **d.** sino ang tuturuan.

acceleration *n.* akselerasyon; arang-kada. Pagpapaikli ng panahon.

acceleration clause *n.* sugnay sa akselerasyon. Isang sugnay sa kasunduan na ang buong utang ay dapat na bayaran at masingil agad kapag nakaligtaan ng may utang na tumupad sa ilang tiyak na mga kondisyon.

accept *v.* tanggapin; tumanggap. Pagtanggap o pagsang-ayon nang bukal sa kalooban.

acceptance *n.* pagtanggap. *Tingnan offer and acceptance.* Isang akto ng kusang pagtanggap ng bagay o ng isang kasunduan sa takda o tinukoy na mga kondisyon. Sa mga kontrata, ang pagtanggap ay pagsang-ayon sa kondisyon ng salik na lumikha ng isang balidong kontrata. Sa ari-arian, katutubong elemento ito sa pagkaganap ng isang handog na *intervivos*; datapuwa sa pangkalahatan, ito ay maipalalagay kung ang handog o regalo ay mapakikinaabangan.

Ang pagtanggap ng bangko ng isang

tseke o ibang negosyableng kasulatan ay isang uri ng pamamaraan na nangangako ang bangko na babayaran ang *payee* o ang pangalang nakasulat sa tseke. Nilagdaang isasagawa ng *drawee* na tanggapin ang *draft* sa pagkapresenta. Dapat maisulat ito sa *draft* at maaaring maging ganap lamang sa paglagda ng *drawee* na maisasakatuparan ito kung winakasan ng deliberi o notipikasyon.

accession *n.* aksesyon; karagdagan. Ang karapatan sa lahat ng produkto ng sariling pag-aari, maging ito ay natitinag o hindi natitinag. Kung magtayo ng isang gusali sa sariling lupa't gumamit ng materyales ng iba o kung magtayo siya ng gusali sa lupa ng iba at gumamit ng sariling materyales, sa alinmang pangyayari ang gusali ay magiging pag-aari ng may-ari ng lupa sapagkat lahat ng gusali ay karagdagan ng lupang kinatatayuan nito.

accessory *n.* palamuti; mga dagdag na bagay. Anumang bagay na idinagdag sa ibang bagay bilang palamuti o ornamento.

accessory after the fact *n.* kasangkot o kalahok. May partisipasyon sa pagsasagawa ng isang krimen. *Tingnan Art. 19, par. 1-3, Binagong Kodigo Penal.*

accessory before the fact *n.* kasabwat. May kinalaman sa isang krimen.

accident *n.* aksidente; sakuna. Pang-yayaring hindi kusa, hindi inaakala, hindi sinasadya, o gawa ng katalagahan kalikasan. Ang paggawa ng isang bagay sa ilalim ng batas na may kaukulang pag-iingat ngunit naging dahilan ng kapinsalaan o nakapinsala

sa iba nang wala namang pagkukulang o intensiyon. *Tingnan Art. 12, pa. 4 Binagong Kodigo Penal.*

accion de reivindicacion *n.* *Esp. accion de reivindicacion.* Isang aksiyon ng may-ari sa pagbawi ng isang ari-ariang real na lakip ang *jus utendi* at *jus fruendi* na isinampa sa Panrehiyong Hukumang Tagapaglitis (Regional Trial Court) ng lalawigan o lungsod na kinalalagyan ng ari-ariang real makalipas ang isang taon makaraang hingin ang posesyon. *Tingnan Reyes vs. Sta. Maria L-33213, Hunyo 29, 1979; 91 SCRA 168.*

accion interdicial *n.* *Esp. accion interdicial.* Isang aksiyon upang bawiin ang pag-aaring pisikal (physical possession) sa isang ari-ariang real, na dapat isampa sa loob ng isang taon simula nang mabigyang notisya ang nakaposesyon. *Tingnan Sec. 1, Rule No. 70, rules of Law. Tingnan din ejectment.*

accion publiciana *n.* *Esp. accion publiciana.* Isang aksiyon upang bawiin ang posesyong pisikal, sa kondisyon o pasubali na ang pagsasampa ng demanda ay makalipas ang isang taon simula nang hingin ang posesyon. Ang hinihingi dito ay posesyon lamang.

acomodacion party (by delivery) *n.* pagpapahiram ng pangalan ng isang panig upang panagutan sa isang dokumentong negosyable (negotiable document) o dokumentong naililipat sa ibang tao.

account *n.* magtuos; magtuwid; magkuwenta; managot.

account, bank *n.* *Tingnan bank*

account.

account, give *v.* *Tingnan give account.*

account, render *an v.* *Tingnan render an account.*

accountable *adj.* may-pananagutan, nananagot; may dapat sagutin (isang aksiyon).

accounting *n.* akawnting. Sa Commerce, ang pagtutuos o pagkukuwenta ng salapi.

accretion *n.* akresyon. Ang inilaki ng ari-ariang di-natitinag sa unti-unting deposito gawa ng kalikasan.

accusation *n.* akusasyon; paratang; sakdal. Bintang na ginawa ng isang maykapangyarihang opisyal o ng isang nagsusumbong (complainant) laban sa nasasakdal.

accused *n.* akusado; nasasakdal; inuusig.

acknowledgment *n.* **1.** pagpapatunay o pagkilala halimbawa sa mga anak. **2.** pagpapatibay, halimbawa, ng isang notaryo ukol sa dokumentong ginawa sa harap niya.

acquiescence *n.* ipinahiwatig na pagsang-ayon.

acquisitive prescription *n.* *acquisitive prescription.* Panahong sapat para magkamit o magkaroon ng karapatan o ari-arian. *Tingnan Art. 1106, Kodigo Sibil.*

acquittal *n.* absuwelto; akwital; pagpapawalang-sala. Pagpapalaya sa isang panig na pinaratangan ng isang krimen. *Sec. 2, Art. 20, Criminal Procedure, 1985.*

act n. 1. akto. Isang bagay na ginagawa ng isang opisyal o taong pribado. 2. akta. Opisyal na gawa ng lehislatura, ng isang konseho munisipal, o ng isang hukom na nagbubunga ng batas, ordinansa, o resolusyon.

act of God n. gawa ng Diyos; puwersa mayor. Alinmang pangyayaring di nagbuhat o pinakialaman ng tao katulad ng lindol, baha, bagyo, apoy, buhawi, pagsabog ng bulkan, at iba pa.

act of liberality n. pagmamagandang-loob.

action n. aksiyon; asunto; usapin; sumbong.

action, criminal n. Tingnan *criminal action*.

action in personam n. *action in personam*. Aksiyon laban sa partikular na mga tao batay sa kanilang mga personal na pananagutan upang maitatag ang habol laban sa kanila at ang hatol o pasiya nito ay pananagutin lamang ang mga panig na nakasama sa usapin o kanilang mga tagapagmana ng interes. *Halimbawa, aksiyon sa paglabag sa kasunduan.*

action in rem n. *action in rem*. Aksiyong hindi lamang laban sa partikular na mga tao kundi laban din sa mga bagay mismo. Layon nito na hadlangan ang sinumang maaaring humadlang sa karapatangnais ipaganap. Samakatwid, ang pasiyang ito ay maipapaganap laban sa buong mundo. *Halimbawa, ang pagpaparehehistro ng titulo ng lupa.*

action quasi in rem n. *action quasi in*

rem. Aksiyong laban sa partikular na mga tao, datapwat ang layunin nito ay hadlangan at makasali hindi lamang ang mga binanggit na mga tao pati na rin ang ibang mga taong nag-aangkin ng anumang interes sa ari-arian o karapatan na paksa ng aksiyon. *Halimbawa, ang habla sa pagpaparemeta ng sangla sa hukuman.*

acts of lasciviousness n. mga gawain malalaswa; mahahalay na gawain Tingnan Art. 336, Binagong Kodig Penal.

actual adj. aktuwal; totoo; talagan nangyari.

actual cost n. aktuwal na gastos/halag

actual damages n. aktuwal na bayad pinsala batay sa kapinsalaang napatunayang nagawa.

actual fraud n. aktuwal na pandaraya sinadya/intensiyonal na pandaraya

actual notice n. aktuwal na babasahin notisya.

actual possession n. aktuwal na posesyon

actuarian n. isang tao na kumu kuwenta ng iba't ibang mga halag ng seguro at ari-arian; lalong-lalo na ang taong kumakalkula sa halaga ng riyesgo ng seguro sa buhay at ang premium ng seguro.

actus reus n. *Lat. actus reus*. Akto ng kriminal, ngunit ang kataga ng nauugnay sa aktong nagkasala o ang ginawang kasalanan. May dalawang panig ang bawat krimen: obhetibo at subhetibo; pisikal at sikolohikal; *actus reus* at *mens rea*.

Sa pangkalahatan, nag-iiba ang *actus reus* sa bawat krimen. Sa murder, ito ay homisidyo; sa pagnanakaw, ito ay ang pagpasok sa tahanan ng ibang tao sa pamamagitan ng dahas at lakas; sa paggamit ng huwad na dokumento, ito ang akto sa pag-aalok na mabuti ang dokumento na sa katotohanan ay huwad. Sa ibang paraan, ang *mens rea* ay nagbabago sa bawat krimen. Sa murder, ito ay malisyang pinag-iisipan; sa pagnanakaw, ito ang layong gumawa ng krimen; sa paggamit ng huwad na dokumento, ito ang layuning makapandaya. Dapat maging sanhing pinagmulan ang *actus reus* kaugnay ng *mens rea* upang maganap ang isang krimen. Ang masamang kaisipan at ang labag sa batas na aksiyon ay dapat magkatagpo upang mabuo ang isang krimen.

ad damnum n. *Lat.* halaga ng mga kapinsalaan. Sa demanda ito ang hinahabol o hinihingi para sa napinsala.

ad hoc adj. *Lat.* dito, para sa layuning ito. Ang isang komiteng *ad hoc* ay iyong kinomisyon para isagawa ang espesyal na layon. Gayundin, ang isang abogadong *ad hoc* ay iyong itinalaga para sa isang partikular na kliyente para sa tanging kalagayan.

ad testificandum *Lat.* upang magsaad ng testimonyo. Ang sinumang tumanggap ng *subpoena ad testificandum* ay kinakailangan lumitaw sa hukuman bilang isang testigo o saksi.

ad valorem *Lat. ad valorem*. Buwis sang-ayon sa halaga ng binubuwisang bagay.

additional direct examination n. dagdag na direktang eksaminasyon; dagdag na tuwirang-tanong.

adduce evidence v. maghain ng katibayan.

adhesion contract n. kontratang adhesyon. Kontratang ginawa ng isang panig na walang maaaring maging pasiya ang kabilang panig kundi tanggapin o tutulan ang buo o bahagi nito. Karaniwan itong gawain sa mga monopolyo o oligopolyo.

adjacent adj. karatig; katabi.

adjective law (procedural law) n. Batas na nagtatakda ng mga pamamaraan para maipatupad at maipagtanggol ang mga karapatan upang malunasan ang isang pagkakamali o pagkukulang. *Tingnan Bustos vs. Lucero, '81 Phil., 650.*

adjourn v. itigil; itinding. Pansa-mantalang pagtigil ng sesyon.

adjudication n. pasiya; hatol.

adjust v. magwasto, iwasto.

adjuster n. *adjuster*. Taong tumukoy kung ano ang babayaran ng seguro (*insurance*). Ang isang taong nag-aayos at nagwawasto ng mga hinahabol sa seguro; ang taong nagsasagawa ng mga kapasiyahan sa halaga ng hinahabol at pagkatapos ay gumagawa ng pakikipagkasundo sa mga nakaseguro hinggil sa pagsasaayos.

adjustment n. pagwawasto, *halimbawa* ang pagwawasto ng kuwenta upang ang kapuwa panig ay magkasundo.

administer v. 1. bigyan, magbigay, ibigay. Magbigay o gawan ng dahilan

upang inumin o kunin ang isang bagay *tulad ng labag sa batas na pagpapainom o pagbibigay ng lason o pampalaglag sa nagdadalangtao*. **2.** mangangasiwa *halimbawa sa negosyo, ari-arian, pagpapatakbo ng opisina, o posisyon*.

administration *n.* administrasyon; pamunuan, pamumuno; pamahalaan, pamamahala; pangangasiwa.

administrative *adj.* administratibo; pang-administrasyon. Tumutukoy o nauukol sa administrasyon.

administrative agency *n.* ahensiyang administratibo; sangay ng administrasyon.

admiralty at maritime jurisdiction *n.* pandagat at maritimang hurisdiksyon, malawak na hurisdiksyon sa lahat ng aksiyong nauugnay sa mga nagaganap sa karagatan; nadadawit rito ang lahat ng mga bagay-bagay na isinasagawa at nauugnay sa dagat, sa mga transaksyong nauugnay sa komersiyo at nabegasyon, sa mga kapinsalaan at mga inhuriyang naganap o dinanas sa karagatan, at sa lahat ng mga maritimang kontrata, "forts" at mga inhuriya. (15 A. 49, 50)

administrative body *n.* administratibong lupon.

administrative law *n.* batas administratibo.

administrative officer *n.* opisyal ng administrasyon; administratibong opisyal.

administrative proceedings *n.* mga administratibong prosidimyento—mga panlunas o kapamaraan ayon sa batas administratibo.

administrative remedies *n.* administratibong lunas.

administrative review *n.* pagrepasong administratibo.

administrative tribunal *n.* administratibong tribunal.

administrator *n.* albasea; administrador; tagapangasiwa. Tagapangasiwang hinirang ng hukuman na mamahala sa kabuuang ari-arian (*estate*) ng yumao.

administrator *n.* iyong nahirang na mangasiwa sa mga ari-ariang naiwan ng taong namatay o ab-intestado; iyong namamahala sa estado ng yumaong tao na hindi nag-iwan ng tagapagpaganap o eksekutor; isang kasangkapan na itinatag ng batas sa pagsasaganap ng mga aktang kailangan upang maisalin ang ari-arian o mga bagay-bagay na naiwan ng isang yumao sa magmamana ng pagmamay-ari. Kung ang yumao ay namatay na mayroong testamento, ang eksekutor o tagapagpaganap ang magpapasunod nito.

administrative hearing *n.* administratibong pagdinig.

admiralty *n.* hukumang maritima. Hukumang may malawak na kapangyarihan sa mga usapin hinggil sa maritima, sibil man o kriminal.

admissible evidence *n.* ebidensiyang matatanggap. Ang ebidensiyang maaaring tanggapin ng hukom sa paglilitis ng hukuman sa pagpapasiya sa merito ng usapin. Ang bawal hurisdiksyon ay nagtatatag ng mga alituntunin sa ebidensiya upang magpasiya kung tatanggapin o hindi ang isang ebidensiya.

admission *n.* admisyon; pagtanggap. Pahayag, deklarasyon, o hindi pagkibo ng isang panig tungkol sa isang pangyayari o aksiyon na hindi naaayon sa kaniyang posisyon at maaaring iharap o gamiting katibayan laban sa kaniya.

adolescence *n.* *Tingnan age of adolescence.*

adopt *v.* **1.** aprobahan, mag-aproba. Sang-ayunan ang isang resolusyon o batas. **2.** mag-ampon, ampunin.

adopted child *n.* ampon. Inampong bata; batang ampon.

adoption *n.* pag-ampon. Ang pagkukup sa ibang tao na inaprobahan ng hukuman upang gawing miyembro ng pamilya.

adult *n.* *Ceb.* tigurang; *War., Hil.* tigulang. Taong nasa wastong gulang; nakatatanda. Sinumang nasa edad ng mayorya na 18 pataas.

adulteration *n.* adulterasyon. **1.** pagpapababa ng uri **2.** paghahalo ng isang hindi tunay na bagay sa isang tunay o purong bagay; ang paghahalo ng isang bagay na mababa ang antas sa bagay na mataas ang antas.

adulterer *n.* lalaking nakikiapid o nangangalunya. Sinumang lumalabag o nagkasala sa Art. 333 ng *Binagong Kodigo Penal*.

adulteress *n.* babaeng nakikiapid/nangangalunya.

adultery *n.* adulteryo; pakikiapid; pangangalunya. Ang kusang-loob na pakikipagtalik ng isang may-asawa sa isang taong hindi niya bana (*Ceb., Hil. husband*) o asawa. Sa Art. 333 ng

Binagong Kodigo Penal, nagaganap ang adulteryo kung makikiapid o makipagtalik ang isang may-asawang babae sa lalaking hindi niya bana at nalalaman ng lalaking nakipagtalik na siya ay may-asawa, napawalan man ng bisa ang kaniyang kasal.

advance *n.* **1.** sulong, pagsulong, *v.* sumulong, isulong. **2.** paunang bayad, pagbibigay ng paunang bayad, ipaunang bayad.

advantage *n.* bentaha; kalamangan.

adversary *n.* kalabang panig o litigante sa usaping legal o litigasyon.

adverse *adj.* *adverse.* salungat; laan; nakakasama.

adverse claim *n.* *adverse claim;* salungat na pag-angkin. **1.** isang paghahabol laban sa tunay na may-ari. **2.** pormal na pag-angkin sa ilalim ng panunumpa na inirehistro o ipinatata sa *Bureau of Mines* habang hinihintay ang resulta ng aplikasyon para sa patente.

adverse interest *n.* *adverse interest;* interes na pumapalit sa sariling interes; kasalungat na interes laban sa sarili. Sa *Rules of Evidence*, ipinaghabawal ang pagtestigo ng isang partido kung ang salungat na kalaban ay isang tagapag-alaga (*guardian*), katiwala (*trustee*), administrador, tagapangasiwa o albasea (*administrator*), o tagapagpaganap (*executor*).

adverse party *n.* *adverse party;* kalabang partido.

adverse possession *n.* *adverse possession.* Angking pamumusesyon laban sa lahat. Isang paraan sa

pagkakamit ng lubos na titulo sa lupa laban sa lahat ng ibang tao, pati na ng nakatalang may-ari, sa pamamagitan ng ilang tiyak na mga akda sa loob ng matagal na panahong itinakda na ang gayong posesyon ay aktuwal, tanyag, bukas, salungat, tuloy-tuloy, at walang-lagot. Ang layunin ng gayong mga katangian ay upang magbigay ng notisya na ang gayong posesyon ay hindi ginagalang sa pag-aangkin ng ibang tao.

adverse possession, continuous *n.* patuloy na pamumusesyon laban sa lahat.

adverse possession, notorious/public *n.* *Tingnan* notorious adverse possession.

adverse possession, open *n.* *Tingnan* open adverse possession.

advertisement *n.* patalastas; anunsiyo; paunawa. Patalastas, anunsiyo, paunawa, o ulat na ipinaabot sa publiko/madla.

advice *n.* payo, ipinayo.

advise *v.* magpayo, payuhan, pagpayuhan.

adviser *n.* tagapayo.

affidavit *n.* apidabit. Sinumpaang pahayag o salaysay.

affiliation *n.* pakikisapi, pagsapi; pakikianib; *halimbawa* sa isang organisasyon.

affinity *n.* apinidad. Relasyon o pagkaugnay dahil sa kasal.

affirm *v.* pagtibayin; panindigan; patunayan; patibayin.

affirmative *adj.* apirmatibo; sang-ayon.

affirmative defense *n.* depensang apirmatibo. Pagtanggap sa isang bagay ngunit pagtanggap naman na ito'y may bisa dahil sa iba't ibang depensa na pinapahintulutan ng batas. *Tingnan* Sec. 5 Rule No. 6, *Rules of Court*.

affirmation *n.* patotoo; patunay, pagsang-ayon. Positibong pahayag.

affray *n.* labo-labo; bakbakan. Magulong paglalaban.

afterthought *adj.* pinag-isipan.

after-acquired-property *n.* ari-arian nakamit pagkatapos. Patuluyang sangla ng mga ari-arian nakamit matapos maganap ang pagsasangla; mapirmahan ang kasunduan sa sanglaan bilang dagdag na panagot sa seguridad sa orihinal na sangla.

against the will *adj.* labag sa kalooban. Mga salitang teknikal na ginagamit sa pagsasakdal sa pagnanakaw (*robbery*) o pang-uumit (*theft*) ng ari-arian ng ibang tao.

age *n.* edad; gulang. Bilang ng taon.

age of adolescence *n.* edad ng hinupang (*Hil.*). Edad mula siyam (9) hanggang 15 taon.

age of discernment *n.* edad sa pag-unawa. Edad mula 12 hanggang 19 na taon.

age of emancipation *n.* sapat na gulang na di kailangan ang pangangalaga ng magulang. Dalawampu't isang (21) taong gulang.

age of legal capacity (to marry or to vote) *n.* sapat na gulang ayon sa batas upang makapag-asawa o bumoto. Labing walong (18) taong gulang.

agency *n.* ahensiya; sangay; representative. *Tingnan* Art. 1868, *Kodigo Sibil*.

agenda *n.* adyenda. Talaan ng pag-uusapan.

agent *n.* ahente; kinatawan.

agrarian *adj.* agraryo; pambukid; pansakahan.

aggravating *adj.* nagpapalubha; nagpapalala; nagpapabigat.

aggravating circumstances *n.* nagpapabigat na mga pangyayari; mga sirkumstansiyang nagpapabigat; mga pangyayaring nagpapabigat sa sala o krimen.

aggression *n.* panlulusob, paglusob; pananalakay, pagsalakay; pagdaluhong. Katumbas din ng pag-atake. *Tingnan* *People vs. Echavia*, 06759-CR, Hulyo 10, 1970.

aggressor *n.* ang unang nanluso, manlulusob; ang nanalakay, ang sumalakay, ang dumaluhong.

aggrieved party *n.* panig na naapi o napinsala.

agree *v.* magkasundo, makipagkasundo; sumang-ayon; magkaisa.

agreement *n.* kasunduan; kontrata.

agriculture *n.* agrikultura; pagsasaka; pagbubukid.

air carrier *n.* sinumang nasa negosyo ng pagdadala ng pasahero o kargo sa himpapawid.

alarm *v.* panakot; *n.* panggulat.

alarm and scandal *n.* 1. pananakot at eskandalo; panggulat at charivari

(*public scandal*). *Tingnan* Art. 155, *Binagong Kodigo Penal*. 2. pagpapaputok ng baril o armas. *Tingnan* Art. 254, *Binagong Kodigo Penal*.

alcoholic beverages *n.* mga inuming nakalalasing.

aleatory *adj.* pakikipagsapalaran.

aleatory contract *n.* pakikipagsapalarang kontrata. Kasunduan na ang katuparan ay nakasalalay sa isang pakikipagsapalaran *halimbawa*: *seguro sa sunog* o *fire insurance*.

alias *n.* alyas; iba; bansag. Balatkayong pangalan; ibang kilalang tawag.

alias writ *n.* *alias writ*. Pinairal matapos pairalin ang orihinal na writ.

alibi *n.* *Lat. alibi*; nasa ibang lugar. Ang pagdadahilan na nasa ibang lugar ang akusado nang maganap ang krimen.

alien *n.* dayuhan; banyaga.

alienation *n.* alyenasyon. Paglipat-salin ng ari-arian ng isang tao sa kapakanan ng iba.

alination of feeling/affection *n.* alyenasyon o paglalayo ng damdamin. Sa *Psychology*, paghihiwalay ng tao sa kaniyang mga kaibigan.

alimony *n.* alimoni; sustento. Pansuportang alawans.

aliquot *n.* *Lat.* pantay na parte ng kabuuan, ang isang bahaging nakapaloob sa kabuuan na pantay na mahahati, i.e.; mababahagi ng hindi nag-iwan ng labis o fraction. Sa isang *resulting trust*, ito ay partikular na praktisyon ng buong ari-arian kasangkot, na kaiba sa pangkalahatang interes.

aliunde *adv. Lat.* para dito; para sa isang partikular na layunin.

allegation *n.* alegasyon. Salaysay o pahayag na isinasaad sa sumbong o demanda.

allegiance *n.* pagkamatapat. Obligasyon at tungkulin ng mamamayan na maging matapat sa kaniyang bayan at gobyerno o pamahalaan.

alley *n.* eskinita. Makitid na kalsada o daan.

allotment *n.* kaparte. Alokasyon sa pagbabahagi ng ari-arian.

allow *v.* pahintulutan; pagagan.

allowance *n.* alawans. 1. Palugit na panahon. 2. Tiyak na halagang nakalaan upang ibigay bilang sustento.

alluvion *n. alluvion.* Ang nadaragdang na lupa sa pampang ng ilog o sa dalampasigan sa pagdaloy ng tubig o sa lakas ng alon ng dagat. *Tingnan Delgado vs. Samonte, 63 OG 10136; 10 C.A.R. (2s) 259.*

alteration *n.* alterasyon; pagbabago. Pagbabago ng isang bagay mula sa isang anyo at kalagayan tungo sa panibagong anyo at kalagayan nang hindi nasisira ang kaakuhan o identidad (*identity*).

alternative *n.* alternatibo; kapalit; kahalili. Ang pagpili ng isa sa dalawang bagay o gawain. Sa *Art. 1199 ng Kodigo Sibil*, ang isang taong may dapat panagutan na magkakaibang obligasyon ay dapat tumupad nang ganap sa isa sa mga ito.

alternative circumstances *n.* mga alternatibong pangyayari; mga alternatibong sirkumstansiya. Mga

alternatibong sirkumstansiya na maaaring ipakahulugang pampabigat o pampagaan ayon sa itinatakda ng batas. *Tingnan Art. 15, Binagong Kodigo Penal.*

ambiguity *n.* kawalang-katiyakan; kalabuan. Ayon sa *Mga Alituntunin sa Interpretasyon ng Batas (Salutatory Construction)*, ang kawalan ng katiyakan ng kahulugan ng mga salitang nakapaloob sa mga dokumento o batas.

ambiguous *adj.* di-matiyak; di-matukoy; malabo ang nais sabihin.

ambulance chasing *n.* paghahabol ng asunto; paghahanap ng asunto.

ambush *n.* ambush; tambang. Planadong atake o salakay na hindi namamalayan ng biktima.

amenable *adj.* 1. pumapayag; sumasang-ayon, pagsang-ayon. 2. may pananagutan (*answerable*) o sagutin sa hukuman.

amend *v.* baguhin; susugan. **amends** *n.* *Tingnan make amends.*

amendment *n.* susog; pagbabago; *amendment.*

amicus curae *n. Lat. amicus curae.* Kaibigan ng Hukuman.

amnesty *n.* amnestiya. Pagpapatawad ng gobyerno/pamahalaan sa mga nagkasala sa krimeng naganap laban sa estado mayor.

amortization *n.* amortisasyon; hulo ng halimbawa sa lupa o sasakyang binili. Regular na pagbabayad ng utang sa takdang panahon.

amparo *n.* amparo. Sa *Spanish-American Law*, isang dokumento na ibinibigay sa isang naghahabol o nag-aangkin (*claimant*) sa lupa bilang proteksiyon sa kaniya habang hinihintay ang survey at titulo ng posesyon na ibibigay ng awtorisadong komisyoner.

amusement center *n.* sentrong panlibangan, karaniwang may kinalaman sa laro.

amusement tax *n.* buwis panlibangan.

analogous cause *n. analogous cause;* sanhing magkakatulad. Pagpapaliwanag ng mga kasong magkaiba ang paksa pero sakop ng magkatulad o magkahawig na prinsipyo sa batas kaya ang pangangatwiran sa una ay maaaring gamitin o matanggap sa pangalawa.

analogy *n.* kawangis; analohiya. Pagpapaliwanag ng isang bagay batay sa kaalaman tungkol sa mas kilalang bagay.

anarchy *n.* anarkiya. Kawalan ng gobyerno at hindi pag-iral ng batas, kadalasang may kaguluhan sa politika at may karahasan.

ancestor *n.* ninuno, nuno. Ang sinumang taong pinagmulan ng angkan sa tuwirang linyang pababa (*descending line*).

ancestral domain *n. ancestral domain.* Yamang lupa, hangin, lahat ng punong itinuturing sagrado, at iba pang likas na yamang pag-aari ng komunidad.

ancestral land *n.* lupang *ancestral*. 1. lupang minana pa sa mga nuno.

Tingnan Act. 496. 2. lupain ng mga katutubo o lumad.

ancient documents *n.* mga sinauna/luma/matatandang dokumento. Mga dokumentong higit sa 30 taon at nakuha sa dapat na kalagayan o mayhawak at hindi na kailangan pang patunayan ang pagkagawa.

ancillary relief *n.* katulong na lunas *halimbawa injunction.*

animo *n. Lat.* sa pagnanasa; pagnanais; may intensiyon.

animo rebokandi *Lat.* may intensiyong rebokahin ang testament.

animo revertendi *Lat.* may intensiyong ibalik.

animo testandi *Lat.* may intensiyong gumawa ng isang testament.

animus posedenti *Lat. animus posedenti.* May intensiyong mag-angkin.

annotation *n.* anotasyon, 1. komentaryo tungkol sa batas o desisyon ng husgado o hukuman. 2. rehistrasyon sa kaukulang opisina ng gobyerno.

annul *v.* ipawalang-bisa, magpawalang-bisa.

annulment *n.* pagpapawalang-bisa. *halimbawa ng kontrata sa kasal.*

anomaly *n.* anomalya; katiwalian.

anonymous *adj.* walang pangalan; walang lagda; di-kilala.

answer *n.* sagot; tugon. Isang depensang nakasulat na ginawa ng demandado sa mga paratang laban sa kaniya at inihain sa hukuman sa loob ng takdang panahon.

ante litem motan *Lat. ante litem motan.* Bago maisampa ang habla.

ante nuptial *Lat. ante nuptial.* Bago makasal.

ante nuptial contract *n.* kasunduan bago makasal.

antedate *v. antedate.* Ang pagpapaaga ng petsa sa anumang kasulatan.

anti *prep.* laban sa; kontra.

antichresis *n.* antikresis. Isang kasunduan na ibinibigay ng may utang ang bunga ng ari-arian na kaniyang ipinirenda sa pinagkakautangan. Bilang bayad bunga, nakasulat sa kasunduan na nagbibigay karapatan sa nagpautang na tanggapin at kunin ang mga bunga ng di-natitinag na ari-arian ng umutang kalakip ang obligasyong ilapat ito bilang bayad sa interes at pagkatapos sa prinsipal ng halagang inutang. *Tingnan Art. 2132, Kodigo Sibil.*

appeal *v.* mag-apela, umapela, iapela; maghabol, humabol, ihabol. *n.* apela, apelašyon; paghahabol.

appearance *n.* pagharap. Pagharap sa hukuman ng isa sa mga panig o abogado ng naghabla o inihabla.

appellant *n.* apelante. Ang panig na naghahabol sa nakataas na hukuman.

appellate court *n.* *Tingnan court, appellate.*

appellate jurisdiction *n.* *Tingnan jurisdiction, appellate.*

appellee *n.* apelado. Ang panig na pinaghahabulan sa nakataas na hukuman; panig na nanalo sa mababang hukuman.

appointment *n.* pagtatalaga; nombramiyento. Paghirang ng isang maykapangyarihang magnombra sa isang tao para sa isang tungkulin. Nakokompleto ang pagkahirang sa pagtanggap ng ninombrahan.

apportion *v.* ipamahagi. Ipamahag ayon sa kani-kaniyang karapatan o kaukulan.

appraise *v.* magtasa ng halaga; maglagay ng halaga. Paglagay ng halaga sa isang bagay o ari-arian.

appropriation *n.* apropiyasyon; laang gugol (*budget*). 1. Halagang inilagay para gugulin sa isang nakatakdang layunin sa loob ng isang takdang panahon. 2. *v.* "kunin para gamitin" pagkuha ng isang ari-arian upang gamitin para sa isang layunin. *Tingnan din expropriation.*

approve *v.* aproba, aprobahan, mag-aproba; pagtibayin, magpatibayin; sang-ayunan, sumang-ayon.

appurtenance *n.* *appurtenance.* Bagay na nauukol sa iba.

appurtenant *adj.* *appurtenant.* Naka-kabit sa prinsipal upang magamit matamasa ang isang bagay o ari-arian.

a priori *Lat. a priori.* Sa pasimula.

a quo *n.* *Lat. a quo;* pinagmulan. Ang hukumang pinagmulan ng usapin.

arbitrary *adj.* arbitrario; di-makatawid; walang matuwid.

arbitrary detention *n.* arbitrariyong detensiyon; walang matuwid na sapilitang pagpigil. *Tingnan Art. 124 Binagong Kodigo Penal.*

arbitration *n.* arbitrasyon. Pagdadala ng isang asunto sa arbitrador na pinagkasunduan ng magkabilang panig na matapos dinggin ang kanilang asunto ay tatanggapin nilang pinal ang pasiya.

arbitrator *n.* arbitrador. Taong itinalaga upang makinig, manimbang, at magpasiya sa isang pagtatalo. *Tingnan referee.*

archipelago *n.* arkipelago; kapuluan.

arctro *Lat. a retro.* Mayroong hulihan.

argument *n.* argumento; pangangatwiran; pagmamatuwid. Pagsisikap na may layuning makaakit, makapagpaniwala o mangumbinse sa pamamagitan ng pangangatwiran.

armistice *n.* armistisyo. Pinagkasunduang pagtigil ng digmaan sa mga naglalabang bansa. *Tingnan Fabie vs. Mordeno, 3074-R, Oktubre 31, 1952.*

army *n.* hukbo; hukbong sandatahan.

army, private *n.* pribadong hukbo. Pribadong hukbo na nasa kapangyarihan ng isang tao o pamilya at hindi ng gobyerno.

arraignment *n.* pagbasa ng sakdal. Sa ilalim ng Alituntunin ng Pamamaraan sa Paglilitis ng Krimen (*Criminal Procedure*), ang pagbasa ng sakdal sa akusado sa tulong ng kaniyang abogado o abogado ng ninombrahan ng hukuman.

arrears *n.* atraso sa upa. Anumang halagang ukol at dapat bayaran na hindi pa nababayaran.

arrest *v.* arestuhin; dakpin; huliin.

arson *n.* arson sa *Common Law*, "ang sinadya at malisyosong pagsunog sa tahanan ng ibang tao". 152 A. ed. 50, 70. Sa ilang mga estado, ang pagsunog ng bahay ng may-ari sa ilalim ng tinakdang mga pangyayari, o ang pagsunog sa isang bahay ng kasamang may-ari: *Tingnan 221 S.W. 2d. 285, 286.*

articles of impeachment *n.* katulad din ng akusasyon sa karaniwang kriminal na proceeding; ito ay ang pormal na mga pagsasaad ng mga batayan o mga pinagbasehan sa pagpapataksik o pagpapatiwala ng isang opisyal ng bayan. Ang Pangulo ng Pilipinas na kasalukuyang nakaupo ay maaaring itiwala sa tungkulin sa proseso ng impeachment, at maaari siyang masakdal para sa isang krimen matapos ang kaniyang termino sa panunungkulan.

articles of incorporation *n.* ang kasulatang nagtatatag ng isang pribadong korporasyon, alinsunod sa batas.

articles of war *n.* Artikulo ng Digmaan. Kodigo ng militar sa pagpapatupad ng katarungang pandigmaan.

artifice *n.* panlilinlang o isang mapanlansing pakana upang maisagawa ang kasamaan; karaniwang nagsasangkot ng kasanayan at panlilinlang.

artificial *adj.* artipisyal; di-likas; ditunay.

artificial person *n.* isang persona na binigyang-katauhan ng batas.

ascendant *n.* ninuno. Ang magulang ng isang tao.

as is where is -as is where is. Sa *Commerce*, ang datnan o abutan ng mamimili na kalagayan/kondisyon ng mga produktong bibilhin.

assassination *n.* asasinato. Ang pagpatay ng tao nang may kataksilan. *Tingnan* Art. 248, *Binagong Kodigo Penal*.

assault *n.* pananakit; pananalakay; *v.* saktan; salakayin; dumaluhong; daluhungin.

assault, direct and indirect *n.* tuwiran at di-tuwirang pananalakay. *Tingnan* Art. 148-149, *Binagong Kodigo Penal*. *Tingnan* din **direct assault**.

assembly *n.* pagtitipon; asamblea; kapulungan; batasan.

assembly, right of *n.* *Tingnan* right of assembly.

assessed value *n.* tinasang halaga; itinakdang halaga.

assessment *n.* pagtatasa; asesment. Pagtukoy sa halaga.

assessor *n.* asesor; tagatasa. Hinirang para gampanan ang tungkulin sa pagtatasa.

asset *n.* *asset*; pag-aari. Lahat ng uri ng ari-arian, natitinag o hindi natitinag, nakikita o hindi nakikita, nadarama o hindi nadarama.

assignee *n.* pinagtalagahan. Ang pinaghigyan ng takdang gawain.

assignment *n.* 1. pagsasalin; paglilipat. Pagsasalin o paglilipat ng bahagi o kabuuan ng anumang uri ng ari-arian. 2. takdang gawain.

association *n.* asosasyon; kapisanan; samahan; kalipunan.

assumption of mortgage *n.* pagsagot sa sangla.

assumption of risk *n.* pagtanggap ng responsabilidad o panganiib.

assurance fund *n.* pondong panagol. Sa ilalim ng Act 496 ayon sa *System of Torrens Title*, ang pondong panagol sa pagpapatitulo ng lupa upang mabayaran ang taong napinsala nang dahil sa pagkakamali o pandaraya at wala nang anupamang lunas na maibibigay o remedyo.

assure *v.* 1. seguruhin; tiyakin. 2. to insure, magpaseguro, iseguro, paseguro *halimbawa* *seguro sa buhay* (*life insurance*) o ari-arian.

asylum *n.* bahay ampuhan ng mga maralita o mga may sakit, e.g., pan sa mga walang bait, mga pilay mahihirap, at iba pa; *political asylum*, isang estado na tinatanggap ang mamamayan ng ibang bansa upang tahanan ito nang maligtas siya sa prosekusyon ng kaniyang estado.

atrocious *n.* nakaririmarim; napakasama. Ang aktang atosiyus at iyong nagpapahayag ng napakasama baluktot, at manhid na kalupitan sa panig ng nasasakdal. Ang aktang nakaririmarim ay pagkilos na nagpapakita ng kawalan ng damdamin sa napakasamang paglalapat ng masidhing dahas upang maisakatuparan ang layuning kriminal.

attainder *n.* ang pagkitil sa mga karapatang sibil at kakayahan ng isang tao bunga ng hatol ng kamatayan kaugnay ng kaso na pagtataksil sa bayan at felony.

Attainder, Bill of *n.* *Tingnan* Bill of Attainder.

attachment *n.* pag-ilit; pagsamsam ng *sheriff*; embargo sa utos ng hukuman.

attempt *n.* isang nakikitang akta, higit sa preparasyon at tuwirang panimula sa aktuwal na pagsasaganap ng krimen.

attempted rape *n.* tangkang paggahasa.

attestation clause *n.* sugnay na nagpapatotoo. Ang sugnay sa huling habilin na nagsasaad na ito ay nilagdaan ng testador o sinulat ng ibang tao ang pangalan ng testador sa kaniyang harapan ayon sa kaniyang kautusan, at sinaksihan at nilagdaan ito ng tatlo o higit pang mga mapaniniwalaang mga saksi sa harap ng testador at sa harap ng bawat isa sa kanila. *Tingnan* Art. 805, *Kodigo Sibil*.

attorney *n.* abogado; manananggol.

attractive nuisance *n.* nakakaakit na molestiya/perhuwisyo. Nagsasapanganib sa kalagayan o kaligtasan ng sinuman kaya dapat gawan ng may-ari nito ng kaukulan at nararapat na pag-iingat upang maiwasan ang sakuna *halimbawa* *swimming pool*.

auction *n.* subasta. Pagbebenta ng mga gamit o ari-arian sa pinakamataas na alok o presyo ng publiko.

auction, public *n.* *Tingnan* public auction.

audit *v.* awdit; pagsusuri. Sistematikong inspeksiyon at beripikasyon ng mga ginugol sa gobyerno o korporasyon

upang alamin kung ito ay naaayon sa batas o hindi.

auditor *n.* awditor; tagasuri. Tagasuri ng mga ginugol.

authentic document *n.* dokumentong tunay/totoo. Di-mapapasinungalingang dokumento na kapani-paniwala at naaayon sa katotohanan o realidad. *Lucman vs. Dimaporo* L-31558, Mayo 29, 1970, 33 SCRA 413.

authenticity *n.* awtentisidad; pagkawalang-bahid. Ang pagkaawtentiko ng dokumento ay katulad din ng tunay o natural.

authority *n.* awtoridad; may kapangyarihan; poder na ibinigay ng prinsipal sa kaniyang ahente.

authorize *n.* awtorisa, bigyang-awtorisasyon, magbigay ng awtoridad/kapangyarihan; pahintulutan o magpahintulot. Ang pagbibigay ng karapatang umakto o kumilos ang isang tao para sa iba. *Tingnan* *Manila Lodge No. 761 vs. Court of Appeals*, L-41001. Setyembre 30, 1976; 73 SCRA 179.

authorization *n.* awtorisasyon; pagbibigay-kapangyarihan.

autocracy *n.* awtokrasya. Ang kapangyarihan ay nasa kamay ng isang tao at walang limitasyon.

automobile guest *n.* *Tingnan* guest, automobile.

autonomy *n.* awtonomiya; kasarinlan; pagsasarili. 1. independensiya o kalayaang pampolitika ng isang bansa. 2. karapatan o kapangyarihang mamahala o magpasiya sa sarili.

autopsy *n.* awtopsiya. Pag-eksamen sa isang bangkay upang alamin ang dahilan ng kamatayan.

autoptic evidence *n.* ebidensiya/katibayang awtoptiko. Ebidensiyang nadarama ng mga sentido.

auxiliary *n.* katulong.

average *n.* *average*. 1. katamtamang dami, laki, o bilis; 2. kainaman, katampatan

average, general *n.* *Tingnan general average*.

average, particular *n.* *Tingnan particular average*.

average, simple *n.* *Tingnan simple average*.

avoid *v.* umiwas, iwasan.

avoidance *n.* pag-iwas.

avulsion *n.* abulsiyon. Ang paglipat ng isang tiyak na bahagi ng isang lupain dahil sa agos ng tubig o ilog sa ibang lupa nang hindi nito binabago ang daan ng agos. *Tingnan Belleza vs. Almazan, 29015, Abril 20, 1965.*

award *n.* award; gantimpala; kaloob, premyo; i-award; gantimpalaan; ipagkaloob, magkaloob, ikaloob; maggawad, igawad, gawaran.

Bb

babae mo [kalunya]. Ang kataga ay hindi lang nakakahiya sa kalikasan bagkus nagbibintang ng adulterya sa isang babaing may asawa. *People vs. Cordero, 19582. CR July 29, 1977.*

babaylanes *n.* isang pangkat ng mga magnanakaw sa lalawigan ng Negros Occidental—*Government of the Philippines vs. Amerchazurra, 10 Philippines 638*

backpay *n.* bayad sa serbisyong naipagkaloob na.

back pay award *n.* hatol sa *back pay* 1. Ang iginagawad na retroaktibong *differential* o dagdag sa suweldong naibigay na hindi pa natatanggap ng empleado. Ang anumang suweldong iginagawad na hindi pa natatanggap. 2. Ang hatol ng pagbabayad ng *back pay*.

badang *n.* isang malaking itak, sa lalawigan ng Cagayan, *People vs. Pascual, 153403, 11-13-109 SCRA 207.*

bad faith *n.* masamang intensiyon. Hangarin o balak na may motibong pansarili o layuning makasakit, makalamang, makapanlinlang, o makadaya sa kapuwa.

back to work agreement *n.* kasunduan sa pagbalik sa trabaho. Kasunduan ng

unyon at ng employer na sumasaklaw sa mga takdang panahon at kondisyon tungkol sa pagbabalik sa trabaho ng mga empleado pagkatapos malutas ang welga o sang-ayon sa utos ng hukuman.

bad character *n.* masamang karakter; masamang ugali. Sa *Law of Evidence*, maaaring makaapekto ang masamang ugali sa kredibilidad ng saksi kung maihaharap ang rekord ng mga sentensiya nito o kung ito ay may masamang reputasyon.

bad debt *n.* utang na hindi masingil; utang na hindi mabayaran. Utang na hindi na inaasahang mababayaran.

bad faith *n.* *Tingnan faith, bad.* masamang kalooban; sadyang pagkaligta sa malinaw at nauunawaang mga obligasyon sa batas. Ang mabuting kalooban ay nangangahulugan ng pagiging tapat sa mga tungkulin at obligasyon; ang masamang kalooban ay ang pagkaligta sa mga ito (235. *N.W. 413, 44*) kaya ito ay pagkawalang-katapatan sa nangyari o transaksyong kinaukulan.

bad motive *n.* masamang motibo. Intensiyonal o sadyang paggawa ng masama.

badge of fraud *n.* tanda ng pandayara

o panlilinlang. Mga pangyayaring nakapagdudulot ng hinala na may pandaraya ang isang transaksyon.

bagacay *n.* pana na gawa sa kawayan, sa lalawigan ng Samar, *People vs. Mabansag*, 09639-CR, Sept, 17, 1964.

bail *n.* piyansa. Halagang idinedeposito sa hukuman upang pansamantalang makalaya ang isang akusado.

bailee *n.* piyador. Sa *Law of Contracts*, ang sinumang binibigyan ng piyansa ng mga kalakal.

bailiwick *n.* baluarte. Ang teritoryong malakas ang isang kandidatong pampolitika.

bailment *n.* *bailment*. Ang paghahatid o pagdedeposito at ang pagsasauli ng mga gamit ayon sa kontrata hanggang maabot o makamtan ang layunin nito.

balancing test *n.* pagtimbang ng kapakanan. Isang doktrinang konstitusyonal para sa pagtimbang ng korte sa karapatan ng isang indibidwal sa ilang karapatang ginagarantiyahan ng Konstitusyon kasama ang mga karapatan ng estado na protektahan ang mamamayan nito sa pagsakop sa kanilang mga karapatan; ginagamit sa mga kasong may kinalaman sa kalayaan ng pananalita at pantay na proteksiyon.

balloon payment *n.* pinalaking bayad; pinalobong bayad.

ballot *n.* balota. Opisyal na papel na sinusulat ng boto sa isang eleksiyon.

ban *n.* ban; pagbabawal. Ang pagbabawal sa sinuman na pasukin ang isang teritoryo, lugar o establisimiyento, o ang

pagbabawal sa paggamit ng isang produkto. *u. i-ban; ibabawal, pagbawal*

band *n.* pangkat, grupo. *Tingnan robbery in band.*

bandit *n.* bandido.

banishment *n.* destiyero. Parusang ipinapataw sa mga kriminal upang lisanin o iwanan nila ang isang lungsod o bayan sa takdang panahon.

bank *n.* bangko; *bank.*

bank, commercial *n.* *Tingnan commercial bank.*

bank, correspondent *n.* *Tingnan correspondent bank.*

bank account *n.* akawnt sa bangko. Anumang akawnt sa isang bangko kasama ang *checking, time, interest, o savings* akawnt.

bank credit *n.* deposito sa bangko; *bank deposit.*

bank, savings *n.* *Tingnan savings bank.*

bank statement *n.* *bank statement*. Pahayag ng bangko. Ulat sa kalagayan pinansiyal ng isang depositor ng bangko.

bankrupt *adj.* bangkarote; lugi. Ang kalagayan na hindi makayanan magbayad ng mga utang.

bankruptcy *n.* pagkabangkarote; pagkalugi.

banns *n.* *banns*. notisya sa publiko ng kasal.

bar *v.* hadlangan *n.* bar. Opisyal na listahan ng mga abogado. *In re*

Integration of the Bar of the Philippines, Enero 9, 1973; 49 SCRA 25.

bar admission *n.* admisyon sa bar; pagkatanggap sa bar. Pagbibigay ng lisensiya sa isang abogado upang magpraktis.

bar association *n.* asosasyon o samahan ng mga abogado.

Bar by Former Judgement *n.* *Bar by Former Judgement*; Hadlang sa Naunang Pasiya. Nagkakaroon nito kung magkatulad ang mga panig, paksa ng usapin, at dahilan ng aksiyon ng nauna at pangalawang usapin. Nang dahil sa mga bagay na magkatulad, ang hatol na inilagda sa merito ng naunang usapin ay ganap na nagiging hadlang sa sumusunod na aksiyon.

barangay *n.* baranggay. Pinakamaliit na yunit ng pamahalaang lokal.

bareboat charter *n.* *bareboat charter*. Dokumentong nagtatakda na ang umarkila o umupa ng isang barko ang magiging may-ari nito sa panahon ng arkila para sa lahat ng layuning praktikal.

bargaining unit *n.* *bargaining unit*. Grupo ng mga trabahador na awtorisadong magsagawa ng *collective bargaining* sa ngalan o kapakanan ng mga empleado.

barratry, barretry *n.* baratri, baretri. 1. ang pagkakasala ng madalas na pagtatong o pag-umpisa ng mga away at habla, maging sa batas o iba pa. 2. sa *Maritime Law*, ang akto o gawi ng kapitan o marinero ng isang barko na labag sa kapakanan ng may-ari o nagbibigay-pinsala sa may-ari.

barrenness *n.* pagkabaog. Ang kawalan ng kakayahang magkaanak.

barrister *n.* abogado; manananggol.

barter *n.* barter; palitan. Isang kasunduan na ang kapwa panig ay nagpapalitan ng mga bagay-bagay. *Tingnan Art. 1954, Binagong Kodigong Penal.*

basis *n.* batayan; saligan.

bastard *n.* bastardo; anak sa labas. Sinumang ipinanganak bunga ng ugnayang labas sa kasal.

battered child *n.* batang binugbog. Ang batang dumaranas ng matinding pisikal o emosyonal na pananakit.

battery *n.* pambubugbog.

battery, criminal *n.* *Tingnan criminal battery.*

bay *n.* look. Ang pagliko o pagkurba ng baybayin ng isang dagat o lawa para mag-anyong nakulong na malaking bahagi ng tubig.

bearer *n.* maytaglay, nagtataglay; mayhawak, naghahawak. Ang sinumang may dala ng tseke na mababayaran o maisasalin nang hindi na kailangan pa ang pag-endoso.

bearer paper *n.* negosyableng papel sa paghahatid o deliberi ng sinumang panig at hindi nagtatakda kung sino ang partidong pag-aabatan. Ang gayong papel sa komersiyo ay sinasabing mababayaran sa mayhawak o may-taglay.

beggar *n.* pulubi. Sinumang nabubuhay sa pagpapalimos.

begin *v.* magsimula, simulan; magumpisa, umpisahan.

belief *n.* paniniwala.

belligerent *n.* bansa o taong nakikipagdigma. Mga armadong puwersa na nakikipagdigmaan sang-ayon sa pandaigdigang batas. *adj.* nandidigmaan; nanlalaban, mapanlaban.

belong *v.* mag-ari ng bagay.

below *n.* sa ibaba.

bench *n.* hukuman. Tawag sa upuan ng mga hukom noon.

bench blotter *n.* blotter; blater. Rekord/tala ng mga aresto, sumbong, sakdal, pagkakadakip, at iba pang pangyayari na nasa pangangalaga ng mga pulis.

bench warrant *n.* bench warrant. Utos ng hukom upang dakpin o arestuhin ang isang tao.

beneficial enjoyment *n.* tinatamasang benepisyo. Ang kaluwagang tinatamasa ng isang tao sa kaniyang ari-arian ayon sa sarili niyang karapatan at para sa kaniyang sariling benepisyo, at hindi bilang isang tagapangalaga para sa iba.

beneficial interest *n.* benepisyal na interes. Pakinabang, benepisyo o bentahe na nagreresulta sa isang kontrata, o pag-aari ng isang propyedad na kaiba sa pag-aaring legal o kontrol.

beneficial owner *n.* benepisyal na may-ari; may-aring nakikinabang. Sinumang walang titulo sa isang ari-arian pero may karapatang gamitin na parang tunay na may-ari.

beneficial use *n.* benepisyal na gamit. Ang karapatang gumamit o makinabang sa isang ari-arian para

kumita gayong ang titulo ay na pangalan ng iba.

beneficiary *n.* benepisyaryo; taong makikinabang. Sinumang tatanggap ng biyaya ng iba. *Tingnan Art. 144, Kodigo Sibil.*

benefit *n.* benepisyo; bentahe; kita; pakinabang; bunga; pribilehiyo; tulugan; interes.

bequeath *v.* magpamana, pamanahin. Halimbawa magpamana ng ari-ariang personal sa testamento. Terminong gamit sa paghahandog ng isang ari-ariang natitinag o personal.

bequest *n.* pamana. Isang handog na donasyong ari-ariang personal sa testamento.

best evidence *n.* pinakamabuting ebidensiya. Isang alituntunin sa larangan ng pagpapatunay na ang pinakamabuting katibayan ang kailangang iharap upang patunayan ang isang nangyari.

best evidence rule *n.* Isang alituntunin sa Batas ng Ebidensiya sa paghingi ng makahihikayat na ebidensiya; maaaring gamitin at dapat iharap sa pagpapatotoo ng isang kasulatan kung materyal ang mga kondisyon. Ang orihinal ang dapat ilitaw maliban kung ito ay hindi maapuhap o nawala nang hindi sa kagagawan o sala ng naghaharap.

bestiality *n.* ang pakikipagtalik sa isang hayop; krimen ito laban sa kalikasan. *122 P. 2d 415, 416. Tingnan din sodomy.*

bet *n.* taya. Perang inilalabas sa sugal o pustahan.

beyond reasonable doubt *adj.* walang kaduda-duda. Sa *evidence*, nangangahulugang lubos na kasiya-siyang pagtugon; ganap na nakakakumbinse, o pagtugon na may katiyakang moral.

bias *n.* pagkiling. Di-makatwirang pagkiling sa isang panig. Disposisyon na tingnan at iulat ang mga bagay ayon sa kagustuhan o inaasam at hindi ayon sa narapat o aktuwal na pangyayari.

bicameral system *n.* sistemang bicameral. Terminong tumutukoy sa dalawang kapulungan ng lehislatura.

bid *n.* bid; alok. Mga presyo o halagang iniaalok sa isang subasta o kontrata.

bidder *n.* taga-bid; taga-alok; ang sumali sa bid o nagbigay ng alok.

bid price *n.* presyo o halaga ng bid; presyo o halagang alok. Sa *mode of exchange*, ang halagang handang ibayad ng isang lumalahok sa subasta.

bigamy *n.* bigamya. Krimen ng pagpapakasal sa iba habang maybisa o balido pa ang unang kasal.

bilateral contract *n.* kontratang bilateral. Isang kasunduang nilagdaan ng dalawang nagkasundong panig.

bill *n.* 1. bill; panukalang batas. 2. kuwenta. Listahan ng mga utang o singil sa serbisyo.

Bill of Attainder *n.* Bill of Attainder. Isang akta ng lehislatura na nagpapatay ng parusa nang walang paglilitis sa hukuman sa mga kilalang indibidwal o madaling kilalang miyembro ng isang grupo. *Chua vs. Caboros. SP-050 92, April 12, 1985.* Isang akta ng lehislatura na naglapat

ng parusa sa isang tao ng walang paglilitis. *People vs. Carlos, 78.*

bill of exchange *n.* papel de bangko; bill of exchange. Walang pasubaling nakasulat na utos sa isang tao na bayaran nito ayon sa takdang panahon ang halagang hinihiling ng taong sumulat ng utos. *Tingnan Sec. 126, Act 2031.*

Bill of Lading *n.* Bill of Lading. Ang paktura (invoice) ng pagkakalulan sa barko. Katibayan sa pagsasakay sa barko ng kargamento. *Tingnan Art. 350, Code of Commerce.*

Bill of Particulars *n.* Bill of Particulars. Detalyadong pagsasaad ng mga pangyayari o ng isang aksiyon para malinawan ng kabilang panig at maihanda ang sagot sa demanda. *Tingnan Sec. 1, Rule No. 12, Rules of Court.*

Bill of Rights *n.* Bill of Rights. Talaan ng mga karapatan at kalayaan ng mga tao sa Konstitusyon. Ang bahagi ng Konstitusyon na gumagarantiya sa mga karapatan at pribilehiyo ng indibidwal. *Tingnan Art. III, 1987 Konstitusyon.*

Bill of Sale *n.* Bill of Sale; Deed of Sale. Kasulatan sa pagbebenta o pagkabili.

bind *v.* obligahin. Ilagay sa ilalim ng tiyak na tungkulin o legal na obligasyon.

binding agreement *n.* napagkasunduang kasulatan/kontrata. Isang kontratang maipatutupad tulad ng alok na bumili o nagtinda kung tinanggap ang alok at ipinahayagang pagtanggap nito.

binding receipt or slip *n.* binding

receipt o slip. Nauukol sa limitadong pagtanggap ng aplikasyon para sa seguro na ibinibigay ng ahente habang hinihintay ang pagsang-ayon ng kompanya sa segurong tinanggap na panagutan ang mga panganib na isineguro upang maprotektahan ang aplikante.

birth *n.* pagsilang, pagluwal ng isang tao.

birth certificate *n.* sertipiko ng kapanganakan. Pormal na dokumentong nagpapatibay sa petsa at lugar ng kapanganakan ng isang tao.

birth control *n.* *birth control.* Terminong sumasaklaw sa lahat ng anyo ng pagpigil sa pagdadalantao o paglililihi.

blacklist *n.* blaklist. Listahan ng mga markadong kasalungat. *v.* iblaklist, magblaklist.

blackmail *n.* *blackmail*; blakmeyl; pananakot. Labag sa batas na paghingi ng pera, ari-arian o anumang pabor sa pamamagitan ng pananakot, pananakit, paninira sa ari-arian, pagsasangkot sa krimen, o pagbubunyag ng isang nakakahiyang depekto. *v.* i-blackmail; takutin. *Tingnan* Art. 356, Binagong Kodigong Penal.

black market *n.* *black market.* Ilegal na pangangalakal. Pagbili at pagtitinda ng mga kalakal na dapat ay sakop ng pagrasyon o kontrol ng gobyerno, kasama na rito ang mga kontrabando.

blank acceptance *n.* *blank acceptance.* Isang pagtanggap ng tseke nang walang endoso.

blind corner *n.* *blind corner.* Kantong mahirap makita agad ng drayber o

nagmamaneho ang kasalubong, parating na sasakyan.

blindness *n.* pagkabulag; pagigil, bulag. Kondisyon ng sinumang walang paningin, lubos man ito bahagya.

blockade *n.* harang. Aksiyon na isinasagawa laban sa kaaway ng bansa para kulungin, hadlangan, at pigil ang komunikasyon, komersiyo, mag-suplay, at mga tao sa pagpasok at paglabas ng naturang bansa o lugar. Ang gayong pagharang ay maaaring sa dagat, sa lupa, sa himpapawid, o kombinasyon ng mga ito.

blood grouping test *n.* *blood grouping test.* Test na ginagamit sa mga kas ng paternidad o pagkailehitimo pan alamin kung ang isang tao ay maaaring maging ama ng isang bata. Hindi tinitiyak sa pagsusuring ito kung ang isang tao ay ama ng bata kundi inaalis lamang ang pagkakaroon ng duda sa sinumang hindi maaaring tukuying maging ama ng bata.

blood relations *n.* pagkakamag-anak. Ugnayan o relasyon sa dugo.

blotter *n.*, *v.* *Tingnan* police blotter at bench blotter.

blue sky law *n.* *blue sky law.* Batas na nagpipigil sa pagbebenta ng stock na labis ang pagsasapalaran (*risk*).

board *n.* *board*; kalupunan; board. Komite ng mga taong inorganisa sa ilalim ng kapangyarihan ng batas para maipatupad ang ilang awtoridad magkaroon ng kontrol sa pama malakad sa ilang bagay, o tanggali ang ilang tungkulin ng isang mahistrado, representante, o karakter na fidusaryo.

boarder *n.* *boarder*; border; nanganasera. Sinumang nagbabayad sa regular na pagkain, kasama man ang tulugan o hindi.

body *n.* katawan. Isang tao. Katawang natural o artipisyal na nilikha ng batas gaya ng korporasyon.

body politic or corporate *n.* politikal na entidad; mga mamamayan. Isang politikal na entidad *halimbawa* munisipyo, probinsiya, lalawigan, siyudad o lungsod, bayan, baranggay, pamahalaang-bayan, at iba pa.

bogus *adj.* huwad; peke; imitasyon.

bona fide *adj.* sa mabuting intensiyon (*in good faith*). *Tingnan* Sideco vs. Pascua, 13 Phil 344.

bona fide purchaser for value *n.* mamimiling may mabuting intensiyon. Ang mamimiling may mabuting intensiyon at nagbayad ng tamang halaga para sa isang bagay o titulong walang depekto.

bond *n.* *bond*. 1. piyansa; panagot. Isang nakasulat na panagot sa kasunduan o anumang obligasyon. 2. bono. Sertipiko ng pagkakautang na garantisado ang pagbabayad ng interes sa takdang panahon at ng prinsipal sa takdang petsa ng pagbabayad ng utang.

bond conversion *n.* kumbersiyon ng *bond*. Pagpapalit ng *bonds* bilang utang para maging sosyo (*share*) sa korporasyon sa paraan ng *stocks*.

bonded debt *n.* utang na ginagarantiyahan ng *bond*. Ang pagkakautang ng isang negosyo o gobyerno na nirepresenta ng *bonds* na maaaring bayaran.

bonded warehouse *n.* piyansadong bodega. Piyansadong bodega na puwedeng deposituhan ng exporter ng mga inimport na kalakal na hindi binabayaran ng buwis hanggang ang mga ito'y maieport muli.

bondsman *n.* *bondsman*. Ang kompanya ng seguro na nananagot sa utang o obligasyon.

bonus *n.* bonus. Dagdag na suweldo o anumang konsiderasyon.

book *n.* libro; aklat; buk.

booking *n.* *booking*. 1. administratibong hakbang na isinasagawa matapos maaresto ang isang tao na dinala sa estasyon ng pulis; kasama rito ang pagpasok sa *blotter* ng pulis sa pangalan ng tao, ang krimen sa kaniyang pagkadakip, at iba pang mahalagang bagay; maaaring kasama rin dito ang pagkuha ng retrato, marka ng mga daliri (*fingerprint*), at iba pang katulad. 2. reserbasyon para sa isang espasyong babayaran pa lamang *halimbawa* silid sa *hotel*, upuan sa *eroplano*, at iba pa.

bookkeeping *n.* mga libro't papeles. *Generic* na terminong ginagamit sa rekord o tala na hinihiling sa isang *subpoena* o pagtuklas ng ebidensiya ayon sa *Rules of Court*.

border search *v.* paghahanap sa border o hanggahan. Pagbabantay o pagpupulis sa mga hanggahan at border ng mga opisyal na imigrasyon ng isang bansa para pigilin at alamin ang ilegal na pagpasok.

born *n.* ipinanganak; isinilang.

borrow *v.* hiram, manghiram, humiram *halimbawa* ng isang bagay

o *salapi*. Ang tumanggap mula sa iba ng anumang bahagi ng ari-arian, pera, o mayhalagang bagay nang may layunin at pangakong babayaran o ibabalik ang katumbas nito.

bottomry *n.* botomri. Sa *Maritime Law*, ang kontrata ng pagsasangla sa isang barko o kargada nito bilang panagot sa isang utang na babayaran lamang muli kung ang barko ay makaligtas sa isang partikular na kapahamakan, paglalayag, o saklaw na panahon.

bouncing cheque *n.* tsekeng talbog. Tsekeng ibinalik ng *drawee bank* dahil hindi sapat ang pondo sa akawnt ng *drawer* o dahil sa sarado na ang akawnt.

BO *abbr.* mga kalakal na inihatid sa masamang kalagayan.

BOB *abbr.* masamang kalagayan sa pagkakalulan sa barko (*Tingnan, planter product vs. Reyes, 66041 - R 3-20-1981*).

bound *v.* obligado.

boundary *n.* hangganan; mga lindero ng ari-arian.

boycott *n.* boykot. Sama-samang pagtanggi na makipagharap sa isang partikular na tao o negosyo para matamo ang (kahilingang) konsesyon o pribilehiyo o maipahayag ang hinanakit sa ilang akto o gawi ng tao o negosyo.

boycott, secondary *n.* ikalawa o pangalawang boykot. Ang pagboykot sa negosyo o produkto sa isang welga para mapilitang makipag-ayos o makipagnegosasyon ang kompanyang pinagwelgahan.

brain death *n.* *brain death*; pagkamatay ng utak. Idedeklarang patay na ang isang tao kung ayon sa doktor nito ay hindi na mapapatakbo ang kaniyang utak. Ang mga katangian nito ay: *a.* di-pagtanggap o kawalang-tugon sa mga external na iniaplay na *stimuli* at pangangailangang internal; *b.* walang-kusang paggalaw o paghinga; *c.* walang aktibidad na *reflex* (pantugong aktibidad); *d.* isang *flat* o pantay na ulat mula sa *electroencephalograph* pagkatapos ng 24 oras na obserbasyon.

braking distance *n.* distansiya sa pagpreno. Kabuuang distansiya na kailangan ng drayber para pigilin ang kaniyang sasakyan mula sa panahong malaman niya na kailangan na siyang huminto hanggang sa tumigil ang sasakyan.

branch *n.* sangay; departamento; dibisyon. Anumang bahagi ng isang entidad o sistema. Dibisyon, opisina, o iba pang yunit ng isang negosyo na nasa ibang lugar ng pangunahing sangay (*main branch* o *headquarters*).

brand *n.* tatak. Salita, marka, simbolo, disenyo, termino, o ang kombinasyon ng mga ito, parehong biswal o pasalita na ginagamit para sa identipikasyon ng ilang produkto o serbisyo.

breach *n.* paglabag; di-pagtupad. *v.* lumabag, labagin; di-tumupad.

breach of contract *n.* di-pagtupad sa kontrata. Intensiyonal na paglabag sa kontrata.

breach of the peace *n.* paglabag sa pangmadlang kapayapaan/kaayusan

breach of trust *n.* pagsira ng o pagsalungat sa tiwala. Anumang aktong ginawa ng isang *trustee* o katiwala na salungat sa mga instruksiyon ng *trustor* sa kaniya o sa kalabisan ng kaniyang awtoridad at sa kapinsalaan ng kaniyang *trust* o tiwala; ang omisyon ng isang *trustee* o katiwala ng anumang akto na hinihiling sa kaniya sa mga kasunduan ng pagtiwala.

breach of warranty *n.* di-pagtupad sa garantiya.

breaking and entering *n.* panloloob. Terminong ginagamit para ilarawan ang karaniwang batas sa panloloob na may intensiyong magnakaw.

bribe *n.* suhol; lagay. Pangako, pagbabayad, o pagtanggap ng anumang handog para gawin ang isang bagay na labag sa batas o huwag gawin ang tungkulin.

bribery *n.* panunuhol; paglalagay. Krimen ng pagsuhol.

brief *n.* brif; alegato. Dokumentong naglalahad ng buod ng lahat ng katwiran at mga pangyayari sa kaso ng isang panig sa isang kasong inapela.

brigandage *n.* panunulisan.

brigandage, crime of *n.* *Tingnan crime of brigandage.*

broad interpretation *n.* malawak na interpretasyon. Ang malawak na interpretasyon sa Konstitusyon o batas na nagbibigay-bisa sa intensiyon nito.

broker *n.* broker. Isang taong ang okupasyon o gawain ay paglapitin ang

mga partido sa isang transaksyon sa kalakal, komersiyo, o navesasyon para sa isang komisyon.

brokerage *n.* *brokerage*. Ang komisyon ng isang broker.

brothel *n.* bahay-putahan; bahay-alihan; *kasa/casa*. Bahay o tuluyan para sa prostitusyon.

brother-in-law *n.* bayaw.

budget *n.* badyet; laang-gugol. Isang plano ng alokasyon ng salapi sang-ayon sa pangangailangan tungo sa pagpapaunlad ng negosyo, opisina, o pamahalaan.

buena fe *n.* *Esp. Tingnan good faith.*

bugging *n.* tagapagpatayo; tagapagpagawa ng gusali o anumang estruktura. Sinumang nangongontratang maglagay ng isang estruktura para gawing permanente ito.

builder in good faith *n.* *builder in good faith*; nagtayo nang may mabuting hangarin. Isang nagtatayo sa lupa ng iba na walang kamalayang may depekto sa titulo o paraan ng pagkakamit ng lupa. *Tingnan Art. 546, Kodigo Sibil.*

building *n.* gusali.

building permit *n.* permiso sa pagpapatayo ng gusali. Awtorisasyong ibinibigay ng pamahalaang lokal para sa pagtatayo ng gusali o anumang edipisyo maging ukol sa malaking pagpapakompone (*regular*) o pagpapalaki ng umiiral na mga estruktura.

bulk sale *n.* lahatang benta.

bullet *n.* bala; punglo.

bullion *n.* bulyon. Ginto at pilak na nilalayong gawing pera.

bump-off *n.* *bump-off*. Ang hindi pag-sasakay ng pasaherong may tiket dahil sa labis na pagkabenta ng tiket.

buoy *n.* palutang. Isang bagay na ginagamit sa nabegasyon bilang gabay at babala sa paglalayag.

burden of proof *n.* tungkuling magpatunay. Ang tungkulin ng isang panig sa usapin na patunayan ang kaniyang isinaad sa sumbong upang makamtan ang hinihiling na lunas.

bureaucracy *n.* burukrasya. Isang organisasyon, *tulad ng administratibong ahensiya o hukbo*, na may sumusunod na katangian: **a.** may pagkakasunod-sunod na pamamahala; **b.** may mas kaunting bilang ng taong nakakataas o nasa katungkulan kaysa karaniwang naglilingkod; **c.** malinaw na mga posisyon at responsabilidad; **d.** may mga patakaran at pamamaraan na mahirap baguhin; **e.** *red tape*; **f.** maraming hinihinging papeles; at **g.** pababang delegasyon ng awtoridad.

burglary *n.* panloloob. Tingnan din *breaking and entry*.

burial *n.* libing, paglilibing, pagpapalibing.

Ang akto ng paglilibing sa isang bangkay o patay.

business *n.* negosyo. Pag-emplo, okupasyon, propesyon, o komersiyal na aktibidad na abala para sa pakinabang o kabuhayan.

but for test *n.* *but for test*. Test na "kung hindi dahil sa..." ay "hindi sana..." Test na ginagamit sa pagtukoy ng pananagutang tort sa pamamagitan ng pag-aaplay ng kung ano ang kadahilanang pinagmulan na "kung hindi dahil" sa aksiyon ng nasasakdal, ay "hindi sana" dumanas ng kapahamakan ang nagrereklamo.

buy *v.* bumili, bilhin.

buyer *n.* mamimili; taong bumibili.

buyer in good faith *n.* mamimiling may mabuting hangarin. Taong bumili nang may mabuting intensiyon at walang kaalaman na ang pagkakabenta sa kaniya ay isang paglabag sa karapatan sa pag-aari o interes ng ikatlong panig.

by-laws *n.* alituntunin; patakaran, batas; panuntunan. Mga alituntunin, patakaran, batas, o panuntunan na isinasagawa ng isang asosasyon, korporasyon, o mga katulad nito para sa pagpapalakad nito na kaiba sa mga Artikulo/Kartilya ng Korporasyon (*Articles of Corporation*).

cabinet *n.* gabinete. Matataas na opisyal tulad ng mga kalihim ng iba't ibang kagawaran na tumutulong sa pangulo sa pagpapatakbo ng pamahalaan.

cabotage *n.* *cabotage*. 1. terminong nautikal/pagnabegasyon mula sa Espanyol na tumutukoy sa paglalayag mula lungos sa lungos (*cape to cape*) sa kahabaan ng baybayin (*coast*) nang hindi umaabot sa laot (*open sea*). 2. sa *International Law*, may kinalaman ito sa *coasting trade* upang mangahulugang paglalayag at pakikipagkalakalan sa mga daungan sa baybayin.

cadastral case *n.* kaso/usaping sibil sa pagpapatitulo ng lupa na sinimulan ng pamahalaan.

cadastral survey *n.* sukat ng kadastro. Sukat sa lupaing nasasakop ng isang bayan sa utos ng pamahalaan.

cadastre *n.* kadastre. Imbentaryo ng buwis at pagtatasa (*assessment*) ng ari-ariang real.

calamity *n.* kalamidad; malaking sakuna.

calendar *n.* kalendaryo; talaarawan.

call *n.* panawagan. Utos ng mga direktor sa mga suskriptor (*subscriber*) para bayaran ang kanilang nalalabing utang

Cc

sa kanilang sosyo sa korporasyon.

calumniator *n.* maninira ng puri n ibang tao.

calumny *n.* paninirang-puri; paniniran dangal; pang-aalipusta.

cancel *v.* kaltasin, magkaltas, kumalta; kanselahin, magkansela, ikansela; tanggalin, magtanggali.

cancellation *n.* kanselasyon; pagpapawalang-bisa. Ang pagkaltas o pagbur sa pamamagitan ng paglalagay n guhit sa naisulat. Tingnan *People v. Edeza*, 59 OG 565; 2 C.A.R. (2s) 107.

candidate *n.* kandidato. Taon isinasalang-alang para sa isan opisyal na posisyon *halimbawa par sa trabaho o eleksiyon*.

candidacy *n.* kandidatura.

Canon Law *n.* Batas Kanon. Mga batas eklesiyastiko na nagsimula sa Simbahan ng Roma hinggil sa mga bagay na nasasakupan ng nasabir simbahan.

canvass *n.* *canvass*; kambas. Ang pagsu at pagbilang sa mga ipinapadalang uli ng mga boto para sa mga kandidato.

capable *adj.* may-kakayahan.

capacity *n.* kapasidad; kakayahan.

capacity, juridical *n.* *Tingnan* juridical capacity.

capacity to act *n.* kakayahan sa pagkilos na may bisa sa paningin ng batas. *Tingnan* Art. 37, *Kodigo Sibil*.

capita *n.* hango sa Latin: ulo; kapita. **per capita**, *n.* bawat ulo; per kapita. Kumakatawan sa bawat tao sa pagpaparte ng ari-arian. [Sa Bulacan, ang ginagamit ay "bawat tiyan" sa halip na "bawat ulo."]

capital *n.* 1. kapital; puhunan. 2. ari-ariang galing sa bana (*Ceb. husband*). *Tingnan* Art. 148, *Kodigo Sibil*. 3. kabisera. *adj.* pinakamalubha; pinakamabigat.

capital offense *n.* pinakamalubhang kasalanan. Pagkakasala na, sa ilalim ng umiiral na batas, at sa panahon ng paghiling na makapagpiyansa, ay maaaring parusahan ng kamatayan.

capital punishment *n.* ang pinakamabigat na parusa; parusang kamatayan. Parusa para sa pinakamalubhang kasalanan.

capital stock *n.* puhunang aksiyon; *capital stock*.

capitulation *n.* kapitulasyon. Pagsuko sa kalaban.

captain *n.* kapitan. Ang pinunong opisyal ng isang kompanya ng mga hukbo, barko, o baranggay.

captive *n.* bihag (ng digma).

care *n.* ingat, pag-iingat.

caretaker *n.* tagapag-ingat; katiwala.

cargo *adj.* lulan. *n.* cargo; freight; load; karga, kargamento, kargada. Mga

lulan o sakay na kalakal ng isang sasakyang pandagat, tren, trak, eroplano, at iba pa.

carnal knowledge *n.* kaalaman sa kopulasyon; kaalaman sa pagtatalik; kaalaman sa sex.

carriaging *n.* *carriaging*; pagnanakaw ng awtomobil. Ang walang pahintulot na pagkuha ng awtomobil na ari ng ibang tao upang pakinabangan ito.

carriage *n.* carriage. Transportasyon ng mga kalakal, kargada, o pasahero.

carriage, contract of *Tingnan* contract of carriage.

carrier *n.* carrier; tagapagdala, tagadala. Indibidwal o organisasyong naghahatid sa mga pasahero o kalakal nang may upa.

carrier's lien *n.* carrier's lien; lien ng tagapagdala/tagadala. Karapatang pigilin ang cargo ng pinadalhan o consignee hanggang mabayaran ang halaga sa pagkakahatid nito.

carry over *n.* carry over. Pagkalugi sa pagpapatakbo ng negosyo o net operating loss sa loob ng isang taon na maaaring ilipat sa bawat isang taon na may babayaranang buwis.

carrying away *n.* carrying away. Pagkuha, pagtatago at pag-angkin sa ari-ariang personal.

carrying concealed weapon *n.* pagdadala ng nakatagong sandata *Tingnan* Act 1780, Sec. 26, par. 3, PD No. 9.

cartel *n.* cartel; kartel. Pagsasama ng mga prodyuser ng anumang produktong pinagsama para kontrolin ang produksiyon, benta, at halaga nito

upang makamit ang monopolyo o masarili ang anumang partikular na industriya o kalakal.

case *n.* kaso. Isang usapin sa hukuman.

cash bail *n.* piyansang salapi. Kabuuang halaga ng salapi na idineposito ng isang akusado para tiyakin ang kaniyang pagdalo sa hukuman; ginagamit bilang kapalit ng surety bond at ari-ariang real.

cash dividend *n.* dibidendong salapi. Ang bahagi ng mga kita at surplus sang-ayon sa itinakda ng Kalupunan ng mga Direktor (*Board of Directors*) na ibinayad sa mga stock-holder ng isang korporasyon sa anyo ng salapi. Kaiba sa stock dividend.

cashier's cheque *n.* tseke ng kahera. Tsekeng kinuha ng bangko sa sarili nitong pondo at ibinigay o inisyu ng awtorisadong opisyal ng isang bangko, itinagubilin sa ibang tao bilang patunay na ang binabayaran o payee ay awtorisadong humiling at tumanggap mula sa bangko ng halaga ng salaping kinakatawan ng tseke kapag ito'y iniharap.

cash surrender value *n.* halaga ng salaping ibabalik. Ang halaga ng salaping ibabalik ng life insurance policy ay ang natitirang halaga matapos bawasan ng surrender charge. Halaga na babayaran ng seguro sa kanselasyon ng patakaran bago mamatay ang nakaseguro.

casual *adj.* kaswal. Umiiral nang walang regularidad, paminsan-minsan; pansamantala; di-permanente, tulad ng empleo sa di-regular o di-pangkaraniwang panahon. Nang-

yayari o dumarating nang walang plano at hindi inaasahan. *Tingnan* *Mansal vs. P.P. Gochecho Co.*, 96 Phil 945.

casual employment *n.* walang ka-seguruhang empleo; walang katiyakan o kaswal na empleo. Empleo sa mga panahong di-tyak o di-regular; Empleo sa maikling panahon, at limitado at pansamantalang layunin.

casualty *n.* napinsala. 1. ang napinsala. Isang tao o bagay na napinsala, nawala, o nasira. 2. sakuna. Malubha o nakamamatay na sakuna.

casus fortuitus *n.* Lat. casus fortuitus. Hindi maiiwasang sakuna. *Tingnan* *Chan Keep vs. Chan Gioco*, Phil 6. Pangyayaring nagkataon lamang, pangyayaring di-sinasadya; diakalaing pangyayari. *Tingnan* *Lasam vs. Smith*, 45 Phil 661.

categorical question *n.* tanong na kategorikal. Tanong na kailangang sagutin ng oo o hindi. *Tingnan* *Interior*, 42128-R, Nobyembre 3, 1975.

caucus *n.* kokus. Pagtitipon ng mga miyembro ng partido pampolitika tungkol sa sariling layunin o para magplano, mag-aral, at ipatupad ang adhikain o layunin.

causation *n.* kasanhian; kadahilanan. Ang pagiging sanhi ng isang pangyayari. Aktong lumilikha ng isang epekto. Isang mahalagang doktrina sa mga larangan ng negligence and criminal law.

cause *n.* kausa; sanhi; dahilan.

cause, proximate *n.* *Tingnan* proximate cause.

cause of action *n.* sanhi o dahilan ng reklamo o usapin.

caveat *n.* *Lat. caveat.* Babala upang mag-ingat.

caveat emptor *Lat. caveat emptor;* mag-ingat ang bumibili.

cease and desist order *n.* utos na itigil at ihinto. Pansamantalang utos/order ng isang administratibong ahensiya o hukuman na nagbabawal sa isang tao o kompanya sa kalakal laban sa pagpapatuloy ng isang partikular na paraan ng pagkilos.

cede *v.* magbigay-daan; magtalaga, italaga; magkaloob, ipagkaloob; sumuko, isuko; iatras, umatras. Ginagamit sa pangkalahatan upang italaga ang paglilipat ng teritoryo mula sa isang pamahalaan tungo sa ibang pamahalaan. Pagsuko o paglipat ng teritoryo mula sa isang gobyerno tungo sa ibang gobyerno.

cedula *n.* sedula. Katibayan ng paninirahan ng isang residente sa isang lugar; isa ring paraan ng pagpapataw ng buwis sa mamamayan.

celebration of marriage *n.* pagdiriwang ng kasal; pagsasagawa ng kontrata sa kasal.

censorship *n.* *censorship;* pagsensor. Pagsusuri ng mga publikasyon, pelikula, dula, at mga katulad para sa layuning ipagbawal ang paglalathala, pamamahagi, o produksiyon ng isang materyal na ipinapalagay na masama dahil malaswa, mahalay, immoral, at laban sa patakarang pangmadla.

census *n.* *sensus.* Ang opisyal na pagbibilang ng mga mamamayan ng

isang estado, bansa, distrito, o iba pang subdibisyong pampolitika.

century *n.* siglo; dantaon. Isandaang taon.

ceremony *n.* seremonya.

certainty *n.* katiyakan.

certainty of birth *n.* katiyakan ng kapanganakan.

certainty of death *n.* katiyakan ng kamatayan.

certainty of marriage *n.* katiyakan ng kasal.

certificate *n.* sertipiko; katibayan, patibay; katunayan, patunay.

certificate of (public) convenience and necessity *n.* sertipiko ng (pambayang) kaluwagan at pangangailangan. Sertipikong ipinagkakaloob ng gobyerno na nagbibigay ng awtoridad sa pagpapakabo ng mga kompanya sa transportasyon, enerhiya, tubig, at komunikasyon.

certificate of deposit *n.* sertipiko ng deposito. Sertipiko ng deposito sa bangko ng isang tao.

certificate of incorporation *n.* sertipiko ng inkorporasyon. Katibayan sa pagkakatatag o pagkakarehistro ng isang korporasyon.

certified copy *n.* kopyang may patunay na totoo. Kopya ng isang rekord o dokumentong pinirmahan at pinatunayan bilang totoo kopya ng isang opisyal na pinagkatiwalaan ng orihinal.

certify *v.* sertipikahan; patunayan pagtibayin.

certiorari *n.* *Lat. certiorari.* Isang kahilingan mula sa mataas na hukuman upang ipadala ng mababang hukuman ang mga rekord ng isang kaso para suriin itong muli.

cession *n.* paglilipat.

cestui que trust *n.* ang taong makikinabang sa isang tiwala. *Tingnan trust*

character *n.* karakter; pag-uugali. Ang pagkakaroon ng tiyak na mga kalidad ng isip, talino, at moralidad na kaiba sa ibang tao.

charge *n.* 1. sakdal; paratang. 2. tungkulin; pasanin. Ang isang tungkulin o obligasyong ipinataw sa isang tao. Isang pasanin, pagbigat, o habol na dapat magampanan ng bagay na pinatawan. *v.* 1. singilin, sumingil; papagbayarin. 2. ilista halimbawa sa pagkakautang o akawnt.

charitable corporation *n.* korporasyong pangkawanggawa. Hindi pinagkakakitaang korporasyon na inorganisa para sa mga pangkawanggawang layunin.

charity *n.* kawanggawa.

charter *n.* karta. Karta ng mga karapatan at tungkulin.

charter, corporate *n.* *Tingnan corporate charter.*

charter-party contract *n.* kontrata sa paggamit ng barko. Isang kontrata na sa pamamagitan nito ay pinapayagang ipagamit sa isang komersiyante ang isang barko o ilang prinsipal na bahagi nito, para sa paghahatid ng

mga kalakal sa isang tiyak na biyahe sa isa o higit pang lugar.

chastity *n.* kapurihan; kalinisan; kadalisayan. Ang birtud na pumipigil sa labag sa batas na pakikipagtalik. Ang estado ng pagiging dalisay o ang pagpigil sa ugnayang seksuwal na labag sa batas.

chattel *n.* *chattel;* ari-ariang natitinag.

chattel mortgage *n.* sanglang *chattel.* Sangla ng ari-ariang natitinag. *Tingnan Art. 319, Binagong Kodigo Penal.*

check *n.* tseke. Isang nakasulat na utos o kahilingang nakatuon sa bangko ng isang depositor na bayaran ang taong binanggit sa tseke, o sa sinumang may taglay ng tseke, oras na iharap ito sa bangko. *Tingnan Sec. 185, Act 203.*

checks and balances *n.* pagpigil at pagtimbang. Pagpigil at pagtimbang sa mga kapangyarihan at poder ng bawat isang sangay ng pamahalaan sang-ayon sa pagkakahiwalay ng kanilang kapangyarihan batay sa itinatakdang Konstitusyon.

chief *n.* hepe; puno. Puno ng pulisya. Puno ng isang opisina.

Chief Justice *n.* Punong Mahistrado. Puno ng pinakamataas na hukuman o Korte Suprema.

child *n.* bata o anak, lalaki man o babae.

child, adopted *n.* *Tingnan adopted child.*

child, illegitimate *n.* *Tingnan illegitimate child.*

child, legitimate *n.* lehitimong anak. Tunay na anak.

child, natural *n.* anak na isinilang o ipinanganak ng tunay na magulang, kaiba sa inampon; anak bunga ng ugnayang natural o reproduksiyon; anak ng mga magulang na may kakayahang magpakasal sa isa't isa nang ipagligi ang bata.

child abuse *n.* abuso sa bata. Anumang anyo ng kalupitan sa kapakanang pisikal, moral, at pangkaisipan ng isang bata. Ginagamit din upang ilarawan ang anyo ng seksuwal na pananalakay, paglusob, pag-atake, o pagdaluhong kasama na rito ang panggagahasa.

Chilling Effect Doctrine *n.* *Chilling Effect Doctrine*; Doktrina ng Matinding Pagpigil. Sa *Constitutional Law*, anumang batas o gawi na may epekto ng matinding pagpigil sa paggamit ng isang karapatang konstitusyonal katulad ng karapatang umapela.

choice of law *n.* pagpili ng batas. Sa mga salungatan ng mga batas (*conflict of laws*), ang paghaharap ng tanong kung anong batas ang dapat mamayani o masunod.

chose in action *n.* batayan sa paghahabla. Karapatan ng paghahabla sa isang korte ng batas (*court of law*) para makuha ang kabuuan ng salapi, o ang karapatang mabawi ang isang personal na *chattel* (ari-ariang natitinag), sa isang aksiyon. Karapatan sa personal na mga bagay na wala sa posesyon ng may-ari; ito ay isang karapatan lamang na umaksiyon para sa kaniyang posesyon.

C.I.F. pinaikling salita upang ipakahulugan ang **Cost, Insurance, and Freights**. Ang "halaga, seguro, at flete (*freight*) ng kapital," na dapat bayaran sa nagbibili upang agad na matanggap ang paktura (*invoice/bill of lading*) o dokumento ng pagkakalulan sa sasakyan ng bumili.

circular *n.* sirkular; palibot-kalatas.

circumstances *n.* mga pangyayari; mga sirkumstansiya.

circumstances, aggravating *n.* *Tingnan aggravating circumstances.*

circumstances, alternative *n.* *Tingnan alternative circumstances.*

circumstances, justifying *n.* *Tingnan justifying circumstances.*

circumstances, mitigating *n.* *Tingnan mitigating circumstances.*

circumstantial evidence *n.* ebidensiyang sirkumstansiyal. Testimonyang hindi batay sa aktuwal na kaalamang personal o obserbasyon ng mga katotohanan (*facts*) sa isang kontrobersiya; ipinapakita nang di-tuwiran ang mga katotohanang sinisikap patunayan subalit hango sa iba pang mga katotohanang pinagkukunan ng mga hinuha.

citation *n.* 1. sitasyon; utos sa pagharap. Utos ng hukumang may hurisdiksiyon sa usapin, upang ang tinutukoy na tao ay humarap sa araw na binabanggit at magpahayag ng kaniyang nalalaman o ibigay ang dahilan kung bakit hindi siya dapat humarap. 2. banggit; sipi.

citation of authorities *n.* pagbanggit ng mga awtoridad. Ang pagbabasa,

produksiyon, o pagsangguni sa mga legal na awtoridad at nakagawiang sundin gaya ng konstitusyon, mga batas, mga iniulat na kaso, at sulatin, sa pakikipagtalo sa mga korte, sa mga textbuk sa batas, artikulo sa muling pag-aaral o pagrepaso ng batas, *brief/alegato*, o mga katulad nito, para patunayan o pagtibayin ang mga paunang proposisyon.

citators *n.* banggit. Isang set ng mga aklat sa anyong titik na mga daglat o salita, na naglalahad para sa susunod na kasaysayang hudisyal at interpretasyon ng mga iniulat na pasiya, listahan ng mga kaso, at lehislatibong probisyon na sumusuri, tumutukoy, o nakaaapekto sa batas.

citizen *n.* mamamayan. Miyembro ng estadong sibil na may karapatan sa lahat ng mga pribilehiyo nito. *Tingnan Palting vs. San Jose Petroleum Inc. L-14441, Disyembre 17, 1966; 18 SCRA 936.*

citizen's arrest *n.* *citizen's arrest.* Maaaring umaresto ang isang pribadong mamamayan sa ilang sirkumstansiya, karaniwan sa peloniya (*felony*), maliit na paglabag ng batas (*misdemeanor*), o pag-iingay (*breach of peace*).

citizenship *n.* pagkamamamayan. Ang istatus ng pagiging mamamayan sa isang bansa.

city *n.* lungsod; siyudad.

civil *adj.* sibil; pangmamamayan; pambayan.

civil action *n.* aksiyong sibil. Aksiyong ginawa para ipatupad, iwasto, bigyang-lunas, ipagtanggol, o

protektahan ang mga pribadong karapatan. Sa *Rules of Law*, usaping personal na inihain o isinampa sa hukuman upang pagbayarin ang inihabla o gumawa ng ilang bagay na pawang sibil; usaping personal na isinampa ng nasasakdal upang humingi ng bayad-pinsala o kabayaran para sa pinsalang tinamo.

Civil Code *n.* Kodigo Sibil.

civil contempt *n.* *Tingnan contempt, civil.*

civil disobedience *n.* pagsuway na sibil. Mapayapang pagsuway ng mga sibilyan sa batas.

civil fruit *n.* *Tingnan fruit, civil.*

civil liability *n.* pananagutang sibil. Bayad-pinsala sa isang aksiyong sibil, kaiba sa pananagutan sa prosekusyong kriminal na karaniwang nauukol sa halaga ng salapi o bayad sa mga napinsala.

civil negligence *n.* kapabayaang sibil. Kapabayaang nakasaad sa *Art. 2176* at *2180* ng *Kodigo Sibil*.

civil obligation *n.* obligasyong sibil; tungkuling sibil. Ang tungkulin sa batas na maaaring ipatupad sa hukuman.

civil procedure *n.* prosidimiya sibil; pamamaraan sa asuntong sibil.

civil remedy *n.* remedyo sibil; lunas pansibil. Ang lunas na inilalapat ng batas laban sa mga lumabag sa matuwid o karapatan ng ibang tao.

civil right *n.* karapatang sibil. Mga karapatang itinalaga at inilaan para sa mamamayang Filipino o banyagang naninirahan sa Pilipinas

alinsunod sa *Art. III ng Konstitusyon ng Pilipinas*.

civil service *n.* serbisyo sibil. Sa pangkalahatan, ang empleo sa gobyerno na may karapatan sa seguridad sa trabaho, sa pagtaas ng ranggo, at iba pa.

civil war *n.* giyerang sibil; digmaang sibil. Sa pangkalahatan ang armadong labanan sa loob ng isang bansa.

civilization *n.* sibilisasyon; kabihasnan.

claim *n.* 1. angkin, pag-angkin. 2. habol, paghahabol.

claimant *n.* 1. taong umaangkin, nag-aangkin. 2. taong naghahabol.

class action or representative *n.* *class action or representative*. Aksiyong naglalaan ng paraan sa malaking grupo ng mga taong interesado o may kinalaman sa usapin, upang ang isa o higit pa ay makapaghabla o maihabla ng mga representante ng *class* nang hindi pinagsasama ang bawat miyembro nito.

class legislation *n.* *class legislation*. Lehisasyon na sa pagpapaganap ay nakatuon sa isang espesipikong sektor ng lipunan.

class suit *n.* sama-samang sakdal. Sama-samang sakdal na maramihan at magkakauri. *Tingnan Sec. 12, Rule No. 3, Rules of Court*.

clause *n.* *clause*; sugnay. Isang bahagi o probisyon ng *pleading* o legal na dokumento tulad ng kontrata, kasulatan, habilin o testamento, konstitusyon, o batas.

Clean Hands Doctrine *n.* *Clean Hands*

Doctrine; Doktrina ng Malinis na Budhi. Ang taong humihingi ng lunas at katarungan sa husgado ay dapat malinis ang konsiyensiya at mabuti ang kalooban.

Clear and Present Danger Doctrine *n.* *Clear and Present Danger Doctrine*. Doktrina sa Malinaw at Pangkasalukuyang Panganib. Kapag may kasalukuyang malinaw na panganib sa mga interes na dapat ipagtanggol ng pamahalaan/gobyerno, maaaring pigilan o pagbawalan ang kalayaan sa pananalita o pamamahayag alinsunod sa doktrinang ito.

clear chance *n.* huling pagkakataon. Ang may huling pagkakataon umiwas sa aksidente ngunit hindi niya ginawa ang siyang maysala.

clearance *n.* *clearance*. Kawalan ng sagutin.

clearing *n.* *clearing*. Ang metodo pamamaraan sa bangko ng pagpapalitan at pag-aayos sa mga balansa ng tseke.

clemency *n.* kabaitan; awa; kaluwagan. Pagpapatawad o pagbaba ng sentensiya ng isang bilanggo o preso.

clerkal error *n.* kamaliang klerikal. Sa pangkalahatan, isang pagkakamali sa pagsulat o pagkopya. Mali, sala o omisyon ng isang klerk, manunulat, abogado, o hukom na hindi resulta ng paggamit ng katungkulang hudisyal. Pagkabigo ng klerk na ipasok ang ipinag-utos. *Tingnan Black vs Republic 104 Phil 849*.

clerk *n.* klerk. Tagapag-ingat ng mga rekord ng korte, opisina, o bangko.

clerk of court *n.* klerk ng hukuman/korte. Kawani ng hukuman na namamahala sa mga gawaing klerikal.

client *n.* kliyente.

close corporation *n.* korporasyong eksklusibo. Korporasyong ipinagbawal ang pagsapi ng ibang taong di orihinal na miyembro. *Tingnan Sec. 96, Corporation Code*.

closed shop *n.* *closed shop*. Kondisyon sa isang kompanya ang pagmiyembro sa unyon.

cloud on title *n.* kalabuan/alinlangan sa titulo.

coalition *n.* koalisyong; pagsasama; pagkakaisa; pagbubuklod.

coast guard *n.* *coast guard*; tanod ng baybaying dagat.

cocaine *n.* *cocaine*; kokeyn. Uri ng ipinagbabawal na gamot mula sa mga dahon ng coca.

co-conspirator's rule *n.* tuntunin ng magkasabwat. Patakarang kinikilala sa *Evidence* na ang akto o gawa ng isa sa isang napatunayang sabwatan ay akto o gawa rin ng lahat.

code *n.* kodigo. 1. katipunan ng mga batas. 2. sistema ng mga salita o simbolo na ginagamit upang kumatawan sa mga salita. *Tingnan Sec. 42, R.Z. No. 5921*.

code of professional responsibility *n.* pangkalahatang gabay sa pagkilos at pagganap sa propesyong legal.

codicil *n.* kodsilyo; susog-bilin. Isang suplemento o karagdagan sa isang huling habilin. *Tingnan Art. 825, Kodigo Sibil*.

codification *n.* kodipikasyon. Ang proseso ng pagkalap at sistematikong pag-aayos, kadalasang ayon sa paksa, sa mga batas ng estado o bansa, o sa mga tuntunin at regulasyong sumasaklaw sa isang partikular na lugar, usapin ng batas, o praktis/*practice*.

co-equal *adj.* magkapantay.

coercion *n.* pamimilit. Ang tuwirang pamimilit na gawin ang isang bagay na labag sa kalooban sa pamamagitan ng pananakot o dahas.

co-heir *n.* kasamang tagapagmana.

cognizance *n.* pagkilala *halimbawa ng hurisdiksiyon, karapatan, kapang-yarihan, at iba pa*.

cohabit *n.* pagsasama. Pagsasama sa isang bahay na parang kasal.

coinage *n.* paglikhang-salapi. Ang proseso o gawain ng paglikha ng metalikong salapi; maaari ding ang malaking kimpal ng metalikong salapi na nasa sirkulasyon.

collate *v.* pagtipunin; pagsasamahin; pagsunod-sunurin.

collateral *adj.* kolateral. 1. Nasa tabi at hindi tuwiran. 2. Garantiya para sa isang utang.

collateral attack *n.* di-tuwirang pag-atake; kolateral na pagsalungat o pagpapawalambisa. Di-tuwirang paraan sa paglilitis upang maipawalang-bisa o matalo ang isang sesyon sa ilang insidental o naiibang proseso.

collateral relatives *n.* kolateral/ malapit na kamag-anak. Malapit na kamag-anak na hindi kasama sa

tuwirang linya ng manahan (*direct line of succession*) tulad ng pinsan.

collation *n.* pagsusulitan. Pagsasama sa kuwenta ng mga ari-ariang tinanggap ng isang sapilitang tagapagmana mula sa yumao bago ito namatay. *Tingnan Art. 1061, Kodigo Sibil.*

collective bargaining *n.* kolektibong tawaran. Pamamaraan sa pagsasagawa ng mga kolektibong kasunduan ng employer at kinikilalang representante ng mga empleado ukol sa mga sahod, oras, at iba pang kondisyon ng empleo.

collective bargaining agreement (CBA) *n.* kasunduan sa kolektibong tawaran. Kasunduan ng employer at ng unyong manggagawa na nangangasiwa sa mga itinakda at kondisyon ng empleado.

collective bargaining unit *n.* yunit sa kolektibong tawaran. Ang lahat ng empleado ng isang employer na nasa ilalim ng kolektibong kasunduan o sakop ng isang kolektibong tawaran.

collusion *n.* sabwatan; sapakatan. Sa mga kasong pangmatrimonyo, ang sabwatan ng mag-asawa upang makakuha ng diborsiyo.

color of law *n.* anyo ng batas; bahid ng batas; hugis ng batas. Ang anyo o pagkakahawig, di-kasama ang diwa o substansiya, ng isang karapatang legal.

color of title *n.* anyo ng titulo; bahid ng titulo; hugis ng titulo. Ang anyo, pagkakahawig o *simulacrum* ng titulo. Kilala rin bilang *apparent title*.

colorable imitation *n.* imitasyong kolorabol. Madayang imitasyon. *adj.* kamukhang-kamukha; gayang-gaya.

Isang produktong kamukhang kamukha ng orihinal upang manlinlang at mabili ito.

combination *n.* kombinasyon. Pagsasama; pagkakahalal. Ang unyong o asosasyon ng dalawa o higit pang katao para makamit ang isang layunin.

combination in restraint of trade *n.* kombinasyon o pagsasama sa pagpigil ng kalakal o komersiyo. Kasunduan o unawaan ng dalawa o higit pang katao sa kontrata, tiwala (*trust*) samahan, *holding company* (korporasyong inorganisa para humawak ng *stocks* ng ibang korporasyon) o ng iba pang anyong asosasyon para sa layunin ng labis di-wastong pagpigil sa kompetisyon, pagsasarili o pagmomonopolyo ng kalakal at komersiyo sa isang paninda, pagkontrol sa produksiyon, pamamahagi at halaga nito, o kaya'y pakikialam sa kalayaan ng kalakal nang walang legal na awtoridad.

commander-in-chief *n.* punong komandante. Sinumang humahawak ng sukdulan o pinakamataas na kapangyarihan sa hukbong sandatahan.

commencement *n.* pasimula; pag-uumpisa.

comment *n.* komentaryo; puna; opinyon. Ang pagpapalagay na totoo ang mga pagpapahayag ng opinyon o pagbibigay ng komentaryo.

commerce *n.* komersiyo; kalakalan pangangalakal.

commercial bank *n.* bangko komersiyal

Isang institusyon na awtorisadong magsasagawa ng iba't ibang pautang, makilahok sa mga serbisyong kumpiyansa (*trust services*) at iba pang pidusaryong pondo (*judiciary funds*), mag-isyu ng mga liham ng pautang o kredito, tumanggap at magbayad ng mga *draft*, magpaupa ng kaha de yero, makilahok sa mga katulad na aktibidad, at siyang tanging institusyong awtorisadong tumanggap ng mga *demand at time deposit*.

commercial paper *n.* papel de bangko. Papel de bangko (*draft*), pagare (*promissory note*), o kasulatan sa pagbabayad ng utang, tseke ng bangko (*bank checks*) at ibang negosyableng instrumento (*negotiable instrument*) kapalit ng salapi na sa pamamagitan ng kanilang anyo at halaga ay nangangahulugan ng gayong instrumento.

commingling of funds *n.* pagkakahalal ng mga pondo. Akto ng pidusaryo na isama ang mga pondo ng kaniyang tagapakinabang o benepisyaryo, kliyente, employer, o ward sa sarili niyang pondo.

commission *n.* 1. komisyon. Pagkahirang para sa isang tungkulin. *v.* magbigay ng awtoridad o kapangyarihan; pagpataw ng katungkulan. 2. komisyon; porsiyento; kaparte. Upa o gantimpala sa mga ahente, tagapagpaganap ng mga estado, katiwala, at iba pang namahala sa mga ari-arian at tungkulin ng ibang tao, bilang kabayaran ng kanilang serbisyo.

commission, government *n.* komisyonang gobyerno. Isang metodo o pamamaraan ng pamahalaang munisipal sa kamay ng komisyon ang lehislatibong kapangyarihan.

commitment *n.* komitment. utos ng hukuman sa pagpapakulong; akto ng pagkatanggap o pagkahatid; sa stock exchange—kasunduan sa bumili at magbili.

commodatum *n.* *Lat. commodatum*; komodatium. Isang kasunduan na ipinahiram nang walang upa sa isang tao ang isang bagay na hindi nauubos ngunit isasauli sa nagpahiram makaraan ang taning na panahon. *Tingnan Art. 1933 at 1935, Kodigo Sibil.*

commodity futures *n.* *commodity futures*. Espekulatibong transaksyon na may kinalaman sa pagbebenta ng mga ihahatid na pangunahing pangangailangan sa hinaharap tulad ng lana o bulak, at iba pa.

common carriers *n.* sasakyang pangmadla o pambalana. *Tingnan Art. 1732, Kodigo Sibil.*

common law *n.* 1. *common law*; batas komon. Ang sistema ng batas o hurisprudensiya na umiiral sa Estados Unidos at Inglatera na kaiba sa *Civil Law*. 2. relasyon. Pagsasama bilang mag-asawa nang walang kasal. *Tingnan Art. 147, Kodigo ng Pamilya.*

common law marriage *n.* *common law marriage*. Pagsasama ng isang lalaki at isang babae na hindi kasal.

common stock *n.* sosyo komon. Ang pangkaraniwang sosyo sa korporasyon na may karapatang bumoto.

communication *n.* komunikasyon; 1. ang akto sa pahatiran ng impormasyon, balita, mga isipan, opinyon o mga kasulatan. 2. iyong ipinahatid na balita;

community property *n.* ari-arian ng mag-asawa. Ari-arian ng mag-asawa na may di-mapaghihiwalay na kalahating interes ang bawat isa dahil sa kanilang istatus bilang mag-asawa.

commutation *n.* paghawas sa parusa; pagpapababa ng parusa. Ang pagpapababa ng parusa ng isang taong maysala. Maaaring isagawa ito ng may kapangyarihang magpatawad. *Tingnan People vs. Vera, 65 Phil 111.*

compact *n.* kontrata; kasunduan. Kasunduan sa kontrata ng mga tao, bansa, o estado. Kadalasang ginagamit sa mga isinasagawang kasunduan ng mga estado tungkol sa bagay na may kinalaman sa dalawang panig. Kontrata ng mga panig na lumilikha ng mga obligasyon at karapatan na maaaring ipatupad at pag-isipan bilang gayon ng mga panig, sa kanilang kakaiba at may kasarinlang katangian.

company *n.* kompanya. 1. Unyon o asosasyon ng mga tao para sa pagsasagawa ng isang negosyong pangkomersiyo o pang-industriya. 2. Bakasan, korporasyon, asosasyon ng pinagsamang sosyo (*share*) o *stock*.

company union *n.* unyon ng kompanya. Unyon sa ilalim ng dominasyon ng kompanya. *Tingnan Art. 260(g), Labor Code.*

compel *v.* pilitin, pumilit, mamilit, ipilit.

compensable injury *n.* mababayaran/matutumbasang pinsala. Pinsalang bunga ng isang sakunang kaugnay ng empleo.

compensation *n.* kompensasyon;

bayad; una. *Tingnan Aklat 4, Titulo I, Kabanata 4, Sek. 5, Kodigo Sibil.*

compensatory damages *n.* bayad; pinsala. *Esp. daños perjuicios, daños perhuwiso.* Bayad sa anumang kawalan o kasiraan na naidulot ng kapuwa. *Tingnan Art. 2197-2211, Kodigo Sibil.*

competency *n.* kakayahan. Kaiba sa kredibilidad.

competent *adj.* may-kakayahan.

competent witness *n.* testigo; kwalipikado. Sinumang kwalipikado sa batas upang pakinggan bilang testigo sa isang usapin.

complaint *n.* demanda; sumbong; habla; reklamo.

complaint, civil/criminal *n.* sibil; kriminal na sumbong.

complainant *n.* ang nagdemanda; nagsumbong; naghahabla; nagreklamo. *Tingnan Sec. 3 Rule No. 6; Sec. 2, Rule No. 110, Rules of Court.*

complex crime *n.* masalimuot na krimen. Krimeng binubuo ng dalawang o ilang malubha o di-kalubhang krimen, o krimeng naging daan sa pagsasaganap ng iba pang krimen. *Tingnan Art. 48, Binagong Kodigo Penal.*

compos mentis *n.* *Lat. compos mentis* Maayos na pag-iisip. Kaiba sa *compos mentis*, wala sa sariling isip.

composition with creditors *n.* komposisyon sa mga pinagbabayaran; kautangan. Kasunduan ng isang bangkarote (*insolent*) at ang kaniyang mga inutangan at ang

alang-alang sa mabilis na pagbabayad, ay sumang-ayon tanggapin ang kabayaranang mas mababa kaysa kabuuang halaga ng kanilang demanda, para ipamahaging *pro rata* sa pagsasaganap at ikalulugod ng lahat.

comprehensive zoning plan *n.* komprehensibong plano sa pagsosona. Pangkalahatang plano para pigilin at pangasiwaan ang paggamit at pagpapaunlad ng malaking bahagi ng isang munisipalidad na hahatiin bilang mga distrito sang-ayon sa gamit nito sa bawat sona.

compromise *n.* kompromiso; pakikipagkasundo; pagbibigayan. *Tingnan Art. 2028, Kodigo Sibil.*

compromise and settlement *n.* pagbibigayan at kasunduan; pakikipagayari at pagsasaayos. Isang kasunduan o pagsasaayos na, sa konsiderasyon ng dalawang panig, tumatapos sa isang kontrobersiya.

compromise judgment *n.* hatol batay sa kasunduan.

compulsory arbitration *n.* sapilitang arbitrasyon. Umiiral kapag ang pagpayag ng isa sa mga panig ay ipinatutupad sa pamamagitan ng tadhana o ng mga probisyon sa batas.

compulsory counterclaim *n.* sapilitang kontra-demanda. Demanda o pag-angkin (*claim*) na may kaugnayan sa orihinal na demanda at nagmumula sa parehong paksa na pinagbabatayan. *Tingnan Sec. 8, Rule of Law No. 5.*

compulsory process *n.* sapilitang proseso. Proseso upang pilitin ang pagdalo sa hukuman ng isang tao na

kailangan bilang isang saksi o iba pa tulad ng *subpoena*, mandamiyento de arresto o warrant sa pagdakip.

concealment *n.* pagtatago; pagtatakip. Ang di-paghahayag o paglalalahad ng mga bagay na kailangan sa isang usapin o katanungan tulad ng *ebidensiya, seguro (insurance)*, at iba pa.

concerted action (or plan) *n.* magkakaugnay na kilos (o plano). Magkakasamang pagkilos alinsunod sa ilang panukala o plano.

concession *n.* konsesyon. Karaniwang ginagamit sa pagkakaloob ng mga espesipikong pribilehiyo ng gobyerno/pamahalaan. Isang kusang pagkakaloob, o ang pagpayag sa isang pag-aangkin (*claim*).

conciliation *n.* konsilyasyon; areglo. Mapayapang proseso sa pagsasaayos o pag-areglo ng alitan o usapin/kaso.

conciliation committee *n.* *Tingnan* lupong tagapayapa.

conclusion *n.* kongklusyon; wakas; katapusan.

conclusive evidence *n.* tiyak na katibayan o ebidensiya; katibayang hindi maaaring salungatin; katibayang di-mapag-aalinlangan.

conclusive presumption *n.* tiyak na pagpapalagay. Isang tuntunin ng batas na tinatalaga ang kinalalang dami ng katibayan na sumusuporta sa isang partikular na alegasyon o pagsasaad na hindi pinahihintulatang madaig ng anumang katibayan upang baguhin ang nangyayari.

concubinage *n.* pangangalunya. Ang

pakikipagtalik ng isang lalaking may-asawa sa hindi niya asawa o nang walang pahintulot ang batas. *Tingnan Art. 334, Binagong Kodigo Penal.*

concubine *n.* kalunya. Ang babaeng nakikiapad sa isang lalaking kasal sa iba.

concurrency *n.* pagkakasabay.

concurrent *adj.* magkasabay; magkatulad.

concurrent jurisdiction *n.* hurisdiksiyong magkasabay; magkatulad na hurisdiksiyon o kapangyarihan. Ang hurisdiksiyon ng iba't ibang tribunal/hukuman na awtorisado ang bawat isa na dinggin ang parehong paksa. *Tingnan Paredes vs. Gonzales, 64 OG 10077; 12 C.A.R. (2s) 8.*

concurring opinion *n.* magkaayon na opinyon. Hiwalay na opinyon ng isa o higit pang hukom na sumasang-ayon sa hatol ng karamihan.

concussion *n.* pamimilit. Sa *Civil Law*, ang labag sa batas na pamimilit sa ibang tao sa pamamagitan ng pananakot o dahas upang makuha ang isang bagay na mahalaga.

condemn *v.* humatol, hatulan; magpasiya, pagpasiyahan; kondenahin, ikondena, magkondena. 2. umilit, ilitin (ang ari-arian).

condemnation *n.* 1. pag-ilit o pagsamsam ng ari-arian upang ipambayad sa buwis sa pamahalaan. 2. kondenasyon. Pagkondena sa akusado o nasasakdal. 3. paghatol; pasiya; sentensiya sa *Expropriation Proceedings*.

condition *n.* kondisyon; kapasubali; kalagayan. Ilang uri ng pasubali sa *Civil Law*: a. **resolutive condition** *n.* *resolutive condition*. Kondisyon, tumatapos sa obligasyon kapag nangig-o naganap ang pasubali; b. **suspensive conditions**, *n.* *suspensive condition*. Mga kondisyong pumipigil sa paggaganap ng obligasyon; isasagawa ang obligasyon kapag natupad ang pasubali.

condominium *n.* kondominyum. Sistema ng hiwalay na pag-aari ng indibidwal na yunit sa isang gusali; may maramihang yunit (*multiple unit*); ang lahat ng may-ari ng yunit ay may karapatang gamitin ang mga elementong komon sa gusali per may hiwalay na pag-aaring kasama sa indibidwal na yunit. *Tingnan Sec. 2, R.Z. No. 4726.*

condonation *n.* kondonasyon; pagpapatawad. Pagpapatawad ng asawa sa paglililo ng kaniyang kabiyak na partner (*unfaithfulness*).

conference *n.* kumperensiya; pagpapulong.

confession *n.* pag-amin; pagtatapat. Halimbawa sa nagawang pagkakasabag. *Tingnan Sec. 29, Rule No. 130, Rules of Court.*

confession, extrajudicial *n.* *Tingnan extrajudicial confession.*

confession, judicial *n.* panghukuman kumpisal. Pagtatapat na ginawa sa hukuman.

confidential communication *n.* usapang kumpidensiyal. *Tingnan privileged communication.*

confidential relations *n.* relasyong kumpidensiyal. Relasyong legal na

may mahalagang kumpiyansa tulad ng sa *abogado at kliyente, doktor at pasyente, pari at nangungumpisal, tagapag-alaga at inaalaagan* na may layong hindi ibubulgar ang pinag-usapan, ipinagtapat, o natuklasan dahil sa relasyon.

confinement *n.* 1. pagkulong, pagkakulong; pagpiit, pagkapiit; pagpreso, pagkapreso; paghilango, pagkabilango. Pagpigil o pag-alis ng laya, o pagbabawal sa pamamagitan ng karahasang banta na may kasamang puwersa. 2. pagkaratay. Pagtigil sa bahay o ospital dahil sa sakit/karamdaman.

confirmation *n.* pagpapatibay; pagaproba; patunay; kumpirmasyon.

confiscate *v.* kumpiskahin, mangumpiska; samsamin, sumamsam. Pag-ilit o pagsamsam upang gamitin ng estado o ng pamahalaan. *Tingnan Haw Pia vs. China Banking Corp., 80 Phil 640.*

conflict of interest *n.* magkalabang interes. 1. Terminong ginagamit ukol sa mga publikong opisyal at pidusaryo at sa kanilang relasyon sa mga paksang sila ay may kapakinabangan. 2. Pribadong interes ng isang opisyal ng gobyerno o korporasyon na salungat o laban sa kaniyang opisyal na tungkulin sa kagalingan ng bayan.

conflict of laws *n.* salungatan ng mga batas. Pagsasalungatan ng mga batas ng iba't ibang bansa o estado hinggil sa usapin ukol sa mga karapatan ng mga panig o obligasyong nakamit na nagmumula sa mga kontrata, kasiraan, o kapinsalaan ng ari-ariang personal o real na matatagpuan sa iba't ibang bansa.

confrontation *n.* komprontasyon;

paghaharap. Ang karapatan ng akusado na makaharap at matanong ang mga saksing laban sa kaniya. *Tingnan Art. III, Sek. 14(2), 1987 Konstitusyon.*

confusion *n.* 1. *confusion*. Sa *Civil Law*, ang paghahalo ng mga likido; ang pagtunaw ng mga metal; ang pagsasama ng dalawang hindi mapaghihiwalay na elemento/substansiya. Kaiba ito sa *commixion* na sa ganitong pangyayari ay maaari pang paghiwalayin; sa *confusion*, hindi na ito magagawa. 2. pagkalito. 3. **confusion of debt**: Ang pagtatagpo sa isang tao ng mga kalidad ng isang may-utang (*creditor*) at pinagkakautangan (*debtor*) kaungay sa parehong obligasyon. *Tingnan Art. 1302(3), Kodigo Sibil.*

confusion of debts *n.* pagkakahalalo ng mga utang. Ang pagkakasabay ng dalawa o ilang maypautang o ng dalawa o ilang may-utang sa iisa at magkatulad na obligasyon. *Tingnan Art. 1215, Kodigo Sibil.*

confusion of goods *n.* paghahalo ng mga paninda. Ang paghahalo ng mga paninda ng dalawa o ilang katao at hindi makilala ang nauukol sa bawat isa.

confusion of rights *n.* paghahalo ng mga karapatan. Ang paghahalo o pagtatambal ng mga karapatan ng mga may-utang at nagpautang sa iisang tao; tumatapos ito sa isang obligasyon. *Tingnan Art. 1231 at 1275, Kodigo Sibil.*

congress *n.* kongreso; batasan; mababang kapulungan. Grupo ng mga politikong iniluklok ng publiko

para gumawa at magpatibay ng mga batas para sa bansa.

conjugal adj. konhugal. Magkasamang karapatan o pag-aari na nagmumula at batay sa kasal.

conjugal partnership n. bakasang konhugal. Bakasang konhugal o rehimeng ekonomiko ng mag-asawa.

conjugal property n. ari-ariang konhugal.

Sa piitan o bilibid, ang dalaw konhugal ay nagpahintulot ng pagtatalik ng bilanggo at ng kaniyang asawa.

conjugal rights n. mga karapatang konhugal. Mga karapatan ng mag-asawa na nagmumula at batay sa kasal. Ang mga karapatan ng mag-asawa na malasap ang pagsasama at pagmamahal, pagtitiwala sa isa't isa, maligayang pamumuhay, ang paglalaguyo, at mabuhay na magkapiling sa isang tahanan. Magkasamang kumain sa isang hapag at tambal na pakinabangan ang karapatan sa mga ari-arian gayundin ang pagsusuyuan sa tahanan.

connivance n. sapakatan; sabwatan; kuntsabahan. *Tingnan Art. 167, Binagong Kodigo Penal.*

conquer v. sakupin, masakop, manakop.

conquest n. pagsakop, pananakop. Ang pagsakop sa kapangyarihan ng isang bansa at mga mamamayan nito sa pamamagitan ng lakas ng armas o ng hukbong sandatahan.

consanguinity n. consanguinity. Pagiging magkamag-anak dahil sa dugo o pagkakaroon ng iisang ninuno.

conscience n. konsensiya; budhi. Bahagi ng isipan ng tao na nagsasal sa kaniya ng tama at mali.

consensual contract n. consensual contract. Sa *Civil Law*, ang isang kasunduang nagiging ganap sa pagsang-ayon ng bawat panig tungkol sa isang bagay at dahilan na pinagkasunduan.

consent n. pagsang-ayon; pagpayag. 1. sa *Contracts*, ang pagtatagpo ng kagustuhan o isip ng kapwa panig. *Tingnan Art. 1319, Kodigo Sibil.* 2. sa *Marriage*, ang pahayag ng mga ikakasal sa harapan ng opisyal na magkakasal at dalawang saksi na pumapayag silang maikasal. *Tingnan Art. 55, Kodigo Sibil.*

consent judgment n. ang pasiyang inilagda sa kagustuhan ng bawat panig.

conservation n. konserbasyon. Akto ng pagpapaimbak o pagpapanatili o preserbasyon. 2. ang opisyal na superbisyon sa mga ilog, gubat at iba pa.

consideration n. konsiderasyon. Ang bagay o dahilan na nagbuo ng humikayat upang pumasok sa isang kasunduan ang magkabilang panig.

consign v. consign; ipadala. Ang pagpapadala ng mga paninda sa ahente.

consignee n. consignee; ang pinadalhan. Ang pinadalhan ng mga paninda.

consignment n. consignment. Pagpapadala. Ang pagpapadala ng mga bagay o paninda sang-ayon sa kasunduan.

consolidate v. pag-isahin; pagsamahin.

consortium n. konsorsiyum. Pagsasama ng mag-asawa, at ang karapatan ng bawat isa sa kompanya, lipunan, kooperasyon, pagmamahal, at tulong ng isa sa lahat ng kanilang relasyong konhugal.

conspiracy n. sabwatan; sapakatan. *Tingnan Art. 8, Binagong Kodigo Penal.*

conspiracy in restraint of trade n. sabwatan sa pagpigil ng komersiyo. Lahat ng anyo ng ilegal na kasunduan gaya ng mga pagtakda ng halaga, at iba pa na may layuning pang-himasukan o pakialaman ang malayang daloy ng komersiyo at pangangalakal. *Tingnan Art. 186, par. 1, Binagong Kodigo Penal.*

conspirators n. mga nagsabwatan, mga nakipagsabwatan. Mga taong nagkasala ng pagsasabwatan.

constable n. konstable. Ang taong may tungkuling alagaan ang kapayapaan ng bayan.

constituent n. manghahalal; tauhan; botante. Ang sinumang nagbigay ng kapangyarihan sa iba upang kumilos para sa kaniya.

constitutional adj. konstitusyonal. Ayon sa Konstitusyon/Saligang Batas.

constitutional convention n. kumbensiyong konstitusyonal. Pagpupulong na tinawag ng kongreso o lehislatura upang gumawa, palitan, o susugan ang Konstitusyon.

constitutional law n. batas konstitusyonal. Ang sangay ng pam-

publikong batas na nangangalaga sa organisasyon, kapangyarihan at balangkas ng pamahalaan, sa pagbabahagi ng politikal at pampamahalaang awtoridad at tungkulin, sa mga pangunahing prinsipyo na siyang mamamahala sa ugnayan ng pamahalaan at mga mamamayan, at pangkalahatang nag-aatas ng plano at pamamaraan ayon sa angkop na pangangasiwa sa mga publikong gawain ng bansa o estado.

constitutional officer n. isang opisyal ng pamahalaan na ang panunungkulan ay nilikha ng Konstitusyon. Sinumang ang panunungkulan o taning ng opisina ay itinalaga at itinakda ng Konstitusyon.

constraint n. pagpigil; limitasyon. Mga limitasyon ng Konstitusyon o batas.

construction n. konstruksiyon. Ang pagpapakahulugan at paglalapat ng katarungan sa usapin ng mga tadhana ng isang Konstitusyon, huling habilin o ibang kasulatan.

constructive fraud n. panlililang o pandarayang konstruktibo. Ipinalagay ng batas na may pandaraya.

constructive knowledge n. kaalamang konstruktibo. Kaalaman ng sinuman na ipinalagay ng batas.

constructive notice n. notisyang konstruktibo. Bahagi ng kaalamang konstruktibo na nakatuon sa mga bagay na nasa publikong talaan o rekord.

constructive possession n. posesyong konstruktibo. Ang paghahawak o pagiging nasa posesyon (*in possession*) upang gumamit nang

may dominyon o kontrol sa isang bagay. Masasabing ang isang tao ay may posesyong konstruktibo kung siya ay may kapangyarihan o layuning kontrolin ang isang bagay.

consul *n.* konsul. Ahente ng komersiyo na hinirang ng pamahalaang manirahan sa ibang bansa upang pangalagaan ang mga karapatan at kapakanan ng bansang nagtalaga sa kaniya. *Tingnan Art. 419, Binagong Kodigo Penal.*

consumer *n.* mamimili. Mga indibidwal na bumibili, gumagamit, at nagpapanatili ng mga produkto at serbisyo.

consumer product *n.* produkto ng mamimili; bilihin. Anumang nasasalat (*tangible*) na ari-ariang personal na ipinamamahagi sa merkado at karaniwang ginagamit para sa mga layuning personal, pampamilya, o pantahanan.

consummate *adj.* kompleto; tapos; buo; lubos; ganap. *v.* kompletuhin; tapusin; ganapin; tuparin.

consummation *n.* pagkompleto; pagtapos, katapusan; kaganapan; katuparan.

contempt, *n.* *contempt*; desakato; pagsuway. Kawalan ng pakundangan o respeto halimbawa sa hukuman o sa pangmadlang kapangyarihan. Sadyang hindi pagpapahalaga o hindi pagsunod sa ipinag-uutos. *Tingnan People vs. Rivera, 91 Phil 357.*

contempt of court *n.* *contempt of court*; *contempt* sa hukuman; desakato sa hukuman. Anumang akto na may layuning hiyain, abalahin, o pigilin ang korte sa paglalapat ng

katarungan, o tinatayang bawasan ang awtoridad o dignidad nito.

contempt power *n.* likas na kapangyarihan ng hukuman na parusahan ang sinuman sa pagsuway sa mga pagpapasiya o dekreto nito, at para sa mga mapanghamak na kilos sa loob ng o malapit sa hukuman.

contest *v.* 1. pagwagihan; pagsikapang panalunan o kamtin. 2. hamunin, salungatin, ipagtanggol gaya sa isang usapin o iba pang paglilitis. *n.* 3. paligsahan; patimpalak.

contingent *n.* di-natitiyak; inaasam. Hindi pa umiiral at ang pag-iral ay nakasalalay sa isang pangyayari sa hinaharap at walang katiyakan.

continuance *n.* pagpapaliban o pagpapatuloy. Pagpapaliban o pagpapatuloy sa pagdinig ng usapin sa ibang aran. *Tingnan Cuasay vs. Heirs of Tomas Revillosa, 6879-R, Nobyembre 21, 1951.*

continuing crime *n.* nagpapatuloy na krimen. Isang krimen na binubuo ng serye ng mga akto o gawa ngunit lahat ay nagmumula sa isang pagpapasiya o simbuyo ng pagganap ng krimen tulad ng estafa, malbersasyon, abduksiyon. *Tingnan People vs. Encila, 76 OG 5824.*

continuing offense *n.* *continuing offense*. Uri ng krimen na isinagawang sa loob ng isang panahon tulad ng sabwatan.

continuous adverse possession *n.* *continuous adverse possession* *continuous*.

contraband *n.* kontrabando. Pangkalahatan, anumang ari-ari-

na labag sa batas na gawin o ariin. Mga ipinagbabawal o ipinuslit na kalakal.

contraceptive *n.* *contraceptive*. Anumang substansiya/elemento, kasangkapan, o pamamaraan na pumipigil sa pagdadalangtao.

contract *n.* kontrata; kasunduan. Kasunduan ng dalawa o higit pang tao o organisasyon ukol sa pagsasagawa o hindi pagsasagawa ng isang partikular na bagay. *v.* kontratahin *Art. 1305, Kodigo Sibil.*

contract carrier *n.* kontratadong tagahatid. Indibidwal o kompanya na nagbibigay ng serbisyong transportasyon para matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga nagpapadala (*shipper*) na hindi sapat na mapagsisilbihan ng karaniwang tagahatid o tagadala.

contract of carriage *n.* kasunduan sa pahatiran ng mga kalakal, kargada, o pasahero.

contractor *n.* kontratista.

contractual obligation *n.* obligasyong kontraktuwal. Mga obligasyon o tungkuling nagmumula sa kasunduan.

contrary to law *n.* labag sa batas; ilegal. Salungat sa batas or regulasyon.

contribution *n.* kontribusyon; ambag. Kabayaran ng isa o ilang taong may pananagutan kasama ang iba, sa proporsiyong kaparte ng buong nawala o kapanagutan sa salapi.

1. akto ng pag-aambag. 2. bagay na iniambag. 3. ang artikulong isinali sa isang magasin o puhayagan. 4. ang pataw o buwis 5. pag-aayaw-ayaw na

paraan sa paghahati ng pananagutan sakaling nagkakaroon ng pagkalugi.

contributory negligence *n.* karagdang kapabayaang. Kakulangan o kawalan ng pag-iingat na nakadagdag sa sanhi ng pinsala. Ang prinsipyo sa anumang kapabayaang na gawa ng taong napinsala, gaano man kaliit, ay nagiging dahilan ng paglilimita sa pagkuha ng danyos o bayad-pinsala.

control *n.* kontrol. Sa *Administrative Code*, bukod sa pangangasiwa, ang kapangyarihan ng pinunong opisyal na baguhin ang pasiya ng kaniyang nasasakupan. *Tingnan supervision.*

controlled *adj.* kontrolado ang paggamit ng renda sa pagpigil o sa pamamahala ay magkaroon ng plano, pakana upang masuri at maberipika ang gawain at mapigilan ang hindi kanais-nais.

controversy *n.* kontrobersiya; sigalot; usapin; pagtatalo ng dalawang tao o higit pa. *Tingnan Surigao Development Bank vs. Buslon, 62 OG 1958; 6 C.A.R. (2s) 244.*

contusion *n.* pasa. Sa *medical jurisprudence*, isang pananakit o pinsalang walang sugat na nagbuhat sa pagkadagok sa katawan ng isang malapad na bagay. Marka sa katawan na dulot ng isang bagay na hindi matalas. *Tingnan People vs. Corales, 10845-CR, Setyembre 22, 1971.*

convention *n.* 1. Sa *Civil Law*, ang pangkalahatang termino para sa lahat ng uri ng kasunduan at tratado. 2. kalakaran; kaugalian.

conversion *n.* 1. estafa. Sa *Criminal Law*, ang walang pahintulot na

paggamit at pagkuha sa mga pag-aari ng ibang tao at pagbabago ng pagkakalagay ng mga ito o pag-aalis sa matwid ng may-ari. **2.** kumbersiyon. Sa *Natural Resources and Agrarian Law*, pagbabago ng legal na klasipikasyon ng lupa.

conveyance *n.* paglilipat; pagsasalin. Ang paglilipat ng karapatan sa lupa o iba pang ari-arian sa ibang tao sa pamamagitan ng isang kasulatan.

convict *n.* kondenado. Sinumang napatunayang nagkasala sa isang krimen. *v.* kondenahin, ikondena. Paglalapat ng parusa sa nagkasala.

conviction *n.* kondenasyon. Desisyon o hatol na kaparusahan. Deklarasyon ng isang hukuman sa pagkakasala ng isang taong inakusahan ng isang krimen. *Tingnan Cirstobal vs. Labrador, 71 Phil 47.*

co-obligor *n.* kasama sa obligasyon o pananagutan; sinumang dapat kasama ng iba o mga iba pa sa isang bono (*bond*) o obligasyon.

co-ownership *n.* komunidad sa ari-arian. Kung ari ng dalawa o mahigit pang bilang ng tao ang isang hindi nahahating bagay o karapatan. *Tingnan Art. 484, Kodigo Sibil.*

cooperative *n.* kooperatiba. Korporasyon o asosasyong inorganisa para sa pagbibigay ng ekonomikong serbisyo, nang walang sariling tubo, sa mga *shareholder* o mga miyembro na nagmamay-ari o kumokontrol nito. *Tingnan Sec. 2, P.D. No. 175.*

coordination *n.* koordinasyon. Ang pagkakaroon ng panlahatang ugnayan o kombinasyon.

copyright *n.* *copyright*; karapatang-ari

corporal punishment *n.* parusa pisikal. Anumang uri ng parusa sa katawan, kaiba sa parusang *pecuniary* o mula.

corporate charter *n.* karta ng korporasyon.

corporate entity *n.* entidad ng korporasyon. **1.** ang natatanging kalagayan ng isang korporasyon na hiwalay at kaiba sa pag-iral nito sa estado ng kaniyang mga *shareholders*. **2.** ang kapasidad ng korporasyon na magkaroon ng sariling pangalan, maghabla, at ihabla sa sarili nito, pangalan gayundin ang karapatan bumili, magtinda, magpaupa, at magsangla ng ari-arian nito sa sariling pangalan.

corporation *n.* korporasyon. Isang persona na binigyan ng katauhan, huridikal ng batas. Isang asosasyon ng bansa o ilang katao na itinatag ng batas at mayroong personalidad ng katauhan at mga karapatan sa obligasyon at hiwalay na kasagutan ng mga kasapi. *Tingnan Sec. 1, Corporation Code.*

corporeal property *n.* ari-arian, korporal. Sa *Civil Law*, ang nabubuo sa mga bagay na nadarama o nakikita tulad ng karapatang-ari (*copyright*). Kaiba ito sa ari-ariang *incorporeal* tulad ng karapatan sa daan (*right of way*).

corpse *n.* labi; bangkay.

corpus delicto *n.* *Lat. corpus delicti* korpus delikto. Ang katawan ng krimen; ang pagpapatunay sa kaganapan ng krimen.

correction *n.* *Esp. correction*; koreksiyon; parusa, pagpaparusa, kaparusahan. Pamamarusa ng isang may kapangyarihan.

correctional institution *n.* institusyong koreksiyonal. Lugar ng pagpaparusa at pagreporma sa bilanggo.

correspondence *n.* korespondensiya; pagkakasundo. **1.** ang pagpapalitan ng mga sulat o impormasyon. **2.** mga sulat na pinahatid sa pagitan ng mga nagsusulat.

correspondent bank *n.* *correspondent bank*. Bangko na tumatayo bilang ahente para sa iba pang bangko o abala sa palitan ng mga serbisyo sa naturang bangko, sa isang lugar na wala itong tuwiran *access*.

corroborative evidence *n.* karagdagang katibayan/ebidensiya.

corruption *n.* korupsiyon; kabulukan; katiwalian. Kasamaan o katiwalian sa panunungkulan. *Tingnan Sec. 2188, Revised Administrative Code.*

corruption of minors *n.* pagpapasama sa mga menor de edad o kabataan. *Tingnan Art. 340, Binagong Kodigo Penal.*

Cost, Insurance, and Freight *n.* *Tingnan C.I.F.*

costs *n.* costas. Sa *Civil Law*, ang mga ginugol ng bawat panig sa usapin sa panahon ng paglilitis.

co-tenancy *n.* pagiging magkasama sa pangungupahan sa bahay, lupa, o anumang ari-arian.

counsel *n.* **1.** abogado; tagapayo; manananggol. **2.** payo.

counsel of record *n.* abogado sa rekord. Abogadong nakatala sa rekord ng hukuman na mayhawak ng usapin.

counselor-at-law *n.* abogado.

counter-affidavit *n.* kontra-salaysay. Ang isang sinumpaang salaysay na ginawa laban o salungat sa nauna.

counterclaim *n.* kontrademanda; kontrahabla; ganting habla. *Tingnan Sec. 6, Rule No. 6, Rules of Court.*

counterfeit *n.* huwad; palsipikado; peke. Ang paggawa ng isang bagay na pinalalabas na tunay. *Tingnan People vs. Galano, 54 OG 5905.*

coup d'état *n.* kudeta. Pampolitikang pagkilos para patalsikin sa pamamagitan ng puwersa ang umiiral na pamahalaan.

coupled with an interest *adj.* may kalakip na interes. Sa *Agency Law*, nauukol sa pagsusulat na lumilikha, nagpapatid, nagkakaloob ng interes/kapakinabangan nito sa estado o ari-arian na siyang *subject* ng ahensiya; kaiba sa mga tubo/kita na sanhi ng pagpapatupad ng ahensiya.

court *n.* hukuman; korte. **Court of Admiralty**, *n.* Hukumang Pangmaritima. Korte o hukuman may huridiksiyon sa mga usaping *admiralty* o maritima. **Court of Appeals**, *n.* Korte ng mga Apelasyon. **court of last resort**, *n.* pinakahuling hukuman. Ang pinakamataas na hukuman saanmang hurisdiksiyon. **court of law**, *n.* korte/hukuman ng batas. **Court of Municipal Circuit**, *n.* Hukuman ng Sirkuwito Munisipal. **Court of Tax Appeals**, *n.* Hukuman

ng Apelasyon sa Buwis. **Metropolitan Court**, *n.* Hukumang Pang-Metropolitan. **Municipal Court**, *n.* Hukumang Pangmunisipal. **Regional Trial Court**, *n.* Panrehiyon na Hukumang Tagapaglitis; Hukumang Panrehiyon sa Paglilitis. **Supreme Court**, *n.* Kataas-taasang hukuman; Korte Suprema.

court martial *n.* hukuman/korte ng militar. Hukumang lumilitis ng mga usapin hinggil sa paglabag sa *Articles of War* ng mga nasa serbisyo sa militar, panlupa, pandagat, at panghimpapawid man. [Sa panahon ng Batas Militar sa Pilipinas, maging mga sibilyan ay nalitis sa hukuman ng militar.]

cousin *n.* pinsan. Anak ng kapatid ng ama o ina ng isang tao; ikaapat na antas sa pagkakamag-anak.

covenant *n.* kasunduan; dokumento o kasulatan.

coverage *n.* saklaw. Sa *Insurance*, ang halaga o lawak ng peligrong saklaw ng nagpaseguro.

coverture *n.* *coverture*. Ang kalagayan ng isang babaeng may-asawa.

cover-up *n.* *cover-up*; pagtatakip. *v.* pagtakpan. Bilang krimen, ang akto ng pagtatakip o pagtatago ng kamalian o pagtatago ng kriminal.

cowardice *n.* kaduwagan, karuwagan, pagkaduwag. Di-wastong pagkilos nang dahil sa karuwagan o ang pagkatakot sa pagtupad ng tungkulin sa bayan laban sa mga kaaway ng bansa.

credible *adj.* kapani-paniwala.

credibility *n.* kredibilidad; ang pagkapani-paniwala.

credit *n.* kredito. 1. ang kakayahang humiram nang dahil sa kumpiyansa/tiwala ng nagpapahintul na siya ay babayaran. *Tingnan* *People vs. Concepcion*, 44 Phil 129. 2. ang palugit sa panahong ibinigay ng mapautang upang bayaran ang mapaghihiutang. *Tingnan* *Valencia vs. Guller*, 35395-R, Agosto 16, 1976. 3. isang utang na dapat bayaran nang dahil sa isang kasunduan sa pagpapahintul ng salapi.

creditor *n.* pinagkakautangan; mapautang; kreditor.

crime *n.* krimen. Isang ilegal na aktong pinarusahan ng batas.

crime of brigandage *n.* krimen ng panunulisan. Panghaharang ng tatlo o higit sa tatlong taong armado upang magnakaw sa hi-way o kumidnap ng tao para sa ransom. *Tingnan* *Sec. 26, P.D. No. 532*.

criminal action *n.* aksiyong kriminal. Aksiyong nililitis sa hukuman sa ngalan ng gobyerno o estado labans sa isa o ilang mamamayang isinakdal.

criminal battery *n.* ilegal na pananakit. Ang labag sa batas ng pananakit.

criminal conversation *n.* kumbersasyong kriminal. Pang-aakit panghihibo (*instigation; seduction*) sa asawa ng iba, itinuturing na pinsalang maaaring pagbatayan ng habla ng bana (*Ceb. husband*). *Tingnan* *Art. 337, Binagong Kodigo Penal*.

Criminal Law *n.* Batas Kriminal. Isang sangay ng hurisprudensiya tungkol sa mga krimen at mga paglabag sa batas kriminal.

criminal procedure *n.* prosidimiyento kriminal. Ang pamamaraan sa paglilitis ng kriminal. Ito ang kapamaraan sa paghuli, pagdakip, paglilitis, at paglalapat ng parusa sa mga taong lumabag sa batas upang maging mapayapa ang bayan.

cross-complaint *n.* habla sa kapanig. Habla sa kapanig, gayundin sa kasong pinag-uusapan o pinagtatalunan.

cross-examination *n.* *cross-examination*; balik-eksaminasyon; balik-tanong. Ginagawa ng kabilang panig makaraan ang direktong eksaminasyon. Ang masusing pagtatanong sa saksi ng kabilang panig.

cross-interrogatory *adj.* *cross-interrogatory*; balik-tanong. Ang isang panig sa isang aksiyon na natanong ay maaaring magbigay ng mga balik-tanong (*cross questions*) sa lahat ng iba pang panig. Umiiral kapag ibinigay ang nakasulat na mga tanong ng isang panig tungkol sa mga bagay na naging paksa ng tuwirang tanong (*direct examination*) ng kabilang panig.

cruel and unusual punishment *n.* malupit at di-pangkaraniwang parusa.

cruelty *n.* kalupitan, pagmamalupit.

cultural *n.* kultural. Nauukol sa sibilisasyon o kultura.

culture *n.* 1. kultura. 2. aksiyon o pamamaraang nauukol sa paglinang ng lupa; ang pagtatanim o pagha-

hayupan, lalo na kung may pananaw sa pagpapaunlad. 3. ang produktong inani sa gayong pagkalinang.

culpa *n.* kamalian; *culpa*. Kaiba sa *dolus*, na may intensiyong puminsala o manlinlang. Ang *culpa* ay kapabayaang lamang. *Tingnan* *Art. 3, Binagong Kodigo Penal*.

culpable *adj.* kulpable; maysala.

culprit *n.* ang nagkasala.

cumulative evidence *n.* katibayan o ebidensiyang pinagsama-sama. Ebidensiyang nagpapatunay sa kabuuan ng nais patibayan o pagtibayin.

curfew *n.* *curfew*. Kautusang pinagbabawalan ang mga tao partikular ang mga batang gumala sa kalye sa itinakdang oras sa gabi.

currency *n.* salapi. Salaping umiiral o kasalukuyang ginagamit ng isang bansa.

custodia legis *Lat. custodia legis*. Nasa pag-iingat ng batas; nasa kamay ng hukuman. *Tingnan* *Gustillo vs. Matti*, 11 Phil 615.

custodial arrest *n.* arestong kustodyal. Detensiyon ng isang suspek. Pagpigil ng pulis sa malayang pagkilos ng isang suspek.

custodian *n.* tagapag-alaga; kustodyan. Sinumang nag-aalaga o may pananagutan sa ari-arian, papeles, at iba pa.

custody *n.* 1. pagkakadakip. Ang pagpapakulong sa isang tao nang dahil sa kapangyarihan ng batas. 2. pangangalaga; pag-iingat. Ang pag-

iingat sa pamumusesyon sa isang bagay.

custody of minors *n.* pag-aaruga sa mga bata. *Tingnan* P.D. No. 603.

custom *n.* kaugalian; tradisyon; kostumbre.

customs duties *n.* adwana. Mga buwis sa import at export ng kalakal. Bayad sa adwana o angkat na kalakal. *Tingnan* Commissioner of Customs vs. ESSO Standard Eastern Inc., L. 28329, Agosto 7, 1975; 66 SCRA 111.

Dd

dacion en pago *Lat. dacion en pago.* Ang tunay at epektibong deliberi/paglilipat ng pagmamay-ari ng isang bagay na ginagawa ng may-utang sa pinagkakautangan bilang katanggap-tanggap na kasunduan. *Maaari ring dacion/dation in payment. Tingnan* Art. 1245, *Kodigo Sibil*.

dally *adj.* arawan; araw-araw.

damage *n.* kapinsalaan, pinsala. Ang kawalan na naidulot ng isang tao sa kapuwa, ari-arian, o reputasyon, sinadya man o nang dahil sa pagkalito, kawalang-ingat o hindi maiiwasang aksidente. *Tingnan* Art. 2176, *Kodigo Sibil*.

damages *n.* bayad-pinsala. Halagang mababawi ng isang taong nagkaroon ng pinsala sa kaniyang katauhan, ari-arian, o mga relatibong karapatan man nang dahil sa akto o di-pagkilos ng ibang tao. Ang mga danyos perhuwisyo o mga bayad-pinsala ay maaaring maging: **a.** tunay o gantimpala/kompensaryo; **b.** moral; **c.** nominal o banggit; **d.** kainaman o katamtaman; **e.** pinagkayarian o kontraktuwal; **f.** panghalimbawa (*exemplary*) o pangwasto (*corrective*). *Tingnan* Art. 2197-2235, *Kodigo Sibil*.

damnum absque injuria *n. Lat. damnum absque injuria;* pinsalang walang lunas o remedyo. Ang pinsalang tinutukoy dito ay nangangahulugang legal na pinsala at walang malisya, maraming mali, o pinsalang nagagawa sa kapuwa at hindi binibigyang-lunas ng batas. *Tingnan* 2 *Ld. Raym.* 595; 11 *M-W* 765. *Lands V. Stone, II Pick (Mass 27).* Kapag ang may-ari ng ari-arian, sa maingat na paggamit ng kaniyang karapatang dominikal, ay nakagawa ng aktong nagdulot ng kawalan (*loss*) sa ibang tao, ito ay *damnum absque injuria*.

damnum fatale *n. Lat. damnum fatale.* Sa *Civil Law*, mga kapinsalaang naging sanhi ng hindi inaasahang pangyayari o di-maiiwasang aksidente (*caso fortuito*). Mga pinsalang nagbubuhay sa akto ng Diyos, halimbawa pagkawala ng isang tao dahil sa paglubog ng barko sanhi ng bagyo, kidlat, o ibang mga sakuna gaya ng lindol, pagputok ng bulkan, at iba pa.

date *n.* petsa. Oras, araw, at lugar na inilalagay o ipinantatanda sa instrumentong nakasulat upang malaman kung kailan at kung saan ito naganap.

daton *n.* dasyon. Sa *Civil Law*, ang pagbibigay ng isang bagay. Kaiba ito sa donasyon ng isang regalo. Ang dasyon ay pagbibigay nang walang kawanggawa o liberalidad *katulad ng pagbibigay ng isang opisina.*

daton en pago *n.* *Lat. daton en pago.* Sa *Civil Law*, ang kapalit na bayad. *Tingnan din dacion en pago.*

day-book *n.* *day-book.* Aklat na sinusulatan ng transaksiyon ng mga komersiyante (*merchant*), at iba pa.

day in court *n.* araw sa hukuman. Pagkakataong ibinibigay upang marinig sa hukuman o tribunal.

days of grace *n.* palugit na mga araw. Tiyak na bilang ng mga araw na pinahintulatang tumatanggap ng isang *bill* o gumawa ng tseke upang bayaran ang isang obligasyon.

de facto *adv. Lat. de facto.* Salitang ginagamit upang ipakahulugan ang isang bagay na naganap. Ang opisyal na *de facto* ay ang kalagayan o istatus ng isang gumaganap ng tungkulin sa ilalim ng isang may kula na pag-aangkin (*claim*) ng isang *appointment*, kaya hindi kwalipikado sa batas umakto o kumilos.

de jure *adv. Lat. de jure.* May karapatan at legal na titulo ayon sa batas.

dead body *n.* bangkay.

dead born *n.* ipinanganak na patay.

death *n.* kamatayan, pagkamatay. Ang pagkawala ng buhay.

debt *n.* utang, pagkakautang. Utang na sanhi ng batas o mula sa kasunduan.

debtor *n.* ang may-utang.

decendent *n.* ang yumao; ang namatay.

deceit *n.* daya, pandaraya.

deception *n.* pandaraya; panlililang.

decentralization *n.* desentralisasyon. Ang paghihiwalay ng mga tinipong kapangyarihan at ng pananagutan sa ilang sangay ng administrasyon.

decree *n.* dekreto; utos; kautusan. 1. ang ordinansang ipinalathala ng mga kapangyarihan. 2. isang pasiya o utos ng hukuman.

decision *n.* desisyon; pasiya; hatol.

declarant *n.* ang nagsasaysay.

declaration *n.* deklarasyon; pahayag salaysay. Deklarasyon sa *pleading*. Isang espesipikasyon, sa anyong metodolohikal at lohikal, ng mga sirkumstansiyang bumubuo sa mga dahilan ng sumbong ng naghahabla.

declaratory relief *n.* petisyong maisasama sa (HPT) ng sinumang taong may interes sa isang kasulatan, kontrata, iba pang nakasulat na testamento, at ang karapatan ay apeltado ng batas atas tagapagpaganap (*executive order*, ordinansa, o ano pa mang regulasyon upang pagpasiyahan ang anumang tanong ukol sa pagkakabatikos sa mga teorya ng karapatan.

decrepit *n.* taong maysakit; walang kakayahan; inkompetent; laspag.

deed *n.* kasulatan; dokumento.

deem *v.* magpalagay, ipalagay mabutihin (*deem it right*) masama (*deem it wrong*).

defamation *n.* 1. paninirang-puri ayon sa Art. 1147 ng *Kodigo Sibil*: S-A 33 ng RS. 2. kasiraang-puri.

default *n.* *default.* Ang hindi pagganap sa tungkulin/obligasyon; ang hindi pagsipol, pagharap, o pagsagot ng demandado o inihahabla sa hukuman sa loob ng panahong itinakda ng batas matapos mapagsabihan.

defect *n.* depekto. 1. ang pagkawala ng bagay na esensiyal sa pagkabuo nito. 2. ang kawalan ng bagay na kinalailangan ng batas.

defendant *n.* ang akusado; ang nasa-sakdal; ang inuusig; ang demandado; isinumbong. Sa *Criminal Law*, ang taong inihabla o idinemandado.

deficit *n.* *deficit*; kakulangan.

deforciant *n.* *deforciant.* Ang sinumang pumipigil sa may-ari at ari-ariang dinatitinag.

deformity *n.* *Esp. deformidad.* Kapangitan, kapinsalaan, kapananan sa katawan.

delict *n.* 1. kasalanan, pagkakasala. 2. pinsala, kapinsalaan. Pagpapabayang terminal na hiwalay at kaiba sa *culpa aquitionic* na isang *quasi-delict*.

delectus personae *n.* ang pagpili o pamimili ng tao tulad ng kinatawan ng mga manggagawa sa collective bargaining agreement.

delito *n.* isang krimen. Isang masalimuot na krimen. (Art 41 PC. 2)

delito compuesto *n.* isang masalimuot na krimen na kung saan ang isang akta ay nagbubunga ng dalawa o ilang mabigat o di-gaanong mabigat na krimen. *People vs. Pineda* 20 SCRA 75.

delinquent *n.* delinkuwerte. Ang nagkasala sa pagkaganap ng krimen.

delinquent, juvenile *n.* *Tingnan juvenile delinquent.*

delinquent, habitual *n.* *Tingnan sa habitual delinquent.*

delivery *n.* delibery; paghahatid; pag-aabot-salin. Ang pagsasalin ng pagmamay-ari sa kamay ng bumili o ang paglilipat-salin ng posesyon sa ibang tao.

delusion *n.* delusyon. Sa *medical jurisprudence*, isang sakit sa utak na pinaniniwalaang totoong maysakit ang isang bagay na sa katotohanan ay walang basehan o katibayan.

demand *n.* kahilingan. Paghingi ng karapatan. *v.* humiling bilang karapatan.

demand draft *n.* isang bill sa palitan na babayaran agad.

demand note *n.* isang pagare na babayaran agad. Hindi ito nakabatay sa anumang tradisyon. Hindi kailangan ang pagsingil o demand. Mabisa ito bago pa ang demand.

dementia *n.* demensiya. Sa *medical jurisprudence*, pagkaloko; pagkasira ng ulo; pagiging luko-luko; pagkawala sa sarili.

democracy *n.* demokrasya. Isang anyo o porma ng gobyerno na ang nakararami ang makapangyarihan. Ang pamahalaan ng taong bayan; isang porma ng gobyerno na ang pinakamataas na kapangyarihan ay hawak ng mamamayan at ginagamit nila o ng kanilang mga kinatawan na humirang sa ilalim ng malayang sistema ng halalan.

demolish *v.* buwagin; wasakin.

demolition *n.* demolisyon. Ganap na pagsira at pagtanggali ng umiiral na estruktura tulad ng gusali o bahay.

demonetize *v.* demonetize. Alisan ng halaga ang salapi.

demonstration *n.* demonstrasyon; pagpapatunay; pagpatotoo.

demurrage *n.* demurrage. Bayad-pinsala sa hindi pagsakay o hindi pagbaba ng kargo o sa di-pag-alis ng barko sa takdang panahon.

demurrer *n.* demurrer. Pagtutol o pagsalungat sa habla o sumbong. *Tingnan motion to dismiss.*

demurrer to evidence *n.* demurrer. Sa *Evidence*, isang kahilingan ng akusado batay sa mga ebidensiyang naiharap na dapat ipawalang-saysay ang demanda.

denial *n.* pagtanggali. Sa *pleading*, ang pagtanggali o pagsalungat sa alegasyon.

denunciation *n.* denunsasyon; pagtuligsa. Sumbong na kriminal o administrasyon na iniharap sa isang hukuman, tribunal, o piskalya.

department *n.* kagawaran; departamento.

dependent *n., adj.* sustentado; *dependent*. Nakasandig o nakabatay; batay sa.

deponent *n.* deponent. Ang sinumang gumawa ng disposisyon o sinumpaang salaysay.

deportation *n.* deportasyon. Pagpapatapon, ekspulsiyon, o pagpapatalsik sa isang dayuhan sa labas ng bansa.

deposit *n.* deposit, deposito. *v.* ideposito,

ideposito, magdeposit, magdeposito. ilagak, maglagak; itago, ipatago, magtago.

depository *n.* depositaryo. Ang taong ahensiya, o korporasyon na pinagkatiwalaan/pinaglagakan ng anumang bagay upang itago o ingatan.

deposition *n.* deposisyon; pahayag. Ang sinumpaang affidavit. Ang nakasulat o binigkas na testimonyo ng sinumpaang ayon sa Mga Alituntunan ng Hukuman (*Rules of Court*).

depositor *n.* depositor. Ang naglagak

depository *n.* depositoryo. Lugar na pinaglagakan.

deprive *v.* magkail, pagkailan. Aalisin ang kailan o pagkailan ng karapatan ng anumang bagay na may halaga.

deprive a landlord [Phrase] *Tingnan* **ejection strategies.**

deputy *n.* deputy. Pangalawang opisyal

derivative *n.* deribatibo. Kinuha sa isang bagay; hindi orihinal.

derivative suit *n.* derivative suit. Demandang deribatibo. Aksiyon ng demanda na isinama ng isa o ilang *stockholders* na nasa minority upang ipatupad ang karapatan ng korporasyon, pigilin, o iwasan remedyuhan ang isang pagkakamali o katiwalian.

desacato *n.* *Esp. desacato. Contempt of Court.*

descendant *n.* *Esp. descendiente*. Inanak o inapo. *Tingnan Art. 2206 Kodigong Sibil.*

desertion *n.* pag-iwan; pagpabaya. Pagtalikod sa tungkulin sa anumang sangay ng sandatahang lakas nang walang pahintulot.

designation *n.* designasyon; pagpili; paghirang.

despotism *n.* despotismo. Pag-abuso o paninikil sa gobyerno ng isang mapaniil na liderato; mapaniil na pamumuno.

destierro *n.* ang pag-aalis ng laya sa isang tao na makapasok sa isang lugar o pook.

detain *v.* pigilin ang kalayaan (sa isang lugar); panatilihin. *Tingnan din detention.*

detainer *n.* pananatili; pagpigil sa kalayaang personal.

detective *n.* tiktik; detektib. Isang tao na ang hanapbuhay ay magmasid at magbigay ng impormasyon sa mga kriminal at lumalabag sa batas.

detention *n.* pagpigil; detensiyon. Sa *Criminal Law*, maaaring ilegal, arbitraryo, o walang katwirang pagpigil.

determinate *adj.* tiyak.

determination *n.* 1. pasiya; hatol. Ang pasiya ng hukuman. 2. determinasyon. Marubdob na pagnanais na matupad ang nilalayan.

determine *v.* tiyakin; alamin; itakda.

device *n.* 1. kagamitan; kasangkapan; aparato. 2. paraan. 3. pakana.

devise *n.* devise. Pagbibigay ng ari-ariang real sa testamento ng namatay. *Tingnan Art. 728, Kodigong Sibil.*

devisee *n.* dibisyonaryo. Ang taong binigyan ng ari-ariang real sa testamento.

devisor *n.* testador. Ang taong nagbigay ng ari-ariang real sa testamento.

devolve *v.* magmana; magsalin halimbawa ang paglilipat ng ari-arian mula sa taong namatay sa isang tagapagmana.

dictate *v.* 1. idikta, magdikta, diktahan. Ang pagbigkas sa bawat salita na nararapat isulat ng ibang tao. 2. magutos, utusan, iutos; magmando, manduhan. Ang pagsasabi sa bawat ikikilos na nararapat sundin ng ibang tao.

dictator *n.* diktador. Sa *Roman Law*, isang pinunong lubos ang kapang-yarihan at walang pananagutan kaninuman.

dictum (o obiter dictum) *n.* *Lat. dictum (o orbiter dictum)*; opinyon. Isang opinyong nakasulat sa hatol ng hukuman hinggil sa ilang katanungang legal pero walang kinalaman sa pasiya/hatol.

digest *n.* digest. Salansan o kompilasyon ng mga buod ng mga kaso, hatol o desisyon na isinaayos sa masinop na pamamaraan. Saklaw din nito ang iba't ibang salansan o kompilasyon, pagpapaikli at analytical indices ng mga ulat, babasahing aklat, at iba pa.

diligence of a good father *n.* Sa *Roman Law*, pag-iingat ng isang ama o magulang sa pamilya.

diligence, extraordinary *n.* *Tingnan extraordinary diligence.*

direct evidence *n.* direkto/tuwirang ebidensiya. Ebidensiyang nagpapatunay ng katotohanan sa isang usapin nang walang hinuha (*inference*) o sapantaha (*presumption*). *People vs. Halaran*; 18484-CR, Nobyembre 22, 1977.

direct examination, *n.* direkto/tuwirang tanong/pagtatanong.

direct infringement *n.* direkto/tuwirang paglabag/pagkakalabag. Tuwirang paglabag sa patente.

direct line *n.* direkto/tuwirang linya o mana. Tuwirang pagmamana ng mga sinundang ninuno (*ascending line*) o inanak (*descending line*).

direct tax *n.* direktang buwis. Buwis sa kita at pag-aari ng isang indibidwal.

directive *n.* tagubilin; utos; kautusan.

director *n.* direktor. Hinirang o hinalal ayon sa batas na tagapamahala sa mga transaksyon at gawain ng isang korporasyon o opisina.

disability *n.* kawalan ng kakayahan. Ang kawalan ng legal na kakayahang gumanap ng isang akto.

disbar *v.* disbar, magdisbar, idisbar. Ang pag-aalis ng karapatang magpraktis ng propesyon bilang abogado. [Korte Suprema lamang ang maykapangyarihang gumawa nito].

disbarment *n.* pagdisbar. Pagtanggag, pagpapatiwag, o pag-alis sa listahan ng mga abogado.

discernment *n.* *discernment*. pag-unawa, pagkilala sa mabuti at masama.

diligence, ordinary *n.* Tingnan *ordinary diligence*.

dimension *n.* dimensiyon; sukat, lawak; laki.

diocese *n.* *Esp. diocesis*, diyosesis. Ang nasasakupang teritoryo ng isang obispo.

diploma *n.* diploma. Kasulatang nagpapatunay ng pagtatapos ng isang karera, kurso, o pagsasanay.

diplomacy *n.* diplomasya. Ang agham sa kapamaraan at metodolohiya sa pag-uugnayan ng mga bansa.

diplomatic agent *n.* ahenteng diplomatika. Mga namamahala sa mga transaksyon ng gobyerno sa ibang bansa.

direct *adj.* direkto; tuwiran; hindi kolateral. Ang linyang tuwiran ay maaaring maging pababa o pataas. *Tingnan Art. 965, Kodigo Sibil*.

direct assault *n.* direkto/tuwirang salakay. Tuwirang paggamit ng lakas at pananakot sa may kapangyarihan o sa ahente opisyal ng gobyerno. *Tingnan Art. 148, Binagong Kodigo Penal*.

direct attack *n.* direkto/tuwirang hamon. Hamon ng isang may asunto para ipawalang-saysay ang bisa ng hatol o kautusan.

direct bribery *n.* direkto/tuwirang suhol.

direct contempt (of court) *n.* direkto/tuwirang paglapastangan; tuwirang paglapastangan (sa korte o hukuman). Mga salita o gawa sa harap ng hukuman/korte na nakakasira, nagbibigay-kahihiyan, o nang-iinsulto sa karangalan nito.

discharge of attachment *n.* ang disolusyon ng embargo o pag-ilit ng sheriff. Ang pagtatapos sa lien o palugit sa anumang mailit na ari-arian.

discharge of firearms *v.* pagpapaputok ng sandata. Isang krimen laban sa kaayusan ng bayan at ito ay krimen laban sa tao. (*Tingnan Art. 254*)

discipline *n.* disiplina. 1. ang pagsasanay na gumawa o kumilos alinsunod sa mga alituntunin. 2. mga instruksiyon o ehersisyong inihanda upang pamihasaan ang isang pagkilos o paggawa. 3. mga parusang inilalapat sa pagwasto at pagsasanay. 4. isang set o hanay ng mga reglamento at alituntunin. 5. isang sangay ng katarungan. 6. ang parusa.

discourse *n.* diskurso. 1. pag-uusap. 2. pormal na pagsasalaysay ng isang paksa sa pagtatalumpati o sa pagsulat, bilang isang disertasyon o tesis.

discount *n.* diskuwento. Halagang ibinawas sa presyo.

discovery *n.* pagdiskubre; pagkatuklas, pagtuklas. 1. Ang pagtuklas ng isang bagay na hindi pa alam *halimbawa mineral, lupain, bagong gamot, o prinsipyong mekanikal* na maaaring akuin o hangin para makagawa ng isang bagay na kailangang kunan ng patente o okupasyon.

discovery of fraud *n.* pagdiskubre/pagtuklas sa panlinlang. Pagkatuklas ng panlinlang na may kinalaman sa paglakad ng panahon upang makahingi ng remedyo/lunas sa ilalim ng *statute of limitations* o panibagong paglilitis.

discredit *v.* diskredit. Alisan o tanggagan ng kredibilidad ang isang tao o dokumento upang hindi paniwalaan.

discrepancy *n.* pagkakaiba; pagkahidwa; di-pagkatugma. Ang pagkakaiba ng dalawang bagay na dapat sana ay magkahawig o magkapareho.

discretion *n.* diskresyon; malayang pagpapasiya. Kapangyarihan ng hukom na malayang makapamili sa pagpapasiya sa mga gawain ng hukuman ayon sa mga partikular na pangyayari sa bawat usapin nang hindi nahahadlangan ng Mga Alituntunin sa Hukuman (*Rules of Court*).

discrimination *n.* diskriminasyon. Ang hindi pantay na pagtrato.

discussion *n.* diskusyon. 1. Sa *Civil Law*, isang kapamaraan sa panig ng piyansador na kung tawagin ay *benefit of discussion*. 2. Sa *Kodigo Sibil*, ito ang tinatawag na *excussion* o pagsaid/pag-ubos ng ari-arian ng isang may-utang. *Tingnan Art. 2058, Kodigo Sibil*.

disfranchise *v.* *disfranchise*; alisin ang prangkisiya. Pag-alis ng karapatang bumoto o iboto sa isang posisyon pampubliko.

disguise *n.* pagkukunwari; pagbalatkayo; pagpapanggap. Anumang bagay na inilalagay sa katawan para baguhin ang itsura/anyo ng tao upang hindi siya makilala. *v.* magkunwari; magbalatkayo; magpanggap.

dishonesty *n.* ang di-pagiging tapat. Ang pagtatago o pagbaluktot sa katotohanan partikular sa mga bagay na nauugnay o may kinalaman sa pagsasagawa ng tungkulin.

dishonor *n.* dis-onor. 1. Sa *Commercial Law*, ang di-pagtanggap o di-pagbabayad ng tseke sa takdang panahon. 2. Sa *Criminal Law*, paglabag sa kapurihan ng isang babae. 3. Sa *Libel*, ang paninirang-puri sa isang tao, patay man o buhay.

disinherit *v.* mag-alis o alisan ng mana.

disinheritance *n.* pag-aalis ng mana. Isang akto sa pag-aalis ng mana sa tagapagmana ayon sa batas.

disinterested witness *n.* saksing matwid. Testigo/saksing walang kinikilingan.

dismiss *v.* madismis, idismis, magdismis, dismisin. 1. Pinawalang-saysay o katuturan ng hukuman. *Tingnan Sec. 9, Rule No. 117, Rules of Court.*

disorder *n.* kaguluhan.

disorderly conduct *n.* magulong pagkilos. Kilos na labag sa kaayusan at kapayapaan ng komunidad o lipunan.

dispose *v.* *dispose*, mag-dispose, i-dispose. Sa *Property*, paggamit ng may-ari sa kaniyang ari-arian, o pagdesisyon ng isang tao kung ano ang gagawin niya sa isang bagay.

dispossession *n.* disposesyon. 1. Pagpapaaalis at pagkuha sa posesor ng lupa, bahay, o anumang pag-aari niya. 2. Pag-agaw sa posesyon o katungkulan.

disqualify *v.* madiskwalipika, mag-diskwalipika, idiskwalipika. Pag-aalis ng kakayahang, katangian, o karapatan.

disregard *v.* pawalang-halaga o galang.

disregard of age *n.* pagpapawalang-halaga o galang sa katandaan. Sa *Criminal Law*, nagpapahigat ng kasalanan o krimen sa mga pangyayari.

disregard of rank *n.* pagpapawalang-halaga o galang sa ranggo.

disregard of sex, *n.* pagpapawalang-halaga o galang sa kasarian.

dissent *v.* tumutol, tutulan. Ang pagsalungat o di-pagsang-ayon.

dissenting opinion *n.* opinyong tutol; opinyon na may pagtutol. Isang ekspresyon ng indibidwal sa pananaw ng mga mahistrado na kaiba o hindi ayon sa kongklusyon ng mayorya o nakararami *halimbawa sa Korte Suprema.*

dissolution *n.* disolusyon. Pag-aalis ng katuturan o saysay sa isang kasunduan. 1. Sa *Civil Law*, pagpapawalang-bisa sa katuturan o saysay ng kasal, gayundin sa ari-arian ng mag-asawa (*conjugal property*). 2. Sa *Commercial Law*, pagbuwang sa korporasyon, bakasan, o sosyohan (*partnership*).

distrain *n.* *distrain*; pagsamsam, pagkompiska (*seizure*). Pagsamsam ng ari-arian sa ilalim ng kautusan ng hukuman.

distribute *v.* hatiin; ipamahagi, ibahagi; ilaan.

district *n.* distrito; purok. Isang dibisyon ng teritoryo sa lungsod halimbawa, *Tondo, Ermita, Sta. Cruz at Malate* mga distrito ito ng Maynila.

disturbance *n.* gulo, panggugulo, kaguluhan, pagkagulo.

disrupt, *v.* manggulo, guluhin; pagputol, putulin; pumigil, pigilin; magsira, sirain.

dividend *n.* dibidendo; pakinabang. Bahagi ng kita o pakinabang ng ilang may-ari ng negosyo. Sa *Corporate Law*, ang tubong inihawalay o idineklara ayon sa utos o resolusyon ng Kalupunan ng mga Direktor (*Board of Directors*).

1. isang numero na hahatiin ng ibang numero (ang divisor). 2. isang bahagi ng prinsipal o mga kinita na pinaghatian ng ilang may-ari ng isang bagay.

Kung nauugnay sa mga korporasyon, ito ay isang bahagi ng mga kinita at surplus na pondo ng korporasyon na inihawalay sa isang balidong resolusyon ng kapulungang o ng mga kasapi sa isang pulong ng korporasyon, upang maipamahagi sa mga kasosyo ayon sa kani-kanilang interes, sa diwang maiwalay sa ari ng korporasyon at magiging ari ng mga kasosyo sa pamamahagi.

divorce *n.* diborsiyo; paghihiwalay, pagkakahiwalay.

divorce, absolute *n.* *Tingnan absolute divorce.*

divorce, relative *n.* *Tingnan relative divorce.*

do ut des *Lat. do ut des.* Magbibigay ako upang magbigay ka rin.

do ut facias *Lat. do ut facias.* Magbibigay ako upang gumawa ka. *Tingnan facia ut des.*

docket *n.* daket; talaan. Pormal na

talaan o listahan ng usaping nililitis sa hukuman.

doctrine *n.* doktrina; dogma. Prinsipyo o posisyon ng anumang sangay ng kaalaman, pinaniniwalaan o pinanghahawakan bilang totoo na sinusuportahan ng guro, eskuwelahan o sekta.

document *n.* dokumento; kasulatan.

dolus *n.* *Lat. dolus* 1. sa *Civil Law*, panlilinlang. *Tingnan Art. 1117, Kodigo Sibil.* 2. sa *Criminal Law* dolo. Panlilinlang (*deceit*) na kaiba sa kapabayaang o *culpa (negligence)*.

domestic *n.* 1. utusan; katulong. *adj.* 2. pantahanan. 3. lokal na kaiba sa banyaga o Batas Internasyonal (*International/Foreign Law*).

domestication *n.* domestikasyon. 1. Ang kombersiyon upang gamitin ang isang bagay sa tahanan o pamilya. 2. gawing pantahanan o pampamilya ang isang salita o bagay o gawa.

domicile *n.* tirahan; bahay; tahanan. Kasalukuyan o aktuwal na tinatahanan o tinitirhan na nais pamalagian at balikan. Kaiba sa *residence*.

dominant *adj.* dominante; namamayani; nangingibabaw.

dominium *n.* *Lat. dominium*; pagmamay-ari.

donation *n.* donasyon; paghahandog; kaloob.

donation inter vivos *n.* *donation inter vivos.* Handog na agad na magkakabisa.

donation mortis causa *n.* *donation*

mortis causa. handog na magkakabisa sa pagkamatay ng naghandog.

donee *n.* ang pinagkalooban; hinandugan; pinagbigyan.

donor *n.* ang naghandog; nagkaloob; nagbigay; donor.

double jeopardy *n.* *double jeopardy*; dobleng panganib. Dalawang paghahabla sa iisang kasalanan o krimeng kaugnay o sakop nito. Iugnay sa *Rules of Law*.

doubt *n.* duda; alinlangan, pag-aalinlangan. Kawalan ng katiyakan ukol halimbawa sa mga pangyayari, isang bagay, o proposisyon.

dowry *n.* dote, bigay-kaya.

draft *n.* *draft*. 1. isang nakasulat na utos sa bangko na bayaran ang halagang nakatakda sa isang taong nakalagay ang pangalan o may dala/taglay nito katulad ng tseke. 2. tawag sa pagkasundalo. 3. borador. Hindi pinal na kopya ng isang dokumento/kasulatan.

drawee *n.* *drawee*. Ang tao o bangkong pinagbabayad ng tseke.

drawer *n.* *drawer*; drower. Ang taong gumawa ng tseke.

driver *n.* drayber. Nagmamaneho ng behikulo.

drug *n.* gamot; medisina.

druggist *n.* parmasyutiko. Taong naghahanda o gumagawa at nagbibili ng mga gamot, substansiya, at kemikal.

drugstore *n.* botika; parmasya.

drunkard *n.* lasenggo; manginginom;

tomador. Taong ang gawain ay uminom ng alak; taong madalas malasing sa alak.

drunkenness *n.* pagkalasing, kalasingan, paglalasing; pagkalango, kalanguhan. Sa *medical jurisprudence*, ang kalagayan o kondisyon ng isang tao na ang isip ay apektado ng pagkakainom ng alak o inuming nakalalasing.

due process *n.* *due process*; wastong proseso. Ang karapatang mapalaking bago maparusahan.

due process of law *n.* *due process of law*; wastong kaparaanan ng batas.

duel *n.* duwelo; desapyo, disapyo. Ang paglalaban ng dalawa o higit pang tao na nagkasundo sa panahon, oras, lugar, at sandata sa labanan ay may partisipasyon ng ayudante o *seconds*.

duplicate *n.* pangalawa o ikalawang kopya; pangalawa o ikalawang sipi; duplikado. Kopya ng orihinal na dokumento.

duplicate original *n.* duplikadong orihinal. Kopya ng orihinal na dokumentong pirmado o nilagdaan; kopyang karbon ng dokumentong pinirmahan nang minsanan.

duplicity *n.* *duplicity*; duplisidad. Panlilinlang o daya sa pagdoble o pag-ulit ng dokumento.

duress *n.* *duress*. Pagpilit sa pamamagitan ng pagbabanta.

duties *n.* buwis.

duty *n.* tungkulin.

dwelling house *n.* pamamahay; tirahan; tahanan. *Tingnan Sec. 8 Rule No. 14, Rules of Court.*

dying declaration *n.* deklarasyon ng naghihingalo. Sa *Law of Evidence*, pahayag ng isang taong nababatid na siya ay nasa bingit ng kamatayan na maaaring tanggaping ebidensiya o palibay ng sanhi at mga pangyayari ng kaniyang kamatayan sa isang paksa ng asuntong nililitis.

dynamic *n.* dinamiko. Ang puwersang nauugnay na enerhiya o mabisang aksiyon. Sa agham ng pisika o mekanika, ang nauugnay sa puwersa na lumilikha ng mosyon maging sa kinetik o static.

dynasty *n.* dinastiya. Ang pasunuran ng mga ruler sa iisang pamilya o lahi.

Ee

earned surplus *n.* *earned surplus*; kinitang sarplas. *Tingnan retained earnings.*

earnest money *n.* *earnest money*. Pera bilang patunay sa *Kasunduan sa Bilihan (Sales Agreement)* na pumipigil sa nais magbili na ipagbili sa iba ang bagay na pinagkasunduang ipagbili sa loob ng takdang panahon; kung matuloy ang bilihan, ito ang nagiging paunang bayad. *Tingnan Art. 1482, Kodigo Sibil.*

easement *n.* *easement*; panlingkuran o serbisyo. 1. karapatang magamit ang lupa ng iba. 2. pasanang nakapataw sa isang ari-ariang di-natitinag para sa kapakanan ng ibang ari-ariang di-natitinag na nauukol sa ibang may-ari. *Tingnan Art. 613, Kodigo Sibil.*

easement/estate, dominant *n.* dominanteng partido o estado; pinaglilingkurang estado. Ang ari-ariang nasa posisyong may karapatang humingi. Ang ari-ariang di-natitinag na sa kapakanan nito, ang panlingkuran ay itinatag.

easement/estate, servient *n.* partido o estadong kailangang magbigay. Ang estadong naglilingkod. Ang ari-ariang nasa posisyong kailangang magbigay. *Tingnan Titulo VII, Sek. 1, Kodigo Sibil.*

east *n.* silangan.

ecology *n.* ekolohiya. Ang sangay ng biolohiya na pinapaksa ang pagkakaugnay sa pagitan ng mga organismo at kanilang kaligiran bionomics.

economic *adj.* ekonomiko. Ang nauukol sa produksiyon, distribusyon at ang paggamit ng mga kinikita at kayamanan.

economy *n.* ekonomiya; pangkabuhayan. Ang pagtitipid, ang matipid na pamamahala; katipiran sa paggastang salapi at mga kasangkapan.

edition *n.* edisyon. Pangkalahatang kaanyuan sa pagkakapalimbag ng isang akda sa panitikan; na pinalabas sa iba't ibang panahon at ang mga pagbabago o alterasyon, mga idinagdag, at iba pa.

educational corporation *n.* korporasyong edukasyonal/pang-edukasyon.

effectivity *n.* bisa.

effects *n.* 1. ari-ariang personal na natitinag; ari-ariang personal ng isang tao. 2. pagtatayo ng isang eskuwelahan kolehiyo, o unibersidad.

effort *n.* sikap, pagsisikap; pagpupunyagi.

ejection

ejection *n.* sapilitang pag-alis.

ejection strategies *n.* *ejection strategies*; estratehiyang sapilitang pag-alis. Sapilitang pagpapalis sa posisyon ng isang lupa o ng isang gusali sa pamamagitan ng puwersa, intimidasyon, estratehiyang pananakot, o lihim o patagong pamamaraan. *Tingnan Sec. 1, Rules of Court* tungkol sa accion publiciana, *reivindicatoria*; *Art. 487, Kodigo Sibil* tungkol sa forcible entry o unlawful detainees. **to deprive a landlord**, *v.* pagkakait ng posesyon sa may-ari, nagbenta, o pinagbilhan ng isang ari-arian makaraan ang bisa ng kasunduan at matapos maibigay ang karapatan sa nakabili na mananatili ang nabili o nakamtang ari-arian sa kaniya.

eiusdem generis *Lat.* *eiusdem generis*. Ang magkauri.

elect *v.* pumili, mamili; humalal, maghalal, halalin, ihalal.

election *n.* eleksiyon; halalan; pamimili.

election of remedies *n.* eleksiyon ng mga remedyo; pagpili ng mga remedyo. Ang pagpili ng mga remedyo. Ang pagpili ng isa sa dalawa (2) o higit pang remedyo o paraan ng batas para lunasan ang isang kapinsalaan.

elementary *n.* elementarya. Ang nauugnay sa batayan at pundamental na bahagi o parte ng kabuuan sa kalikasan, nag-uugnay sa unang mga prinsipyo, elemento, sangkap o baitang sa karunungan.

eligible *adj.* kalipikado; karapat-dapat. May karapatang manungkulan o

emancipation *n.* emansipasyon, pagpapalaya. Pagbibigay-laya sa isang tao upang gawin ang mga bagay-bagay na dati ay hindi niya maaaring gawin.

emancipation by age *n.* emansipasyon batay sa edad. *Tingnan Artikulo sa R.A. No 6809*, na ibinaba ang karampatang edad sa labingwalo (18). *Tingnan rin ang Artikulo sa Kodigo ng Pamilya na nagsasaad tungkol sa nabanggit na R.A.*

embezzlement *n.* pagdispallo. Paglulustay ng salapi ng iba.

emergency power *n.* kapangyarihang pang-emergency. Kapangyarihang ibinigay ng kongreso sa presidente upang magsagawa ng mga batas at alituntunin nang walang kongreso.

emergency, state of *n.* *Tingnan state of emergency.*

eminent domain *n.* *eminent domain*; kapangyarihan ng gobyerno. Kapangyarihan ng gobyerno na kunin nang may makatarungang bayad ang pribadong ari-arian para sa pampublikong pangangailangan.

emolument *n.* sahod; suweldo. Kompensasyon/kita sa empleo.

employee *n.* empleado

employer *n.* employer

employment *n.* empleo; trabaho. Akto sa pagbibigay ng trabaho.

empower *v.* magbigay o bigyan ng kapangyarihan.

empowerment *n.* pagbibigay-kapangyarihan; empowerment.

enabling act *n.* aktang nagbibigay-kapangyarihan. Batas na nagbibigay ng bagong kapangyarihan sa isang tao o korporasyon.

enact *v.* isabatas, magsabatas.

encroach *v.* manghimasok, panghimasukan, himasukan; sakupin, manakop.

encroachment *n.* panghihimasok; pananakop. Pagsakop sa ari-arian o karapatan ng iba.

encumbrance *n.* *encumbrance*; pagsangla. Karapatan sa ari-arian na ibinibigay sa ibang tao na dapat panagutan ng may-ari sa paglilipat ng ari-arian gaya ng paghasangla ng lupa o kakulangan ng bayad sa buwis na itinatawag sa titulo ng lupa, o sa talaan ng ari-arian, o alin sa dalawang ito.

endanger *v.* isapanganib, manganib. Ilagay sa panganib.

endorse *v.* endoso, iendoso, mag-endoso; pagsang-ayon, sumang-ayon, sang-ayunan. Sa *Bill of Exchange*, pagpirma sa likod ng tseke o kasulatan upang ilipat ang karapatang sumang-ayon.

endorsement *n.* pag-endoso; *endorsement*. Sa *Seguro (Insurance)*, klase ng seguro na matapos makabayad ng *premium* ang tao at hindi siya namatay, tatanggapin niya ang halagang nakasaad sa *premium*.

enemy *n.* kaaway; kalaban. 1. sa *Political Law*, kaaway o kalaban sa giyera dahil ang bansa ay nasa kalagayang pakikidigma. 2. sa *Commercial Law*, hindi maaaring bigyan ng idineklarang seguro o

insurance. Tingnan din *giving aid and comfort to the enemy*.

enemy, public *n.* kalaban ng estado. Kalaban ng bansa at mga mamamayan.

enforce *v.* ipatupad, magpatupad.

engage *v.* makibahagi. 1. makipagkasunduan sa kasal. 2. makilaban sa humarap sa kaaway.

enhance *v.* pagbutihin, magpabuti, dagdagan, magdagdag, idagdag.

enjoin *v.* 1. mag-utos, iutos, ipag-utos, utusan; dapat tumupad, dapat tuparin/tupdin. 2. Pigilin ang isang aksiyon.

enjoy *v.* magtamasa, tamasahin, makinabang, pakinabangan. Gamitin ang karapatan; gumamit ng karapatan.

enlarge *v.* palakihin, magpalaki, palawakin, magpalawak.

enrichment *n.* pagyamanin.

enrichment, unjust *n.* di-makatarungang pagyaman; di-wastong pagpapayaman.

enroll *v.* magpatala, itala; magrehistro, irehistro, magparehistro; magpalista.

enrollment *n.* pagpapatala; pagparehistro; pagpapalista. Ang aktas pagpapalista at pagsama sa pag-aaral sa isang paaralan.

enter *v.* pumasok, ipasok, pasukin.

entertainment *n.* aliwan.

entice *v.* mahikayat, manghikayat, hikayatin, humikayat; himukin, manghimok, humimok.

entire *adj.* buo; lubos.

entirety *adj.* kabuuan; kalahatan.

entitle *v.* bigyang-karapatan. Bigyan ng karapatan.

entrapment *n.* entrapment. Paggamit ng mga paraan para mahuli sa akto ang isang taong pinaghihinalaang lumalabag sa batas.

entry *n.* pagpasok.

entry, illegal *n.* Tingnan *illegal entry*.

entry of judgment *n.* pagtatala o paglista ng desisyon o order ng hukuman.

ensure *adj.* magkabisa, bigyang-bisa. Magkaroon ng bisa sa kapakanan o kabutihan ng isang tao o bagay.

equal *adj.* pantay.

equal protection of the law *n.* pantay-pantay na proteksiyon sa ilalim ng batas.

equality *n.* pagkakapantay-pantay, esp. igualdad, igwaldad.

equitable *adj.* matwid; karampatan. Uri ng karapatan na batay sa pagkakapantay at katarungan kahit hindi tuwirang nakasulat o kinikilala sa batas.

equitable mortgage *n.* makatarungang sangla; ekwitatibong sangla.

equity *n.* ekwidad; *equity*. 1. karapatan na batay sa pagkakapantay-pantay at katarungan kahit hind tuwirang nakasulat o kinikilala sa batas. 2. interes sa isang ari-arian.

Equivalence, Doctrine of *n.* *Doctrine of Equivalence*; Doktrina ng Pagkakapareho. Isang doktrina sa batas ng patente na kapag magkatulad sa resulta at magagawa ang dalawang

imbensiyon, itinuturing ng batas na iisa lamang ang mga ito bagaman magkaiba ang pangalan, porma, o hugis.

equivalent *adj.* 1. magkahalaga, magkasinghalaga. 2. katumbas, magkatumbas. 3. katimbang, magkatimbang.

equivocal *adj.* may dalawang kahulugan; di-tiyak; nakakaduda o kaduda-dudang kahulugan.

erosion *n.* erosyon. Unti-unting pagkatibag ng lupa gawa ng puwersa ng kalikasan.

error *n.* mali, pagkakamali, kamalian.

error of judgment *n.* mali o pagkakamali sa pagpapasiya.

error of jurisdiction *n.* mali o pagkakamali sa hurisdiksiyon. Paggamit ng kapangyarihan ng hukuman na wala nang bisa sa simula pa.

error law *n.* mali o pagkakamali sa batas. Mali o pagkakamali ng isang hukuman ukol sa interpretasyon o aplikasyon ng batas.

escape *n.* eskapo; pagtakas *halimbawa mula sa bilangguan*. *v.* umeskapo, mag-eskapo; tumakas, takasan.

escheat *n.* *escheat*. 1. Karapatan ng estadong angkinin o manahin ang mga ari-arian walang tagapagmana. 2. Kapangyarihan ng estado na kunin o ilitin ang mga kamkam na yamang di-maipaliwanag.

escrow *n.* *escrow*; *v.* mag-escrow, i-escrow. Ang paglalagay ng isang bagay sa kamay ng taong walang kaugnayan sa transaksyon, na

ibabalik matapos maganap ang mga kondisyon ng kasunduan.

espionage *n.* espionahe; pag-espiya 1. paniniktik sa panahon ng digmaan o giyera. 2. paglilipat ng kumpidensiyal na impormasyon sa kinatawan ng isang bansang banyaga. *Tingnan R. A. No. 117; Art. 117, Binagong Kodigo Penal.*

estafa *n.* estafa; estapa; pangagantso; panlilinlang. Pag-iwas sa pagbabayad ng utang. *Tingnan 315-316, Binagong Kodigo Penal.*

estate *n.* kabuuang ari-arian.

estate tax, *n.* buwis sa kabuuang ari-arian; buwis sa ari-arian. Buwis na ipinapataw sa paglilipat ng mga ari-arian sa mga tagapagmana.

estoppel *n.* estoppel. 1. Ang pagpigil sa isang tao na itanggi o pasinungalingan ang isang nangyari, nang dahil sa kaniyang nakaraang kilos o akto, o ng ibang tao na mayroon siyang kinalaman. *Tingnan Art. 1431, Kodigo Sibil.* 2. Isang makatwirang tuntunin ng sinumang kumilos sa isang paraan o gawi, o ang pagsasabi ng anumang bagay na pinaniniwalaan ng kapuwa ay hindi niya maaaring baligtarin o tanggihan.

et al *Lat. et alii octalia.* At iba pa.

et cetera *Lat. et cetera.* Etsetera.

Ethics *n.* Etika. Tuntunin ng moralidad o mga isinabatas na prinsipyo ng mga tungkulin halimbawa ng abogasya o opisyal ng gobyerno. 1. nauugnay sa moralidad 2. alinsunod sa mga tuntunin ng wastong pagkilos o pagganap.

evasion *n.* pag-iwas; evasion.

evasion of sentence *n.* pagtakas sa sentensiya o hatol.

evasion, tax *n.* *Tingnan tax evasion.*

evict *v.* paalisin; palayasin.

eviction *n.* eviction; pagpapaalis, pagpapalayas. Pagpapaalis sa lupa o tirahan na ari ng iba.

evidence *n.* ebidensiya; katibayan. *Tingnan Sec. 1 Rule No. 128, Rules of Court.* ebidensiya 1. ang pamamaraan na pinahihintulutan sa mga Alituntunin ng Hukuman upang matiyak sa paglilitis ang katotohanan ng pangyayari.

Iyong nag-uugnay sa pagpapatunay o di-pagpapatunay ng anumang bagay na sinusuri o may kaugnayan sa paniniwala hinggil sa bagay na ito. Ang paniniwala ay bunga ng isang konsiderasyong iniharap sa isipan. Ang bagay na iniharap, anumang uri nito, at sa anumang materyal na bagay ito nanggaling ay ebidensiya.

Sa salitang ebidensiya, sa legal na pag-uusap, nakakasama ang lahat ng mga pamamaraan na naroon ang alinmang isinasaad na naganap, na ang katotohanan ay pinasusuri upang imbestigahan, mapatotohanan o hindi. Ang testimonya ay hindi kasingkahulugan ng ebidensiya. Ang huli ay komprehensibong termino at nakakasama ang lahat ng maaaring isumite sa hukuman maging ito ay sinalaysay ng mga testigo, o pinaksa ng mga dokumento o rekord o anumang sinuri ng mga abogado at hukom sa panahon ng paglilitis.

evidence, autoptic *n.* *Tingnan autoptic evidence.*

evidence, documentary *n.* ebidensiya; katibayang nakasulat.

evidence, oral *n.* ebidensiyang oral; pasalitang katibayan.

evident *adj.* malinaw; maliwanag.

evolution *n.* ebolusyon. *v.* alinmang proseso ng pagbabago o pagpapatubo; pagpapaunlad; ang ebolusyon ng tao, ng drama, ng eroplano. 2. isang bagay na nagawa; isang produkto. 3. ang patuloy na pakikibagay ng mga organismo sa kaligiran na kanilang kinaroroonan o kinatutubuan.

ex contractu *Lat. ex contractu.* Batay sa kasunduan o kontrata.

ex delicto *Lat. ex delicto.* Batay sa krimen.

ex die *Lat. ex die.* Mula sa isang takdang araw.

ex parte *Lat. ex parte.* Ang isang panig lamang.

ex post facto *Lat. ex post facto.* Sa kasunod na bagay.

ex post facto law *n.* batas *ex post facto.* Ang batas *ex post facto* ay batas na: **a.** nagpaparusa sa isang gawa na nang maganap ay wala pang angkop na kaparusahan; **b.** binabago ang *Rules of Evidence* at ginagawang mas madali o magaan ang kumbiksiyon kaysa mga hinihingi o ipinapataw ng batas nang ito'y maganap. Ito ay ipinagbabawal ng Konstitusyon; **c.** naglalapat ng higit sa parusang ibinigay nang ito ay maganap.

ex proprio vigore *Lat. ex proprio vigore.* Mula sa sariling lakas.

ex quasi delicto *Lat. ex quasi delicto.* Mula sa quasi-delicto. *Tingnan quasi delict.*

examination *n.* eksaminasyon. Pagtatanong sa testigo.

examination, additional direct *n.* *Tingnan additional direct examination.*

examination, cross *n.* *Tingnan cross-examination.*

examination, direct *n.* direktang eksaminasyon; direktang tanong; tuwirang-sulit; tuwirang tanong; direkta/tuwirang pagtatanong. Ang tuwirang pagtatanong ng naghaharap ng testigo.

examination, preliminary *n.* preliminaryong pagsusuri. Ang pag-uusisa ng piskal bago mag-isyu, magpalabas, o gumawa ng subpoena.

examination, re-cross *n.* *Tingnan recross examination.*

examination, re-direct *n.* *Tingnan redirect examination.*

excerpt *n.* halaw; hango.

excessive *adj.* sobra; labis.

exchange *n.* palitan.

exclude *v.* ialis, alisin; ipuwera; tanggalin; di-kasama, huwag isama; kaltasin.

exclude a witness *v.* paalisin/huwag isama, ipuwera ang testigo.

exclusion *n.* pagkaltas o pag-alis.

exclusion law *n.* batas eksklusyon. Pagkaltas o pag-alis ng mga nangalan.

sa rehistro ng mga botante. *Tingnan Election Code.*

exclusive *adj.* eksklusibo. Kaniya lamang; tanging kaniya; natatangi sa isang indibidwal o grupo.

exclusive adverse possession *n.* *Tingnan adverse possession, exclusive.*

exculpate *v.* magpawalang-sala, ipawalang-sala.

excusable negligence *n.* kapabayaang mapapatawad; mapapatawad na kapabayaang.

excussio *n.* *Lat. excussio.* Sa *Civil Law*, ang pagsaid ng mga ari-arian ng prinsipal na may-utang bago pilitin ang garantor na magbayad. Katulad din ng *discussion (supra)*.

execute *v.* magpatupad, ipatupad; isagawa, gawin; ipaganap.

execute a document *v.* gawin o isagawa ang dokumento, ipatupad ang dokumento.

execute a person *v.* bumitay ng tao, bitayin ang tao, pumatay ng tao.

executed *adj.* 1. naipatupad; yari na; tapos na. 2. patay na.

executed contract *n.* kasunduang naganap; kontratang ipinatupad. Ang naganap na kasunduan.

execution *n.* *execution* 1. pagpapatupad. 2. pagpatay ayon sa batas *halimbawa pagbitay, pagsilya-elektrika, o pagbaril sa firing squad. Tingnan extrajudicial execution.*

execution of judgment *n.* pagpapatupad ng hatol o pasiya.

executive *n.* tagapagpaganap; ehekutibo, *executive.*

executive panel *n.* lupong ehekutibo, lupong tagapagpaganap.

executor *n.* ehekutor; tagapagpaganap, tagapagsagawa. Taong inatasan ng habilin o ng hukuman upang pamahalaan ang kabuuan o bahagi ng ari-arian ng isang namatay.

executor and administrator *n.* ehekutor at tagapangasiwa.

executory *adj.* maisasagawa. Maaari nang ipatupad.

exemplary damages *n.* halimbawang bayad-pinsala.

exempt *adj.* di-sakop; ligtas; walang-bayad.

exhaustion of administrative remedies *n.* pagsaid o pag-ubos ng mga administratibong lunas.

exhibit *n.* eksibit; markadong ebidensiya. Katibayang minarkahan ng hukuman.

exhume *v.* exhume; mag-exhume, i-exhume. Muling hukayin para ilabas ang bangkay.

exonerate *v.* magpawalang-sala, pawalang-sala; magpatawad, patawarin.

expediente *n.* *Esp. expediente.* Rekord o file ng kaso; mga papeles ng usapin.

expedite *v.* madaliin; padaliin; pabilisin.

expert evidence *n.* ebidensiya ng eksperto. Testimony o opinyon ng isang eksperto sa isang larangan na tinatanggap ng hukuman bilang ebidensiya.

expiration *n.* *expiration*; pagpaso. Pagkalipas ng panahong pinagkasunduan. Sa *medical jurisprudence*, ang pagkamatay ng isang tao o ang paglipas ng bisa ng isang gamot.

explanation *n.* paliwanag.

explosion *n.* pagputok; pagsabog.

export *n.* *export*; pagluluwas *v.* pag-export, i-export, mag-export; iluwas, magluwas. Paglabas ng kalakal sa bansa.

expresio unius est exclusio alteris *n.* *Lat. expresio unius est exclusio alteris.* Isang alituntunin sa pag-unawa ng batas na ang pagbanggit sa mga bagay na kasama ay hindi pagsali sa mga hindi nabanggit.

express *v.* ideklara, magdeklara; sabihin; ipahayag, magpahayag. Kabaligtaran ng *implied*.

express, trust *n.* *Tingnan trust, express.*

expropriation *n.* ekspropriasyon. Ang pag-ilit o pagkumpiska ng gobyerno sa pribadong ari-arian para gamitin sa pampublikong layunin na may kaukulang bayad (*just compensation*).

expulsion *n.* palugit; ekstensiyon.

extinctive prescription *n.* *extinctive prescription*; preskripsiyong *extinctive*. Preskripsiyon na sa paglipas ng panahon ay nawawala ang karapatan o ari-arian.

extinguish *v.* pawiin, pumawi, magpawi.

extortion *n.* panghuhuthot; pangungurakot; ekstorsiyon. *Tingnan Art.*

294 par. 5 at Art. 306, *Binagong Kodigo Penal*.

extradition *n.* ekstradisyon. Pagpauwi sa isang akusado o preso sa bansang siya ay nahatulan upang maparusahan.

extrajudicial *adj.* ekstrahudisyal. Anumang gawaing di pinadaan sa regular na daloy ng proseso ng hukuman.

extrajudicial agreement *n.* kasunduang ekstrahudisyal. Kasunduan o aktong hindi pinakialaman ng hukuman.

extrajudicial confession *n.* pagtatapat na ginawa sa labas ng hukuman. Boluntaryong pahayag ng isang tao na ginawa niya o tumulong siya sa pagsasaganap ng isang krimen. Ang boluntaryong pagtatapat ay mata-tanggap na katibayan sa larangan ng pagpapatibay.

extrajudicial execution *n.* *salvaging*; eksekusyong ekstrahudisyal. Pagpatay nang labas sa hurisdiksiyon ng hukuman.

extraordinary *adj.* di-pangkaraniwan; *extraordinary*.

extraordinary diligence *n.* di-pangkaraniwang pag-iingat.

extraterritoriality *n.* ekstraterritorialidad. Pag-iral ng batas ng isang bansa sa labas o higit sa teritoryong sakop nito.

extrinsic *adj.* ekstrinsiko, ekstrinsik. Galing sa labas.

eyewitness *n.* saksi. Saksing nakakita sa pangyayari; nakasaksi sa pangyayari.

Ff

fabricate *v.* mag-imbento; magtahi-tahi. Magtahi-tahi ng mga kasinungalingan.

face *n.* mukha; itsura. Ang labas o itsura ng alinmang bagay *halimbawa* mukha ng dokumento, mukha ng tseke. *v.* humarap, harapin. Hindi tinatalikuran.

facio ut de *Lat. facio ut des*; sang-ayon ako; gagawin ko para magbayad/magbigay ka. Kontrata sa *Civil Law* na nagsasaad ng "gagawa ako at ikaw ay magbabayad/magbibigay."

facio ut facias *Lat. facio ut facias*; gagawa ako at gagawa ka rin. Kasunduan sa *Civil Law* na nagsasaad ng "gagawa ako ng isang bagay para sa kaniya at siya naman ang gagawa para sa akin."

facsimile *n.* kopya; kamukha. Ang eksaktong kopya ng orihinal.

fact *n.* pangyayari. Ang bagay na naganap.

factor *n.* *factor*; ahente. Ang inempleo para ipagbili ang mga kalakal na inihablin/idineliber sa kaniya ng may-ari para sa isang kabayaran o kompensasyon.

factory *n.* pabrika.

factum probandum *n. Lat. factum probandum.* Bagay na kailangang patunayan.

factum probans *n. Lat. factum probans.* Ebidensiyang sirkumstansiyal na nagpapatunay sa isa pang pangyayari.

fail *v.* di-maganap; di-maisagawa; mabigo, biguin; di-magtagumpay.

fair market value *n.* umiiral na halaga; wastong halaga sa merkado/bilihan. Halaga na itatakda ng isang nagbibili na hindi kailangang magbili at ng isang handang bumili pero hindi kailangang bumili.

faith *n.* tiwala; paniniwala.

faith, bad *n. Esp. mal a fe*; masamang kalooban, layunin, o hangarin.

faith, good *n. Esp. buena fe*; mabuting layunin, kalooban, o hangarin. Tiwala/kumpiyansa sa sinseridad/kabutihan ng isang tao, *halimbawa* possession in good faith.

fake *adj.* huwad; palsipikado; peke.

fall of a hammer *n.* pagpukpok ng martilyo, maso, malyete. Senyal na tapos na ang bidding o pagdinig.

fallo *n. Lat. fallo.* Pinal na hatol.

false *adj.* di-tatotoo

falsehood

73

fine

falsehood *n.* kasinungalingan.

falsification *n.* panghuhuwad; palsipikasyon; misrepresentasyon. *Tingnan* Art. 171-172, *Binagong Kodigo Penal*.

falsify *v.* palsipikahin, magpalsipika; huwarin, manghuwad; pekein, mampeke.

falsus in uno, falsus in omnibus *Lat. falsus in uno, falsus in omnibus*; Mali sa isa, mali sa lahat. Kung ang testimonyo ng isang saksi ay sinadyang mali sa isang materyal na bagay, magiging mali rin ito sa kabuuan at hindi na tatanggapin ang testimonyo.

family council *n.* konseho ng pamilya. *Tingnan* Art. 252, *Kodigo Sibil*.

fatal *adj.* nakakamatay.

fatal error *n.* malubha/matinding kamalian. Mali na naging dahilan ng pagbagsak ng kredibilidad.

fault *n. Lat. falta*; mali, kamalian; sala, kasalanan. Ito ay **culpa** kung nagmula sa hindi pag-iingat, kapabayaang, kakulangan sa kasanayan; **dolo** kung may kamalayan o intensiyonal na pag-iwas sa obligasyon. *Tingnan* Art. 3, *Binagong Kodigo Penal*.

favor *n.* pabor. Pagkiling sa isa sa mga panig sa usapin. *v.* kilingan, kumiling, magkiling.

fear *n.* takot; pangamba. *v.* matakot, takutin, katakutan; pangambahan, mangamba.

fee *n.* bayad, kabayaran.

fetus *n. Tingnan foetus.*

felony *n.* *felony*; krimen. Mga gawa

di-paggawa (omisyon) na pinarurusahan ng batas. *Tingnan* Art. 3, *Binagong Kodigo Penal*.

fedicommissary *n.* pidekomisaryo. Ang unang tagapagmana o pidekomisaryo ay may obligasyong ingatan at/o panatilihin ang pag-aari para ibigay o ilipat sa ikalawang tagapagmana ang bahagi o kabuuan ng mana. *Tingnan* Art. 863, *Kodigo Sibil*.

fiduciary *n.* pidusaryo. Ang mga tungkuling mamahala ng ari-arian ng iba ayon sa tiwala/kumpiyansiya, sa mabuting kalooban, at katapatan na kailangan.

filiation *n.* pagkakamag-anak; ugnayan sa dugo sa *Civil Law*.

filing fee *n.* bayad demanda. Bayad sa pagsasampa ng demandang sibil o kontrademanda.

final decision *n.* huling pasiya; huling hatol. Ang paghatol na tumatapos sa kaso.

final process *n.* pinal na proseso. Pinal na kasulatang tumatapos sa asunto.

final sentence *n.* huling pasiya; huling hatol. Ang isang aktong tumatapos sa usapin. Kaiba sa utos na intelokutoryo na hindi tumatapos sa usapin.

finder *n.* nakapulot. Ang taong legal na nakakuha ng posesyon sa ari-ariang naiwala ng ibang tao.

finding of fact *n. finding of fact*; nalamang katotohanan. Deklarasyon ng mga pangyayari ayon sa hukuman batay sa mga dokumento o ebidensiya na naibigay sa hukuman.

fine *n.* multa. Halagang hinihingi sa

isang lumabag sa batas o patakaran bilang kaparusahan.

firearm *n.* armas. Sandatang pumuputok at nagbubuga ng pulbura (*gunpowder*) sa pagputok nito. *Halimbawa pistola, paltik, kanyon, bazooka, at iba pa.*

fiscal *n.* piskal; tagausig.

fit *adj.* angkop; tama.

fitness *n.* kaangkupan (sa pag-uukulan); kawastuan.

flag *n.* watawat; bandila; bandera.

flotsam, flotsan *n.* *flotsam, flotsan.* Mga kalakal na lumulutang sa dagat mula sa lumubog na sasakyang dagat. Kaiba sa jetsam.

fetus *n.* *Lat. foetus, fetus.* Ang batang hindi pa naipapanganak ayon sa *medical jurisprudence.*

force *n.* 1. lakas; puwersa. 2. pamimilit.

forced heir *n.* *Tingnan heir forced.*

force majeure *n.* *Fr. force majeure.* Di-pangkaraniwan, di-akalain, o di-maiwasang pangyayari tulad ng *kidlat, lindol, baha, welga, giyera, pangkatang panloloob, at iba pa.*; pangyayaring gawa ng kalikasan o tao ngunit hindi sakop ng kaniyang kontrol. *Tingnan Art. 2001, Kodigo Sibil.*

forcible *adj.* sapilitan; puwersahan.

forcible abduction *adj.* sapilitan/puwersahang abduksiyon. Puwersahang pag-agaw o sapilitang pagkuha sa tao nang may masamang layunin o hangarin tulad ng karnal o malaswang pagnanasa. *Tingnan Art. 342, Binagong Kodigo Penal.*

forcible entry and detainer *n.* *sapilitang pagpasok at pananatili/pagdetini. Tingnan Rule No. 72, Rules of Court.*

forebearance *n.* palugit. Ang palugit sa pagsingil ng pautang.

foreclose *v.* ilitin, mag-ilit; rematahin, iremata, magremata.

foreclosure *n.* pagremata; pag-ilit ng sangla.

foreign *adj.* kaiba; mula sa ibang bansa. Taga-ibang pook o bansa.

foreigner *n.* dayuhan; banyaga.

forfeit *v.* pag-aalis, pagkakaalis; pagtatanggal, pagkatanggal; pag-ilit, pang-ilit, pagkakailit. Isang parusang inilalapat ng batas sa ilegal na akto o kapabayaang.

forgery *n.* panghuhuwad; pagsipikador, manggagaya ng pirma ng iba.

forgery *n.* panghuhuwad; paggagaya ng pirma ng iba. Pagpalit o pagbura ng anumang letra o mga salita na napapaloob sa isang dokumento.

form *n.* anyo, kaanyuan; porma.

fortuitous event *n.* di-sadya/di-inaasahang pangyayari. Ang hindi akalain pangyayari na hindi maiwasan. *Tingnan Art. 1174, Kodigo Sibil.*

forum *n.* sa *law*, isang lugar kung saan dinidinig ang isang usapin; hukuman.

forum shopping *n.* ang pagbabawal ng pagsasampa ng kaso sa ibang hukuman habang kasalukuyang dinidinig ang nabanggit na kaso sa isang forum at nauukol sa parehong mga isyu sa usapin. Mahigpit itong ipinagbabawal ng batas.

foster parent *n.* *foster parent.* Sinumang nag-alaga o nagpalaki sa batang hindi niya anak.

franchise *n.* prangkisa. Pahintulot o pribilehiyo na ibinigay ng gobyerno sa karapatang pambayan.

fraternity *n.* fraterniti; kapatiran. Asosasyon ng mga lalaki na nagtuturingang magkakapatid.

fraud *n.* pandaraya; panlilinlang. *Tingnan Art. 1170 at 1456, Kodigo Sibil.*

fraudulent *adj.* huwad, hinuwad; dinaya; mapanlinlang.

fraudulent conveyance *n.* madayang pagbebenta; dinayang bilihan. Paglilipat o pagbebenta ng ari-arian upang maiwasan ang mga pinagkakautangan.

Free on Board (F.O.B.) *n.* *Free On Board (F.O.B.)* Termino sa *Commerce*, mga titik na nangangahulugang ang nagbenta ang mananagot sa halaga ng pagpapadala (*shipment/freight*) ng kalakal.

free patent *n.* *free patent*; libreng patente. Walang bayad na katibayan sa lupang ipinagkaloob ng gobyerno.

freedom *n.* kalayaan.

freedom of abode *n.* kalayaan sa paninirahan.

freedom of speech *n.* kalayaan sa pananalita. Kalayaang pag-usapan nang hayag at may katotohanan ang anumang bagay ukol sa kapakanan ng publiko nang walang kaparusahan at *censorship.* *Gonzales vs.*

Commission on Elections, L-277833, Abril 18, 1969; 27 SCRA 856.

freight *n.* 1. *cargo/kargo; load; karga, kargada, kargamento. Tingnan cargo* 2. flete, plete. Upa sa kargada o bagahe. *v.* magkarga, ikarga; maglulan, magpalulan, ilulan. *adj.* lulan.

frivolous *adj.* walang batayan; di-mahalaga; di-makabuluhan.

frivolous appeal *n.* di-makabuluhang apela; walang batayan; di-mahalagang paghahabol.

fruit *n.* bunga.

fruit, civil *n.* bungang sibil.

fruit, industrial *n.* *Tingnan industrial fruit.*

fruit, natural *n.* *Tingnan natural fruit.*

fugitive *n.* takas; puga, pugante. Bilangong tumakas sa kulungan; kondenadong pinaghahanap ng may kapangyarihan.

fulfillment *n.* katuparan, pagsasakatuparan, pagsasatupad.

fundamental *adj.* pundamental. Pinagbabasehan ng batas o lipunan tulad ng *Konstitusyon.*

fund *n.* pondo; cash; salapi; kuwarta.

funeral expense *n.* gastos sa pagpapalibing. Halagang ibinayad sa paglilibing/pagpapalibing.

fungible *adj.* *fungible*; nauubos. Terminong ukol sa mga bagay na nauubos sa paggamit tulad ng *alak, langis, bigas, atbp.* at napapalitan din.

future *n.* kinabukasan; hinaharap. *adj.* panghinaharap.

Gg

gain *n.* tubo; pakinabang.

gain, intent to *n.* Tingnan intent to gain.

gallantry *n.* kagitingan.

gamble *v.* magsugal, isugal, sumugal.

gambling *n.* sugal, pagsusugal.

game of chance *n.* larong sapalaran.

ganancial *adj.* konhugal. Ari-ariang nauukol sa mag-asawa.

garage *n.* garahe. Lugar sa loob ng bakuran na pinaglalagyan ng sasakyan kung hindi ito ginagamit.

garnishment *n.* pagsamsam sa ari-ariang nasa kamay ng ikatlong panig (*third person*) sa utos ng hukuman bilang pambayad-utang.

gather *v.* umani, anihin, mag-ani; ipunin, mag-ipon; tipunin, magtipon.

gavel *n.* gavel; malyete.

general *adj.* pangkalahatan.

general average *n.* *general average.* Sa *Marine Insurance*, lahat ng danyos at gastusin na sinadyang matamo para mailigtas ang isang sasakyang pandagat at ang mga kargada nito mula sa isang tiyak at natukoy na kapahamakan.

general law *n.* pangkalahatang batas. Kaiba sa *special law*.

general order *n.* pangkalahatang order. Pangkalahatang utos galing sa *Commander-in-Chief* na may kaugnayan sa batas militar.

general strike *n.* welgang bayan. Welga ng lahat ng empleado o manggagawa sa isang industriya o teritoryo.

general welfare *n.* kapakanang pangmadla. Kabutihan ng nakararami.

generation *n.* salinlahi; henerasyon.

generic *adj.* *generic.* Pangkalahatang katawagan sa isang tao o bagay.

generosity *n.* kagandahang-loob. Pagiging handang tumulong o magbigay sa sinumang nangailangan.

genuine *adj.* tunay; lantay; taal; totoo.

geography *n.* heograpiya. Ang pag-aaral ng pagkakaiba ng mga nasasakupang lupain ng bawat bansa o nasyon, na makikita sa karakter ng pagkakahanay at pag-uugnay sa buong mundo ng mga elemento katulad ng klima, lupa, halamang, populasyon, industriya, at iba pa.

gift *n.* kaloob; aginaldo; handog; regalo.

give account

give account *v.* magpaliwanag, ipaliwanag; magsalaysay, isalaysay. *n.* pagsasalaysay.

giving aid and comfort to the enemy *v.* tulong sa kaaway ng bayan. Pagbibigay ng tulong at aliw sa kaaway ng bayan.

good *adj.* mabuti. **in good order** *adj.* nasa mabuting kalagayan; walang depekto *halimbawa ang mga paninda.*

good faith *n.* Tingnan **faith, good.**

good moral character *n.* mabuting asal; mabuting ugali.

good name *n.* mabuting pangalan at magandang reputasyon.

good reputation *n.* mabuting reputasyon. Tumutukoy sa mabuting reputasyon ng isang babae na biktima ng seduksiyon. *Tingnan Art. 338, Binagong Kodigo Penal.*

good repute *n.* mabuting reputasyon. Tumutukoy sa mabuting ugali/karakter. Paborableng opinyon ng komunidad tungkol sa isang tao.

goodwill *n.* magandang pangalan; mabuting hangarin/kalooban; mabuting pakikipagkapuwa. Ang isang pakinabang na nagbubuhay sa pagkakatatag ng isang komersiyo o establisimyento.

Goods *n.* kalakal; paninda.

Government *n.* pamahalaan; gobyerno.

Government, local *n.* Tingnan **local government.**

Government, national *n.* Tingnan **national government.**

Government corporation *n.* pampa-

77

gratification

mahalaang korporasyon; korporasyon ng gobyerno. Korporasyong pag-aari o kontrolado ng gobyerno.

governor *n.* gobernador; punong panlalawigan.

graft and corruption *n.* katiwalian at kabuktutan, kabulukan; *graft and corruption*; pangungurakot; pangangawat at pangunguwala. Katiwalian at kabulukan sa hangaring makinabang sa kapinsalaan ng gobyerno at bayan.

grandchild *n.* apo.

grandfather clause *n.* *grandfather clause.* Sa *Commerce*, ang batas na nagsasabing ang mga datihang negosyante sa isang linya ng negosyo ay hindi na kailangang kumuha ng lisensiya.

grandfather *n.* lolo; abwelo; ingkong.

grandmother *n.* lola; abwela; impo.

grant *n.* *grant.* Paglilipat/pagbibigay ng titulo sa lupa ng gobyerno na maaaring ipamahagi.

grantee *n.* *grantee.* Ang tumanggap ng titulo.

grant-in-aid *n.* bigay-tulong; *grant-in-aid.* Tulong na ibinibigay ng ahensiya ng gobyerno o mga *foundation* para sa isang tao, institusyon, o bansa ukol sa isang tiyak na layunin.

grantor *n.* *grantor.* Ang nagbigay/naglipat ng titulo.

gratification *n.* gratipikasyon. Isang gantimpalang kusang-loob na ibinibigay para sa serbisyo o nagawang pakinabang, nang hindi humihingi ng kapalit sa anumang paraan.

gratis *adj.* *Lat. gatis*; libre. Walang bayad/konsiderasyon.

gratuitous *adj.* libre. Walang upa o legal na konsiderasyon.

gratuitous contract *n.* libreng kontrata; kontratang walang bayad. Sa *Civil Law*, walang bayad na kasunduan. Kontratang isinasagawa nang may layuning hindi tatanggap ng pakinabang/konsiderasyon.

gratuitous title *n.* *Tingnan title, gratuitous.*

gratuity *n.* pabuya. Halagang kusang-loob na ibinibigay sa pagkilala ng nakaraang serbisyo.

gravamen *n.* gravamen; pabigat sa titulo. Sa *Civil Law*, isang nakarehistrong pananagutan sa titulo ng lupa.

grave *adj.* maselan; mabigat; grabe. *n.* libingan; puntod.

grave, less *adj.* *Tingnan less grave.*

grave abuse of discretion *n.* abuso ng kapangyarihan. Malubhang pag-abuso sa diskresyon at kapangyarihan.

grave coercion *n.* malubhang koersiyon; malubhang pamimilit. Malubhang pamimilit sa hindi gustong gawin; malubhang pagpigil sa gustong gawin. *Tingnan Art. 286, Binagong Kodigo Penal.*

grave felony *n.* Sa *Criminal Law*, mabigat na krimen.

grave slander *n.* pagmumura; paninirang-puri. Malubhang paninirang-puri sa pamamagitan ng salita.

grave threats *n.* malubhang pananakaw pagbabanta. *Tingnan Art. 282, Binagong Kodigo Penal.*

gross *adj.* lahat; kabuuan; gross.

gross income *n.* kabuuang kita.

gross negligence *n.* malaking kapabayaang. Ang malaking pagkaligta sa pag-iingat ukol sa pagkilos para sa pagkakaganap ng isang bagay.

gross receipts *n.* kabuuang halagang tinanggap; kabuuang benta. *Tingnan Art. 447, Kodigo Sibil.*

guarantee *v.* garantiyahan, garantiyahin, gumarantiya, igarantiya, maggarantiya.

guarantor *n.* piyador; nananagot; garantor.

guaranty *n.* garantiya; kolateral. Kolateral na tungkulin o sagutin kung ang prinsipal ay hindi makabayad. *Tingnan Art. 2047, Kodigo Sibil.*

guardian *n.* taga-alaga, tagapag-alaga; gardiyan. Taong binigyan ng batas ng kapangyarihan at tungkulin ng pag-aalaga ng isang tao at pangangasiwa sa kaniyang pag-aari o karapatan dahil wala siyang kakayuhang pangasiwaan ang sariling kapakanan.

guardian ad litem *n.* tagapangasiwa ng usapin.

guest *n.* panauhin; bisita.

guest, automobile *n.* panauhing sakay; panauhing di-nagbabayad. *Tingnan Art. 102, binagong Kodigo Penal.*

guest, paying/passenger *n.* *Tingnan paying guest.*

guilt *n.* pagkakasala, kasalanan. Katiyakan/kaseguruhang moral na may kasalanan ang isang tao.

guilty *adj.* maysala, nagkasala. *n.* salarin.

Hh

habeas corpus *v. Lat. habeas corpus*; ilabas mo ang katawan. Isang utos ng hukuman sa taong pumipigil sa kapwa tao na iharap ang katawan ng detenido sa isang tiyak na oras at lugar at ipaliwanag ang sanhi ng pagkakadetine.

habit *n.* gawi, kinagawian, nakagawian; ugali, pag-uugali, nakaugalian; kasuotan.

habitual delinquent *n.* habitwal na delingkuwente. Isang tao na sa loob ng 10 taon mula nang siya'y makalaya o huling nakondena ng isang krimen ay nahatulang nagkasala muli. Ang taong nagkasala ng pisikal na pananakit, robo, hurto, estapa, o palsipikasyon, sa loob ng 10 taon mula sa petsa ng kaniyang paglaya o huling kondensasyon (*conviction*) sa mga nabanggit na pagkakasala. *Tingnan Art. 62, Binagong Kodigo Penal.*

habituality *n.* kinagawian; pamimihasa. *Tingnan reiteration.*

handwriting *n.* sulat-kamay.

harassment *n. harassment.* Mapang-abusong pagligalig, pag-abala, panggugulo o pagpapahirap.

hearing *n.* pagdinig; bista; paglilitis.

hearsay *n.* bali-balita; sabi-sabi; balitang walang-katiyakan. Ebidensiya ng isang pagsasaad na isinagawa ng ibang tao na tinatawag na testigo. Ang halimbawa ng hearsay na pangungusap ay nag-uugnay ng saksi na si W. na tinanong: "ano ang sinabi sa iyo ni Y o ano ang narinig mong sinabi sa iyo ni Y." Kung ang tanong ay upang patibayin ang katotohanan ng sinabi ni Y, ito ay hearsay o sabi-sabi lamang. Kapag ito ay tinanong upang ipakita na isinalita lamang hindi ito hearsay. Maaaring tanggapin ang katotohanan na si Y ay nagsalita, ngunit hindi ang katotohanan ng sinabi niya. Ang batayan ng hearsay rule ay kredibilidad ng nagsalita sa pagtimbang o pagsukat sa katotohanan ng sinabi ng nagsalita, ngunit kung sinabi iyan sa labas ng hukuman nang walang ginawang balik-pagtatanong, at hindi nakaharap ang nagsalita sa mga umuusig sa nangyari, hindi natin hahayaang tanggapin ang isinaad. Maraming eksepsiyon sa hearsay rule sa hindi pagtanggap batay sa kombinasyon ng napagtitiwalaan at pangangailangan. Ang mga opisyal na nakasaad sa police report na kasamaan ang mga isinasaad ng nagsalaysay ay nakasalig sa kauna-unahang kaalaman at ang opisyal ay nasa ilalim ng tungkulin gumawa ng ulat (at sa walang motibong nagsinungaling) ay

hearing, summary

81

holding company

matatanggap sa ilalim ng paglupad sa katungkulan.

Karaniwan ding eksepsiyon ang deklarasyon sa bingit ng kamatayan—sa tuntuning ito ang pagsasaad ng isang tao na ginawa dahil sa walang pag-asang mabuhay pa ay matatanggap sa pamamagitan ng ibang taong nakarinig ng salita o isinaad ng nagsalita.

hearing, summary *n.* *Tingnan summary hearing.*

head of the family *n.* puno ng pamilya; padre de pamilya. Sinumang sumusuporta sa mga miyembro ng pamilya sa ilalim ng isang bubong.

health *n.* kalusugan.

healthy *adj.* malusog.

heinous *n.* sukdulang karima-rimarim. e.g. *plunder*

heir *n.* tagapagmana; ereder. *Tingnan Art. 782, Kodigo Sibil.*

heir, forced *n.* sapilitang tagapagmana.

hereditary *adj.* ereditaryo; namamana.

hereditary succession *n.* ang pagsasalin ng titulo sa ari-arian alinsunod sa Batas ng Manahan; ang titulo sa isang estoda ay nakamit ng isang tao sa pag-iral ng batas sa pagkamatay ng walang iniwang huling habilin o testamento.

hidden defect *n.* depektong nakatago; di-lantad na depekto; di-nakikitang depekto. *Tingnan Art. 1561, Kodigo Sibil.*

hidden treasure *n.* nakatagong kayamanan. *Tingnan Art. 439, Kodigo Sibil.*

hidden wealth *n.* nakatagong yaman.

highway *n.* haywey. Maluwag na kalsada. Lansangan, tulay, o riles na ginagamit ng tao o anumang sasakyan panlupa. *Tingnan Anti-Highway Robbery Act, P.D. No. 532.*

hire *v.* umupa, upahan; umarkila, arkilahin.

hoard *v.* mag-ipon; mag-imbak; magtinggal. Labis na pag-iimbak ng mga paninda sa pagkatakot na maubusan o sa layuning magtubo nang malaki.

holder *n.* mayhawak. Sa *Insurance Law*, ang may-ari ng patakaran sa seguro (*insurance policy*) at may karapatang tumanggap ng lahat ng mga benepisyon isinasaad nito.

holder in due course *n.* *holder in due course*; mayhawak ng dokumento sa wastong daloy. Ang mayhawak ng tseke o pagare (*promissory note*) sa ilalim ng sumusunod na kondisyon: **a.** na ito ay komplete at regular sa kaanyuan; **b.** na siya ang naghawak nito bago lumampas ang takdang panahon upang bayaran, at wala siyang kaalaman na ito ay tinanggihang bayaran; **c.** na ito ay kaniyang tinanggap nang may mabuting hangarin at may kapalit na halaga; **d.** sa panahong ito ay naisalin sa kaniya, wala siyang kaalaman sa anumang depekto ng titulo ng taong nagsalin. *Tingnan Sec. 52, Act 2631.*

holding company *n.* *holding company*, kompanyang mayhawak. Iisang "super korporasyon" o kompanyang nagmamay-ari/nagkokontrol ng malaking bahagi ng ibang korporasyon kung kaya nakapagdidikta ng

kapangyarihan sa mga patakaran sa pagboto.

holiday *n.* pista opisyal. Araw na idineklara ng gobyerno na walang pasok bilang pag-alala sa mahalagang petsa.

holographic will *n.* olograpikong testamento. Huling habilin na nasa sulat-kamay ng testador. *Tingnan Art. 810, Kodigo Sibil.*

home *n.* tahanan.

homestead *n.* homsted. Lupa ng gobyerno na ipinasasaka sa pribadong tao. Lupang nililintang sa ilalim ng *Commonwealth Act 141*.

homestead patent *n.* *Tingnan patent, homestead.*

homicide *n.* *homicide*; omisidyo. Pagpatay ng tao, intensiyonal man o hindi. Kaiba sa *murder*. *Tingnan Art. 249, Binagong Kodigo Penal.*

homo *n.* *Lat. homo*. Tao, anuman ang kasarian.

honor *n.* karangalan; dangal; puri; onor.

honorable *adj.* kagalang-galang; onorable.

hospital *n.* ospital. *Tingnan Sec. 2, R.A. No. 4226.*

hostile possession *n.* aktuwal na pag-okupa o pamumusyosyon sa ari-ariang real nang walang pahintulot ang sinumang nag-aangkin ng titulo, na may kahalang pag-aangkin sa pagmamay-ari, hayag man o pahambing.

hostile witness *n.* testigong bumaligtad.

hotel *n.* hotel. *Tingnan National Building code, P.D. No. 1096.*

household *n.* *household*. Pamilyang nakatira sa ilalim ng isang bubong.

human relations *n.* pakikipagkapuwatao.

husband *n.* *Ceb.* bana. Asawang lalaki.

hypothecate *n.* maghipoteka, ihipoteka. Pagprenda ng isang bagay na hindi isinuko, ibinigay, o inilipat sa posesyon nito tulad ng hipoteka ng barko.

I.O.U. [abbr.] *I owe you*. Isang palatandaan ng utang.

idem sonans *n.* *Lat. idem sonans*. Magkatulad ang tunog halimbawa *Beneditto para sa beseditto; Keen para sa Keene, Hutson para sa Hudson at iba pa.* (Kadalasang ginagamit ito sa halaman.)

identical *adj.* identikal. Pagiging magkatulad/magkapareho.

identification *n.* identipikasyon; pagkakakilanlan.

identity *n.* *identity*; kaakuan; identidad. Pagkakakilala sa pagkatao.

ignominy *n.* kahihiyan; kawalan ng dangal.

ignoramus *n.* *Lat. ignoramus*; taong tanga; hangal.

ignorance *n.* katangahan; kahangalan; di-pagkabatid; di-pagkakaalam; kawalang-kaalaman; pagkaignorante. [Sa batas, hindi katwiran upang labagin ito.] *Tingnan Art. 3, Kodigo Sibil.*

ignore *v.* huwag pansinin.

ill-repute *adj.* masamang pagkakakilala; masamang reputasyon.



illegal *adj.* ilegal. Labag sa batas.

illegal conditions *n.* mga ilegal na kondisyon.

illegal consideration *n.* ilegal na konsiderasyon.

illegal contract *n.* ilegal na kontrata.

illegal entry *n.* ilegal o labag sa batas na pagpasok.

illegal possession *n.* *illegal possession*. Labag sa batas na pagtataglay ng isang bagay halimbawa armas.

illegality *n.* ilegalidad; pagkailegal; pagiging ilegal.

illegitimacy *n.* pagkailehitimo. Ang katayuan ng bata na anak sa labas (ng kasal).

illegitimate *n.* anak sa labas. *adj.* ilehitimo.

illegitimate child *n.* ilehitimong anak. Anak sa labas ng kasal.

illicit *adj.* ilisit. Labag sa batas at moralidad.

illiterate *adj.* iliterado; iliteret. Dimarunong magbasa at magsulat.

illness *n.* karamdaman; sakit.

imbecile *n.* kulang-kulang. Kulang sa isip buhat pa sa pagkabata. *Tingnan Art. 38-39, Kodigo Sibil.*

imitation *n.* imitasyon; panggagaya.

imitation, colorable *n.* *Tingnan colorable imitation.*

immaterial *adj.* imateryal; walang kaugnayan.

immaterial issue *n.* isyung imateryal. Walang katuturan katanungan; walang kinalamang bagay sa pinag-uusapan.

immediate *adj.* kaagad-agad; ngayon din; kagayat.

immoral consideration *n.* konsiderasyong imoral. Labag sa mabuting kaugalian.

immovables *n.* ari-ariang di-natinanag. Ari-ariang real at iba pang bagay na nakakabit dito.

immunity *n.* *immunity*; imunidad; kaligtasan. Imunidad na karaniwang ipinatutupad ng batas *halimbawa diplomatiko, lehislalibo, ehekutibo, habla, aresto, at iba pa.*

impairment of the obligation of contracts *n.* pagsira sa bisa ng kontrata. Sa *Art. III, Sek. 1 (10) ng 1987 Konstitusyon*, isang batas na sumisira sa bisa ng mga kontrata. [Ito ay ipinagbabawal ng Konstitusyon].

impeachment *n.* *impeachment* pag-uusig/pagpaparatang at pagtitiwalag. Proseso ng pagtanggap sa tungkulin ng matataas na opisyal tulad ng presidente, bise-presidente, mga mahistrado ng Korte Suprema, mga puno at miyembro ng komisyon konstitusyonal.

impediment *n.* hadlang; sagabal; balakid. Mga legal na hadlang sa paggawa ng kasunduan.

imperative *adj.* 1. imperatibo; kailangang-kailangan. *n.* 2. utos. Pag-utos/pagpapatupad ng mga obligasyon/tungkulin.

imperfect obligations *n.* obligasyong di-maipapatupad. Obligasyong kulang sa detalye kung kaya di-maipapatupad.

impersonation *n.* pagpapanggagap; pagbabalatkayo.

impertinent *adj.* impertinente; dinararapat; walang kaugnayan; wala sa lugar.

impleade *v.* isama sa habla.

implication *n.* implikasyon; pahiwatig. Pagkadawit/pagkasama sa mga nakasaad/nakasulat.

implied authority *n.* pahiwatig na kapangyarihan; pahiwatig na awtoridad. Kapangyarihang ipinapalagay na kasama sa ipinagkaloob na kapangyarihan.

implied malice *n.* pahiwatig na malisya.

implied repeal *n.* pahiwatig na pagpapawalang-saysay; pahiwatig na binawi. Ipinapalagay na pagpapawalang-saysay sa batas.

imply *v.* magpahiwatig, ipahiwatig, pahiwatigan. Sa *batas*, ang salitang ito ay ginagamit laban sa sinabi.

import *n.* angkatin, iangat, mag-angkat; mag-import, umimport, iimport. *n.* 1. angkat; import. 2. kabuluhan; kahulugan.

importation *n.* importasyon. Paghahatid ng kalakal mula sa isang bansa tungo sa ibang bansa.

impossible *n.* imposible. Di-mangyayari; di-maaari; di-magaganap; di-matutupad.

impostor *n.* impostor. Taong mapagpanggap/nagpapanggap.

impotence *n.* pagkaimpotente. Sa *medical jurisprudence*, ang kawalang-kakayahan na tumayo o tumigas ang ari upang maisagawa ang kopulasyon/pagtatalik.

impotent *adj.* impotente.

imprison *v.* ikulong, kulungin; ipiit; ibilanggo.

imprisonment *n.* pagkakakulong; pagkapiit; pagkabilanggo.

improper *adj.* di-angkop; di-akma; di-wasto; di-tumpak.

improvement *n.* pagpapabuti; mehora. Karagdagang kagalingan/pagpapahusay sa ari-arian para makapagpataas sa halaga nito.

improvidence *n.* walang pagpapalagay; kawalang-ingat; kabulagsakan, pagkabulagsak.

improvident *adj.* di-nakikinita; walang-ingat; bulagsak. Di-nakikinita kaugnay sa paghatol batay sa maling palagay.

imprudence *n.* kawalang-ingat, pagkawalang-ingat.

impugn *v.* tuligsain, tumuligsa, manuligsa; batikusin, bumatikos, mambatikos.

impulse *n.* simbuyo; bugso; udyok.

impute *v.* pagbintangan, magbintangan; paratangan, magparatang.

inadequate *adj.* di-sapat; kulang; kapos; salat.

inadmissible *adj.* di-katanggap-tanggap, di-matatanggap.

inadvertent *adj.* di-sinasadya; mapabayaan.

inalienable *adj.* di-maililipat; di-maipagbibili; di-maisasalin; di-maaalis.

incapacity *n.* kawalang-kakayahan; inkapasidad.

incarcerate *v.* ikulong; ipiit; ibilanggo.

incentive *n.* insentibo; paghikayat sa pagkilos; motibo.

incessant *adj.* walang humpay; patuloy.

incident *n.* pangyayari; insidente. Isang bagay na may kinalaman sa o bahagi ng prinsipal.

incite *v.* mag-udyok, udyukan, mang-udyok; pukawin; magbuyo, buyuhin, mambuyo; manulsol, sumulsol, sulsulan.

include *v.* isama, magsama; idagdag, magdagdag.

incoate *n.* *incoate*. Inaasam na karapatan.

income *v.* kita. Perang kinikita sa trabaho, negosyo, pensiyon, at iba pa.

incompatible *adj.* di-akma; di-tugma; di-magkasundo; magkalaban; magkasalungat.

incompetency *adj.* kawalan ng kakayahan. Ang tanging terminong maaaring gamitin upang ipakahulugan

ang deskalipikasyon, kawalang-kaya o kawalan ng saysay. Maaari rin itong gamitin upang ipahayag kung walang pisikal, moral o intelektuwal na kakayahan.

Kung nahatulang inkompetente ang isang tao, hihirang ng isang tagapag-alaga ang hukuman na siyang mangangasiwa sa mga gawain niya hanggang makabawi ang nahatulan sa kawalan niya ng kakayahan.

incompetent *n.* taong walang kakayahang kumilos ng may bisa ayon sa batas. *i.e.* ang bingi't-pipi, baliw o menor de edad ay kailangan ang guardian sa pagkilos.

inconsistent *adj.* taliwas; salungat; pabago-bago.

incorporation *n.* inkorporasyon. Pagtatatag ng korporasyon.

incorporeal rights *n.* karapatang dinakikita. *Halimbawa karapatan sa kalayaan, pagsamba, at iba pa.*

incorrigible *adj.* di-mababago; di-masusupil; di-mapapabuti; di-mapapatino; di-maitutuwid.

incorruptible *adj.* di-mapapasama; di-masusuhulan.

incriminate *v.* idawit; isangkot sa krimen.

incumbent *adj.* nanunungkulan.

incur *v.* magtamo, tamuhin; magkaroon.

indebtedness *n.* pagkakautang.

indecent *adj.* malaswa; masagwa; mahalay; bastos.

indemnify *v.* magbayad-pinsala.

indemnity *n.* bayad-pinsala.

independence *n.* kalayaan; independensiya; kasarinlan.

indeterminate *adj.* di-matiyak; walang katiyakan.

indictment *n.* sakdal; demanda. Ang nakasulat na sakdal laban sa isa o ilang tao sang-ayon sa batas sa pagkakaganap ng krimen.

indigent *adj.* dukha; mahirap; maralita. *Tingnan R.A. No. 6033.*

indirect assault *n.* *indirect assault*; di-tuwirang salakay. Di-tuwirang paggamit ng lakas o pananakot sa taong tumutulong sa nasa kapangyarihan. *Tingnan Art. 149, Binagong Kodigo Penal.*

indirect evidence *n.* di-tuwirang ebidensiya. Nagpapatunay sa isang pangyayari sa pamamagitan ng pagkaintindi sa mga bagay na napatunayan.

indispensable parties *n.* *Tingnan parties, indispensable.*

indorse *v.* *Tingnan endorse.*

inducement *n.* 1. kasunduan. Ang pakinabang na matatanggap sa kasunduan ng nangako. 2. pambubuyo, panghihimok, panghihiikayat, pangungumbinsi.

industrial fruit *n.* bungang industriyal; bungang pinagpagalan.

ineffective *adj.* di-mabisa; di-epektibo.

inevitable *adj.* di-maiiwasan.

infanticide *n.* impantisidyo. Pagpatay sa sanggol na wala pang tatlong araw ang edad.

infer *v.* mahinuha; mahiwatigan, maamahiwatig

in flagrante delicto *adj. Lat. in flagrante delicto.* Nahuli sa akto.

influence *n.* impluwensiya.

information *n.* impormasyon; kaalaman. Sa *practice*, isang habla o akusasyon ng isang krimen na isinasakdal ng piskal laban sa isang tao.

infringe *v.* lumabag, labagin, maglabag; sumuway, magsuway, suwayin.

inherent *adj.* likas; katutubo.

inherit *v.* magmana, ipamana, manahin.

inheritance *n.* mana, pamana. *Tingnan Art. 776, Kodigo Sibil.*

inhibition *n.* inhibisyon; pagpigil sa sarili. Sa *Civil law*, isang petisyon upang pagbawalan ang isang hukom sa pagpapatuloy ng pagdinig sa usaping nasa kaniyang sala/korte.

injunction *n.* *injunction.* Isang utos na nagbabawal sa pagganap ng isang bagay na ayon sa hukom ay hindi dapat isagawa habang hindi pa natatapos ang pagdinig sa usapin.

injurious *adj.* nakakapinsala.

injury *n.* kapinsalaan; kasiraan; pananakit.

injustice *n.* kawalang-katarungan; kawalang-hustisiya; kawalang-matwid.

inmate *n.* bilanggo; preso.

innocent *adj.* walang sala; inosente.

innuendo *n.* pasaring; parinig; patutsada.

in pari materia *Lat. in pari materia.* Sa katulad na bagay/paksa.

in personam *n. Lat. in personam.* Isang

lunas na ang paglilitis ay laban sa isang tao.

inquest *n.* pagsisiyasat. Pagsisiyasat na ginagawa ng piskal pagkatapos ng aresto sa suspek/pinaghihinalaan nang walang warant.

inquiry *n.* usisa, pag-uusisa; tanong, pagtatanong.

in rem *n. Lat. in rem.* Isang lunas na ang paglilitis ay laban sa tiyak na mga bagay o sa sanlibutan.

insane *n. adj.* baliw. Abnormal ang takbo ng pag-iisip o utak.

insanity *n.* kabaliwan, pagkabaliw.

insolvency *n.* di-makabayad-utang; pagkabangkarote; insulbensiya.

insolvent *adj.* bangkarote; walang pambayad. Di-makakabayad at walang sapat na ari-ariang pambayad sa utang.

installment *n.* hulog; hurnal; *installment. adj.* hulugan.

instigation *n.* panunulsol; instigasyon.

institution *n.* institusyon. Sa *Civil Law*, ang pagtatatag ng isang tagapagmana. Akto ng testador sa pagbanggit sa tagapagmana sa kaniyang huling-habilin/testamento.

instrumentality *n.* ang ahensiya o kapamaraan.

insular *adj.* nauukol sa isang isla.

insurance *n.* seguro; *insurance.*

Insurance Law *n.* Batas ng Seguro.

insurance policy *n.* kontrata/patakaran/palisi sa seguro. Ito ang kinasusulatan ng kasunduan ukol sa seguro.

insure *v.* iseguro, ipaseguro; *i-insure*, *ipa-insure*, *mag-insure*.

insurrection *n.* insureksiyon. Welga o pag-aaklas ng taumbayan laban sa gobyerno.

intellectual creation *n.* likhang intelektuwal; malikhaing gawa.

intent *n.* layon; hangarin.

intent to gain *n.* tangkang makinabang.

intentional *adj.* sadya; sinadya; intensiyonal.

interest *n.* 1. interes; tubo. 2. pakinabang; kapakanan. 3. pagnanais.

international *n.* internasyonal. Pag-uugnayan sa pagitan o sa lahat ng mga bansa sa buong mundo.

interim *adj.* pansamantala; probisyonal.

interlocutory judgment/order *n.* interlokutoryong hatol/utos. Pansamantalang utos ng hukuman na hindi maiaapela hangga't walang huling pasiya.

internal *adj.* internal; panloob.

international *adj.* pandaigdig; internasyonal.

interpleader *n.* interplider. Paghahain ng isang habla upang ang dalawang panig na may magkasalungat na pag-aangkin (*claim*) sa isang bagay ay mapilitang mag-asunto. *Tingnan Sec. 1, Rule no. 63, Rules of Court.*

interpose *v.* sumabat, sabatin; makialam, pakialaman.

interpretation *n.* interpretasyon; pagpapakahulugan.

interpreter *n.* tagasalin; interpreter.

interrogate *v.* magtanong, tanungin.

interrogation *n.* interogasyon; pagtatanong. Terminong impersonal na ginagamit upang ilarawan ang proseso kung papaanong mahigpit na tinatanong ng mga awtoridad ang mga pinaghihinalaan o suspek.

interrogatory *n., adj.* interogatoryo. Mga nakasulat na tanong sa isang usapin na inihain sa isang panig o testigo na may interes o impormasyon na nauugnay sa usapin alinsunod sa *Rules of Court*. Sa aksiyon sibil, isang kasangkapan sa pagtuklas bago ang paglilitis. Dito nakasulat ang mga pagtatanong na pinasasagot sa kalaban sa ilalim ng panunumpa.

interruption *n.* interupsiyon; pagkatigil; pagkahinto.

inter vivos *Lat. inter vivos.* Samantalang buhay; habang nabubuhay.

intervenor *n.* tagapamagitan.

intervention *n.* pakikialam; interbensiyon. Isang paraan upang ang isang tao na di-orihinal na kasama sa asunto, ngunit naghahabol sa isang matwid o karapatan sa pinag-uusapan ay maghain ng kahilingang maisangkot sa usapin upang maipagtanggol ang kaniyang karapatan o pag-aangkin (*claim*).

intestate *n.* intestado. Walang testamento.

intimidation *n.* intimidasyon; pananakot; pagbabanta.

intoxication *n.* intoksikasyon; pagkalasing; pagkalango.

intrinsic *adj.* intrinsiko; katutubo.

intrinsic fraud *n.* katiwaliang-likas; intrinsikong pandaraya.

inundation *n.* inundasyon; pagpapalubog; pagpapabaha.

invalid *adj.* imbalido; walang bisa.

invasion *n.* panlulusob, paglusob; pananalakay, pagsalakay.

invention *n.* imbensiyon; likha.

inventory *n.* imbentaryo. Listahan ng mga bagay-bagay at ari-arian.

investigation *n.* imbestigasyon; pagsisiyasat.

investment *n.* puhunan, pamuhunan; *investment*.

investor *n.* mamumuhunan; kapitalista; *investor*.

inviolability *n.* di-maaaring labagin.

involuntary servitude *n.* di-boluntaryong paninilbihan/pagsisilbi; di-kusang-loob na paglilingkod.

involvement *n.* pakikilahok; pakikisangkot.

ipso facto *Lat.* nang dahil sa naganap mismo. Ang pagkabili sa kaniyang ari-arian ay ipso-faktong nagwakas sa anumang interes niya sa lupang iyon.

ipso jure *Lat.* nang dahil sa batas; tanging sa batas.

irregular *adj.* di-regular; tiwali; paliban-liban.

irregularity *n.* iregularidad; katiwalaan.

irremovable *adj.* di-maaalis.

irreparable *adj.* di-malulunasan; di-mababayaran.

irresistible *adj.* hindi malalabanang lakas.

irrevocable *adj.* di-mababawi.

issue *n.* isyu. Sa *pleading*, ang paksang pinaglalabanan sa isang usapin.

Ji

jail *n.* piitan; bilangguan; kulungan.

jeopardy *n.* peligro; panganib.

jeopardy, double *n.* Tingnan double jeopardy.

jetsam *n.* jetsam. Kalakal na sadyang itinaon sa dagat mula sa barkong nanganganib lumubog.

jettison *n.* jettison; pagaang-tapon. *v.* i-jettison, ipa-jettison, mag-jettison. Ipatapon mula sa barko ang anumang bagay para gumaan ito.

joinder *n.* joinder; pinag-iisa. 1. Sa pleading, ang pag-iisa ng dalawa o ilang mga sanhi/dahilan ng isinumbong sa iisang pagsasaad. 2. sa parties, ang pagsasama ng dalawang panig sa iisang kaso; pagsasama ng iba pang panig na hindi naisama sa orihinal na habla.

joint action *n.* joint action; magkasanib na sumbong. Ang pinagsanib na sumbong ng dalawa o higit pa laban sa dalawa o higit pang inihabla.

joint and several *n.* joint and several; solidaryong pananagutan. Maaaring ihabla ng may-pautang ang isa o lahat ng magkahiwalay na may-utang, o ihabla silang lahat nang magkasabay sang-ayon sa opsiyon ng may-pautang.

joint bond *n.* joint bond; magkatambal na piyansa. Ang piyansa ng dalawa o ilang may pananagutan.

joint debtors *n.* magkasama sa utang. Magkasama sa utang pero kaniya-kaniya ang obligasyon na magbayad.

joint venture *n.* joint venture; magkasamang pagsasapalaran. Pagsasama ng dalawa o higit pang indibidwal/entidad para sa pagsasagawa ng isang partikular na transaksyon/proyekto na pakikinaabangan ng bawat isa o ng isang negosyo.

journal *n.* journal; jornal. Sa Maritime Law, talaan ng mga gawain araw-araw.

judge *n.* hukom; huwes. *v.* magpasiya, pasiyahan; humatol, hatulan; husgahan, maghusga.

Judge Advocate *n.* Judge Advocate. Opisyal ng Judge Advocate General's Corps ng militar.

Judge Advocate General's Office (JAGO) *n.* Judge Advocate General's Office (JAGO). Opisinalang panlegal na tumutulong sa paggagawad ng katarungan sa hanay ng militar.

judgment *n.* pasiya; hatol

Judicial

91

jurisdiction

judicial *adj.* panghukuman; hudisyal. Ukol sa batas o paglalapat ng katarungan.

judicial confession *n.* Tingnan confession, judicial.

judicial discretion *n.* diskresyong hudisyal. Opsiyon ng hukom sa paggawa o di-paggawa ng isang bagay na hindi maaaring igiit ng litigant bilang ganap na karapatan.

judicial immunity *n.* inmunidad na hudisyal; kaligtasang panghukom. Ang lubos na proteksiyon na nagmumula sa pagtupad ng gawaing hudisyal.

judicial legislation *n.* lehislyang hudisyal. Katagang nagpapahiwatig ng desisyon sa hukuman na nagpupuno sa puwang (gap) ng batas at nagkakaroon ng sariling kahulugan na hindi kailanman nilalayan ng lehislatura.

judicial notice *n.* notisyang hudisyal. Notisyang ipinapahayag ang doktrina sa pagtanggap ng hukuman ng ilang mga katotohanang hindi na kailangang magharap ng katibayan na dapat malaman ng hukuman.

judicial order *n.* kautusang hudisyal; utos hudisyal; utos ng hukuman.

judicial power *n.* kapangyarihang hudisyal. Kapangyarihan ng hukuman.

judicial proceeding *n.* gawaing hudisyal. Anumang hakbang na humihiling at nagsasagawa ng aksiyon ng hukuman.

judicial process *n.* prosesong hudisyal. Mga pamamaraang hudisyal.

judicial review *n.* rebyu/repasong

hudisyal. Anyo ng pag-apela sa hukuman para sa muling pagsusuri ng pagkabalido (validity) ng batas o kautusang administratibo.

judicial system *n.* sistemang hudisyal. Kabuuang network ng mga korte sa isang partikular na hurisdiksiyon. Karaniwang binubuo ng Korte Suprema, Hukuman ng Apelasyon, korteng panrehiyon, korteng pandistrito at mga natatanging korte.

judiciary *n.* judiciary; hudikatura. Ang sistema ng mga hukuman pangkatarungan sa isang bansa.

jurat *n.* jurat. Ang bahagi ng salaysay/dokumento na nagpapatotoong ito ay sinumpaan sa harap ng isang opisyal.

juridical capacity *n.* kakayahang huridikal; kakayahang legal. Ang pagiging karapat-dapat na maging saklaw ng relasyong legal.

juridical person *n.* personang huridikal. Artipisyal na persona tulad ng korporasyon na kinikilala ng batas na may sariling personalidad.

jurisdiction *n.* hurisdiksiyon; nasasakupan. Awtoridad na magpasiya.

Ang poder sa pagdinig, lumitis, at magpasiya sa usapin. Ang hurisdiksiyon ay maaaring sa paksa o sa mga persona o katauhan ng mga panig. Bukod pa sa kapangyarihang magpasiya, ang balidong paggamit ng hurisdiksiyon ay nangangailangan ng notisya at ng pagkakataong marinig. Sa pagkawala ng alinman sa mga esensiyal sa elemento ng hurisdiksiyon (poder o notisya) ang hatol ay hindi maipagaganap.

Ang salita o katagang hurisdiksiyon ay ginagamit upang iugnay sa

partikular na sistemang legal, gaya ng "ang batas ay nag-iiba sa iba't ibang hurisdiksiyon," at sa diwa ng teritoryo (kalakip ang awtoridad na nasakop ang pagkilos sa loob ng teritoryo) gaya ng sa loob ng hurisdiksiyon ang estado ng Burma."

Hinggil sa aspekto sa poder ng hurisdiksiyon, mayroong pagkakaiba sa pagitan ng *action in persona* at *action in rem*.

jurisdiction, appellate *n.* hurisdiksiyong pag-apela. Ang kapangyarihan ng mataas na hukuman na dinggin ang usaping nanggaling na sa mababang hukuman.

jurisdiction of the subject matter *n.* hurisdiksiyon ng usapin. Kapangyarihan ng isang korte na dinggin ang uri ng kaso na isinampa rito.

jurisdiction over person *n.* hurisdiksiyon sa tao. Ang legal na kapangyarihan ng korte na humatol sa isang panig sa isang paglilitis.

jurisdictional amount *n.* halagang hurisdiksiyonal. Halagang itinakda ng hurisdiksiyon ng korte.

jurisprudence *n.* hurisprudensiya; jurisprudence. Pilosopiya ng batas o ang siyensiyang tumutukoy sa mga prinsipyo ng batas at ugnayang legal.

jurist *n.* *jurist*; hurista. Pantas/dalubhasa sa batas.

jus fruendi *Lat. jus fruendi.* Ang karapatan sa bunga.

jus gentrium *n.* *Lat. jus gentrium.* Ang batas ng mga bansa.

jus naturale *n.* *Lat. jus naturale.* Ang tawag sa mga tuntunin sa pamumuhay na karaniwang tinatanggap ng lahat ng tao at naaayon sa katwiran; kaiba sa mga tuntuning itinakda at ipinatutupad ng kapangyarihan ng estado na tinatawag na positibong batas (*positive law*).

jus possessionis *n.* *Lat. jus possessionis.* Ang legal na karapatan sa posesyon na iba o hiwalay sa pagmamay-ari.

jus possidendi *n.* *Lat. jus possidendi.* Ang legal na karapatan sa posesyon na nagmumula sa pagmamay-ari.

jus sanguinis *n.* *Lat. jus sanguinis.* Ang karapatan ng dugo; ang nasyonalidad na batay sa dugo.

just compensation *n.* makatarungang kompensasyon. Bayad na makatarungan sa may-ari at publiko kung ang ari-arian ay kinuha para sa publikong gamit.

just title *n.* wastong titulo. Titulong kinuha sa legal na paraan.

just value *n.* makatwirang halaga; tamang halaga. Sa *pagpataw ng buwis (taxation)*, ang tama, tapat, at makatwirang halaga ng ari-arian.

justice *n.* katarungan; hustisiya. 1. ang pagbibigay ng nararapat/nauukol sa bawat isa. 2. mahistrado. Titulo ng mga hukom sa Korte Suprema at Korte ng Apelasyon/Paghatulan.

justifying circumstances *n.* nagbibigay-katwirang pangyayari; mga sirkumstansiyang nagbibigay-katwiran.

juvenile *adj.* pangkabataan.

juvenile court *n.* hukumang pangkabataan.

juvenile delinquency *n.* pagkakasala ng kabataan.

juvenile delinquent *n.* batang delinkuente. Ang nagkasala ay mahigit sa 15 taon ngunit kulang sa 18 nang maganap ang krimen, maliban kung siya ay lampas siyam (9) at di-hihigit ng 15 at kumilos nang may kamalayan sa mabuti at masama (*discernment*).

Kk

key *n.* 1. susi. Instrumentong ginawa para pambukas ng kandado at pansara nito upang di-mabuksan ng iba. *adj.* 2. pangunahin; krusiyal; esensiyal.

kickback *n.* *kickback*. Porsiyento ng pambiling halaga na ibinibigay sa nakakaimpluwensiya para matuloy ang labag sa batas na transaksyon.

kidnap *v.* kidnap, kidnapin, mang-kidnap, kumidnap. Pagdukot sa isang tao.

kill *v.* pumatay, patayin; pumasla; paslangin (sa tao lamang ginagamit). Kitilin ang buhay.

kiting *n.* *kiting*; kayting. Pagtatakip tsekeng walang pondo sa paraan; ibang tsekeng galing sa ibang bangi at wala ring pondo.

knowledge, carnal *n.* *Tingnan carnal knowledge.*

label *n.* tatak; marka; etiketa; tag. *v.* tatakan; markahan; tawagin; pangalanan.

labor *n.* paggawa.

labor union *n.* unyon ng mga manggagawa.

laborer *n.* manggagawa.

laches *n.* pagkaligta. Ang pagpapabaya sa paggiit ng karapatan sa loob ng makatwirang panahon na nagiging hadlang sa demanda.

land *n.* lupa. Piraso ng lupa na may iba't ibang gamit tulad ng pagsasaka o pagpapatayo ng gusali.

land reform *n.* reporma sa lupa.

landholding *n.* lupain; lupang pag-aari.

landlord *n.* 1. maylupa; panginoong maylupa. May-ari ng lupa. 2. propertaryo. Nagpapaupa ng bahay, apartment, gusali, dormitoryo.

lapses *n.* paglipas. Walang epekto nang dahil sa tagal ng panahon. *v.* palipasin. Di-pagtupad ng mga kondisyon sa kasunduan o batas.

larceny *n.* *larceny*. Sa *American Law*, pagnanakaw na may kasamang estafa.

lascivious *adj.* malaswa; mahalay.

Li

lasciviousness *n.* kalaswaan; kahalayan.

last clear chance *n.* *last clear chance*. Huling pagkakataon para umiwas sa naunang banggaan.

last illness/sickness *n.* sakit na ikinamatay.

last will *n.* testamento; huling habilin.

latent *adj.* tago, natatago, nakatago. Hindi makita sa anyong panlabas ng isang bagay.

latent ambiguity *n.* nakatagong kalabuan. Kalabuang hindi malaman o makita sa nakasulat na dokumento.

latent defect *n.* depektong natatago. Depektong natatago na maaaring alam o hindi alam ng nagbebenta ngunit hindi makita ng bumibili.

law *n.* 1. batas. 2. abogasya.

law of the case *n.* desisyon sa usapin. Pasiya/hatol na dapat ipatupad.

law of nature *n.* batas ng kalikasan.

law of the land *n.* batas ng bayan; batas ng bansa.

lawful *adj.* legal; ayon sa batas.

lawful age *n.* wastong gulang; may sapat na gulang; nasa edad. Labingwalong taong gulang pataas.

leading question *n.* tanong na may pahiwatig. Tanong na nagbibigay o nagpapahiwatig ng sagot.

lease *n.* pagpapaupa *halimbawa* pagpapaupa ng bahay. *Tingnan* Art. 1643, *Kodigo Sibil*.

leasehold *n.* *leasehold*. Pagpapaupa ng lupang sakahan.

leave of absence *n.* pagliban sa pagpasok sa opisina sang-ayon sa batas sa paggawa dahil sa pagkakasakit o pagbabakasyon.

ledger *n.* *ledger*; ledyer; libro mayor. 1. Listahan ng mga akawnt 2. Listahan ng pautang/utang.

legacy *n.* pamana; legado. Pamana ng ari-ariang personal. *Tingnan* Art. 781, *Kodigo Sibil*.

legal *adj.* legal. Tungkol sa batas.

legal age *n.* *Tingnan* *lawful age*.

legal duty *n.* tungkuling legal. Tungkuling ipinag-uutos ng batas.

legal entity *n.* legal na entidad; legal na personalidad. Entidad na may sariling identidad o pagkatao sa ilalim ng batas. *Halimbawa* korporasyon, baranggay unit.

legal ethics *n.* etika ng batas. Kinaugalian/kinamihasnang may kaugnayan sa moral at propesyonal na tungkulin ng mga abogado sa hukuman at sa publiko/madla at sa kaniyang kliyente.

legal fiction *n.* *legal fiction*. Palagay ng korte na nagsisilbing batayan sa pagpapasiya sa isang usaping legal katulad ng pag-aampon at iba pa.

legal impossibility *n.* imposibilidad na legal. Isang depensa sa isang paratang sa krimen. Ang isang krimen bagama't ganap na naisagawa ng isinakdal ay hindi maituturing na isang krimen. *Halimbawa*, pagbaril sa isang taong patay na pala.

legal liability *n.* pananagutang legal. Pananagutang kinikilala at ipinatutupad ng hukuman.

legal residence *n.* legal na tirahan. Permanenteng tirahan ng isang tao na nais niyang balikan. Kaiba sa pansamantalang tinutuluyan/tinutulugan.

legal separation *n.* separasyong legal. Paghihiwalay sa kama at kainan ng mag-asawa nang hindi pinawawalang bisa ang kasal.

legal tender *n.* perang legal. Salaping umiiral at tinatanggap sa komersiyo.

legal title *n.* titulong legal. Titulong kinikilala ng batas na lubos at perpekto sa karapatan sa pagmamay-ari at posesyon.

legatee *n.* legataryo. Taong binigyan ng ari-ariang personal sa pamamagitan ng huling habilin. *Tingnan* Art. 782, par. 2, *Kodigo Sibil*.

legible *adj.* nababasa.

legislation *n.* lehisasyon. Paggawa at pagpapatibay ng batas.

legislative immunity *n.* lehislatibong imunidad. 1. kaligtasan sa aresto o demanda ukol sa anumang krimen, liban sa mga malubha, habang may sesyon ang mga kongresista 2. kaligtasan sa anumang pananagutang

nagbubuhay sa talumpati o debate sa loob ng kongreso.

legislative intent *n.* layuning lehislatibo. Layunin ng kongreso na nakapaloob sa batas.

legislative investigation *n.* lehislatibong imbestigasyon. Pagsisiyasat ng kongreso bilang tulong sa paggawa ng batas.

legislative power *n.* kapangyarihang lehislatibo. Kapangyarihang gumawa ng batas.

legislature *n.* batasan; lehislatura.

legitimate *n.* lehitimo; tunay.

legitime *n.* ledyitim. Isang bahagi ng kabuuang ari-arian ng testador o ng yumao na hindi mapagpasiyahan dahil inilaan ito ng batas para sa mga takdang tagapagmana. *Tingnan* Art. 886, *Kodigo Sibil*.

less grave *n.* di-gaanong mabigat.

lessee *n.* umuupa; nangungupahan.

lessor *n.* ang nagpapaupa.

letter of administration *n.* dokumentong pang-administrasyon. Mga pormal na dokumentong iniisyu o pinaiiral ng husgado na inaatasan ang isang tao na magsilbing tagapamahala ng kabuuang ari-arian ng isang yumao.

letter of Credit (L.O.C.) *n.* *Letter of Credit* (L.O.C.); kasulatang kredito. Kahilingan ng isang kliyente na kilalanin ang mga tseke bilang bayad sa sandaling matupad ang mga kondisyon na nakatakda sa kredito.

letter of Intent (L.O.I.) *n.* *Letter of Intent* (L.O.I.); preliminaryong kasunduan. Ginagawa ng dalawang

panig na may intensiyong pumasok sa isang kasunduan.

letters patent *n.* karapatan sa ari-ariang likha ng isip; eksklusibong paggamit ng imbensiyon o disenyo.

letters regatory *n.* *letters regatory*. Hiling ng hukuman sa isang hukuman sa labas ng bansa na ang isang testigo ay maimbestigahan o masuri ukol sa isang nakasulat na tanong na kasama sa pakiusap.

levy *n.* *levy*. Legal na pagkuha ng ari-arian para maibenta at mabayaran ang nanalong panig sa isang usapin upang maipatupad ang desisyon ng korte.

lewd *n.* libog, halay, sagwa, laswa.

lewd design *n.* hangaring mahalay; makalupang hangarin.

lewdness *n.* kahalayan, kalibugan, kalaswaan; kasagwaan.

liability *n.* kapanagutan, pananagutan.

libel *n.* libelo; paninirang-puri. *Tingnan* Art. 353, *Binagong Kodigo Penal*.

liberality, act of *n.* *Tingnan* *act of liberality*.

liberal *adj.* liberal; mapagbigay; malayang magbigay.

liberty *n.* libertad; kalayaan.

license *n.* lisensiya. Opisyal na dokumentong nagpapahintulot sa may hawak na gawin, ariin, o gamitin ang isang bagay.

lien *n.* *lien*; liyen; pabigat o pantali sa ari-arian; *gravamen*; kapanagutan sa batas. Pananagutan/seguridad sa ari-arian na nagtatali sa ari-arian sa

isang sagutin/pagkakautang para magampanan ang obligasyon.

life insurance *n.* seguro ng buhay; *life insurance*. Kontrata sa seguro ng buhay.

limitation *n.* limitasyon; katakdaan.

limited partner *n.* *limited partner*; limitadong kabakas; limitadong kasosyo. Kabakas na ang sagutin sa ikatlong panig o ibang tao ay limitado sa kaniyang puhunan sa *partnership*.

limited partnership *n.* *limited partnership*; limitadong bakasan; limitadong sosyohan. Bakasang binuo ng dalawa o ilang katao na may kasaping isa o higit pang kasosyo at isa o ilang may kasosyong limitado. *Tingnan Art. 1843, Kodigo Sibil*.

lineup *n.* *lineup*. layn-ap. Pama-maraang pag-identipika ng pulisya na inihaharap sa biktima o saksi ang isang linya ng mga tao kasama ang pinaghihinalaan para tiyakin kung sino ang nagkasala.

liquidate *v.* malikida, ilikida, likidahan; magkuwenta, kuwentahin. 1. magkuwenta ng pagkakautang/*cash advance*. 2. *salvage*; iligpit. Labas sa batas na pagpaslang bilang bayad sa pagkakautang/atraso.

liquidated damages *n.* nilikida/kuwentadong bayad-pinsala. Buod ng halagang sinang-ayunang bayaran ng isang panig sa kontrata kung hindi ito makatupad sa pinagkasunduan o ilang pangako.

liquidation *n.* likidasyon; paglikida; pagkuwenta.

liquidator *n.* *liquidator*; tagalikida. 1.

taong inatasan para isagawa/ipatupad ang pagsara ng isang kompanya 2. tagapatay. Taong inatasanang pumaslang.

liquor *n.* alak. Inuming nakakalasing.

lis pendens *n.* *lis pendens*. 1. asuntong nililitis 2. may usapin na karaniwang inirerehistro/itinataak sa likod ng titulo real bilang babala.

list of creditors *n.* listahan ng mga kreditor; listahan ng mga nagpapautang. Ang nailathalang listahan ng mga presyo ng bilingin na itinakda ng sinumang binigyan ng kapang-yarihan ng batas at karaniwang may *public hearing*.

listed security *n.* nakalistang seguridad. isang seguridad na nakatupad sa mga kahilingan ng isang *stock exchange* para sa pagpapalista. Kasama sa gayong mga kahilingan ang pagsusumite ng mga ulat-pinansiyal, pagbibigay-pahintulot sa ilang superbisyon, at iba pa.

literacy *n.* literasi. Kakayahang bumasa at sumulat.

literal construction *n.* kahulugang literal. Ang interpretasyon ng isang batas o dokumento ayon sa sinasabi lamang ng dokumento na walang pagpapahalaga sa intensiyon.

literary property *n.* pag-aaring pampanitikan. Sa *copyright*, ang karapatan ng may-akda na ariin, gamitin, ilipat, o ibenta ang kaniyang intelektuwal na produksiyon o komposisyon.

litigant *n.* litigant, litigante; nagkakaso. Ang may-asunto.

litigate *v.* makipag-asunto.

literal *adj.* literal. Ayon sa pagkakasulat.

littering *n.* pagkakalat ng bagay-bagay; pagtatapon. Pagtatapon, pagtatambak, paglalagay, pagdedeposito, pag-iwan ng mga dumi, kalat o anumang bagay na inayawan o tinanggihan at maaaring magdulot ng polusyon, magpadumi, o magpapangit sa isang lugar, pribado man o publiko.

litoral land *n.* lupaing litoral. Lupang sakop ng pampang, baybayin o dalampasigan.

livestock *n.* *livestock*; alagang-hayop. Mga hayop na inalagaan para kainin o ilaan sa komersiyo tulad ng *baboy, manok, baka, kalabaw, kabayo, kuneho, kambing*, at iba pa.

loading and unloading *n.* pagkarga at pagdeskarga (sa bagay); pagsakay at pagbaba (sa tao).

loan *n.* pautang; utang.

loan certificates *n.* mga sertipiko/katibayan ng pagkakautang. Dokumentong iniisyu ng nagpapahiram bilang patibay/patunay sa partisipasyon sa isang utang para sa isang *extended term*.

loan commitment *n.* komitment/pangako sa pagkakautang. Komitment/pangako ng bangko na magpahiram sa tinantiyang (*estimated*) porsiyento na unang pinagkasunduan.

loan value *n.* halagang maipapautang. Ang pinakamataas na halagang maaaring hiram bilang panagot sa ari-arian o seguro ng buhay (*life insurance*).

lobbying *n.* *lobbying*; *pag-lobby*. Personal na solisitasyon o paggamit ng

impluwensiya para hikayatin o himukin ang mga mambabatas na bumoto pabor o laban sa isang lehislasyon.

local *adj.* lokal; pampook.

local government *n.* pamahalaang lokal; gobyernong lokal.

local improvement *n.* impraestrukturang lokal; mehora lokal. Pampublikong pagpapahusay na isinasagawa sa isang partikular na lugar na pakikinabangan ng kalapit na ari-ariang real.

local or resident agent *n.* ahente o residenteng lokal. Taong inatasan kumilos bilang kinatawan ng isang banyagang korporasyon upang magsagawa ng mga transaksyon/negosyo para sa nasabing korporasyon.

local or special legislation *n.* lehislasyong lokal o espesyal; lokal o natatanging lehislasyon. Batas na ginagamit o tumutukoy sa mga natatangi o partikular na lugar o tao, at iba sa pangkalahatang batas na umiiral at may kinalaman sa mga klase (*classes*) ng tao o nasasaklawan.

local or special assessment *n.* pagtatasang lokal o espesyal; natatanging pagtatasa. Halagang ipinapataw sa orihinal na buwis para bayaran ang lokal na impraestruktura *halimbawa bangketa, imburnal, kanal, kalye*, at iba pa.

local usage *n.* kaugaliang lokal. Ang kinaugalian sa isang lugar.

lockout *n.* *lockout*. Pagtangi ng may pagawaan na tanggapang muli sa trabaho ang isa o ilang mga empleado na nagwelga.

loco parentis *adj.* *Lat. loco parentis.* Tumatayo sa lugar ng magulang.

locus *n.* *Lat. locus.* Lugar na pinagganapan ng isang bagay.

locus contractus *n.* *Lat. locus contractus.* Lugar na pinagganapan ng isang kontrata.

locus criminis *n.* *Lat. locus criminis.* Lugar na pinagganapan ng krimen.

locus delicti *n.* *Lat. locus delicti.* Lugar na pinagganapan ng *quasi-delict*.

lodging house *n.* bahay-panuluyan; pangaserahan, pinangangaserahan. Bahay na inuupahan, karaniwang hindi kasama ang pagkain.

logbook *n.* *logbook.* Journal o aklat ng isang barko o eroplano na naglalaman ng mga detalyadong salaysay ng ruta at oras nito, nang may maikling tala ng bawat pangyayari sa panahon ng paglalakbay.

logic *n.* lohika. Ang siyensiya ng pangangatwiran. *Agham.*

logrolling *n.* *logrolling.* Praktis sa kongreso ng pagsasama ng samot-saring panukalang batas na napapa-loob sa ilalim ng isang titulo.

loiter *v.* gumala, maggala. Magpagalagala nang walang saysay.

loiterer *n.* taong gala, pagala-gala.

loitering *n.* paggala, paggagala.

longevity pay *n.* bayad sa mahabang serbisyo; *longevity pay.* Karagdagang kompensasyon alang-alang sa itinagal ng aktuwal na serbisyo.

long-term financing *n.* pangmatagalang pantang. Pangmatagalang

pagpapautang, karaniwang 10 taon o higit pa.

loss *n.* pagkawala, kawalan; pagkalugi.

loss of earning capacity *n.* pagkawala ng kakayahang kumita.

loss payable clause *n.* *loss payable clause;* probisyon kung sino ang magbabayad. Probisyon sa isang kontrata/dokumento ng seguro na nagsasabi kung sino ang babayaran.

lottery *n.* loteriya. Pagbibigay ng premyo sa mga laro ng pagsasapalaran sa pagpusta sa mga kombinasyon ng numero *halimbawa lotto.*

lowest responsible bidder *n.* pinakamababang responsableng tagasubasta/bidder. Tagasubasta na hindi lamang nag-aalok ng pinakamababang presyo kundi may kakayahang maisagawa ang trabaho batay sa kaniyang nakaraang rekord.

loyalty *n.* katapatan. Pagiging tapat *halimbawa sa bayan, kaibigan, o gawain.*

lucid interval *n.* *lucid interval;* panahong matino. Panahong pansamantalang matino ang isipan ng isang baliw.

lucrative *adj.* kapaki-pakinabang; matutubuan.

lucro cesante *n.* *Lat. lucro cesante;* tubong natigil. Tubong inaasahan ng matatanggap kung hindi dahil sa aksidente.

lump sum *n.* kabuuang halaga.

lunacy *n.* pagkabaliw; pagkalokop; pagkasira ng ulo.

lupong tagapayapa *n.* *conciliation committee.* Komite sa baranggay na tagaayos ng gusot/sigalot doon. *Tingnan Sec. 1, P.D. No. 1508.*

Lupong Tagapamayapa *n.* Hindi ito Hukuman ng Baranggay kundi

Lupon ng tagapag-ayos ng mga sigalot sa baranggay. *Alea vs. Tomenio- CAR 08101 5-21-87*

luxury tax *n.* tax sa luho. Buwis sa luho o karangyaan.

Mm

machination *n.* makinasyon. Sabwatan/sapakatan, pakana, o anumang aktong nag-uumang ng mga panlilinlang/pandaraya. *Tingnan Art. 1338, Kodigo Sibil.*

machinery *n.* makinarya. Malawak na salita kaysa makina, at nagsasama ng mga kasangkapang bahagi o kaugnay ng isang ari-arian. *Tingnan Art. 415, par. 5, Kodigo Sibil.*

magistrate *n.* mahistrado.

majority *n.* nakararami; mayorya. Mahigit sa kalahati.

majority opinion *n.* opinyon ng mayorya o nakararami. Opinyon ng nakararami sa isang korteng pang-apela. Maaaring tumukoy sa pagkakaisa/pagkakasundo ng pananaw ng karamihan sa hurisdiksiyon ukol sa isang prinsipyang legal.

majority vote *n.* boto ng mayorya; boto ng nakararami. Boto ng higit sa kalahati ng bilang ng mga botante para sa isang kandidato o iba pang bagay sa isang balota.

maim *v.* putulan. Ang pagputol sa isang bahagi ng katawan ng tao.

maintenance *v.* 1. sustento. Sustento para sa ikabubuhay ng tao. 2. pagpapanatili. Pagpapanatili para sa kapayapaan. 3.

suporta. Suporta para sa batas. 4. pagmamantene/pangangalaga. Pagmamantene/pangangalaga ng kasangkapan o ari-arian.

maker *n.* maker; maygawa ng tseke. Sinumang pumipirma sa kasulatang mangutang o manghiram. Sinumang pumipirma sa isang tseke; sa kontekstong ito, kasingkahulugan ng drawer.

maladministration *n.* maling pangangasiwa; maling pamamahala. Hindi tamang pangangasiwa/pangangalaga.

mala fe *n.* *Tingnan faith, bad.*

malefactor *n.* salarin. Sinumang nahatulan sa isang krimen o pagkakasala.

malfeasance *n.* paggawa ng katiwalian. Paglabag sa katungkulang pambayan.

malice *n.* malisya. Paggawa ng isang mali at nilayong magdulot ng sinasadyang pinsala sa kapuwa.

malice in fact *n.* aktuwal na malisya. Layuning manakit na kaiba sa *malice in law* o *implied malice*.

malice in law, also implied malice *n.* malisya sa batas; ipinalalagay na malisya sa batas. Ang intensiyonal na paggawa ng isang maling akto nang

malicious mischief

103

marine contract

walang makatwirang dahilan; malisyang ipinalalagay ng batas sa libelo.

malicious mischief *n.* may malisyang pamiminsala. Sadyang pagsira ng personal na ari-arian. *Tingnan Art. 327, Binagong Kodigo Penal.*

malicious prosecution *n.* pag-uusig na may malisya. Pag-uusig na walang batayan.

malpractice *n.* malpraktis; maling paggamit ng propesyon; di-nararapat na asal ng isang propesyonal.

malreatment *n.* maltrato. Maling pagtrato.

malum in se *adj.* *Lat. malum in se;* Likas na masama. Akto/kasong may kaugnayan sa hindi pagiging legal ng transaksyon, ayon sa mga prinsipyo ng natural, moral, o publikong batas.

malum prohibitum *adj.* *Lat. malum prohibitum.* Aktong ipinagbabawal ng batas; isang bagay na mali dahil ipinagbabawal.

malversation *n.* malbersasyon. Paglulustay sa salapi ng korporasyon/bayan. *Tingnan Art. 217, Binagong Kodigo Penal.*

manage *v.* mangasiwa; mamahala.

manager *n.* tagapamahala; tagapangasiwa; manedyer.

mandamus *n.* *Lat. mandamus.* Isang petisyon upang maganap ang isang tiniyak o ministeryal na gawain.

mandate *n.* atas; kautusan.

mandatory *adj.* sapilitan; nag-uutos.

manifest *n.* 1. manipesto. Isang

kasulatang naglalaman ng ulat/lista ng lahat ng kargada, pakete, at pasahero ng barko, eroplano, at iba pang behikulo na may hiwalay na marka, pagkakakilanlan, at timbang. *v.* 2. ipahalata, magpahalata; ipakita, magpakita. Gawing maliwanag sa pandama lalo na sa paningin; magpahayag sa pandamdang/sentido.

manifestation *n.* manipestasyon; pagpapahayag; pagpapakita.

manipulation *n.* manipulasyon. Serye ng mga transaksyon na may kinalaman sa pagbili o bentahan ng isang seguridad para sa layuning lumikha ng mali, upang maging mapanlinlang na anyo ng aktibong pangangalakal, o upang itaas o ibaba ang presyo para hikayatin ang pagbili o pagbebenta ng iba.

manual labor *n.* trabahong manwal; gawaing manwal; trabaho ng mga kamay. Ang paggamit ng pisikal na puwersa na maaaring sa tulong o hindi ng mga kasangkapan, makinarya, o kagamitan.

manufacture *n.* pagyari; paggawa; manupaktura. Proseso/operasyon ng paggawa/pagyari ng anumang materyal na nilikha ng kamay, makinarya, o iba pang ahensiya.

manuscript *n.* manuskrito. Akda ng isang awtor na isinumite sa isang pabliser (*publisher*).

marine contract *n.* kontratang pang-marino; kontratang maritima. Kontratang may kaugnayan sa gawang maritima, bapor, nabegasyon, seguro, *freightment*, utang maritima, o iba pang negosyo na isinasagawa sa dagat o may kinalaman sa nabegasyon.

marine insurance *n.* segurong pangmarino.

marital agreement *n.* kasunduan sa kasal; kasunduan sa pag-aasawa. Ang pag-aayos tungkol sa samahan ng ari-arian bago ganapin ang kasal.

marital privileges *n.* mga pribilehiyo sa kasal; pribilehiyong pangmag-asawa. Ang mga karapatan, imunidad, at bentaha na nauugnay sa katayuan ng mag-asawa *tulad ng karapatan sa kohabitasyon, konubyal, at paghawak ng ari-arian.*

marital property *n.* ari-arian sa kasal; ari-ariang pangmag-asawa; ari-ariang konhugal. Ari-ariang nakamtan o napasakamay ng mag-asawa habang sila ay kasal.

Maritime Law *n.* Batas Maritima; Batas Pandagat.

market value *n.* kalakarang halaga sa pamilihan. Ang pinakamataas na halagang handang bayaran ng bumibili at handang tanggapin ng nagbebenta, na kapuwa may sapat na impormasyon, sa makatwirang panahon.

marriage *n.* kasal; pag-iisang-dibdib. Pagsasama nang maluwat; legal na pagsasama ng isang babae at isang lalaki.

marriage certificate *n.* sertipiko ng kasal.

marriage contract *n.* kontrata sa kasal.

marriage license *n.* lisensiya sa kasal. Nakasulat na permisong ibinibigay ng publikong awtoridad sa mga taong may intensiyong magpakasal.

marriage settlement *n.* kasunduan sa

kasal. Kasunduan ukol sa ari-arian ng mga ikakasal na magkakabisa pagkatapos ng kasal.

martial law *n.* batas militar. Ang pagkontrol ng mga militar sa halip na sibilyan sa isang lugar o bansa.

massacre *n.* masaker; pagpuksa. Maramihang pagpatay.

master policy *n.* *master policy.* Patakaran sa seguro (*insurance policy*) na sumasaklaw sa grupo ng mga tao *tulad ng seguro sa buhay o kalusugan* na isinulat bilang grupong seguro. Sa pangkalahatan, iisa lamang ang *master policy* nito at ang mga nakaseguro ay may mga sertipiko na nagpapatunay ng kanilang partisipasyon.

mastermind *n.* utak; punong tagaplano. Utak ng krimen.

material allegation *n.* alegasyong materyal. Alegasyong nauugnay o makabuluhan sa kasong iniharap.

material alteration *n.* alterasyong materyal. Anumang nakasulat na instrumento na nagbabago ang batayan o kahulugang legal at epekto.

material evidence *n.* ebidensiyang materyal. Ang ebidensiya na may kaugnayan sa usapin.

maternal *adj.* maternal. Iyong nauukol, nagmula sa ina *tulad ng kapangyarihan ng ina, pag-aruga ng ina, ari-arian mula sa ina, at iba pa.*

matrimony *n.* matrimonyo; kasal, pagkakasal. Pag-uugnayan bilang mag-asawa. *Tingnan marriage.*

matter of record *n.* *matter of record.* Bagay na nakatala sa husgado.

Anumang bagay na ipinasok sa rekord ng hukuman.

maturity *n.* *maturity;* takdang petsa. Araw ng pagkaganap ng isang obligasyon.

maturity value *n.* halaga sa takdang panahon. Halagang angkop at dapat bayaran sa takdang petsa ng isang obligasyon.

maximum *adj.* maximum; pinakamataas na antas.

maximum penalty *n.* pinakamataas na parusa; pinakamalaking halaga ng multa.

mayor *n.* alkalde; mayor; punong-bayan. Pangunahing administratibong opisyal sa isang munisipyo o lungsod.

mayorazgo *n.* *mayorazgo.* Pagbibigay ng ari-ariang pamanang lupa sa panganay na anak na lalaki na may kondisyong hindi ipagbibili ito at pananatilihin sa pamilya.

measures *n.* hakbangin; mga paraan.

mechanic's lien *n.* liyen ng mekaniko. Karapatan ng mekaniko na huwag ibigay ang kaniyang ginawa hangga't hindi pa siya nababayaran.

mediation *n.* pamamagitan. Ang akto ng ikatlong panig na mamagitan sa dalawang nagtatalo o magkalabang panig na may hangaring ayusin ang mga ito o pagkasunduin sa kanilang pinag-aawayan.

medical jurisprudence *n.* *Esp. jurisprudencia medical; medical jurisprudence;* hurisprudensiya medikal. Ang paglalapat ng mga prinsipyo, praktis, o kadalubhasaan ng iba't ibang sangay ng medisina

upang ipaliwanag ang mga katanungan sa isang usapin sa hukuman.

meeting *n.* miting; pulong.

meeting of minds *v.* pagtatagpo ng mga isipan. Kapuwa pinagkasunduan at sinang-ayunan ng mga panig sa kontrata tungkol sa mahahalagang bagay at mga talakayin nito batay sa ipinahayag na layunin at intensiyon.

member *n.* miyembro; kasapi.

memorandum *n.* 1. memorandum. Buod ng paliwanag at argumento sa usapin. 2. paabot-sulat; palibot-sulat; palibot-liham.

memorandum of agreement *n.* memorandum ng kasunduan.

mens rea *n.* *Lat. mens rea.* Maysalang budhi; maysalang pag-iisip. Makasalanang layunin; hangaring kriminal. Maysalang kaalaman at kapahintulutan.

mental anguish *n.* pagkabalisa; pagkabagabag; pag-aalala; pagkabahala. Kapag iniugnay sa pisikal na kapinsalaan, kasama sa terminong ito ang mararamdamang sakit na sanhi ng matinding pag-iisip at gayundin ang dulot na pagkabalisa, pangamba, pag-aalala, at pagkabagabag ng kalooban.

mental capacity *n.* mental na kapasidad; kakayahang pangkaisipan. Ang kakayahang unawain ang kalikasan at epekto ng isang akto na kinasasangkutan ng isang tao at ang negosyong kaniyang pinangangasiwaan; ang katalinuhan, pang-unawa, memorya, at paghusga kaugnay sa partikular na transaksyon

(halimbawa paggawa ng *testamento*/ *huling habilin*) upang maunawaan ng isang tao ang kalikasan ng kaniyang akto.

mercantile *adj.* pangkalakal; pangkomersiyo; merkantil.

Mercantile Law *n.* Batas Pangkalakal/ Pangkomersiyo. Sangay ng batas hinggil sa komersiyo o kalakal.

merchandise *n.* kalakal; paninda, tinda. Ang lahat ng mga kalakal na karanivang binibili at ibinebenta ng mga komersiyante, tingian man o pakyawan. Sa pangkalahatan, hindi kasama rito ang mga ari-ariang real (*real estate*) at bihirang gamitin sa mga probisyong tulad ng mga binibili sa araw-araw para sa kagayat (*immediate*) na paggamit o pag-ubos.

merchant *n.* komersiyante.

merger *n.* *merger*; pinag-isang korporasyon. Pagsasanib ng dalawang korporasyon na sinasakop ang mga *asset at liability* ng isa, samantalang nananatili ang pangalan, ari-arian, identidad, at prangkisa ng pangalawa.

merit system *n.* sistema sa merito. Sistemang ginagamit ng pamahalaan sa pag-upa o pagtanggap sa empleo at pagtaas ng tungkulin ng mga empleado sa pamahalaan para sa posisyong serbisyo sibil batay sa kakayahan at kagalingan.

meritorious *adj.* karapat-dapat.

middlemen *n.* ahente. Ang namamagitan sa pinanggagalingan ng kalakal at bumibili nito.

military *n.* militar. *adj.* pangmilitar.

military court *n.* korteng militar; hukumang militar. Hukumang itinatag sang-ayon sa Kodigo ng Katarungang Pangmilitar.

military government *n.* pamahalaan/ gobyernong militar. Itinatag ng pangulo ng bansa sa mga lugar na may rebelyon o digmaang sibil kapalit ng gobyernong sibil.

minimum *adj.* minimum; pinakamababa; pinakamaliit.

minimum sentence *n.* pinakamababang parusa. Ang pinakamababang parusa na maaaring ipataw ng isang hukom.

minimum wage *n.* minimum na pasahod. Ang pinakamababang sahod na itinakda ng batas.

mining claim *n.* karapatan sa pagmimina; pag-aangkin (*claim*) sa pagmimina. Isang bahagi ng lupa na naglalaman ng mahahalagang metal sa lupa o bato, at pinakikinabangan ng isang indibidwal ayon sa mga establisadong alituntunin sa proseso ng batas sa pagmimina.

minister *n.* 1. ministro. Puno ng isang sekta o relihiyon. 2. opisyal ng pamahalaan. 3. miyembro ng gabinete. 4. maglingkod, paglingkurang; tumulong, tulongan.

ministerial duty *n.* tungkuling ministeryal. Ang tiyak na tungkuling dapat isagawa nang walang kailangang diskresyon.

minor *n.* menor de edad. Walang sapat na gulang. *adj.* mas maliit; hindi lubhang mahalaga.

minority *n.* minorya. 1. hindi sapat na gulang. 2. kulang sa bilang ng kabuuan o nakakarami; salungat ng mayorya.

minutes *n.* katitikan; minits. Rekord/ tala ng mga pangyayari sa isang miting/pulong o paglilitis.

misappropriation *n.* *misappropriation*. Paglulustay ng salapi ng bayan o opisina.

misbehavior *n.* maling akto; maling gawa. Di-wasto o labag sa batas na pagkilos.

miscarriage *n.* pagkalaglag. Ang natural na di-sadyang pagluwa o pagkahulog ng fetus buhat sa uterus. Kaiba sa *abortion*.

miscarriage of justice *n.* hustisya/ katarungang di-nailapat. Desisyon o resulta ng legal na paglilitis na puminsala sa mahahalagang karapatan ng isang panig.

mischief *n.* *Tingnan malicious mischief*.

misconduct *n.* masama/tiwaling asal. Pagsuway sa ilang establisado at takdang tuntunin ng aksiyon, aktong ipinagbabawal, pagpapabaya sa tungkulin, kilos na labag sa batas, kasutilan, di-wasto o maling pag-uugali.

misdeemeanor *n.* maliit na kasalanan/ pagkakasala; bahagyang paglabag sa batas. Mga pagkakasalang mas mababa kaysa pelonya o krimen at sa pangkalahatan ay may kaparusahang multa o pagkakulong.

misfeasance *n.* tiwaling panunungkulan.

misjoinder *n.* *misjoinder*. Maling pagtatambal ng panig.

misleading question *n.* tanong na nakaliligaw.

misprision of treason *n.* paglilihim ng kataksilan sa bayan. Paglilihim sa isang akto ng kataksilan o sabwatang pakana laban sa bayan. *Tingnan Art. 116 ukol sa kaparusahan, Binagong Kodigo Penal*.

misrepresentation *n.* misrepresentasyon; maling representasyon; pagsisinungaling; maling paglalarawan. Anumang manipistasyon ng mga salita o iba pang kilos ng isang tao sa ibang tao, na sa ilalim ng ilang pangyayari, ay nagiging isang pahayag na hindi naaayon sa katotohanan.

mistake *n.* mali, pagkakamali. Aktong hindi intensiyonal, pagkakaligta, o pagkakamaling nagbubuhay sa kawalang-muwang o maling pagitiwala.

mistress *n.* kabit; kerida. Babaeng pinakikisamahan ng isang lalaking may asawa. *Tingnan din paramour*.

mitigating circumstances *n.* nagpapagaan na mga pangyayari; mga sirkumstansiyang nagpapagaan. Mga pangyayaring nagpapagaan ng parusa. *Tingnan Art. 13, Binagong Kodigo Penal*.

mittimus *n.* *Lat. mittimus*; mitimus. Isang nakasulat na utos o panuntunan ng hukuman o mahistrado sa *sheriff* o iba pang opisyal para ipaalam sa tagapangasiwa ng bilibid na ikulong ang nakapangalan sa utos hanggang mapalaya siya sa wastong proseso ng batas.

mode of discovery *n.* *mode of discovery*; paraan ng natuklas. Sa

practice, ang paglabas o pagsisiwalat ng mga pangyayari, kasulatan o dokumento, o ibang bagay na hawak, nasa posesyon, o nasa kaalaman ng may-asunto o ng testigo na kailangan ng tumutuklas bilang bahagi ng kadahilanan ng kaniyang sumbong o depensa sa isang asuntong nakabinbin (*pending case*), o dadalhin pa lamang sa hukuman bilang ebidensiya ng kaniyang karapatan sa isang asunto. *Tingnan Rules No. 19-23, Rules of Court.*

monopoly *n.* monopoly. Anumang kombinasyon/pagsasabwatan na may hangaring hadlangan ang malayang kompetisyon sa negosyo. *Tingnan Art. 186, Binagong Kodigo Penal.*

moral turpitude *n.* kaimbihan; nakaka-hiyang-asal. Katangiang sukdulang masama na kaugnay sa mga krimeng laban sa katarungan, katapatan, kababaang-loob, kabutihang-asal, o moralidad. *Halimbawa, pagpaslang, pagnanakaw, at iba pa.*

moratorium *n.* moratorium. Palugit sa pagbabayad ng utang sa panahon ng kagipitan.

more or less *adv.* humigit-kumulang.

mortgage *n.* sangla, pagsasangla; prenda; hipoteka. *Tingnan Art. 2085, Kodigo Sibil.*

mortgage, equitable *n.* *Tingnan equitable mortgage.*

motion *n.* mosyon; mungkahi.

motion for reconsideration *n.* mosyon para sa reconsiderasyon; mungkahi upang muling maisaalang-alang.

motion for new trial *n.* mosyon o mungkahi sa panibagong paglilitis.

motion to dismiss *n.* mosyon o mungkahi sa pagpapawalang-saysay.

motive *n.* motibo; hangarin; sanhi; layunin.

movable *adj.* natitinag. *n.* Personal na ari-arian/gamit na naililipat o madaling buhatin.

movant/movent *n.* *movant/movent*; taong nagsampa ng mosyon. Sinumang nagsampang mosyon sa isang hukuman, o ang aplikante para sa isang kautusan.

movement *n.* kilusan. Grupo ng mga taong kumikilos nang may nagkakaisang paniniwala at layunin.

multilateral *adj.* multilateral; maraming panig.

multinational *adj.* multinasyonal. *n.* Isang kompanya na may mga sentro ng operasyon sa maraming bansa. Kaiba ito sa kompanyang internasyonal (*international company*) na may mga sangay ng negosyo sa maraming bansa bagaman ang sentro ng operasyon ay nakabase lamang sa isang bansa.

multiple offenses *n.* maraming pagkakasala. Ang isang akto ay maaaring maging pagkakasala laban sa dalawang batas. Kung hinihiling ng bawat batas ang katibayan ng karagdagang katotohanan na hindi naman hinihiling ng isa, ang pagkaabsuwelto o kondensasyon ng isang nasasakdal mula sa isang batas ay hindi nangangahulugang ligtas na ito sa pag-uusig at kaparusahan ng isa pa.

multiplicity of actions or suits *n.* pagpaparami ng aksiyon o kaso; multiplisidad ng aksiyon o kaso. Pagsasampa ng maraming kaso sa iba't ibang hukuman batay sa iisang sanhi o usapin.

municipal *adj.* munisipal; pambayan.

municipal ordinance *n.* *Tingnan ordinance, municipal.*

municipality *n.* munisipyo; munisipalidad.

municipal corporation *n.* korporasyong munisipal; korporasyon ng munisipyo. Isang legal na institusyong binuo ng makapangyarihang estado sa loob ng isang nakatakdang lugar na may pangkorporasyong personalidad (*corporate personality*). *Tingnan Sek. 15, Kodigo ng Pamahalaang Lokal.*

muniments of title *n.* dokumento ng titulo. Dokumentaryong ebidensiya ng isang titulo.

murder *n.* marder; asesinato; sadyang pagpatay; pagpaslang. Kaiba sa *homicide*.

mutilate *v.* *mutilate*; putulin. Pagputol ng mahalagang bahagi ng katawan.

mutual *adj.* mutwal; magkatugon.

mutual agreement *n.* kasunduan ng magkabilang panig; pinagkasunduan. Ang pagkakasundo sa isang bagay at ang manipetasyon ng layunin ng mga panig na gawin o huwag gawin ang ilang mga espesipikong akto.

mutuum *n.* *Lat. mutuum.* Isang ipinautang na bagay na nauubos tulad ng salapi o pagkain at may obligasyon na ibalik ito sa katumbas na uri at kantidad nang walang masisingil na interes maliban kung ito ay nakasulat o napagkasunduan. *Tingnan Art. 1953, Kodigo Sibil.*

Nn

naked title *n.* hubad na titulo. Sa metaporikal na gamit, nagpapa-hiwatig na nasa pangalan ng isang tao ang titulo ngunit ang nakikinabang o gumagamit ngari-arian ay ibang tao *halimbawa ipinahiram, ipinarental/upa, ipinausupruko.*

name *n.* pangalan, ngalan. Ang isa o dalawang salita na nagbibigay ng identidad sa isang tao na iba sa mga kauri niya.

narcotic *adj., n.* narkotiko. Termino para sa anumang gamot/droga na nagpapahina sa mga sentido o nakapagpapatulog at karaniwang nakagugumon matapos ang matalagalang paggamit.

national emergency *n.* pambansang kagipitan; pambansang krisis. Isang sitwasyon na mahigpit na nangangailangan ng kagayat (*immediate*) at higit sa karaniwang pambansang aksiyon.

national government *n.* pambansang pamahalaan; pambansang gobyerno.

nationality *n.* nasyonalidad; pagkabansa. **1.** nagbibigay ng katangian sa pagiging kaanib sa isang nasyon o estado. **2.** nagtitiyak sa politikal na kalagayan ng isang indibidwal na

nauugnay sa kaniyang katapatan sa isang bansa. Kaiba sa *citizenship*.

natural and probable consequences *n.* likas at posibleng mga konsekwensiya. Ang mga konsekwensiya na maaaring mangyari muli dahil kadalasang nagaganap sa karaniwang karanasan ng tao.

natural fruit *n.* bungang likas; bungang katutubo. Bungang sanhi ng kalikasan tulad ng mga bunga ng halaman o punongkahoy. Kaiba sa bungang artipisyal o industriyal tulad ng interes ng salapi. *Tingnan Art. 544, Kodigo Sibil.*

natural resources *n.* yamang-likas. Anumang bagay/materyal sa likas nitong kondisyon na kung mahahango ay may ekonomikong halaga *katulad ng kagubatan, mga balon/mina ng langis at gas, deposito ng ginto, at iba pa.* *Tingnan Art. XII, Sek. 2, 1987 Konstitusyon.*

naturalization *n.* naturalisasyon. Ang proseso ng pagbibigay ng pagkamamayan (*citizenship*) ng isang bansa sa isang dayuhan.

naturalized citizen *n.* naturalisadong mamamayan. Sinumang dayuhan/banyaga na tumanggap ng pagkamamamayan (*citizenship*) sa

navigable river or stream

111

net worth

ilalim ng mga batas sa naturalisasyon ng bansa.

navigable river or stream *n.* nabe-gableng ilog. Ilog o sapa na maaaring daanan ng sasakyang pantubig.

necessary *n., adj.* kailangan. Ginagamit para ipahayag ang kaluwagan o bagay na hindi maiiwasan upang makamitan ang layunin ng isang bagay.

necessary parties *n.* *Tingnan proper party/parties.*

negative averment *n.* negatibong pagsasaad. Alegasyon na negatibo ang anyo pero positibo ang sustansiya o epekto, at ang gumawa ng alegasyon ang siyang dapat magpatunay.

negative covenant *n.* negatibong kasunduan. Prohibisyon sa isang kasunduan/kontrata na nagbabawal sa empleado na makipagkompetisyon sa parehong lugar o bilihan.

negative easement *n.* *negative easement;* negatibong serbisyo; negatibong panlingkuran/palingkuran. Pagbabawal ng estadong naglilingkod (*servient estate*) sa may-ari sa paggawa ng bagay na maaari sana niyang gawin alinsunod sa batas. *Tingnan Art. 616, Kodigo Sibil.*

negative pregnant *n.* negatibong apirmasyon. Sa *pleading*, isang negatibong nagpapahiwatig din ng positibo/afirmatibong kahulugan.

negligence *n.* kapabayaang, pagpapabaya. **1.** ang di-paggawa sa isang tungkulin na iniutos ng batas. **2.** ang paggawa o di-paggawa na lumilikha ng pinsala sa ibang tao. *Tingnan Art. 2176, Binagong Kodigo Penal.* **3.** ang kawalan ng ingat o malasakit sa

karapatan ng ibang tao.

negligence, contributory *n.* *Tingnan contributory negligence.*

negotiable instrument *n.* negosyableng instrumento. Kasulatang naisasalin o naililipat katulad ng tseke na maaari lamang maiendoso sa pagpirma sa likod nito. *Tingnan Art. 1507, Kodigo Sibil.*

negotiation *n.* negosasyon. **1.** deliberasyon, diskusyon, o kumperensiya tungkol sa isang mungkahing kasunduan. **2.** ayon sa *Batas ng mga Naisasaling Kasulatan/Dokumento (Negotiable Instruments Law)*, ang pagsasalin ng isang instrumento sa anyong nagiging mayhawak o holder ang pinagsalanan.

negotiorum gestio *n.* *Lat. negotiorum gestio.* Sa *Civil Law*, sinumang nagkusang-loob at walang kapang-yarihang umakto para sa iba nang walang pahintulot sa layuning ingatan ang negosyo o gawain ng ibang tao. *Tingnan Art. 2144, Kodigo Sibil.*

neighbor *n.* kapitbahay. Sinumang nabubuhay nang malapit sa kapuwa.

nepotism *n.* nepotismo. Pagtangkilik/pagpabor sa mga kamag-anak sa anumang posisyon sa gobyerno. *Tingnan Sec. 49, Civil Service Decree of the Philippines, P.D. No. 807.*

net income *n.* netong kita; *net income.* Kita matapos ibawas sa pangkalahatan ang mga pinahihintulatang kaltas, gugol, at eksemptasyon. *Tingnan Sec. 28, National Internal Revenue Code.*

net worth *n.* netong halaga. Ang natira o naiwang halaga matapos awasin ang mga puhunan at utang.

neutrality *n.* *Esp.* neutralidad. Walang-kinikilingan o pinapanigan. Hindi pagkiling o pagpanig kaninuman.

newly discovered evidence *n.* ebidensiyang bagong tuklas. Katibayan na may kaugnayan sa isang isyu na natuklasan ng isang panig matapos maipataw ang hatol/desisyon sa usapin.

new trial *n.* panibagong paglilitis. Ang muling pagsuri ng hukuman sa isyu ng mga nangyari sa isang usapin batay sa mga kadahilanang pinapayagan o sinasang-ayunan ng batas.

next of kin *n.* pinakamalapit na kamag-anak. Tumutukoy din hindi sa mga kadugo lamang pero maaari ring kasama rito ang mga umiiral na ugnyan dahil sa kasal. *Tingnan Art. 963-969, Kodigo Sibil.*

nominal *adj.* nominal. Umiiral sa pangalan lamang at hindi sa akto tulad ng partidong nominal. Hindi tunay/substansiyal; may kaugnayan sa transaksyon o paglilitis sa pangalan lamang, hindi sa aktuwal o tunay na interes.

nominate *v.* nominahin, magnomina, inomina. Pagbanggit o pag-endoso ng pangalan para sa isang tungkulin. Kaiba sa paghirang o pagtatalaga (*appointment*).

non-acceptance *n.* di-pagtanggap. Sa *Contracts*, ang karapatan ng bumibili para tanggihan ang mga kalakal dahil may hindi nasunod sa kontrata.

non-appearance *n.* di-pagharap; di-pagdalo. Ang hindi pagharap o hindi pagdating ng isang panig sa takdang panahon ng paglilitis.

non compos mentis *adj.* *Lat. non compos mentis.* Hindi malusog ang isip, memorya, o pang-unawa. Isang malawak na termino na sumasaklaw sa lahat ng uri ng pagkaloko, nagmula man sa pagkahangal, sakit, kabaliwan, o pagkalulong sa alak o ipinagbabawal na gamot.

non-contestable clause *n.* di-matututulang probisyon. Probisyon sa kasunduan sa seguro na tumitiyak na babayaran ang halaga ng seguro makalipas ang dalawang taon, at kung may panlilinlang, pandaraya, pagkakamali, o pagtatago ng mahahalagang datos, hindi na maaaring depensahan ang naturang paglabag.

nonfeasance *n.* *nonfeasance*; di-pagganap. Ang hindi pagganap sa isang dapat gawin.

non suit *n.* *non suit.* Pasiya laban sa naghahala dahil sa hindi pagdating ng kaniyang testigo sa hukuman o di niya paghaharap ng ebidensiya.

non-strike clause *n.* probisyong walang welga. Probisyon ng karaniwang makikita sa mga kasunduan sa publikong serbisyo ng manggagawa at namamahala (*labor-management*) na hindi makapagwewelga ang mga empleado sa anumang dahilan.

not guilty *adj.* walang sala. Isang sagot sa pagbasa ng akusasyon, "walang sala."

notarial acts *n.* mga aktong pang-notaryo. Mga opisyal na akto ng isang notaryo publiko.

notary public *n.* notaryo publiko. Sinumang awtorisado ng estado/

gobyerno na mangasiwa ng mga panunumpa at magpatunay sa awtentisidad ng mga pirma.

notice *n.* notisya; babala; pasabi; paunawa. Ang patalastas/anunsiyo na dapat ibigay sang-ayon sa hinihingi ng batas.

notice, constructive *n.* *Tingnan constructive notice.*

notice of dishonor *n.* notisya ng dishonor; notisya ng pagpapawalang-halaga. Ibinibigay sa sinumang maaaring managot sa instrumento at dapat magbayad. *Tingnan Negotiable Instruments Law.*

notorious *adj.* bantog; kilalang-kilala. Batid o pinag-uusapang kasiraang-puri.

notorious adverse possession *n.* eksklusibong *possession*. Laban sa madla at lahat ng tao.

novation *n.* pagbabagong-ano. Ang pagkahalili ng bagong obligasyon kapalit ng isang dating obligasyon, na tinatapos sa gayong pangyayari. Tatlong uri ang pagbabagong-ano ng obligasyon ayon sa *Art. 1261, Kodigo Sibil*: **a.** pagpapalit ng mga layon nito o sa mga kondisyon ng prinsipal, **b.** paghalili ng ibang tao sa lugar ng

may-utang. **c.** paghalili ng ibang tao sa lugar ng may pautang.

nuisance *n.* molestiya; perhuwisyo; yamot. Isang gawain, pagkukulang, negosyo, kalagayan, o alinmang bagay na nakapipinsala, nagsasapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng ibang tao, nagdudulot ng pagkayamot, hindi naaayon sa pandamdandam, at iba pa. *Tingnan Art. 694, Kodigo Sibil.*

nuisance, attractive, *n.* *Tingnan Attractive nuisance.*

nuisance per se *n.* likas na molestiya; likas na pangyamot; likas na panginis. Isang akto, okupasyon, o estruktura na nakayayamot sa lahat ng pagkakataon at sa ilalim ng lahat ng sirkumstansiya o pangyayari, anumang lokasyon o kapaligiran.

nullity *n.* pagkawalang-bisa.

nunc pro tunc *Lat. nunc pro tunc*; ngayon para noong una. Ang *nunc pro tunc entry* ay isang isiningit na *entry* na ginawa ngayon ngunit sa katunayan ay naisagawa na noon pa, upang magkabisa sa naunang petsa.

nuptial *n.* kasal; nupsiyal. *adj.* nauukol sa kasal; binuo, itinatag ng kasal; ginagamit, isinasagawa sa kasal.



oath *n.* sumpa, panunumpa. 1. akto ng pagpapatibay sa katotohanan ng isang aksiyon o pahayag. 2. ang pangako at sinabi ay tutupdin na may pananagutan sa Diyos.

object *n.* 1. bagay. Anumang namalayan o nadadama ng mga sentido. 2. layunin.

objection *n.* pagtutol; pagsalungat. Ang sanhi ng pagtutol ay dapat tiyak na bigkasin.

obligation *n.* obligasyon; tungkulin; pananagutan. Pananagutan sa anumang ipinangako sa batas o kasunduan. *Tingnan Art. 1156, Kodigo Sibil.*

obligor *n.* obligor. Ang may tungkuling gumanap ng obligasyon.

obsolete *adj.* lipas na; wala nang bisa/ epekto/saysay; di na ginagamit; sinauna.

obstacle *n.* hadlang; harang.

obstruct *v.* hadlangan, harangan. Ang pagpigil sa kilos o pag-unlad.

occupation *n.* 1. okupasyon; propesyon; trabaho. 2. pananakop; kontrol.

offended party *n.* napinsalang panig.

offense *n.* pagkakasala; pagkakamali.

offer *n.* alok *v.* alukin, mag-alok, ialok. Ang mungkahing puwedeng tanggapin o tanggihan.

offer and acceptance *n.* pag-alok at pagtanggap.

office *n.* opisina; tanggapan. Lugar na pinagtatrabahuhan.

official *n.* 1. opisyal; pinuno. *adj.* 2. aprobado ng awtoridad.

omission *n.* omisyon; pagkaligta; di-pagbanggit. 1. Ang di-paggawa sa iniaatas ng batas. 2. Ang di-pagsama o pagbanggit sa isang bahagi ng dokumento o ebidensiya.

onerous title *n.* titulong may-pasanin.

onus probandi *n.* *Lat. onus probandi.* Ang may tungkuling magpatunay o maglahad ng katibayan.

open adverse possession *n.* hayagang *adverse possession.*

opinion *n.* opinyon; kuro-kuro; palagay.

opposition *n.* oposisyon; salungat; pagsalungat; tutol, pagtutol; kalaban, paglaban.

oppression *n.* panlulupig; pang-aapi; opresyon.

option *n.* opsiyon; alternatibo. 1.

karapatan ng pagpili sa dalawang bagay, paraan, o proposisyon. 2. karapatan sa tuluyang pag-alok batay sa pinagkasunduan.

oral *adj.* pasalita; pabigkas. Anumang ipinahahayag sa paraang pasalita.

oral defamation *n.* paninirang-puri na pasalita; pagmumura; panlalait. *Tingnan slander.*

ordain *n.* ordina; pagtatalaga. Itakda ang batas. *v.* iordina, ordinahin, mag-ordina; italaga, magtatalaga.

order *n.* utos. **warrant of arrest**, *n.* *Tingnan warrant of arrest.*

ordinance *n.* kautusan; ordinansa.

ordinance, municipal *n.* ordinansang pangmunisipyo.

ordinary *adj.* ordinaryo; pangkaraniwan.

ordinary diligence *n.* karaniwang pag-iingat.

original *n.* orihinal. Awentikong dokumento na siyang modelo na maaaring pagkunan ng kopya.

outstanding *adj.* 1. kilala; tanyag; katangi-tangi. 2. sa *obligation*, ang nalalabi/natitira.

outstanding debt *n.* utang na hindi pa bayad.

overruled *v.* di-pinayagan sa paglilitis; walang saysay ang tutol na tanong.

ownership *n.* pagmamay-ari. Ang karapatang gamitin, pakinabangan, pagtamasahan, ipamigay o sirain ang ari-arian na hindi makapipinsala sa ibang tao. Karapatan ng isang tao sa isang bagay na pag-aari niya. Ito ay mailalapat sa mga bagay-bagay o mga karapatan. *Tingnan Art. 427, Kodigo Sibil. co-ownership, n. Tingnan co-ownership.*

Pp

pact *n.* kasunduan, pakto. Kasunduan ng dalawa o higit pang estado, hindi kasindetalyado ng trabaho pero halos katumbas nito.

pactum commisorium *n.* *Lat. pactum commisorium.* Sa *Civil law*, isang kasunduan sa sangla na ang ari-ariang isinangla ay awtomatikong mapupunta sa pinagsanglaan kapag hindi natubos. [Ipinagbabawal ito sa Kodigo Sibil].

palming off doctrine *n.* *palming off doctrine.* Isang alituntunin ng batas na tumutukoy kung ang isang bagay ay bumubuo ng di-makatwirang kompetisyon.

pander *n.* bugaw. Sinumang nagbubuyo sa pagkakagusto ng iba sa mahahalay na gawain. *v.* ibugaw, magbugaw, mambugaw. Umakit, humikayat, o umudyok ng isang babae sa pamamagitan ng pangako, pananakot, pandaraya, o panlilinlang upang pumasok sa anumang lugar ng prostitusyon, para sa layunin ding iyon.

paper *n.* kasulatan. Isang kasulatan na isinampa o ipinasok bilang ebidensiya ukol sa isang kaso katulad ng mga salitang "mga kasulatan sa kaso" (*papers in case*) o "mga kasulatang nakaapela" (*papers on appeal*).

paramount title *n.* *paramount title;* pinagmulang titulo. Sa *Law on Real Property*, ang titulong higit na malakas o mas matibay kaysa ibang titulo kaya siyang mananaig.

paramour *n.* kalunya; kalaguyo; kabit. *Tingnan mistress.*

paraphernal property *n.* ari-ariang parapernal. Sa *Civil Law*, mga ari-ariang dala ng isang babae sa kaniyang pag-aasawa bukod sa kaniyang dote/bigay-kaya (*dowry*).

pardon *n.* pardon; kapatawaran. Akto ng pinuno ng bansa na magbigay ng eksempsiyon o kapatawaran sa isang nasentensiyahan ng krimen.

parens patria *n.* *Lat. parens patria.* Isang taal/natural na kapangyarihan at awtoridad ng estado na magbigay-proteksiyon sa katauhan at ari-arian ng mga taong hindi kayang ipagtanggol ang sarili tulad ng *sanggol, menor de edad, lunatiko, at moron.*

parent *n.* magulang. Ang ina o ama ng isang tao. Sinumang nagsilang sa isang tao.

parent, foster *n.* *Tingnan foster parent.*

parental authority *n.* kapangyarihan

parental rights

ng magulang; awtoridad na pang-magulang.

parental rights *n.* mga karapatang pangmagulang.

pari delicto *Lat. pari delicto.* Pareho o kapuwa maysala.

pari materia *Lat. pari materia.* Sa katulad na bagay; parehong paksa.

pari passu *adv. Lat. pari passu.* Sa pantay na progreso; walang pre-perensiya.

parity *n.* pagkakapare-pareho. Pagkakapantay sa halaga o kabuluhan.

parliament *n.* parliyamant, parlamento; batasan.

parliamentary form of government *n.* pamahalaang parlamentaryo. Anyo ng pamahalaan na pinagsanib ang mga gawain ng chekutibo at lehislatibo.

parliamentary law *n.* batas parlamentaryo.

parol *n.* parol; pasalita lamang. Ipinahahayag o pinatutunayan ng pananalita lamang na kaiba sa sinulat o selyadong instrumento.

parol evidence rule *n.* *parol evidence rule.* Alituntunin ng batas na panatilihin ang dapat kilalanin sa nakasulat na kasunduan at tanggihan ang anumang tangkang palitan ang kahulugan ng napagkasunduan sa pamamagitan ng deklarasyong pasalita. *Tingnan Sec. 7, Rule No. 130, Rules of Court.*

parole *n.* parole; paglayang may kondisyon. Paglaya ng isang bilanggo nang may kondisyon. Pagpapalaya

mula sa bilangguan na may kondisyon matapos pagsilbihan ang bahagi ng sentensiya.

parricide *n.* parisidyo. Ang pagpatay sa ama, ina, anak, o asawa. *Tingnan Art. 246, Binagong Kodigo Penal.*

par value *n.* *par value.* Tungkol sa stock, ang nakatakdang halaga ng isang sosyo (*share*) ng stock sa Artikulo ng Inkorporasyon (*Articles of Incorporation*).

part performance *n.* di-lubos na pagkaganap. Nauukol sa kontrata/kasunduan, ang hatol/desisyong ng hukuman o ang anumang obligasyon ng isang tao.

partial incapacity *n.* parsiyal na ingkapasidad. Umiiral kung ang isang trabahador ay naaksidente habang isinasagawa ang karaniwang tungkulin, bagaman ang gayong kapinsalaan ay hindi maaaring mapigil at mapanatili sa empleo na makatwirang angkop sa kaniyang kondisyong pisikal at kakayahang makapagtrabaho.

partial loss *n.* parsiyal na pagkawala; di-lubos na pagkawala. Anumang pinsalang hindi umaabot sa kabuuang pagkasira o pagkawala nito. Kaiba sa *total loss*.

participation *n.* partisipasyon; kaparte; kabahagi. 1. sa krimen, *tingnan accessory*. 2. sa Commerce, pagiging kasama o kasapi sa sosyo (*share*).

particular average *n.* *particular average.* Sa *Marine Insurance*, ang parsiyal na pagkawala na sanhi ng isang peligro sa seguro, at hindi isang *general average loss*.

particulars *n.* mga partikular. Ang mga detalye ng isang pag-aangkin/paghahabol (*claim*) o ang iba't ibang aytem ng isang akawnt.

parties *n.* mga partido; mga panig. Mga panig sa kasunduan o sa usapin.

parties, indispensable *n. indispensable parties*; di-maiiwasang panig. Panig na hindi maaaring itiwala o hindi isama dahil hindi malulutas ang isang usapin kung wala siya.

parties, necessary/proper *n.* Tingnan *necessary/proper parties*.

partition *n.* partisyon; paghahati. Ang paghahati sa mga ari-arian ng hawak ng magkakasamang may-ari upang maihiwalay ang bahagi ng bawat isa. Tingnan *co-ownership*.

partner *n.* partner; kasosyo; kabakas, sa negosyo man o sa krimen.

partnership *n.* partnership; bakasan. Isang pag-uugnayang nababatay sa kasunduan ng dalawa o ilang katao upang magnegosyo o magpraktis ng propesyon.

party *n.* partido; lapian. Kinasasapian sa politika. Tingnan *political party*.

party wall *n.* hanggahang pader. Ang pader na itinayo ng mga may-ari sa pagitan ng magkakaratig na lupa o gusali.

passage *n.* 1. lagusan; daanan, pagdaraan. 2. *passage*; pagpasa. Sa *lehislasyon*, ang pagpapatibay ng batas.

passenger *n.* pasahero. Ang sinumang lulan ng sasakyang pangmadla dahil sa kasunduan ng maihatid siya simula sa lugar na pinanggalingan hanggang sa pupuntahan.

passport *n.* pasaporte. Dokumentong sertipiko ng pagkamamamayan sa isang bansa. Dokumentong nagbigay ng opisyal na permisong makapagbiyahe sa ibang bansa.

pasture land *n.* pastulan; paalagaan ng hayop.

patent *n.* 1. patente; *patent*. Karapatan sa ari-arian o kapangyarihan na iginawad ng pamahalaan. *adj.* 2. lantad; bukas; maliwanag.

patent, homestead *n. homestead patent*; patenteng homisted. Titulo sa bahagi o paggamit ng lupang publiko.

patent, infringement of *n.* paglabag sa patente.

patent, letters *n.* Tingnan *letters patent*.

patented *adj.* patentado.

patentee *n.* maypatente, nagpapatente.

paterfamilias *n.* padre de familia. Tingnan *head of the family*.

paternity *n.* pagiging ama; pagkaama; paternidad.

patient-physician privilege *n.* pribilehiyong pasyente-doktor. Ang karapatan ng isang pasyente na pagbawalan ang kaniyang doktor na ipahayag, ibunyag, o isiwalat ang kanilang mga pinag-usapan hinggil sa kaniyang karamdaman.

patria potestas *n.* *Lat. patria potestas*. Sa *Roman Law*, ang paternal na awtoridad; kapangyarihan ng ama.

patricide *n.* patrisidyo. Pagpatay sa sariling ama.

patrimony *n.* patrimonyo. Pamana ng pamilya o ng bansa.

patronage *n.* pagtangkilik; pagtaguyod. 1. sa *Commerce*, kolektibong termino para sa pagtataguyod ng mga kostumer sa isang negosyo. 2. sa *Politics*, ang paghirang ng mga taong kabilang sa kaniyang grupo o kapartido sa politika.

pauper *n.* dukha. Umaasa lang sa suporta ng ibang tao para mabuhay.

pauper litigant *n.* litiganteng dukha. Taong walang kakayahang magbayad ng gastos sa kaniyang demanda.

pawn *n.* sangla; prenda. Panagot ng mga kalakal sa isang pinagkakautangan/kreditor. *v.* magsangla, isangla. Magbigay ng isang naipangakong ari-arian personal sa iba bilang panagot para sa isang pagkakautang.

pawnee *n.* sanglaan; ang pinagsanglaan.

pawner *n.* ang nagsangla. Sinumang humiram sa bahay-sanglaan.

pawnshop *n.* bahay-sanglaan.

pay *v.* bayaran, magbayad.

payable *adj.* 1. mababayaran. 2. kailangang bayaran.

payee *n.* *payee*. Ang binayaran ng salapi, pagare (*promissory note*), o tseke.

paying guest *n.* panauhing nagbabayad. Tingnan *Art. 102, Binagong Kodigo Penal*.

paymaster *n.* tagabayad.

payment *n.* bayad, kabayaran, pagbabayad. Ang pagtupad sa pangako o pagganap sa kasunduan.

payor *n.* *payor*. Ang magbabayad ng halaga ng tseke, *bill*, o *note*.

payroll *n.* *payroll*. Listahan ng pasahod.

peace *n.* kapayapaan; *Ceb.* kalinaw.

peace and order *n.* kapayapaan at kaayusan.

pecuniary *adj.* *pecuniary*. Nauukol sa salapi o kuwarta; tungkol sa pera.

pedestrian *n.* pedestriyan.

pedigree *n.* angkan; kabuuang ari-arian (*estate*) ng pamilya batay sa pagkakamag-anakan at pagkakaugnay ng isa't isa sa bawat kalahi, sa iisang dugo o angkan pinagbuhatan.

penal clause *n.* *penal clause*; pamarusang sugnay. Ang dagdag na obligasyon na magbayad ng danyos kung sakaling hindi matutupad ang kasunduan.

Penal Code *n.* Kodigo Penal.

penal law *n.* batas ng kaparusahan.

penalty *n.* parusa, kaparusahan.

pendente lite *adj.* *Lat. pendente lite*; hinihintay ang kaso; habang ang isang kaso ay nasa aktuwal na progreso; sa panahon ng litigasyon o paglilitis.

pending *adj.* nakabimbin; hinihintay. Hindi pa nadedesisyunan; wala pang hatol.

penetration *n.* penetrasyon. Terminong ginagamit sa *Criminal Law* sa mga kaso ng panggagahasa, ang pagpasok ng ari ng isang lalaki sa ari ng isang babae, gaano man kabahagya ang saklaw.

penitentiary *n.* bilibid; bilanguan. Lugar na pinagkukulungan ng mga kriminal.

pension *n.* pensiyon; bigay-pala. Regular na bayad sa isang retirado na sa serbisyo.

people *n.* sambayanan; madla; mga tao. Ang estado. Ang isang kolektibong nasyon at ang politikal na kapasidad nito.

per annum *adj.* *Lat. per annum;* bawat taon, taunan.

per capita *n.* *Tingnan capita.*

per diem *n.* *Lat. per diem;* sa bawat araw. Alawans para sa bawat araw.

per quod *n.* *Lat. per quod.* Ang katibayan ng mga sirkumstansiyang ekstrinsiko o panlabas na magpapatunay ng libelo. Kaiba sa *libel per se* na ang paninirang-puri ay katutubo at likas sa mga binanggit na salita.

per se *adv.* *Lat. per se.* Likas o katutubo sa sarili nito.

per stirpes *Lat. per stirpes.* Sa bawat guhit o linya; sa pamamagitan ng representasyon. *Tingnan Law on Succession, Art. 974, Kodigo Sibil.*

percent *n.* porsiyento; bahagdan.

performance *n.* pagganap; pagtupad.

performance bond; completion bond *n.* *performance bond; completion bond.* Garantiya o panagot sa obligasyon ng kontrata sa pagganap ng tungkulin sa kontrata.

perils of the sea *n.* mga panganib/peligro sa karagatan. Sa *Maritime Law* o sa *Insurance*, ang mga sakunang natural o likas at hindi nangyayari sa panghihimasok/kagagawan ng tao, o hindi maiiwasan sa pag-iingat ng tao.

period *n.* taning; panahon.

perishable *adj.* nabubulok. *Halimbawa mga gulay, prutas, produkto ng gatas, karne.*

perjury *n.* *perjury.* Pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa.

permanent *adj.* permanente, *permanent.* Hindi mababago o matatanggal.

permission *n.* permiso; kapahintulutan. Kalayaang gumanap ng isang bagay na may pahintulot.

permissive *adj.* 1. mapagpahintulot. Madaling hingan ng permiso. 2. maaaring payagan; mapahihintulutan.

permit *n.* permit; permiso; pahintulot.

perpetrator *n.* *perpetrator;* maygawa ng masama. Ang may kagagawan ng masama.

perpetuating testimony *n.* *perpetuating testimony;* pagpapanatili ng testimonya. Mga paraan para panatilihin ang salaysay ng saksi na maaaring mawala sa paglilitis.

person *n.* persona, katauhan. 1. sa *Civil Law*, ang tao ang likas na persona na siyang paksa sa pagsasamahan o pag-uugnayan hinggil sa tungkulin at karapatan. 2. entidad na kinikilalang batas bilang personal huridikal (*juridical person*) katulad ng *Estado* at mga sangay pampolitika, mga korporasyon, *partnership*, samahang may pansariling interes o *layunin*. *Tingnan Art. 44, Kodigo Sibil.*

person aggrieved *n.* biktima; taong inapi; taong nasaktan.

personal effects *n.* mga personal na ararian.

personal liability *n.* pananagutang personal.

personality *n.* personalidad. Terminong ginagamit upang tukuyin sa batas ang isang kalidad na nauukol sa kalagayan, kondisyon, o kapasidad ng tao.

pertinent *adj.* pertinente, *pertinent.* May kaugnayan.

petition *n.* petisyon; kahilingan.

physical fact *n.* katunayang pisikal. Sa *Law of Evidence*, kaiba sa gawa lamang ng isip.

physical force *n.* puwersang pisikal. Puwersang ginagamit sa katawan; aktuwal na karahasan.

physical incapacity *n.* kawalang-kakayahan ng katauhan. Sa *Law on Marriage and Divorce*, pagkainutil. Ang kawalan ng kakayahang makipagtalik, sanhi ng pisikal na kakulangan o kapansanan.

physical injury *n.* pinsala, sugat sa katawan. Kapinsalaan o pananakit sa katawan, kaiba sa pangamba, bagabag ng isip, takot, o pagkabalisa. *Tingnan Art. 33, Kodigo Sibil.*

picketing *n.* pagpiket. Ang pagtatanod ng unyon sa pabrika o opisina upang ipakita na sila ay may welga.

piercing corporate veil *n.* *piercing corporate veil.* Ang pagsasantabi sa legal na personalidad ng korporasyon para papanagutin ang mga opisyal sa libis (*erroneous/incorrect*) na ginawa ng korporasyon.

pilfer *v.* mang-umit. Nakawin ang maliliit at walang gaanong halagang bagay.

pilferage *n.* pang-uumit.

piracy *n.* pandarambong o pangu-ngulimbat sa dagat. *Tingnan Art. 122, Binagong Kodigo Penal.* Ginagamit din ang termino sa ilisit na reproduksiyon o muling pag-imprenta ng isang akdang may *copyright* tulad ng aklat, video, at iba pa.

pirate *n.* pirata. Tulisan sa dagat.

place of contract *n.* lugar na pinaggawaan ng kontrata.

plagiarism *n.* plahiyo; *plagiarism.* Pangongopya nang walang pahintulot o pagbanggit sa pinagkunan. Ang akto ng paggamit ng akda ng ibang tao, buo man o bahagi, at inaangkin ito bilang produkto ng sariling kaisipan.

plain view doctrine *n.* doktrina sa nakalantad na ebidensiya. Sa konteksto ng paghahanap at pagsamsam (*search and seizure*), ang kapangyarihan ng isang opisyal na awtorisadong tumingin at samsamin nang walang warant ang ebidensiyang nakita.

plaintiff *n.* ang nagsasakdal; ang naghahabla; ang nagdedemanda; demandante. Sa *criminal case*, ang nagreklamo. Sa *civil case*, ang nagsusumbong.

plea *n.* *plea;* sagot sa paratang o habla. Sa pagbasa ng sakdal, "walang sala" ang karaniwang sagot.

pleading *n.* *pleading.* Nakasulat na alegasyon sa usapin. *Tingnan Sec. 1, Rule No. 6, Rules of Court.*

plebiscite *n.* plebisito. Pagboto ng publiko sa isang panukala/proposal o tanong ng pamahalaan.

pledge *n.* 1. pangako 2. Prenda, sangla ng mga ari-ariang personal.

plot *n.* masamang balak; masamang plano.

plunder *v.* mandambong, dambungin. Pagkuha ng ari-arian ng mga tao o lugar sa pamamagitan ng hayagang puwersa; maaaring sa panahon ito ng digmaan, giyera, o pagsalakay. *n.* pandarambong. Puwersahang pagkamkam sa ari-arian ng mga tao.

plurality *n.* *plurality*; pluralidad; pagkamarami. Ang bilang na pinakamarami subalit kulang sa mayorya.

pocket veto *n.* *pocket veto*; "hinuburong" panukalang batas. Ang akto ng presidente sa pagpapanatili ng isang panukalang batas (*bill*) nang hindi ito inaaprobahan o tinatanggihan pagkatapos ng lehislatibong sesyon at bunga ng gayong hindi pag-aksiyon ay para itong na-*veto*.

point *n.* punto. Punto sa usapin. Isang isyu, katanungan, proposisyon sa usapin na dapat lutasin.

poison *n.* lason. Sa *medical jurisprudence*, isang sustansiyang nakamamatay.

Poisonous Tree Doctrine *n.* *Poisonous Tree Doctrine*. Doktrina na anumang ebidensiyang sinamsam kahit sa paraang angkop ay hindi pa rin tatanggapin sa husgado kung ang pag-aresto o pagkasamsam ay ilegal.

police *n.* pulis, pulisya. Organisadong puwersa sibil para ipatupad ang batas upang hadlangan at pigilin ang krimen at panatilihin ang kapayapaan at kaayusan.

police power *n.* *police power*. Kapangyarihan ng pamahalaan na likas sa bawat soberanya. Likas na kapangyarihang magtakda ng mga tuntunin at regulasyon upang maitaguyod ang kaayusan, kaligtasan, moralidad, at kagalingang pangmadla.

policy *n.* patakaran; palisi. Mga prinsipal na patakaran, layunin, o adhikain.

policy, insurance *n.* *Tingnan insurance policy*.

political party *n.* partido politikal. Mga taong nagkaisa sa paninindigan, layunin, at adhikain na nauukol sa pagpapalakad ng pamahalaan o isyung pampolitika.

political questions *n.* mga katanungang politikal. Mga katanungang hindi pakikialaman ng mga hukuman dahil sa pagiging politikal nito.

political rights *n.* mga karapatang pampolitika.

political subdivision *n.* subdibisyon pampolitika. Dibisyon ng estado na ginawa ng mga angkop na awtoridad nito, kumikilos sa loob ng kanilang kapangyarihang konstitusyonal, para sa layunin ng pagtupad sa bahagi ng tungkulin ng estado.

poll tax *n.* *poll tax*. Isang buwis ng espesipikong halagang kabuuan na ipinapataw sa bawat tao na nasa hurisdiksiyon ng kapangyarihang nagbubuwis at nakapaloob sa isang uri (*tulad ng pawang mga lalaki sa isang takdang edad, at iba pa*), nang walang reperensiya sa kaniyang ari-arian o kawalan nito.

pollute *v.* magdlumi, dumihan, parumihin. Ang paglalagay sa lupa, hangin, at tubig ng mga elementong lubhang nakapipinsala o nakalalason.

pollution *n.* polusyon.

polygamy *n.* poligamya. Pag-aasawa nang mahigit sa dalawa nang sabayan.

polygraph *n.* poligrapo, poligrup. Isang *lie detector test*, ang aparato sa pagsasagawa ng gayong pagsusuri.

poor *n., adj.* 1. mahirap; dukha; maralita; dahop. 2. mahina; mababa.

pornographic *adj.* mahalay; malaswa; pornograpiko, *pornographic*.

port *n.* port; daungan; puwerto; pantalan.

portion *n.* porsiyon; bahagi.

positive evidence *n.* ebidensiyang positibo. Direktang ebidensiya na nagpapatunay sa katotohanan o kabulaanan ng isang bagay sa isang usapin at hindi nagmumula sa anumang sapantaha, akala, o palagay.

positive law *n.* positibong batas. Batas na tunay at tiyakang ipinapatupad o isinasagawa ng angkop na awtoridad para sa pamahalaan ng isang organisadong lipunang kumikilala ng batas o karapatan.

Possession *n.* posesyon; paghawak; pagtataglay. Ang karapatang hawakan at tamasahin ang isang bagay. *Tingnan Art. 523, Kodigo Sibil*.

Possessor bona fide *n.* posesor na may mabuting hangarin. Sinumang may-ari na walang nalalamang anumang depekto ng kaniyang ari-arian.

possessory action *n.* aksiyong posesori. Aksiyon para mabawi ang aktuwal na pag-aari, kaiba sa aksiyon na humihiling lamang na patunayan o ipawalambisa ang titulo ng isang naghahabla.

possibility *n.* posibilidad. Bagay na di-tiyak; bagay na maaaring mangyari.

possible *adj.* posible; maaaring mangyari.

postdated *adj.* pinetsahan; may takdang petsa; ipinahuling petsa. *Halimbawa tseke*.

postmark *n.* tatak ng koreo.

postmortem *n.* *Lat. postmortem*; pagkamatay. Pagsusuri sa dahilan o sanhi ng pagkamatay.

post office *n.* koreo; opisina sa koreo.

postpone *v.* ipagpaliban.

postponement *n.* pagpapaliban; postponment.

postscript *n.* pahabol-sulat, pahabol sa sulat.

poverty *n.* kahirapan; karukhaan; kadahupan.

power *n.* *Esp. poder*; kapangyarihan. Ang karapatan, kakayahan, kapangyarihan o pakultad (*faculty*) sa pagganap ng anumang.

power of attorney *n.* *power of attorney*. Karapatang gumanap bilang ahente o kinatawan.

practice *n.* praktis.

practice of law *n.* praktis ng batas. Propesyon sa pagganap ng tungkulin o gawaing pang-abogado.

preamble *n.* *preamble*; panimula; pambungad.

precedent *n.* pamarisan; modelo. Mga aktong legal o tuntuning itinakda sa mga pasiya ng hukuman na inaakalang dapat sundan, pamarisan, o modelo sa mga sumusunod na usapin.

precinct *n.* presinto. 1. sa *halalan*, lugar na pagbobotohan. 2. maliit na estasyon ng pulisya.

predecessor in interest *n.* sinundang panig. Ang nauna o pinanggalingan ng anumang bagay o karapatan.

predicate *n.* batayan; *predicate*. Pinagbasehan ng tanong. Ilagay ang batayan ng tanong, gaya sa "*laying the predicate*" of a question.

pre-emption *n.* pangunguna; *pre-emption*. Ang pag-uuna sa iba sa pagbili, pagdedesisyon, lehislyasyon, o sa paggawa ng batas.

pre-emptive right *n.* karapatan na maunang bumili. Pribilehiyo ng isang *stockholder*, katagapagmana, o kamay-ari na naunang bumili ayon sa kasukat o angkop na bahagi na taglay niya bilang may-ari.

preface *n.* paunang-salita; pambungad na salita. Mensahe o paliwanag na inilagay sa unang bahagi ng libro.

preferred creditor *n.* *preferred creditor*; pangunahing pinagkakautangan. Pinagkakautangang dapat unang bayaran.

preferred stock *n.* pinapaborang *stock*. *Capital stock* na may takdangporsiyento sa kita o *asset* ng korporasyon at unang babayaran matapos bayaran ang pinagkakautangan.

pregnant *n. adj.* buntis; nagdadalantao.

prejudgment *n.* paunang paghatol. Pagbibigay ng hatol o pagdedesisyon bago mapag-aralan ang isang kaso.

prejudice *n.* pagkampi. Pagkapinsala sa isang aksiyon o desisyon. *v.* kumiling sa kapalaran ng isang panig.

prejudicial question *n.* *prejudicial question*. Katanungan o isyu na ang kapasalahan ay nasa magdedesisyon kung ipagpapatuloy o hindi ang ibang usaping may kaugnayan tungkol dito.

preliminary *adj.* preliminaryo; pauna.

preliminary hearing *n.* preliminaryo o paunang pagdinig. Ang pagdinig ng isang hukom para tiyakin kung ang taong inihabla sa isang krimen ay kailangang litisin.

preliminary injunction *n.* *preliminary injunction*. Atas ng hukuman na pumipigil sa isang panig habang hinihintay ang mga katwirang bunga ng paglilitis. *Tingnan Sec. 1, Rule No. 58, Rules of Court.*

preliminary investigation *n.* paunang pagsisiyasat; preliminaryong imbestigasyon.

premeditation *n.* premeditasyon. May premeditasyon kung masusing pinag-aralan, pinaghandaan, o pinag-isipan ang isang krimen.

premise *n.* premis; batayan. 1. iyong inilalagay bago pa man; iyong nauuna; sinundang pahayag. 2. sa *Logic*, ang dalawang unang proposisyon ng silohismo (*syllogism*) na pinagbabatayan ng kongklusyon.

premium *n.* *premium*; primyum; bayad na seguro. Ang konsiderasyon na

ibinayad o pinagkasunduang ibayad sa isang tao ayon sa kontrata sa seguro.

pre-nuptial agreement *n.* *Tingnan ante nuptial agreement.*

preponderance of evidence *n.* kamalayan sa ebidensiya. Katibayang higit na nakakarami o nangingibabaw.

prescription *n.* preskripsiyon. Kalaunan o paglipas ng panahon sa pagkakaroon/pagkawala ng ari-arian. *Tingnan Art. 1106-1116; Art. 1117-1138, Kodigo Sibil.*

prescriptive easement *n.* *prescriptive easement*. *Easement* na nakamit sa paglipas ng takdang panahon.

presentment *n.* presentment. 1. Isang akusasyon, sinimulan ng mismong pangunahing hurado (*grand jury*), at bilang bunga, ang instruksiyon na ang isang demanda (*indictment*) ay iniharap sa kanila sa habla ng gobyerno. 2. Pagpresenta ng tseke sa drawee para bayaran.

presents *n.* *presents*; kasalukuyang instrumento. Ang pariralang "these presents" ay ginagamit sa anumang dokumentong legal upang ipaalam sa lahat ng sinumang makababasa ang ipinapahayag ng instrumento o kasulatan.

president *n.* pangulo; presidente. Pinakamataas na posisyon sa isang bansa o organisasyon.

presumed intent *n.* ipinapalagay na layunin. Ang isang tao ay itinuturing na layon ang natural at maaaring konsekuwensiya/bunga ng kaniyang mga boluntaryong kilos.

Presumption *n.* pagpapalagay. Ang

katotohanan/kabulaanan ng anumang proposisyon o nangyari hanggang hindi natitiyak ang katotohanan/pagkabulaan nito, pansamantalang positibo man o negatibo.

presumption of death *n.* pagpapalagay ng pagkamatay. Isang pagpapalagay na nagmumula sa pagkawala at patuloy na di-pagkakita (*absence*) sa isang tao sa kinagawian niyang lugar o tahanan sa loob ng isang mahabang panahon, karaniwang pitong taon, nang walang malinaw na dahilan sa gayong pagkawala.

presumption of innocence *n.* pagpapalagay ng kawalang-sala. Sagradong prinsipyo sa *Criminal Law* na ang epekto ay kailangang patunayan ng gobyerno ang bawat elemento ng isang krimen nang walang pagdududa. Walang obligasyon ang nahahabla na patunayan ang kaniyang kawalang-sala.

presumption of legitimacy *n.* pagpapalagay ng pagkalehitimo. Kung ipinapalagay sa isang aksiyon na ang isang bata ay isinilang sa isang mag-asawang legal, ang panig na naggiguit sa pagkalehitimo ng bata ay kailangang magpakita ng ebidensiya at may obligasyong kumbinsihin ang husgado nang walang pagdududa na ang bana (*Ceb. husband*) ay hindi ama ng bata.

presumptive trust *n.* pagpapalagay ng pagiging katiwala. Ang intensiyon ng pagiging katiwala, na ipinapalagay ng batas at pinag-isipan ng mga panig na makikita sa kalikasan ng transaksyon pero hindi ipinapahayag

sa instrumento ng paglalahad. (*instrument of conveyance*).

preterition *n.* preterisyon. Ang pagkaligta sa isa, ilan, o lahat ng mga sapilitang tagapagmana, (*forced heir*) ay magpapawalang-bisa sa testamento. *Tingnan Art. 854, Kodigo Sibil.*

pretext *n.* pakunwaring dahilan.

pre-trial conference *n.* kumperensiya bago ang paglilitis. Ang kinagawiang paraan na ginagamit bago ang paglilitis upang bawasan ang mga usaping lilitisin, tiyakin ang mga estipulasyon at ebidensiyang ihaharap, at gawin ang lahat ng mga kailangang hakbang na makakatulong sa disposisyon ng kaso.

pre-trial order *n.* utos ng hukuman bago ang paglilitis. Utos na naglalaman ng mga kondisyon at estipulasyon na sinang-ayunan ng dalawang panig sa isang kumperensiya bago ang paglilitis.

prevailing party *n.* panig na nananalo. Ang panig sa isang paglilitis na matagumpay na naghahabla sa aksiyon o matagumpay niyang naipagtanggol laban dito, nangingibabaw sa pangunahing isyu, bagaman hindi na kailangang umabot sa orihinal niyang ipinaglalaban (*original contention*).

prevent *v.* pumigil, pigilan, pigilan; humadlang, hadlangan; bumigo, biguin; humarang, harangin; sumugpo, sugpuin.

preventive detention *n.* detensiyong papigil. Pagkulong sa isang akusado habang hinihintay ang paglilitis o disposisyon ng kaso.

price *n.* presyo; halaga. Ang konsiderasyon

o kapalit na ibinibigay sa pagbili ng isang bagay.

price fixing *n.* pagtatakda ng presyo. Ang pagsasabwatan sa pagtatakda sa lebel ng presyo ng mga nagkokompetensiyang kompanya.

prima facie *adj.* *Lat. prima facie;* sa unang tingin. Ang ebidensiyang sa unang tingin ay maaaring pasinungalingan, salungatin, o talunin ng ibang ebidensiya.

prima facie case *n.* kasong *prima facie*. Ang isang kaso ay itinuturing na *prima facie* hangga't hindi nasasalungat at nadadaig ng ibang ebidensiya.

primary boycott *n.* primaryang boykot; pangunahing pagboykot. Aksiyon ng isang unyon na humihikayat sa mga tao na huwag gumamit o bumili ng mga kalakal ng isang employer na may hidwaan sa unyon.

primary evidence *n.* ebidensiyang primarya. Orihinal o pinagbuhatan ng katibayan.

primary jurisdiction *n.* primaryang hurisdiksiyon; pangunahing hurisdiksiyon. Sa mga kasong may isyu na di nakapaloob sa hurisdiksiyong kombensiyonal ng mga hukom o mga kasong kailangan ng paggamit ng administratibong diskresyon, hindi dapat balewalain ang mga ahensiyang administratibo na nilikha ng kongreso para pangasiwaan o desisyonang ang mga gayong kaso.

primary obligation *n.* pangunahing obligasyon. Ang pinakaprinisipal na pakay o paksa ng kasunduan.

primary purpose *n.* primaryang layunin; pangunahing layunin. Ang

unang layunin. Ang prinsipal o tiyak na layunin sa pagsasagawa ng isang kilos o pamamaraan.

primogeniture *n.* *primogeniture;* pagiging panganay. Ang pagiging panganay sa mga anak ng iisang magulang.

principal *adj.* 1. prinsipal; pangunahin, nangunguna; pinakamahalaga; pinakamalaki; primarya; orihinal. *n.* Ang may pinakamataas sa ranggo, awtoridad, karakter, kahalagahan, o digri. 2. Sa *Criminal Law*, pasimuno. *Tingnan Art. 17, Binagong Kodigo Penal.* 3. Sa *Civil Law*, ang prinsipal ay iyong may direktong kinalaman sa pagsasagawa ng krimen.

principal and agent *n.* prinsipal at ahente. *Tingnan Art. 1887, Kodigo Sibil.*

principle *n.* prinsipyo; simulain; tuntunin, alituntunin; saligan; panuntunan.

prior *adj.* *prior;* una, nauuna.

prior restraint *n.* *prior restraint.* Sa *Constitutional Law*, ipinagbabawal ang imposisyon ng isang pagpigil (*restraint*) sa isang publikasyon bago ito ilimbag.

prior use doctrine *n.* *prior use doctrine.* Sa dalawang publikong entidad, ang ari-ariang naitakda para sa publikong gamit ay hindi maaaring samsamin para sa iba pang pampublikong gamit kung walang hayag na lehislatibong awtoridad.

Prison *n.* bilangguan; piitan; preso; kalaboso. Isang publikong gusali o lugar na kulungan ng mga bilanggo, bilang kaparusahan na itinakda ng

batas o iba pa ayon sa hatol ng hukuman.

privacy *n.* *privacy.* Ang karapatang mamuhay nang mag-isa, magsarili, o maging malaya sa publisidad na hindi kanais-nais at hindi naaayon sa batas.

privacy, right of *n.* *Tingnan right of privacy.*

private *adj.* pribado. May kinalaman sa pag-aari ng mga pribadong indibidwal na kaiba sa pag-aaring publiko.

private international law *n.* pribadong batas na pang-internasyonal. Batas na ngayon ay mas malimit tawaging Salungatan ng mga Batas (*Conflict of Laws*).

private law *n.* pribadong batas. Ang bahagi ng batas ukol sa relasyon ng mga mamamayan sa isa't isa o kaugnay sa kahulugan/depinisyon, regulasyon, at pagpapairal ng mga karapatan ng mga pribadong indibidwal.

privies *n.* *privies;* mga kasangkot. Ang mga nakikibahagi o may interes sa anumang aksiyon o bagay.

privilege *n.* pribilehiyo. Isang partikular at naiibang benepisyo o bentahang tinatamasa ng isang tao, kompanya, o grupo.

privileged communication *n.* pribilehiyadong komunikasyon. Pahayag na isinasagawa ng ilang tao sa loob ng protektadong relasyon tulad ng bana-asawa, abogado-kliente, partinangungumpisal, at mga katulad, na pinoprotektahan ng batas sa mga puwersahang pagsisiwalat sa *witness stand*. *Tingnan Art. 354(1), Binagong Kodigo Penal.*

pro bono *n.* *Lat. pro bono.* Serbisyong isinasagawa nang libre para sa kabutihan ng madla.

pro forma *adv. Lat. pro forma.* Sa anyo.

pro indiviso *adj. Lat. pro indiviso.* Hindi nahahating bahagi.

pro rata *adj. Lat. pro rata.* Ayon sa proporsiyon; ayon sa takdang halaga o porsiyento.

pro rate *v. pro rate.* Hatiin o ipamahagi nang ayon sa proporsiyon.

pro tanto *adv, adj. Lat. pro tanto.* Sa ganoong halaga. Hangga't maaari; hangga't makakaya. Parsiyal na kabayaran sa isang demanda (*claim*).

probable cause *n.* malamang na sanhi o dahilan. Makatwirang batayan para paniwalaan ang pag-iral ng mga sirkumstansiya o pangyayaring nagpapatunay sa inireklamo sa paglilitis.

probate of will *n.* pagpapatibay sa huling habilin. *Tingnan Art. 838, Kodigo Sibil.*

probation officer *n. probation officer.* Opisyal ng lupong nangangasiwa sa panahon ng probasyon o pagsubok ng isang nahatulan ng krimeng may magaan na parusa.

probation period *n.* panahon ng probasyon; pagsubok. Pansamantalang pagpapalaya sa bilanggo matapos na siya'y masentensiyahan sa pangangasiwa ng hukuman sang-ayon sa mga kondisyon o kadahilanang itinakda ng hukuman.

probative facts *n.* mapapatunayang pangyayari. Sa *Law of Evidence*, mga pangyayaring may aktuwal na epekto

sa pagpapatunay ng mga katotohanang hinahanap.

procedural due process *n.* kaparaanan ng wastong proseso. Karapatang maabisuhan at madinig ang panig ng mga taong apektado ng kaso.

procedure *n.* kapamaraan; pamamaraan, sa usaping sibil man o kriminal.

proceeding *n.* paglilitis; *proceeding.* Ang anyo at paraan ng pangangasiwa sa gawaing huridikal (*judicial business*) sa isang hukuman o opisyal na *quasi-judicial*.

process *n.* proseso. Sa *practice*, ang paraan upang mapilit humarap sa hukuman ang akusado, demandado, o testigo. Ito ay maaaring utos, *writ*, *subpoena*, kasama na ang paglilitis sa hukuman.

process agent *n.* ahente para sa proseso. Taong awtorisadong tumanggap ng serbisyo ng proseso para sa iba.

process server *n. process server.* Taong awtorisado ng batas (*halimbawa sheriff*) na magbigay ng papeles sa proseso para sa magkatunggaling panig sa isang kaso sa hukuman.

proclamation *n.* proklamasyon; porma na deklarasyon. Akto ng publikong pagpapahayag.

producer *n.* prodyuser; kapitalista. Sinumang gumagawa o namumuhunan sa paglikha/paggawa ng isang bagay *halimbawa mga bilihin, pelikula, at iba pa.*

product liability *n.* pananagutan sa produkto. Pananagutan ng mga gumagawa (*manufacturers*) at nagbibili

(*sellers*) para bayaran ang mga bumibili, gumagamit, at sinumang naapektuhan o napinsala dahil sa mga depekto ng mga biniling kalakal.

production of documents *n.* paghaharap o pagpapalabas ng mga dokumento. Isa ito sa mga paraan para iutos ng hukuman ang pagpapalabas ng mga katibayan na karaniwang hawak ng kabilang panig.

profanity *n.* kalapastanganan, paglapastangan. Di-paggalang sa mga sagradong bagay; *partikular na ang di-paggalang o paglapastangan sa paggamit ng pangalan ng Diyos, sa wikang bulgar, irreverente sa radyo, o iba pang mass media.*

profession *n.* propesyon. Isang bokasyon o okupasyon na kailangan ng natatangi at kadalasang mas mataas na edukasyon, at kakayahan.

professional *n., adj.* propesyonal.

profit *n.* tubo; pakinabang.

profit-sharing plan *n.* plano sa pakikibahagi sa kita. Plano ng isang employer para makabahagi sa kaniyang kita ang mga empleado o ang kanilang tagapakinabang (*beneficiaries*).

prohibit *v.* magbawal, ipagbawal, pagbawalan.

Prohibition, writ of *n. Tingnan writ of prohibition.*

Prohibited drugs *n.* ipinagbabawal na gamot.

Promise *n.* pangako. Deklarasyon na gumawa o iwasang gumawa na kapag tinanggap ng taong pinangakuan ay nagbibigay sa kaniya ng karapatang

ipatupad ang ipinangako.

promisee *n.* ang pinangakuan.

promisor *n.* ang nangako. Sinumang gumagawa ng isang pangako.

promissory note *n.* pagare; *promissory note*; pangakong isinulat. Nakasulat na pangako na magbabayad ng isang tiyak na halaga ng salapi sa itinakdang panahon.

promulgate *v.* ipahayag. Ipahayag sa publiko sa pamamagitan ng deklarasyon, batas, o desisyon.

promulgation *n.* pagpapaalam o pagpapalathala sa publiko na mayroon nang batas, desisyon, o utos hinggil sa isang bagay.

pronounce *v.* bumigkas, bigkasin. Sabihin nang pormal, opisyal, at mataimtim.

proof *n.* katibayan; pruwera.

proper party *n. necessary/proper parties.* Mga kinakailangang panig; mga nararapat na panig sa usapin; hindi man isama ay maaaring malutas ang isang usapin.

property *n.* ari-arian *halimbawa lupa at bahay.*

property right *n.* karapatan sa ari-arian. Anumang uri ng karapatan sa espesipikong ari-arian, personal man o real, nakikita o di-nakikita.

property settlement *n.* kasunduan sa ari-arian. Kasunduang isinasagawa ng mag-asawa para sa dibisyon ng ari-arian nila sa panahon ng kasal.

proposal *n.* mungkahi; proposal; panukala *halimbawa sa paggawa ng*

krimen. Tingnan Art. 8, Binagong Kodigo Penal.

proprietary *adj.* propyetaryo; ng may-ari; ukol sa may-ari.

prosecute *v.* usigin, umusig, mag-usig; isakdal, magsakdal.

prosecuting attorney *n.* *prosecuting attorney*; abogado tagausig. Pangalan ng publikong opisyal na itinalaga sa bawat distritong hudisyal o bansa upang magsagawa ng paglilitis sa krimen para sa estado o mga tao.

prosecutor *n.* tagausig. Ang naatasang magpatunay na maysala ang isang nasasakdal.

prostitution *n.* prostitusyon. Pagbibili ng katawan. Pakikipagtalik sa iba't ibang partner para kumita.

protectorate *n.* protektorado. Isang bansa o estadong pinangangalagaan ng ibang bansang maykapangyarihan.

protective custody *n.* pagkupkop. Ang pagkupkop ng sinuman, sa ilalim ng puwersa ng batas, para sa proteksiyon ng kinupkop tulad sa *haso ng isang menor de edad, ng isang pangunahing saksi (material witness) na nasa panganib ang halagayan gayundin ang kaniyang pamilya, atbp.*

protest *n.* protesta. Pormal na deklarasyong isinasagawa ng isang taong interesado o may kinalaman sa ilang akto na gagawin pa lamang o maaaring nagawa na at nagpapahayag ng kaniyang pagtanggì o dipagsang-ayon.

protocol *n.* *protocol*; protokol. 1.

maikling buod ng texto ng isang dokumento. 2. ang katitikan ng isang pulong na pangkalahatang nilagdaan ng mga dumalong panig para ipakita ang kanilang pagsang-ayon dito. 3. etiketa ng diplomasya.

prove *v.* magpatunay, patunayan; magpatibay, pagtibayin; tumiyak, tiyakin. Pagtibayin ang isang katotohanan o hipotesis bilang totoo sa pamamagitan ng tama at sapat na ebidensiya.

provide *v.* ilaan, maglaan. Gumawa o maglaan para sa hinaharap; maghanda; magsuplay; magbigay.

provided *conj.* sa kondisyon na. Salitang ginagamit sa pagsisimula ng kondisyon o eksepsiyon.

provision *n.* 1. probisyon; tadhana ng batas; mga itinakda ng batas. Tumutukoy sa nakasulat na batas. 2. sa *pangkaraniwang gamit*, mga inilaang panustos sa pagkain. 3. sa *Commercial Law*, tumutukoy sa pondo na inilalaan ng nag-isyu ng tseke para sa magbabayad o maglalabas ng pera (*drawee*).

provisional *adj.* probisyonal. Pansamantala; preliminaryo; tentatibo; kinuha/ginawa para mag-ingat, o para sa *ad interim*.

provisional remedy *n.* pansamantalang lunas/remedyo.

provocation *n.* probokasyon. Akto ng pagbuo o pag-udyok sa iba na gumawa ng isang partikular na aksiyon. Anumang nakapagsusulol, nakapagpapagalaw, nakakapukaw (*calls forth*), o nagiging sanhi.

proximate *adj.* pinakamalapit. Ang karatig na sanhi ayon sa diwa ng batas.

proximate cause *n.* sanhing pinakamalapit; pinakamalapit na dahilan. Pinakamalapit na dahilan na siyang pinagbuhatan ng nangyayari na kung hindi dahil dito, hindi magaganap ang nangyari.

proxy *n.* *proxy*; kahalili. Taong hinirang upang pumalit o humalili sa lugar ng iba.

prudent *adj.* maingat at may mabuting kapasiyahan. Ang birtud na nagtuturo na alamin ang mabuti o masama upang ito ay maiwasan.

prurient interest *n.* *prurient interest*; interes na magagaslaw. Isang nakakahiya at masamang pagkahilig sa paghuhubad, sex, o pagdumi.

puberty *n.* *Hil.* hinupang. Ang edad na ang isang bata ay may kakayahan nang magkaanak.

public *adj.* publiko, pampubliko; pambayan; pangmadla.

public adverse possession *n.* *Tingnan adverse possession, public.*

public auction *n.* publikong subasta. Pagbebenta ng ari-arian sa publiko sa pinakamataas na alok sang-ayon sa batas.

public building *n.* gusaling pampubliko. Gusaling ang posesyon at gamit, gayundin ang mga ari-arian sa loob nito, ay pag-aari ng publiko. *Tingnan Art. 301, Binagong Kodigo Penal.*

Public convenience and necessity *n.* pampublikong kaginhawahan at pangangailangan. Ang karaniwang

sukatan na ginagamit sa mga bagay o serbisyo publiko.

public figure *n.* tanyag na tao; taong kilala ng publiko. Sa layunin ng pagtukoy sa pamantayang gagamitin sa aksiyong paninirang-puri (*defamation*), kasama dito ang mga artista, atleta, negosyante, diletante, at sinumang tanyag o nakakahiya dahil sa kaniyang katauhan o sa kaniyang nagawa.

public funds *n.* pampublikong pondo; salapi ng bayan. Mga salaping pag-aari ng gobyerno o anumang departamento nito na nasa kamay ng publikong opisyal.

public interest *n.* interes ng publiko; interes publiko.

public lands *n.* lupaing pampubliko. Mga lupang hindi pa natitituluhan.

public office *n.* tungkuling pambayan.

public policy *n.* patakarang pangmadla.

public record *n.* rekord na pampubliko. Rekord na inuutos ng batas na itago o panatilihin ng gobyerno.

public service *n.* serbisyo publiko; paglilingkod-bayan. Terminong ginagamit sa mga bagay at pangangalakal ng mga korporasyong naglilingkod sa madla o nakakatulong sa kaginhawahan at kaluwagan ng buong komunidad tulad ng *riles, gas, tubig, at kompanya ng koryente sa ilaw.*

public trial *n.* pampublikong paglilitis; bukas sa madlang paglilitis. Isang paglilitis na hindi lihim at maaaring daluhan ng sinuman.

public use *n.* gamit pampubliko. Ang

konstitusyonal at ayon sa batas (*statutory*) na batayan sa pilit na pagkuha ng gobyerno ng pribadong ari-arian (*eminent domain*).

public utility *n.* negosyong pampubliko. Negosyong pribado na ang serbisyo ay esensiyal o mahalaga sa publiko upang bigyang-katwiran ang *grant* sa mga natatanging prangkisa (*special franchises*) para magamit bilang pampublikong ari-arian o bilang karapatan ng *eminent domain*, sa konsiderasyong kailangang bigyang-serbisyo ng mga may-ari ang publiko nang walang diskriminasyon. *Halimbawa: planta para sa pampublikong gamit.*

public welfare *n.* kapakanang pangmadla; kagalingang pampubliko.

publication *n.* paglalathala; publikasyon.

publish *v.* ilathala, maglathala. Gawing publiko sa pamamagitan ng paglalathala; ilagay sa sirkulasyon.

publisher *n.* tagapaglathala; pabliser. Sinumang ang negosyo ay ang paggawa ng magasin, diyaryo, o iba pang produksiyong pampanitikan.

punish *v.* parusahan. Lapatan ng parusa.

punishable *adj.* maaaring parusahan; maparurusahan; kailangang parusahan.

punitive *adj.* nagpaparusa; ukol sa pagpaparusa.

purchase *v.* bumili, bilhin. Paglilipat ng ari-arian mula sa isang tao tungo sa iba sa pamamagitan ng boluntaryong akto at kasunduan batay sa konsiderasyong may halaga.

purchase order *n.* *purchase order*; pedido. Dokumentong tungkol sa mga binili; babayaran ang kalakal pagkahatid nito sa bumili.

purchaser for value *n.* *purchaser for value*. Ang bumili na nagbayad.

purge *v.* maglinis, linisin, linisan. Pawalang-sala sa isang bintang, paratang, o paglabag.

purport *n.* kahulugan; ang ibig sabihin. Ang nilalaman o ipinapahiwatig ng dokumento. *v.* mangahulugan.

purpose *n.* layunin; hangarin.

purview *n.* *purview*. Bahagi ng isang batas na nag-uutos sa mga dapat o hindi dapat gawin ayon sa mga isinusulat na mga salitang "Be it enacted."

pusher *n.* pusher; nagtutulak. Balbal para sa taong nagbebenta ng bawal na gamot nang hindi sang-ayon sa batas.

putative father *n.* ang kinikilalang ama.

Qq

quadruplicate *adj.* *quadruplicate*. Ang ikaapat na kopya. May apat na kopya.

qualification *n.* kalipikasyon. Kataangiang taglay.

qualified *adj.* kalipikado. Nagtataglay ng mga kailangang kalidad o kakayahan.

qualified privilege *n.* kalipikadong pribilehiyo. Sa *Law on Libel and Slander*, kapareho ng pribilehiyong kondisyonal. Ang ganap na pribilehiyo (*absolute privilege*) ay nagbibigay ng ganap na kaligtasan sa pananagutang sibil ng isang nahahabla sa kaniyang mapanirang pahayag, samantalang ang kalipikadong pribilehiyo (*qualified privilege*) ay pinoprotektahan ang nagbibigay ng proteksiyon sa nahahabla laban sa pananagutang sibil liban kung siya ay nakapagsabi ng mapanirang pahayag na may aktuwal na malisya.

qualified seduction *n.* kalipikadong panghihibo/seduksiyon. *Tingnan Art. 337, Binagong Kodigo Penal.*

qualified voter *n.* kalipikadong botante. Sa pangkalahatan, sinumang karapat-dapat bumoto.

qualify *v.* maging kalipikado. Maging marapat sa isang gawain.

quality *n.* kalidad; uri; katangian. Isang nagpapakilala ng pagkakaiba ng isa sa iba na katulad ang uri.

quantity *n.* kantidad; bilang; dami; sukat.

quarantine *n.* kuwarentenas; *v.* ilayo; ihiwalay sa iba.

quash *v.* magpawalang-saysay. Pawalang-saysay ang sakdal.

quasi-contract *n.* *quasi-contract*; mala-kasunduan. *Tingnan Art. 2142-2175, Kodigo Sibil.*

quasi-delict *n.* *quasi-delict*; kwasi delikto/delikto. Ang pinsalang nagawa sa ibang tao na hindi saklaw ng kasunduan ng mga panig.

quasi in rem *Lat. quasi in rem*. Uri ng aksiyon na ang layunin ay upang ipambayad o ipanagot ang interes sa ari-ariang hindi natitinag na nasa hukuman at ang hatol ng hukuman ay sasaklaw lamang sa magkabilang panig.

quasi-judicial *adj.* *quasi-judicial*; mala-hudisyal. Aksiyon na parang hudisyal na karaniwang ginagamit sa mga administratibong ahensiya na may kapangyarihang magbista na katulad ng husgado.

query *n.* tanong. Pagtatanong lalo na kung may duda o hindi sigurado sa isang bagay.

question *n.* tanong, katanungan; *v.* magtanong; tanungin. Publikong administratibo na ang layunin ay magpatupad ng mga regulasyon at tuntunin hinggil sa pagpapatakbo ng entidad o sangay ng pamahalaan katulad ng isang hukuman.

question, leading *n.* Tingnan leading question.

question, misleading *n.* Tingnan misleading question.

quieting of title *n.* paglililaw ng titulo.

quit claim *n.* pagpapaubaya sa karapatan.

quorum *n.* *quorum*; sapat na bilang.

quota *n.* *quota*; takdang bahagi.

quo warrantor *Lat. quo warranto*; usurpasyon. Usapin ng pagtuligsa sa karapatan, sa tungkulin, o pagkakaroon ng prangkisa.

Rr

race *n.* lahi; lipi.

racket *n.* panggagantso. Ilegal na paraan na pagkita.

racketeering *n.* panggagantso. Panloloko ng ibang tao para lamang kumita.

raffle *n.* *raffle*.

railroad *n.* riles; daang-bakal; perokaril. *v. i-railroad.* Madaliin at huwag bigyan ng sapat na deliberasyon para paboran ang isang panig.

rampant *adj.* laganap.

rank *n.* ranggo; antas.

ransom *n.* ransom; pantubos. Ang salapi, halaga, o konsiderasyong ibinayad o hiningi para sa katubusan ng isang tao o mga taong dinukot.

rape *n.* panggagahasa, paggahasa; *rape. v.* gahasain, manggahasa. Ang labag na pakikipagtalik ng isang lalaki sa isang babae sa pamamagitan ng puwersa at laban sa kagustuhan ng huli. *Tingnan Art. 335, Binagong Kodigo Penal.*

rape, attempted *n.* Tingnan attempted rape.

rape, statutory *n.* Tingnan statutory rape.

rates *n.* halaga; taripa.

ratification *n.* ratipikasyon; pagpapatibay.

ratio *n.* *ratio*; tumbasan.

ratio decidendi *Lat. ratio decidendi.* Ang katwirang pinagbatayan ng hatol.

rationale *n.* katwiran, pangangatwiran.

real action *n.* aksiyong real. Sumbong na nauukol sa pagbawi ng ari-ariang real.

real evidence *n.* ebidensiyang real. Mga bagay-bagay na nadarama at nakikita ng tao.

real party in interest *n.* partido o panig na may tunay na interes. Ang taong may legal na karapatan sa ilalim ng batas upang ipatupad o kilalanin ang kaniyang pag-angkin (*claim*).

real property *n.* ari-ariang real.

re-apportionment *n. re-apportionment*; muling paghahati. Ang muling paghahanay, pagbabago, o paghahati sa mga distritong lehislatibo batay sa pagdami ng populasyon.

reason *n.* katwiran; rason. Katotohanan o katwirang nagpapaliwanag kung bakit nangyari ang isang bagay.

reasonable *adj.* makatwiran; rasonable.

reasonable belief *n.* paniniwalang makatwiran; rasonableng paniniwala. *Tingnan probable cause.*

reasonable care *n.* makatwirang pag-iingat. Ang digri/antas ng pangangalagang hinihingi ng batas o ng pangyayari sa isang mabuting ama ng pamilya.

reasonable doubt *n.* makatwirang pag-aalinlangan.

reasonable force *n.* makatwirang puwersa; rasonableng puwersa. Ang digri/antas ng puwersa na angkop lamang sa pagtatanggol sa sarili at sa ari-arian.

reasonable time *n.* makatwirang panahon. Kung gaano kahaba ang makatwirang panahon ay sinasagot lamang ng mga pangyayari at kalakarang ginagamit sa hukuman o sa pagnenegosyo. Nasa diskresyon ng hukuman kung ang nangyari ay tinatanggap at napapatunayan, at kung ano ang makatwirang panahon.

reasoning *n.* pangangatwiran.

reassessment *n.* *reassessment*; muling pagtatasa; muling pagtataya. Ang muling pagtatasa o pagtataya (*assessment*) sa halaga ng anumang ari-arian sa isang lugar para sa pagbabayad ng buwis.

rebate *n.* *rebate*; bawas; tawad; diskuwento. Pagbabawas sa salaping ibinayad.

rebel *n.* rebelde. Taong aktibo sa pag-aalsa laban sa gobyerno dahil sa pagnanais ng bagong sistemang politikal.

rebellion *n.* rebelyon. Organisado at madugong aksiyon ng isang grupo laban sa gobyerno na naglalayong pabagsakin ito. *Tingnan Art. 134, Binagong Kodigo Sibil.*

rebus sic stantibus *Lat. rebus sic stantibus.* Sa mga sirkumstansiyang ito.

rebuttable presumption *n.* mapabubulaanang masasalungat, sapantaha, o palagay. Sa *Law of Evidence*, isang akala/palagay na maaaring pabulaanan ng ebidensiya.

rebuttal evidence *n.* ebidensiyang pampabulaan. Ebidensiyang ibinibigay upang ipaliwanag o pabulaanan ang ebidensiya na ibinigay ng kabilang panig.

recall *v.* itiwag, magtiwalag; bumawi, bawiin. Itiwag sa kapangyarihan ang isang pinuno dahil sa hiling ng taumbayan.

recantation of witness *n.* pagbaligtad ng testigo. Pagbawi o pagbabago ng testigo sa kaniyang naunang sinabi.

receivable *n.* halagang masisingil o matatanggap. Anumang halagang maaaring singilin, napapanahon man o hindi.

receiver *n.* tagatanggap; resiber. Sa *Civil Law*, tao o persona huridikal na kaiba sa mga interesadong panig sa usapin; hinirang at itinalaga ng Hukuman upang maging tagapangalaga ng lupa o ari-arian na sangkot sa isang usapin sa panahon ng paglilitis at pagkaraan ay magsulit sa hukuman.

recess *n.* pahinga, pamamahinga; *recess*. Ang maikling paghinto o ang

panahong itinitigil ang gawain sa hukuman o sa batasan.

recidivist *n.* residibista. *Tingnan Art. 14, par. 9, Kodigo Penal.*

reciprocal *adj.* gantihan; sagutan; tandingan.

reciprocity *n.* resiprosidad; resiprositi. Kasunduan ng dalawang estado sa pagbibigay ng magkatugma o magkapantay na pribilehiyo sa kanilang mga mamamayan.

recision *n.* resisyon. Ang pagkansela sa kasunduan/kontrata dahil sa di-pagtupad sa itinatadhana ng batas o ng kasunduan.

reckless *adj.* di-maingat.

reckless imprudence *n.* matinding kawalang-ingat.

reclamation *n.* reklamasyon. Ang pagtatambak ng lupa sa dagat upang mapakinabangan ng tao.

reclusion *n.* reklusyon. Ang pansamantalang pagkabilanggo bilang parusa sa isang krimen.

reclusion perpetua *n.* *Lat. reclusion perpetua.* Habambuhay na pagkakulong o pagkabilanggo. *Tingnan Art. 27, Binagong Kodigo Penal.*

recognition *n.* rekognisyon; pagkilala.

recognizance *n.* lagak; panagot.

recommendation *n.* rekomendasyon.

recompense *n.* upa; bayad. Upa o bayad para sa serbisyo.

reconcile *v.* pagkasunduin, magkasundo; pag-isahin, magkaisa.

reconciliation *n.* rekonsilasyon. Ang

akto upang pagkasunduin ang dalawang taong nagkakagalit.

reconstruction *n.* rekonstruksiyon. Ang muling pagtatayo ng mga gusali o mga impraestruktura.

reconveyance *n.* pagsasauli.

record *n.* rekord; tala; kasulatan. *v.* irekord; itala; isulat.

recourse *n.* *recourse*; pagbawi; pagsingil. Ang karapatan ng isang holder o maytaglay (*bearer*) na singilin ang halaga ng inilipat na kasulatan sa naunang nag-endoso nito.

recover *v.* bawiin, bumawi. Kuning muli.

recross examination *n.* muling balik-eksaminasyon; muling balik-tanong. Eksaminasyon o pagtatanong ng isang *cross-examiner* sa saksi kasunod ng di-tuwirang pagtatanong ng una sa huli.

rectify *v.* ayusin, iayos, mag-ayos; ituwid, magtuwid; iwasto, magwasto; itumpak, magtumpak.

recusation *n.* rekusasyon. Ang kusang pagtangi ng isang hukom sa kaso o habla dahil sa interes o pagkiling.

redeem *v.* tubusin, tumubos; muling bilhin.

redemption *n.* pagtubos.

redhibitory action *n.* aksiyong rehibitoryo. Aksiyon upang ipawalambisa ang pagkakabenta o pagkakabili ng mga hayop na may nakakahawang karamdaman o depektong hindi matuklasan ng mga beterinaryo o mga eksperto. *Tingnan Art. 1576, Kodigo Sibil.*

redirect examination *n.* muling direktong eksaminasyon; muling tuwirang-tanong. Ang pagtatanong sa saksi ng isang tuwirang tagatanong o *direct-examiner* kasunod ng balik-tanong (*cross-examination*) dito. *Tingnan Rule No. 132, Sec. 7, Rules of Court.*

redress *n.* bayad-pinsala.

redundancy *n.* pag-uulit. 1. pagpasok sa *pleading* ng mga bagay na imateryal o walang kinalaman sa bagay na dapat sagutin. 2. sa *Labor Code*, ang sanhi ng pagpapaalis o pagtatanggal ng mga empleadong ang trabaho ay hindi kailangan.

re-entry *n.* muling pagpasok.

re-examination *n.* muling pagsusuri. *Tingnan recross examination; review.*

referee *n.* reperi; tagahatol; tagapamagitan. Ang taong pinagsanggunian ng hukuman sa kapahintulutan ng mga panig upang siyang duminig at pagkatapos ay magulat sa hukuman. *Tingnan arbitrator.*

referendum *n.* reperendum. Pagpapasiya ng mamamayan ukol sa isang partikular na katanungan o patakaran batay sa isang botohan na kanilang sinagot ng "oo" o "hindi."

reformation of instruments *n.* pagwawasto ng kasulatan; pagbabagong-anyo ng kasulatan.

refund *n.* pagsasauli ng salapi. *v.* magbalik/magsauli ng salapi.

refusal *n.* pagtanggi; pag-ayaw. Negatibongsagot sa kagustuhan ng iba.

refutation *n.* pagpapabulaan. Pagpapabulaan sa ipinahayag ng kalaban.

regime *n.* rehimen.

register *n.* rehistro.

registered trademark *n.* rehistradong tatak ng kalakal. Tatak na itinala sa *Patent o Trademark Office*, kasama ang mga kaukulang deskripsiyon at iba pang pahayag na kailangan ng batas.

registered voter *n.* rehistradong botante.

register of deeds *n.* rehistro ng mga kasulatan.

register of ships *n.* rehistro ng mga bapor.

registration *n.* rehistrasyon; talaan, pataalaan.

registry of property *n.* rehistro/pataalaan ng mga ari-arian o lupa.

regular course of business *n.* karaniwang takbo ng negosyo. Ginagamit ang termino kaugnay sa mga libro at rekord na iniingatan ng isang negosyo at maaaring tanggapang ebidensiya, kung matagpuan sa pagsusuri ng hukuman, na ang itinala doon ay isinagawa nang may mabuting layunin bago nagsimula ang aksiyon, at ang gayong mga rekord ay bahagi ng kinagawiang pagpapatakbo sa negosyo.

regulate *v.* isailalim sa regulasyon/panuntunan.

regulation *n.* regulasyon; panuntunan.

reinstate *v.* muling ilagay; muling itataga. Ibalik sa dating posisyon.

kalagayan, kondisyon, o tanggapan/opisina.

reinsurance *n.* muling pagpapaseguro. Kontrata ng pagpapaseguro ng kompanya sa isang bagay na nakaseguro na upang makabawi sa anumang pagkawala o pananagutan ng naunang pagkakaseguro.

reiterate *v.* ulitin; muling banggitin.

reiteration *n.* reiterasyon.

reinvestigation *n.* muling pagsisiyasat; muling pag-iimbestiga.

rejoinder *n.* *rejoinder*. Sagot ng idinemanda sa sagot ng nagdemanda.

relation *n.* 1. relasyon; ugnayan. 2. salaysay o sumbong ng isang naghahabla.

relations *n.* kamag-anakan. Terminong kinapapalooban ng lahat ng kamag-anak ng isang taong pinag-uusapan.

relationship *n.* pagkakaugnayan, kaugnayan, ugnayan.

relative *n.* 1. kamag-anak. Sinumang may kaugnayan sa iba sa pamamagitan ng dugo o matrimonyo. *adj.* 2. relatibo; kaugnay.

relative divorce *n.* separasyong legal. Paghihiwalay ng mag-asawa nang walang karapatan ang sinuman na mag-asawang muli o magpakasal sa iba.

release *v.* pawalan sa pananagutan; palayain; kalagan.

relevance/relevancy *n.* katuturan; pagkakaugnay, kaugnayan. Pagkakaugnay sa isyung pinag-uusapan. Ang kalidad ng katibayan na angkop

na mailalapat sa pagsusuri ng katotohanan o kasinungalingan ng mga bagay-bagay na isyu sa magkabilang panig sa usapin.

relevant *adj.* may katuturan; may kaugnayan, nauugnay; nauukol.

reliance *n.* pagsandig; pagtitiwala.

relief *n.* kaginhawahan; kaalwanan.

relief court may deem [phrase] marapatin ng hukuman. *such other relief to*, iba pang kalunasan.

religion *n.* relihiyon.

relinquish *v.* isuko, magsuko; ipaubaya, magpaubaya.

remand *v.* ipabalik, magpabalik.

remedial *adj.* panlunas; remedyal.

remedial in nature *adj.* may uring panlunas.

remedial law *n.* batas sa paglunas at pamamaraan.

remission *n.* remisyon. Sa *batas*, pagpapatawad ng pananagutan sa utang.

remit *v.* pawalang-saysay ang multa o pagkailit.

remittance *n.* remitans. Salaping ipinadala.

remote cause *n.* pinakamalalayong sanhi. Sa *Law on Negligence kaugnay sa pananakit at aksidente*, isang sanhi na ayon sa karanasan ng tao ay hindi magiging dahilan upang maganap ang nangyari.

removal *n.* pagtatanggal, pagkatanggal; pag-alis, pagkaalis.

remuneration *n.* gantimpala; pabuya; sahod; suweldo; kompensasyon.

render an account *v.* magsulit.

rendition of judgement *n.* paglalahad ng hatol/desisyon. Ang pahayag ng hukuman ukol sa kongklusyon at desisyon nito matapos maisumite ang usapin para hatulan.

renew *v.* palitan *halimbawa ang kontrata, pasaporte, at iba pa.*

renewal *n.* pagpapalit. Ang pag-extend ng *validity* ng isang kasulatan o dokumento *halimbawa kontrata, pasaporte, I.D., at iba pa.*

renounce *v.* tumalikod sa karapatan.

rent control *n.* kontrol sa renta/upa. Isang pagpipigil o limitasyong ibinibigay sa ilang lungsod kaugnay sa pinakamataas na renta/upa na maaaring singilin sa mauupahang ari-arian.

renovate *v.* kumpunihin; gawing bago.

rent *n.* renta; bayad; upa.

renunciation *n.* renunsiyasyon. Pagtalikod sa karapatan.

repair *n.* pagkumpuni. Mga gawaing kailangan upang mapabuti ang isang ari-arian.

reparation *n.* bayad-pinsala; reparasyon.

repatriation *n.* pagpapabalik sa sariling bayan o bansa. **1.** Ang pagbawi sa nasyonalidad matapos ang *expatriation*. **2.** Ang pagbabalik sa dating sariling bansa ng mga puhunan (*investment*) na hawak ng mga dayuhan.

repay *v.* ibalik. Pagsasauli o pagbabayad

ng anumang bagay na hiniram o kinuha; hindi lamang ito sa salapi.

repeal *n.* pagpapawalang-bisa. Ang pagpapawalang-katuturan o pagpapawalang-bisa sa isang batas. *u. pawalang-bisa, ipawalambisa.*

replace *v.* palitan, magpalit; ibalik, magbalik; halinhan.

replead *v.* *replead*; muling ihain, maghain; muling iharap, magharap; muling banggitin, magbanggit; muling ilahad, maglahad. Panibagong *pleading* na tumutukoy sa isang naunang paglalahad.

replevin *n.* *replevin*. Isang uri ng panlunas sa batas na inilalapat upang muling makuha ang posesyon sa ari-ariang personal na ilegal na inagaw mula sa posesyon ng naghahabla.

reply *n.* sagot; tugon.

report *n.* ulat; report. *u.* iulat, mag-ulat; ireport, magreport.

repossession *n.* pagbawi; repesasyon. Pagbibigay o pagsasauli ng anumang mga kalakal o ari-arian sa dating mayhawak bunga ng anumang makatwirang dahilan.

representation *n.* representasyon. Isang pamamahayag tungkol sa isang katotohanan o bagay. Pahayag sa isang katotohanan upang hikayatin ang iba na sumang-ayon sa isang paniniwala o kasunduan. *Tingnan Art. 970, Kodigo Sibil.*

representative *n.* kinatawan; representante.

reprieve *n.* palugit. Palugit sa parusang kamatayan.

reprimand *n.* mahigpit na pangangaral. *u.* punahin; pangaralan. Pormal na pagpuna sa nagawang lisyang (*wrong*) na karaniwan ay iginagawad ng isang may awtoridad.

Republican Government *n.* Pamahalaang Republikano. Pamahalaan ng taumbayan, para sa bayan, at sa taong-bayan.

repudiation *n.* pagtatakwil.

repugnancy *n.* salungatan. Di-pagkakaaayon ng dalawa o higit pang bagay sa iisang kasulatan, kontrata, batas, o sa dalawa o higit pang materyal na bintang sa anumang *pleading* o akda *katulad ng hindi pagkakaaayon ng dalawang batas.*

reputable *adj.* *reputable*; kagalang-galang.

reputation *n.* reputasyon. Ang opinyon ng nakararami sa mga nakakakilala sa kaniya o sa kaniyang pamilya ukol sa karakter o kalagayan ng isang tao.

request *n.* hiling, kahilingan; petisyon.

requisition *n.* rekisasyon. Isang nakasulat o pormal na kahilingan.

resale *n.* muling pagbibili, muling pagbebenta.

rescind *v.* pawalang-bisa; ipawalambisa.

rescission of contract *n.* pagpapawalang-bisa sa kontrata/kasunduan.

reservation *n.* reserbasyon. **1.** Paglalaan para sa sarili ng anumang karapatan o interes. **2.** Isang malawak na lupain na inilaan ng awtoridad ukol sa isang layunin na hindi maaaring magamit sa ibang bagay dahil sa ito ay inilaan sa mga

espesipikong gamit ng publiko *gaya ng parke, puwesto militar, at iba pa.*

res gestae *n.* *Lat. res gestae.* Biglaang salita at kilos habang nagaganap ang isang nakagigimbal na insidente o pangyayari.

residence *n.* tahanan; tirahan; residensiya. Ang paninirahan sa isang lugar; kaiba ito sa *domicile* na ang intensiyon ay manatili sa isang lugar.

resident agent *n.* residenteng ahente. Sinumang nasa ilalim ng hurisdiksiyong lokal na may karapatang itali ang sinumang kaniyang kinakatawan.

resident alien *n.* residenteng banyaga; banyagang naninirahan. Sinumang dayuhan na hindi pa mamamayan ng isang bansa at may layuning manirahan nang tuluyan dito.

residuum *n.* *Lat. residuum*; latak; labi. Ang anumang natitira sa isang bagay matapos ang paghihiwalay o pagbawas.

resignation *n.* resignasyon. Pagbibitiw sa tungkulin.

res inter alios acta *Lat. res inter alios acta*; ang akto ng isa ay hindi makapipinsala sa iba. Isang teknikal na parirala na nangangahulugan na ang mga akto ng ibang tao ukol sa isang transaksyon ay hindi matatanggap na katibayan laban sa pangatlong tao na hindi kasama o kilala ng umakto.

res ipsa loquitor *Lat. res ipsa loquitor.* Nangangahulugang ang transaksyon ang nagpapatunay sa sarili o siyang nagpapahayag; hindi na kailangang

patunayan pa dahil kitang-kita ang ebidensiya.

resist *v.* tutulan, tumutol; tanggihan, tumanggi.

resistance and disobedience *n.* panlalaban at pagsuway.

res judicata *Lat. res judicata.* Bagay na napagpasiyahan na ng hukuman.

resolution *n.* resolusyon; pasiya ng Hukuman. Sa *Civil Law*, isang paraan upang ang kasunduang umiiral ay maalisan ng bisa dahil sa pagkaganap ng isang pangyayaring napagkasunduan. Kaiba ito sa *rescission*.

resources *n. resources;* rekurso; yaman o kuhanan. Salapi o ari-ariang maaaring gamitin upang matugunan ang anumang pangangailangan.

respondeat superior *Lat. respondeat superior;* hayaang sumagot/managot ang panginoon. Ang *maxim* na ito ay nangangahulugan na ang panginoon o nakatatasa ay mananagot sa pagkakamali ng kaniyang alipin o katulong.

respondent *n. respondent.* Ang sinumang pinasasagot sa isang kuwenta, *bill*, o iba pang mga katumbas nito.

responsive pleading *n. responsive pleading.* Isang *pleading* na tumutugon sa isyung taglay ng ibang *pleading*.

restitution *n.* restitusyon. Pagsasauli ng anumang bagay sa tunay na may-ari.

restitution of stolen goods *n.* ang pagbabalik o pagsasauli ng mga ninakaw na yaman.

restraining order *n.* utos ng pagpigil. Isang utos ng hukuman na nagbabawal sa paggawa ng anumang bagay na nagsasaad dito.

restraining of trade *n.* pagpigil sa komersiyo. Mga kilos o mga kombinasyon nito na ang pakay ay tanggalin o pahinain ang kompetisyon; paraang artipisyal na iniimpluwensiyahan ang halaga ng mga bagay-bagay; paghadlang sa malayang daloy ng kalakal at komersiyo tungkol sa pagkakaroon ng kontrol sa halaga o suplay nito.

restrictive covenant *n.* kasunduan sa paghihigpit. Probisyon sa kasulatan na naglilimita sa paggamit ng anumang bagay o ari-arian.

resulting trust *n.* ibinungang tiwala. Ang isang pagtitiwalang umiiral nang dahil sa batas. Pagtitiwalang ipinapahiwatig sa batas mula sa intensiyon ng magkabilang panig.

retail *n.* tingi. Ang pagbebenta ng paninda sa sinumang mamimili na gagamit nito at hindi upang ipagbiling muli. Pagbebenta sa pinakahuling mamimili nang walang intensiyong ibenta itong muli.

retainer *n. retainer.* Ang pag-empleo ng isang kliyente sa isang abogado upang mapigilan ang huli na maglingkod sa sinumang magiging kalaban ng kliyente. Gayundin ang pagtatalaga ng halagang ibabayad ng kliyente sa sinuman upang maitali ito para sa kaniyang sariling kapakanan.

retaining lien *n. retaining lien.* Ang karapatan ng abogado na hawakan ang anumang napasakamay na ari-arian o papeles ng kliyente kaugnay

sa usapin/kaso hanggang hindi siya nababayaran.

retaliate *v.* gumanti, gantihan.

retraction *n.* pagbawi ng salaysay. *Tingnan recantation of witness.*

retroactive effect *n.* retroaktibong epekto/bisa; saklaw-bisang retroaktibo; retroaktibong epekto sa nagdaang pangyayari. Mga batas na may bisa sa nasasaklawang pangyayari. *Tingnan Art. 4, Kodigo Sibil.*

retrospective *adj.* magugunita, maaaring gunitain. Ang paglingon sa nakaraang pangyayari. Ang paggunita sa nakalipas.

return *n.* pagbabalik; pag-uwi. **1.** ulat; report. Ang ulat ng opisyal hinggil sa kung ano ang nangyari sa pagsunod niya sa kautusan ng nakatatasa sa kaniya. **2.** isauli, magsauli; ibalik, magbalik.

revamp *n.* pagbabago; pagreorganisa.

revelation *n.* pagbubunyag; pagpapahayag.

revenue *n.* kita. **1.** pumasok na salapi. **2.** tubo mula sa puhunan (*investment*).

revenue bills *n. revenue bills.* Mga panukalang batas ukol sa kikitain ng pamahalaan.

revenue stamps *n.* selyo ng kita.

reversal *n.* pagbaligtad; panumbalik. Ang pagpapawalang-bisa o pagsasantabi ng isang nakatatasa na hukuman sa hatol/desisyon ng isang mas mababang hukuman.

reversion *n.* pagbabalik, pagsasauli. Ang pagpapanumbalik sa dating kalagavan.

review *n.* muling pagsuri, muling-suri; rebyu. *v.* suriing muli. Isang rekonsiderasyon; rebisyon; ikalawang pagtingin o eksaminasyon; isang konsiderasyon para sa mga layunin ng pagwawasto.

revise *v.* irebisa, rebisahin, magrebisa. Suriin at siyasating muli para sa pagwawasto.

revision *n.* rebisyon; pagrebisa.

revival *n.* pagpapanumbalik.

revival of action *n.* pagpapanumbalik sa aksiyon. Pagbuhay sa demanda o aksiyon.

revival of contract *n.* pagpapanumbalik ng kontrata. Ang kasunduang muling buhayin ang legal na obligasyon.

revive *v.* muling buhayin. Ang muling pagbuhay sa aksiyon o sumbong.

revocation of will *n.* pagpapawalang-bisa, pagpapawalang-saysay, o pagbawi ng testamento. Ang pagpapawalang-bisa, pagpapawalang-saysay, o pagbawi sa isang umiiral na testamento sa pamamagitan ng isang bagong testamento na di-tugma o salungat sa itinakda ng una, o sa pamamagitan ng mga gawaing ginawa pagkatapos labanan ang unang habilin, pagpunit, o pagsunog sa lumang testamento.

revocation *n.* rebokasyon. Pag-alis ng bisa sa kasunduan.

revolt *n.* himagsik. *v.* maghimagsik.

revolution *n.* rebolusyon; himagsikan. Ganap na pag-aalsa at pagpapataksik sa umiiral na establisadong gobyerno ng mga dating nasa ilalim nito.

revolving credit *n.* umiikot na kredito; pautang; *revolving credit*. Uri ng kasunduan sa kredito/pautang na nagpapahintulot sa bumibili o humihiram upang kumuha ng mga kalakal o pautang nang patuluyan at ang hindi pa bayad na balanse ng kaniyang akawnt ay hindi hihigit sa itinakdang halaga.

reward *n.* gantimpala; pabuya.

rider *n.* *rider*. Iskedyul o maliit na piraso ng papel na nagpapakita ng susog, dagdag, o endoso na kasama sa ilang bahagi ng dokumento. Kung ginagamit sa lehislatura o kongreso, ito ay tumutukoy sa isang sugnay o batas na isinama matapos na ang panukalang-batas ay makapasa sa komite. Maaari ring tumukoy sa mga nakakabit na patakaran sa seguro (*insurance policy*) sa pamamagitan ng pagpapalaki o pagpapaliit ng mga benepisyo o dili kaya ay nag-aalis ng mga kondisyon sa mga sinasagot ng patakaran. Sa pamamagitan ng rider, hindi na kailangang muling gawin ang buong kasulatan.

right *n.* karapatan.

right of action *n.* karapatan sa aksiyon. Ang karapatang maghabla.

right of assembly *n.* karapatan sa pagtitipon. Karapatang magtipon para talakayin ang mga hinaing o hinakdal at igiit ang mga karapatan.

right of first refusal *n.* karapatan sa unang pagtanggap. Karapatan sa unang oportunidad na bumili ng ari-ariang real o lupa kung maaari, o ang karapatang kunin ang iba pang alok.

right of privacy *n.* karapatan sa

privacy; karapatang mapag-isa. Ang karapatan ng isang tao na maging malaya sa di-pinapahintulatang publisidad, pakikialam, o istorbo.

right of redemption *n.* karapatan sa pagtubos o pagpapalaya sa isang sagutin (*lien*). Karapatang pasanin muli o palayain ang isang ari-arian sa isang pag-angkin (*claim*) o sagutin (*lien*). [Ang karapatang ito ay ipinagkakaloob lamang ng batas.]

right of way *n.* karapatan sa daan. *Tingnan Titulo VII, Kabanata 2, Sek. 3, Kodigo Sibil.*

riot *n.* gulo, kaguluhan, pagkakagulo. Pagkakagulo sa publiko na sangkot ang mga taong nagtitipon na magbibigay ng panganib o magbubunga ng pinsala/sakuna sa ari-arian ng sinuman o sa sinumang indibidwal.

riparian *n.* karatig; riparyan. Karatig o kaugnay sa pampang ng isang ilog o sapa.

Ripeness Doctrine *n.* *Ripeness Doctrine*. Ang kautusang konstitusyonal ng usapin, kaso, o kontrobersiya ay humihiling sa hukumang pang-apela (*appellate court*) na isaalang-alang kung ang isang kaso ay naging ganap o hinog na upang maging isang kontrobersiyang karapat-dapat sa isang paghuhusga bago pa man ito matukoy o mahatulan.

river *n.* ilog; tubig buhat sa dagat. Likas na daluyan ng tubig, mas malaki kaysa sapa o batis, umaagos sa humigit-kumulang na permanenteng agusan o kanal, sa pagitan ng tiyak na pampang o pader, nang may agos na maaaring tuloy-tuloy sa iisang direksiyon o naaapektuhan ng

pagbaba/pagkati (*ebb*) at daloy ng tabsing (*tide*).

road *n.* daan; kalye; lansangan. Isang bukas na daan o publikong lagusan.

robbery *n.* panloloob; pagnanakaw.

robbery in band *n.* pangkatang panloloob. Panloloob ng sandatahang pangkat na kinasasangkutan ng tatlo o mahigit pang tao. *Tingnan Art. 296, Kodigo Penal.*

roll *n.* *roll*; rolyo. Rekord ng paglilitis/prosidimiyento (*proceeding*) ng hukuman sa apelasyon.

Roman Law *n.* *Roman Law*; Batas Romano. Sa pangkalahatang kahulugan, sumasakop ito sa lahat ng mga batas na umiral sa panahon ng mga Romano, walang pagtukoy sa panahon ng kanilang pinagmulan ngunit kasama ang mga koleksiyon ni Justinian.

route *n.* ruta. Kurso o linya ng biyahe mula sa isang lugar tungo sa ibang lugar.

royalty *n.* royalti. Ang bahagi ng kita na reserbado sa may-ari/may-akda bilang pahintulot na gamitin ng iba ang kaniyang pag-aaring intelektuwal. Ang porsiyento o kaparte ng awtor sa bawat benta ng kaniyang aklat na ipinalimbag.

rubber check *n.* *Tingnan bouncing cheque.*

rule *v.* maghari; manaig; mag-utos. Mag-atas sa pagtanggap o pagtanggap sa ebidensiya. *n.* panuntunan.

rule-making power *n.* *rule-making power*. 1. kapangyarihang ibinigay ng Konstitusyon sa Korte Suprema upang gumawa ng alituntunin sa hukuman tungkol sa *pleading*, praktis, prosidimiyento/paglilitis, at pagtanggap ng kung sino ang magiging abogado. 2. kapangyarihan ng mga sangay administratibo na magsagawa at magpatupad ng mga batas na kanilang pinamamahalaan o pinangangasiwaan.

Rules of Court *n.* Alituntunin sa Hukuman.

Rules of Evidence *n.* Alituntunin sa Ebidensiya. Alituntunin sa hukuman na gumagabay sa pagtanggap ng ebidensiya sa mga paglilitis at pagdinig ng mga usapin.

ruling *n.* desisyon; hatol; pasiya, kapasiyahan. Hudisyal o administratibong interpretasyon ng isang probisyon sa batas, atas, regulasyon, o ordinansa.

runaway shop *n.* *runaway shop*. Ang employer na naglipat ng kaniyang negosyo sa ibang lokasyon o pansamantalang nagsara ng kaniyang negosyo para sa layuning laban sa unyon (*anti-union*).

Ss

safe *n.* 1. kaha de yero. Isang metal na taguan ng mga mahalagang bagay. *adj.* 2. ligtas.

safety *n.* kaligtasan.

salary *n.* suweldo; sahod.

sale *n.* bilihan, pagbibili. 1. isang kasunduan sa pagbibili ng isang bagay para sa isang tiyak na halaga sa salapi. 2. pagbebenta sa mas mahabang halaga kaysa kinagawian.

sales agreement *n.* kasunduan sa pagbibili. Kontrata sa pagbibili ng mga kalakal.

sales tax *n.* buwis sa pagbibili. Buwis na ipinapataw sa pagbibili ng mga kalakal o anumang bagay.

salvage *n.* 1. labi. Sa pangkalahatan, ang bahagi ng mga kalakal o ari-arian na nailigtas o natira matapos ang isang sakuna o kalamidad. 2. *salvage*; walang katwirang pagpaslang ng tao. Tumutukoy sa pagpaslang ng mga pulis, militar, o armadong grupo sa isa o ilang taong walang kalabanan at hindi ayon sa kapamaraan ng batas. *Tingnan extra judicial execution.*

salvor *n.* tagasagip. Taong walang anumang partikular na relasyon sa isang barkong nasa panganib,

naghandog ng boluntaryong serbisyong kapaki-pakinabang sa pamamagitan ng pagsagip ng mga naanod na bagay sa paglubog nito.

sanction *n.* *sanction.* Parusa sa paglabag/pagsuway sa batas.

sane *adj.* matino. Matinong pag-iisip.

satisfaction of judgment *n.* kaganapan ng pasiya o hatol.

saving clause *n.* sugnay sa eksepsiyon. Sugnay na nagsasaad ng eksepsiyon sa batas.

savings and loan association *n.* asosasyon sa pag-iimpok at pagpautang.

savings bank *n.* *savings bank.* Uri ng bangko na tumatanggap ng mga deposito, at nagbabayad ng interes pagkatapos, at nagsasagawa ng ilang uri ng pautang *halimbawa pautang sa bahay*, pero hindi nagbibigay ng mga serbisyo para sa tseke.

scab *n.* eskirol. Sinumang humahalili sa trabaho ng mga welgista habang may welga.

scandal *n.* eskandalo; alingasngas.

scandal, grave *n.* malubhang eskandalo.

seal *n.* selyo; tatak. *v.* magselyo.

sealed instrument

selyohan; tatakan, magtatak. 1. Maglagay ng selyo sa produkto o dokumento bilang tanda ng pagaproba o kapahintulutan. 2. Sarhang mabuti; takpan nang mahigpit.

sealed instrument *n.* instrumentong selyado. Nakasulat na instrumento na hindi lamang inilagda ng panig na mananagot ang kaniyang pangalan kundi pati ang kaniyang selyo.

search *n.* paghahanap; paghahalughog.

search warrant *n.* warrant/kautusan sa paghahalughog.

seashore *n.* baybay-dagat; dalampasigan; baybaying dagat.

seaworthiness *n.* *seaworthiness.* Ang kakayahan ng barkong makapaglayag sa dagat.

secondary *adj.* sekondarya; pangalawa. Kasunod, mas mababa, o mas mahinang uri/klase; sa pangkalahatan, sumusunod sa primarya.

secondary boycott *n.* pakikisamang boykot; sekondaryang boykot. Pagtangg sa trabaho, pagtangg bilhin, o hawakan ang mga produkto ng employer na hindi kahidwaan ng unyon sa layuning puwersahin ang nasabing employer na itigil ang pakikipagnegosyo sa employer na kahidwaan ng unyon.

secondary evidence *n.* ebidensiyang panghalili; sekondaryang ebidensiya. Ebidensiyang inihaharap kung wala ang primarya o pinakamainam na ebidensiya.

secondary meaning *n.* ikalawang kahulugan. Ang doktrina sa

Trademark Law na nagbibigay ng pangalawang kahulugan sa tatak ng produkto na maaaring pangalan ng lugar o naglalarawang termino (*halimbawa Ang Tibay, Vigan Tiles, atbp.*) na sa katagalan ng paggamit ay nakilala na ng publiko bilang tatak ng prodyuser. Ang doktrinang ito ay nagbibigay ng proteksiyon sa may-ari ng tatak dahil sa katagalan at ito ay nagkaroon na ng dagdag na kahulugan.

secession *n.* sesesyon; pagtiwalag. Akto ng pagbawi sa pagkamiyembro sa isang grupo o kinabibilangang teritoryo.

secretary *n.* kalihim; sekretaryo.

sectarian *adj.* sektaryan. Denominasyonal; tapat, natatangi, tumutukoy, o nagpapaunlad sa interes ng isang sekta o mga sekta.

section *n.* seksiyon; bahagi.

secured transaction *n.* ginagaran-tiyahang transaksyon; transaksiyong may garantiya. Transaksiyong itinatag sa isang garantisadong kasunduan. Ang gayong transaksyon ay lumilikha o naglalaan para sa isang garantisadong interes.

securities *n.* *securities*; mga panagot. Mga sosyo (*shares*) ng stock sa isang korporasyon at mga karapatang sumuskribi o tumanggap ng gayong mga sosyo.

security *n.* *security*; seguridad.

sedition *n.* sedisyon. Lantaran at magulong pag-aalsa upang kamtin ang ilang layuning pampolitika sa pamamagitan ng dahas, pananakot, o ibang pamamaraang labag sa batas.

Tingnan Art. 139, Binagong Kodigo Penal.

seduction *n.* seduksiyon; pang-aakit; panghihibo. *Tingnan Art. 337, Binagong Kodigo Penal.*

segregation *n.* paghihiwalay; pagbabahagi; segregasyon.

seizure *n.* pagsamsam. *Tingnan distraint.*

self-dealing *adj.* *self-dealing*; pansariling transaksyon. May kinalaman sa mga transaksyon na ang isang *trustee*, tumatayo bilang gayon na rin para sa kaniyang sarili (isang ugnayang nag-uutos ng estriktong katapatan sa iba), ay naglalayong tuparin o tapusin ang isang kasunduan (*deal*) na ang interes sa sarili ay salungat sa tungkulin.

self-defense *n.* pagtatanggol sa sarili. *Tingnan Art. 11, par. 1, Kodigo Penal.*

self-incrimination *n.* pagpapahamak sa sarili. Testimonya sa isang paglilitis na nagsasangkot sa sarili.

self-serving declaration *n.* pansariling deklarasyon/pahayag. Isang deklarasyong extra-hudisyal na ginawa para sa sariling kapakanan o kapaburan.

sell *v.* magbili, ipagbili; magbenta, ibenta.

senate *n.* senado. Mataas na kapulungan.

senility *n.* pagkaulyanin gawa ng katandaan. Pagkamasakitin sanhi ng paghina ng isipan at katawan na nararanasan sa katandaan.

seniority *n.* 1. pagiging nakakatanda. 2. pagiging nakakataas sa tungkulin o ranggo.

sentence *n.* sentensiya. Sa *batas*, hatol o pasiya.

sentence, commutation of *n.* pagpapagaan sa parusa.

sentence, evasion of *n.* pag-iwas sa parusa.

sentence, indeterminate *n.* parusang walang takda.

separability clause *n.* sugnay sa paghihiwalay. Sugnay na kadalasang makikita sa mga kontrata o batas na nagsasaad na sa sandaling ang isa o higit pang probisyon ay ideklarang walang-bisa, mananatiling may bisa ang natitirang bahagi ng kontrata.

separate offenses *n.* magkakahiwalay na krimen; hiwalay na pagkakasala.

separate property *n.* hiwalay na ari-arian. Sariling ari-arian ng isang may-asawa.

separation *n.* paghihiwalay; separasyon.

separation agreement *n.* kasunduan sa paghihiwalay ng mag-asawa. Nakasulat na mga kasunduan ukol sa pangangalaga, suporta sa bata, alimoni at paghahati sa ari-arian na isinasagawa ng isang mag-asawang magdidiborsiyo o kukuha ng separasyong legal.

separation of power *n.* paghihiwalay ng kapangyarihan sa tatlong sugnay nito: ang lehislatibo, ang ehekutibo, at ang hudisyal.

sequestration *n.* depositong hudisyal; legal na pagsamsam. *Tingnan Art. 2005, Kodigo Sibil.*

service *n.* serbisyo; paglilingkod; pagganap; pagkakapadala; pagpapadala.

service contract *n.* kontrata ng

serbisyo. Nakasulat na kasunduan para isagawa ang serbisyo sa pagpapanatili o pagkukumpuni sa isang produkto ng mamimili sa takdang panahon. *Tingnan Art. 188, Binagong Kodigo Penal.*

service mark *n.* marka/tatak ng serbisyo. Marka o tatak na ginagamit sa pagbebenta o pag-aanunsiyo sa mga serbisyo ng isang tao at upang ipakita ang kanilang kaibhan sa iba.

servitude *n.* *servitude*. Sa *Batas Panlingkuran (Easement)*, isang ari-arian real para sa kapakanan ng isa pang ari-arian di-matinag na nauukol sa ibang may-ari. *Tingnan Art. 613, Kodigo Sibil.*

servitude, involuntary *n.* di-kusang loob na panlingkuran.

session *n.* sesyon; pulong.

setback *n.* *setback*. Distansiya mula sa kurba, hangganan ng ari-arian, o estruktura na ipinagbabawal ang pagtatayo.

settlement *n.* pag-aayos. Akto o proseso ng pag-aayos ng anumang suliranin.

set up *v.* 1. ilabas, maglabas; isaad, magsaad; ilantad, maglahad; iharap, magharap *gaya sa isang bagay na inaasahan o inaakalang sapat*. 2. imungkahi o ipasok sa pamamagitan ng depensa, paliwanag, o pangangatwiran.

several liability *n.* magkakahiwalay na pananagutan. Pananagutan na hiwalay at kaiba sa ibang pananagutan kaya't maaaring gawan ng independiyenteng aksiyon nang walang kaugnayan sa iba.

severance *n.* pagkaputol; pagkapatid; pagkalagot. Akto ng pagputol o kalagayan ng pagpuputol; partisyon; paghihiwalay.

sham *n.* huwad; pagkukunwari.

share *n.* sosyo sa kompanya.

share of corporate stock *n.* sosyo sa *stock* ng korporasyon. Isang bahagi ng ilang karapatan sa isang korporasyon sa panahon ng pag-iral nito.

shareholder *n.* kasosyo.

sheriff *n.* *sheriff*. Opisyal ng korte. *v.* *i-sheriff*, *mag-sheriff*.

sheriff's sale *n.* pagbebenta ng *sheriff*. Isang pagbebenta, kadalasan sa isang subasta, na isinasagawa ng isang *sheriff* batay sa utos ng hukuman.

ship *n.* barko. Malaking sasakyang ginagamit sa paglalayag sa dagat. *v.* ipadala, ipahatid sa barko.

shipment *n.* *shipment*. 1. akto ng pagpapadala ng mga kalakal. 2. kalakal na ipinadala.

show cause order *n.* utos na magpakita ng kadahilanan.

shore *n.* dalampasigan.

sick leave *n.* *sick leave*. Pagliban sa trabaho dahil sa pagkakasakit.

side *n.* panig. Panig sa isang usapin.

sidewalk *n.* *sidewalk*; bangketa. Ang parte ng kalsada na inilaan upang lakaran ng mga tao at para sa mga *pedestrian* lamang.

signatory *n.* ang lumagda.

signature *n.* lagda; pirma.

significance *n.* kahulugan; kabuluhan.

silent partner *n.* lihim na kabakas/kasosyo. Isang namumuhunan, kapitalista, o *investor* sa isang kompanya na walang aktibong bahagi o papel sa pamamalakad subalit kasama sa tubo o pagkalugi nito.

simple average *n.* *simple average*. Sa *Marine Insurance*, lahat ng gastusin at danyos na tinamo ng isang sasakyang pandagat o kargada nito na hindi nakasanayan para sa benepisyong komon.

simulation *n.* pagkukunwari.

simultaneous *adj.* sabay, magkasabay, sabayan.

single *adj.* mag-isa; walang asawa.

site *n.* lugar.

situated *adj.* situwado; nakatayo; matatagpuan.

skill *n.* kasanayan; pagkabihasa.

skilled *adj.* sanay; bihasa.

slander *n.* pagmumura; panlalait. Paninirang-puri sa pamamagitan ng salita. *Tingnan Art. 358, Kodigo Penal*.

slander by deed *n.* paninirang-puri sa pamamagitan ng gawa. *Tingnan Art. 359, Kodigo Penal*.

slavery *n.* pagkaalipin, pang-aalipin.

social *adj.* panlipunan; sosyal.

social contract *n.* *social contract*; kasunduang panlipunan; kasunduan ng namamahala at pinamamahalaan. Sa *Political Philosophy*, isang terminong ginagamit sa teorya ukol

sa pinagmulan ng lipunan na pangunahing nauugnay sa mga pangalang Hobbes, Locke, at Rosseau bagama't maaari itong tuntunin sa mga Griyegong Sophist.

social justice *n.* katarungang panlipunan.

societe anonyme *n.* *Fr. societe anonyme*. Sa *batas ng France*, isang partnership o bakasan sa ngalan ng isa sa mga miyembro; ang iba naman ay estriktong lihim na kabakas. (*silent partner*)

society *n.* 1. lipunan; sosyedad; *Hil.* katilingban. 2. samahan; kapisanan.

sodomy *n.* sodomiya. Pagtatalik ng mga tao na salungat sa kalikasan.

sole cause *n.* tanging dahilan.

solicit *v.* manghingi; mangilak. Humiling sa iba para sa layuning tumanggap.

solicitor general *n.* prokurador heneral; *solicitor general*.

solidary obligation *n.* obligasyong solidaryo.

solutio indebiti *n.* *Lat. solutio indebiti*. Sa *Civil Law*, ang pagbabayad sa isang tao na hindi naman dapat bayaran.

solvency *n.* *solvency*; kakayahang magbayad ng utang. Kakayahang magbayad ng anumang utang o pananagutan sa takdang panahon ayon sa batas o napagkasunduan.

sovereign immunity *n.* inmunidad ng pinuno. Doktrinang pumipigil sa sinuman na maghabla sa pinakamataas na pinuno ng estado o sinumang may gayong katangian,

liban na lamang kung pumayag dito ang naturang pinuno.

sovereignty *n.* kasarinlan; soberanya. Ang pinakamataas at ganap na kapangyarihang taglay ng alinmang nagsasariling estado.

special law *n.* natatanging batas. Batas na sumasaklaw sa isang partikular na tao o bagay sa halip na sa pangkalahatan.

specification *n.* espesipikasyon. Isang partikular o detalyadong pahayag, o listahan ng iba't ibang elemento, mga materyal, at iba pang kakailanganin.

specimen *n.* ispesimen. Bahagi ng isang bagay na nilalayong ipakita ang uri at kalidad ng kabuuan nito.

speech *n.* pananalita. *Tingnan freedom of speech*.

spendthrift *n.* gastador; bulagsak.

splitting cause of action *n.* Paghahati o paghihiwalay ng sanhi ng aksiyon sa iba't ibang bahagi na nagdudulot ng maraming aksiyon.

spouse *n.* esposo/esposa. Asawa o bana (*Ceb. husband*).

spurious *adj.* huwad; palsipikado. Hindi tunay/totoo.

spy *n.* espiya; tiktik. Taong ipinadala sa lugar ng kaaway upang tahimik na magmasid ng kanilang mga gawain, alamin ang kanilang lakas at mga layunin, at palihim na ipabatid ang kaalamang napulot sa nagsugo sa kaniya.

squatter *n.* iskuwater. Sinumang tumira o pumuwesto sa lupa ng iba nang walang titulo, awtoridad, o pahintulot ng may-ari.

stamp *n.* selyo; tatak. 1. tinatakan o inilimbag na papel na idinidikit sa mga dokumento, sertipiko ng *stock*, at iba pa. Bilang patunay na binayaran ang kaukulang buwis ayon sa batas. 2. anumang inilimbag na marka, etiketa, o papel na itinatadhana ng pamahalaan na kinakailangang idikit sa mga sulat koreo at sa iba pang artikulo *halimbawa alak, sigarilyo* na kailangang magbayad ng buwis.

standard *n.* pamantayan; sukanan.

standing to sue doctrine *n.* *standing to sue doctrine*. Ang sinumang panig na may sapat na interes sa isang makatwirang kontrobersiya para makamit ang pasiya ng hukuman sa nasabing kontrobersiya.

stare decisis et non quita movere *Lat. stare decisis et non quita movere*. Sundin ang mga naunang napagpasiyahan at huwag guluhin ang mga establisado o kinagisnang desisyon o doktrina.

state *n.* estado. Mga taong umuokupa sa isang tiyak na teritoryo, at organisado sa ilalim ng isang gobyerno.

state action *n.* aksiyon ng estado.

statement *n.* pahayag. Isang alegasyon; isang deklarasyon.

state of emergency *n.* kalagayang pang-emergency.

status *n.* istatus; kalagayan; kondisyon. *Tingnan civil status*.

statute *n.* batas.

statutory construction *n.* pagbibigay ng kahulugan sa mga batas. Ang sangay na may kinalaman sa interpretasyon ng mga batas na ipinasa ng lehislatura.

statutory lien *n.* *statutory lien.* Isang *lien* na itinakda ng batas sa mga tinukoy na bagay o kondisyon. Hindi kasama dito ang anumang *lien* mula sa isang kasunduan.

statutory rape *n.* *statutory rape.* Ang pakikipagtalik sa isang batang babae na may edad na kulang sa 12 taon kahit may pahintulot nito o ng kaniyang magulang. Batay ito sa paniniwala na walang kakayahang magbigay ng tunay na kapa-hintulutan ang batang babae dahil sa kaniyang murang isipan. *Tingnan* Art. 335, *Binagong Kodigo Penal*.

stay *n.* pagpigil; pag-antala; pagbimbin.

steal *v.* magnakaw, nakawin.

stenographer *n.* istenograp; takigrapo, takigrapa. Sinumang ang trabaho ay takigrapiya o istenograpiya.

stenography *n.* istenograpiya; takigrapiya. Ang paraan ng pagsusulat nang mabilis sa pamamagitan ng simbolo. Karaniwang ginagamit sa pagkuha ng tala sa paglilitis o pagdinig.

sterilization *n.* isterilisasyon. Akto o proseso ng pag-alis sa kakayahang mag-anak ng sinumang babae o lalaki. *Halimbawa* pagtali sa *fallopian tube* ng isang babae o *vasectomy* sa panig ng lalaki.

stevedore *n.* estibador; tagabuhat ng kalakal sa pier.

stipulation *n.* estipulasyon; pagtatadhana; paghahanay.

stipulation of facts, *n.* pagtatadhana/paghahanay ng mga pangyayari.

stirpes *n.* *Lat. stirpes.* *Tingnan* *per stirpes*.

stock *n.* *stock*; aksiyon; istak.

stock, capital *n.* puhunang *stock*; puhunang aksiyon; puhunang istak.

stock dividend *n.* dibidendo ng *stock*.

stockholder *n.* *stockholder*; kasosyo; aksiyunista. *Tingnan* Sec. 5, *Corporation Code*.

stockholders' equity *n.* *stockholder's equity*; *equity* ng *stockholder*. Ang katumbas na bahagi ng isang *stockholder* sa *capital stock* at surplus ng korporasyon.

stockade *n.* piitang militar.

stop *n.* himpilan; paradahan. *v.* tumigil; itigil; huminto, ihinto; pigilin, pumigil; humimpil, ihimpil; pumarada, iparada.

stop and frisk *n.* pagpigil at pagkapkap. Pagpigil at pagkapkap sa isang taong kumikilos nang kahina-hinala. *v.* pigilin at kapkapan.

stop order *n.* *stop order*. Ginagamit sa *stock exchange* upang pigilin ang pagbibili sa halagang mas mataas o pagbebenta sa halagang mas mababa sa umiiral na halaga sa pamilihan.

stop payment order *n.* *stop payment order*. Utos sa bangko ng isang may deposito na huwag bayaran ang tseke na kaniyang ipinalabas.

storage *n.* imbakan; depositoryo; taguan.

store *v.* mag-imbak, imbakin, iimbak, umimbak. *n.* tindahan.

stowage *n.* *stowage*. Sa *Maritime Law*, ang paglalagay ng mga kargo o kargada sa isang barko.

stranger *n.* 1. ibang tao. Sinumang walang kinalaman sa isang kasunduan. 2. estranghero. Taong hindi kilala.

stream *n.* sapa; batis.

street *n.* lansangan; kalsada; kalye.

strict *adj.* estrikto; mahigpit.

strict liability *n.* estrikto o mahigpit na pananagutan. Konseptong ginagamit ng mga hukuman sa mga kaso sa pananagutan sa produkto (*product liability cases*) kung ang nagbenta ay may tungkuling panagutan ang anumang depekto o pinsala sa produkto na lubhang nagsasapanganib sa personal na kaligtasan ng isang mamimili.

strike *n.* welga; aklasan, pag-aaklas.

strike from the record *n.* kaltasin sa katitikan (*minutes*) o talaan.

sub judge *adj.* *Lat. sub judge.* Sa ilalim ng paglilitis o pag-aaral ng hukuman; kasalukuyang pinag-aaralan ng hukuman; hindi pa natitiyak.

sublease *n.* *sublease*. Transaksiyon na ang nangungupahan ay naggagawad sa iba ng mga interes sa pinaupahang lugar na hindi niya pag-aari, o inireserba para sa kaniyang sarili.

submission *n.* pagsunod; pagsumite. 1. pagbibigay-daan o pagsunod sa awtoridad *halimbawa*, ang isang mamamayan ay kailangang sumunod sa mga batas; ang isang bata sa kaniyang mga magulang. 2. kasunduan ay dalawa o higit pang panig na doon ay sumasang-ayon silang isangguni sa iba ang paksang

pinagtatalunan at sumunod sa magiging hatol sa kanila.

subordinate *n.* tauhan. Posisyon sa mas mababang order, uri, o ranggo; umookupa sa mas mababang posisyon sa isang regular na pababang serye.

subpoena *n.* *subpoena*; subpena; sitasyon. Utos sa pagpapaharap sa hukuman. *Tingnan* Sec. 1, *Rule No. 23 Rules of Court*.

subpoena ad testificandum *n.* *Lat. subpoena ad testificandum.* Subpoena ukol sa pagsasalaysay sa hukuman.

subpoena duces tecum *n.* *Lat. subpoena duces tecum.* Subpoena ukol sa pagharap ng isang tao sa hukuman at pagdadala ng mga dokumento na nakasaad sa utos.

subrogation *n.* paghalili; subrogasyon.

subscribe *v.* 1. sumuskribi, magsuskribi. Pasulat na sumang-ayong magbigay ng salapi o katumbas nito; pumayag na bumili ng inisyal na *stock* sa isang korporasyon. 2. lumagda. Literal na sumulat sa ilalim *gaya ng sa pangalan*; pumirma sa hulihan ng isang dokumento.

subscribed capital *n.* kapital na sinuskribi. Ang kabuuang halaga ng *stock* o kapital na sinang-ayunang bilhin sang-ayon sa kontrata ng suskripsiyon.

subsidiary corporation *n.* *subsidiary corporation*; korporasyong subsidiaryaryo. Isang korporasyong nasa kontrol ng ibang korporasyon dahil ang mayorya ng mga sapi o sosyo ng korporasyon ay pag-aari nitong huli.

subsidy *n.* tulong na salapi. Salaping iginawad ng gobyerno bilang tulong sa mga tagapagtaguyod ng anumang gawain.

subsist *v.* mabuhay; umiral.

substantial evidence *n.* sapat na ebidensiya. Ebidensiyang katanggap-tanggap sa isang may katwirang isipan upang suportahan ang isang kongklusyon. Ito ay tumutukoy sa kalidad o kasapatan ng isang patibay sa isang kasong administratibo.

substantive due process *n.* substantibong kapamaraan ng batas. Sa malawak na kahulugan, ang garantiyang konstitusyonal na hindi maaaring alisan ng buhay, kalayaan, o ari-arian ang sinuman nang hindi sumusunod sa wastong pamamaraan ng batas.

substitute *n.* kahalili.

substituted service *n.* kapalit na pagbibigay-notisya. Kapalit na pagbibigay ng notisya o *summons* sa isang inihahabla sa isang asunto sibil na pinahihintulutan ng batas o alituntunin bukod sa personal na serbisyong napapaloob sa hurisdiksiyon gaya ng publikasyon sa kaniyang huling tirahan (address) at personal na serbisyo sa ibang estado. [Isinasagawa ito kapag nabigo ang personal na serbisyo.]

substitution *n.* pagkahalili, paghahalili, substitusyon.

substitution of heirs *n.* paghahalili ng mga tagapagmana. *Tingnan Art. 857, Kodigo Sibil.*

substitution of parties *n.* paghahalili ng mga panig. Sa *pleading*, ang paghahalili o pagpapalit sa iba ng

isang panig sa isang aksiyon dahil sa kamatayan, kawalang-kakayahan (*incompetency*), paglilipat ng interes, o pag-aalis sa serbisyo sa kaso ng isang opisyal ng gobyerno na dating kapanig sa isang demanda.

subversion *n.* subersiyon. Tumutukoy sa mga aktibidad na ginagawa upang pabagsakin at patalsikin ang gobyerno o estado.

succession *n.* pagmamana; manahan. *Tingnan Art. 774, Kodigo Sibil.*

successor *n.* 1. kasunod na tagapagmana. 2. sinumang kasunod o kahalili ng ibang tao.

successor in interest *n.* kapalit o kasunod sa interes o karapatan. Sinumang sumusunod sa iba sa pag-aari o kontrol ng ari-arian.

sufficient cause *n.* sapat na dahilan. Kaiba sa *control*.

sufficient provocation *n.* sapat na probokasyon.

suffrage *n.* paghalal; pagboto.

suffrage, right of *v.* karapatan sa paghalal/pagboto.

sui generis *n.* *Lat. sui generis.* Tangi at nag-iisa sa uri nito.

sui juris *adj. Lat. sui juris.* Sa sariling karapatan; nagtataglay ng ganap na mga karapatang panlipunan/sosyal at sibil. Pagkakaroon ng kakayahang pangasiwaan ang sariling gawa; wala sa ilalim ng anumang kapansananang legal, o sa kapangyarihan ng iba.

suicide *n.* pagpapatiwakal; pagpapakamatay. Pagpatay sa sarili.

suit *n.* sakdal; habla; demanda.

suit, class *n.* *Tingnan class suit.*

suits, multiplicity of *n.* multiplisidad ng mga sakdal. Pagkakaroon ng maraming sakdal sa iisang dahilan.

summary hearing *n.* pamamaraan ng may pagresolba sa isang katanungan nang madalian at walang pagkaantala tungkol sa ordinaryong legal at regular na hudisyal na mga pagdinig.

summons *n.* *summons*; sitasyon. Patawag ng hukuman upang sagutin ang demanda. *Tingnan Sec. 7 at 14, Rules of Court.*

superior *n.* superyor; puno; nakakataas.

superior strength *n.* matinding lakas; higit na lakas.

supercede *v.* palitan; halinhan.

supersedeas bond *n.* *supersedeas bond.* Piyansa na katumbas at sumasagot sa mga nagdaang renta na hindi nabayaran ng nangungupahan. Kapag ito ay hindi naibigay, ang may-ari na nanalo sa asunto ay may karapatang hingin sa hukuman ang dagling ehekusyon o pagpapatupad ng hatol. *Tingnan Sec. 8, Rule No. 72, Rules of Court.*

supervening cause *n.* *supervening cause.* Bago at epektibong sanhi na hiwalay sa dating pangyayari at nagiging pinakamalapit na sanhi ng insidente.

supervening event *n.* *supervening event.* Ang umiiral na kasunod na pangyayari.

supervision *n.* pamamahala; pangangasiwa; superbisyon. Sa *Administrative*

Code, angawtoridad ng pinunong opisyal na tumitiyak na ginagampanan ng kaniyang nasasakupan ang kaniyang tungkulin. Kaiba sa *control* na ang pinuno ay binibigyan ng karapatang baguhin ang desisyon ng kaniyang nasasakupang empleado.

supplemental pleading *n.* *supplemental pleading.* Isang *pleading* na isinampa sa hukuman matapos maisampa ang orihinal na demanda batay sa mga bagong pangyayari na dumating o mga pangyayaring hindi pa nagaganap nang isampa ang orihinal na demanda.

supplementary *adj.* karagdagan; suplementaryo.

supplier *n.* tagasuplay; suplayer. Sinumang nagbibigay ng materyales o gamit sa negosyo ng paggawa ng produkto na tuwiran o di-tuwirang magagamit ng mga mamimili.

supplies *n.* mga suplay; kagamitang nauubos (sa paggamit).

support *n.* panustos; tangkilik; suporta; sustento; tustos sa ikabubuhay.

suppression *n.* pagsupil, panunupil. Sadyang pagkontrol at pagtatago sa mga lehitimong simbuyo, kaisipan, damdamin, o kilos.

suppression of evidence *n.* pagtatago ng ebidensiya. Ang di-paglalahad o pagpresenta sa hukuman ng isang katibayang hawak ng sinumang panig na may tungkuling ipresenta ito ay nangangahulugang laban sa kaniya ang ebidensiyang itinago.

supremacy *n.* pananaig; pangangibabaw.

Supreme Court *n.* Korte Suprema;

Kataas-taasang Hukuman. Pinakamataas na hukuman ng bansa.

surcharge *n.* patong na singil; *surcharge*. Patong na singil dala ng hindi pagbabayad sa takdang panahon.

surety *n.* piyador; pagador; *surety*.

surety company *n.* kompanyang piyador. Isang kompanya na may negosyong sagutin ang responsabilidad sa mga piyansa at iba pang katulad nito sang-ayon sa batas o kasunduan.

suretyship *n.* pagiging piyador. Ang pagsagot sa utang, pagkukulang, o ang di-pagganap ng ibang tao, na ang piyador ang siyang umaako ng tungkulin ng prinsipal.

surface *n.* ibabaw; panlabas. Sa *batas*, limitado kung minsan sa *geometrical superficies*, bagama't kapag ginagamit nang walang kalipikasyon o pagtatangi sa isang kasulatan, ito ay pangkaraniwang tumutukoy sa ibabaw na bahagi ng lupa. At kapag ginagamit kaugnay sa pagmimina, ito ay kadalasang nangangahulugang ang bahagi ng lupa na nakapalibabaw sa mga pinagtatalunang mineral, kung iba ang pakahulugan ng kontrata o paliwanag.

surname *n.* apelyido.

surplus *n.* *surplus*; labis, kalabisan; sobra; latak. Ang nalalabi o natitira sa pondong inilaan para sa isang partikular na layunin; ang natira sa isang bagay.

surplus, unearned *n.* Tingnan **unearned surplus**.

surrejoinder *n.* *surrejoinder*. Sagot sa ganting-katugunan (*rejoinder*) ng inihahabla.

surrender *n.* pagsuko; *surrender*. *v.* isuko, magsuko, sumuko; *isurrender*, *magsurrender*, *sumurrender*.

surreptitious *adj.* lihim; patago. Mapanlinlang na gawa.

surrogate *n.* hinirang na kapalit o kahalili.

surveillance *n.* pagmamatyag; pagmamaman; pagbabantay; paniniktik.

survey *v.* *survey*; sukatin.

surveyor *n.* *surveyor*; agrimensur.

survivor *n.* ang mga naiwan; natitirang buhay; nakaligtas.

survivorship, presumption of *n.* pagpapalagay sa pagkaligtas. Ang pagpapalagay sa kung sino ang naunang namatay sa mga taong sabay na nakatagpo ng sakuna.

suspect *n.* suspek. Taong pinaghihinalaan.

suspension *n.* suspensiyon; pagtigil.

suspensive condition *n.* kondisyon sa pagsuspinde. Isang kondisyon na pumipigil sa pagpapairal ng kasunduan hanggang hindi ito nangyayari.

suspicion *n.* hinala; bintang; suspetsa.

sustain *v.* sang-ayunan, sumang-ayon; katigan, kumatig.

sustenance *n.* sustento.

swear *v.* sumumpa, manumpa. Magbigay ng panunumpa; magdeklara ng panunumpa sa katotohanan (ng isang *pleading*, atbp.)

swindle *v.* linlangin, manlinlang; dayain, mandaya; subain, manuba.

swindler *n.* manlililang; mandaraya; manunuba.

swindling *n.* panlililang; pandaraya; panunuba. Tingnan din **estafa** at Art. 318, Binagong Kodigo Penal.

sworn *adj.* sinumpaang.

sworn statement *n.* sinumpaang pahayag, salaysay, o affidavit.

symbolic speech *n.* simbolikong pananalita. Ang kilos ng isang tao na nagpapahayag ng mga opinyon o kaisipan tungkol sa isang paksa at maaari o di maaaring protektahan ng kalayaan sa pananalita (*freedom of speech*).

system *n.* sistema; kapamaraan.

Tt

tacit *adj.* di-ipinahahayag. Ipinahiwatig sa di-pag-imik o tahimik na pagsang-ayon.

tacking *n.* pagdaragdag. Ginagamit ang terminong ito lalo na sa proseso ng paggawa ng titulo sa lupa batay sa posesyong salungat (*adverse possession*), kung ang kasalukuyang nakatira o nakapuwesto (*occupant*) at nag-aangkin (*claimant*) ay walang posesyon para sa buong panahong itinakda ng batas (*full statutory period*), subalit idinadagdag o "ikinakabit" (*tacks*) sa sariling, posesyon ang sa dating nakaposesyon o nakapuwesto na kaniyang mga paghahabol (*claims*).

taking *n.* pagkuha. Sa *Criminal Law and Torts*, ang akto ng pagkuha sa isang artikulo o bagay.

tamper *v.* likutin; baguhin; galawin; palitan; pakialaman. Pakialaman upang baguhin ang isang bagay na may intensiyong ilegal gaya kung palitan ang isang dokumento o isang text bilang patibay o patotoo.

tangible *adj.* nakikita; nadarama; nasasalat.

tangible property *n.* ari-ariang nahahawakan, nasasalat, o nadarama.

tapping *n.* tapping. Tingnan wire-tapping.

tariff *n.* taripa. Ang listahan o iskedyul ng mga artikulong inaangkat sa ibang bansa na pinapatawan ng buwis.

tax *n.* buwis; tax.

tax avoidance *n.* pag-iwas sa buwis. Ang pagpapaliit sa pananagutan sa buwis sa paraang legal. Kaiba sa *tax evasion*.

taxable income *n.* binubuwisang kita; kitang may pataw na buwis.

tax court *n.* hukuman sa buwis. Hukuman naglilitis at humahatol sa mga kontrobersiya tungkol sa buwis.

taxation *n.* pagbubuwis; paglalapat ng buwis. Ang proseso ng pagpapataw ng buwis.

tax evasion *n.* paglihis sa buwis. Pag-iwas sa buwis sa paraang di-legal; ilegal na pag-iwas sa buwis. Kaiba sa *tax avoidance*.

tax return *n.* ulat sa buwis; *tax return*. Report ng kita, mga ibinawas (*deductions*), at eksemplasyon na kailangang isumite sa pagtutuwid at pagbabayad ng buwis.

teacher *n.* guro; maestro, maestra; titser. Sinumang nagtuturo o

technical

159

testamentary succession

nagbibigay ng instruksiyon; sinumang ang gawain o okupasyon ay turuan ang iba.

technical *adj.* teknikal. Natatangi sa isang sining o propesyon. Sa *batas*, ang puntong teknikal ay hindi nakakaapekto sa sustansiyal o pangunahing karapatan.

telegram *n.* telegrama, *telegram*. Mensaheng nakasulat na inihatid ng radyo, *teletype*, kable, o anumang mekanikal na pamamaraan ng transmisyon.

telegraph *n.* telegrafo; telegraf.

telephone *n.* telepono; telefon.

teller *n.* teler; *teller*. Empleado ng bangko na tumatanggap o nagbabayad ng salapi.

temporary *adj.* pansamantala; interino; probisyonal.

temporary restraining order *n.* *temporary restraining order*. Isang remedyong pangkagipitan (*emergency remedy*) sa maikling panahon na iniisyu o ibinibigay ng hukuman sa mga pangyayaring eksepsiyonal o bukod-tangi at bago dinggin ang petisyon o kahilingan para sa pansamantalang pagpigil (*preliminary injunction*).

tenant *n.* tenant; nangungupahan; kasama. Umuupa sa apartment; ingkilino o namumuwaan sa pag-aari ng iba.

tender of payment *n.* pag-aalok ng kabayaran.

tenement *n.* *tenement*. Lupa, mga gusali, tanggapan, at iba pa, na pinauupahan sa iba.

tenure of office *n.* panahon ng panunungkulan.

term *n.* taning; panahon; *term*.

termination *n.* terminasyon; pagtatapos; katapusan.

termination of employment *n.* pagtapos sa empleo. Ganap na pagputol sa relasyon ng employer at ng empleado.

terminology *n.* terminolohiya; katawagan.

terminus *n.* *Lat. terminus*. Hangganan o limit, sa espasyo man o panahon.

territorial jurisdiction *n.* hurisdiksiyong teritoryal. Hurisdiksiyon o kapangyarihan ng gobyerno o ng isang subdibisyong politikal nito sa loob ng saklaw na teritoryo.

territorial waters *n.* teritoryong tubigan. Tumutukoy sa lahat ng tubig na sakop ng lupain at sa mga tubigan patungong dagat hanggang sa 12 milyang heograpikal na layo mula baybayin.

territory *n.* teritoryo. Nasasakupang espasyo.

terror *n.* sindak. Matinding takot.

test *n.* test; pagsubok; eksam, eksamen, eksaminasyon. *v.* mag-test; sumubok, subukin; mag-eksam, mag-eksamen.

testament *n.* testamento; huling habilin.

testamentary *adj.* testamentaryo. Tumutukoy sa huling habilin o testamento.

testamentary succession *n.* testa-

mentaryong manahan. *Tingnan Art. 779, Kodigo Sibil.*

testate *n.* testado. Anumang bagay na saklaw ng testamento.

testator *n.* testador. Ang nagpamana sa huling habilin.

testify *v.* tumestigo; magpatotoo; sumaksi.

testimonial evidence *n.* ebidensiyang testimonyal; ebidensiyang pasalita.

testimony *n.* testimonyo; patotoo.

testimony, false *n.* maling testimonyo; madayang testimonyo. Bulaang patotoo/testimonyo ng testigo/saksi.

textbook *n.* textbuk; *textbook.*

theft *n.* *Esp. hurto*; pang-uumit. Pagkuha ng ari-ariang personal ng ibang tao nang hindi namalayan ng huli at walang dahas o pananakot. *Tingnan Art. 308, Binagong Kodigo Penal.*

third *adj.* ikatlo, pangatlo.

third party *n.* ikatlong panig.

third party complaint *n.* demanda sa ikatlong panig. Reklamong isinampa ng nahahabla laban sa ikatlong panig o taong hindi pa sangkot sa isang habla.

third person *n.* pangatlong tao.

though *conj.* bagaman.

threat *n.* banta; pananakot.

thumbmark *n.* marka ng hinlalaki.

time *n.* oras; panahon.

title *n.* titulo; karapatan; matwid.

title, certificate of *n.* sertipiko ng titulo. Titulo o katibayan sa pagkamay-ari.

title, gratuitous *n.* titulong walang-bayad.

title, onerous *n.* *Tingnan onerous title.*

title, quieting of *n.* *Tingnan quieting of title.*

tolerate *v.* 1. kunsintihin; pabayaan. Pagpapabaya na hindi naman sinasang-ayunan o inaaprobahan. 2. pahintulutan; tiisin, pagtiisan. Payagan sa pamamagitan ng hindi paghadlang; pahintulutan ang isang bagay na hindi ganap na sinang-ayunan.

toll *v.* hadlangan. Isuspinde o pansamantalang pigilin ang mga limitasyon ng batas sa panahon ng pagliban o di-pagharap ng nahahabla sa hurisdiksiyon. *n.* *toll.* bayad sa paggamit ng isang daan/hayway.

ton *n.* tonelada. Sukat ng timbang.

ton, short *n.* *Short ton.* Bigat na katumbas ng 20 *short hundred-weight* (2000 libra) o 0.907 *metric ton.*

ton, long *n.* *Long ton.* Bigat na katumbas ng 20 *long hundred-weight* (2240 libra) o 1.016 *metric ton.*

tonnage *n.* *Esp. tonelaje.* Ang kapasidad ng isang sasakyan sa pagdadala ng kargamento at iba pang sakay batay sa timbangan ng tonelada.

tort *n.* *tort.* Isang pagkakamali o paglabag sa karapatan ng kapuwa tao na hindi nagbuhat sa kasunduan.

total disability *n.* ganap na pagkainutil. Kawalang-lakas, pansamantala man o permanente, na pumipigil sa empleado sa paggawa ng kaniyang karaniwang okupasyon.

total loss *n.* ganap na pagkawala. Ang lubos na pagkasira ng ari-ariang nakaseguro. Kaiba sa *partial loss*, hindi ganap na pagkawala.

towage *n.* *towage.* Ang paghila sa anumang sasakyan.

toxic *adj.* nakakalason.

trade *n.* kalakalan; negosyo. Nangangahulugan din ng trabaho, gawain, okupasyon.

trade agreement *n.* kasunduan sa kalakalan. Kasunduan ng mga bansa/nasyon tungkol sa bilihan at palitan ng mga produkto.

trademark *n.* tatak-pangkakalal.

trade union *n.* samahang-manggagawa. *Tingnan labor union.*

traditio *n.* *Lat. traditio.* Paglilipat ng pagmamay-ari ng isang bagay sa ibang tao kasama ang pagsasalin ng posesyon.

traditio brevi manu *n.* *Lat. traditio brevi manu.* Sistema/paraan ng pagdeliber/paglilipat nang malapitan.

traditio longa manu *n.* *Lat. traditio longa manu.* Sistema/paraan ng pagdeliber/paglilipat nang malayuan. Daloy ng sasakyan sa bahay.

tradition *n.* tradisyon; kaugalian.

traffic *n.* trapiko; *traffic.*

transaction *n.* transaksyon. Ang

pakikipagnegosyo o pagsasagawa ng anumang negosyo.

transcribe *v.* *transcribe.* Pagsasalin o pagkopya ng katitikan.

transcript *n.* transkrip; katitikan. Rekord ng isang paglilitis, pagdinig, pulong, o iba pa.

transfer *n.* paglilipat. *v.* lumipat, maglipat, ilipat.

transferee *n.* 1. taong pinagsalanan, sinalinan; taong pinaglipatan, nilipatan. 2. ang lumipat.

transferor *n.* ang nagsalin; ang naglipat.

transitory *adj.* pansamantala; transitoryo; madaling lumipas.

translation *n.* salin, pagsasalin, pagkasalin, pagkakasalin. Reproduksiyon sa isang wika ng isang aklat, dokumento, o pananalita mula sa ibang wika.

transmission *n.* transmisyon; paglilipat, pagkalipat. Sa *Civil Law*, ang karapatan ng mga tagapagmana na isalin sa kanilang kahalili o kasunod ang mana.

transportation *n.* 1. transportasyon. Ang paglilipat ng mga tao o kalakal mula sa isang lugar tungo sa iba sa pamamagitan ng sasakyan. 2. sasakyan.

trap *n.* bitag; patibong; *trap.*

travel *n.* biyahe, pagbiyahe; lakbay, paglalakbay. *v.* magbiyahe, bumiyahe; maglakbay, lumakbay, lakbayin.

traverse *v.* sumalungat. Sa *batas*, tumutukoy sa pagtanggi.

treachery *n.* kataksilan.

treason *n.* pagtataksil sa bayan.

treasure *n.* yaman, kayamanan.

treasurer *n.* *Esp.* tesorero; ingat-yaman; *treasurer*.

treasury bill *n.* *treasury bill*. Obligasyong pinansiyal ng pamahalaan.

treasury stock *n.* *treasury stock*. Ang muling nabawing korporasyon mula sa *stockholder*.

treaty *n.* tratado. Kasunduan ng dalawang bansang malaya.

trespass *n.* panghihimasok; *trespas*. Ilegal na pagpasok. *v.* manghihimasok, panghimasukan; *magtrespas*. Pumasok sa isang ari-arian nang labag sa batas. *Tingnan* Art. 281, *Binagong Kodigo Penal*.

trial *n.* paglilitis; bista.

trial by commission *n.* paglilitis ng komisyon.

trial court *n.* hukumang tagalitis.

tribunal *n.* tribunal. 1. ang upuan o luklukan ng hukom; lugar sa pagganap ng katarungan. 2. ang lahat ng mga hukom na bumuo ng isang kapangyarihan. 3. ang kapangyarihang ginagamit ng mga hukom.

tributary *n.* tributaryo; *tributary*. Anumang sapa o batis na tuwiran o di-tuwirang dumadaloy sa ilog o lawa.

tripartite *n.* tatluhanang panig.

true *adj.* tunay; totoo; aktuwal.

true copy *n.* tunay na kopya.

trust *n.* tiwala, pagtitiwala, pagkatiwala. Isang karapatan sa ari-arian, real man o personal, na hawak ng isang tao para sa pakinabang ng iba. *v.* pagtiwalaan, magtiwala.

trust, express *n.* hayag na tiwala.

trust, implied *n.* ipinahihiwatig na tiwala.

trust receipt *n.* resibo ng pagkatiwala. Tumutukoy sa resibong nagpapahayag na hawak ng umangkat o bumili nang pakyawan ang mga kalakal para sa kapakanan ng namuhunan (*financier*).

trustee *n.* *trustee*; katiwala.

truth *n.* katotohanan. Ang pagtatagpo ng nasa isipan at ng realidad.

tumultuous affray *n.* labo-labo; magulong pag-aaway.

turn-key contract *n.* *turn-key contract*. Kontratang nagsasaad na tatapusin ng kontratista ang malakihang konstruksiyon sa isang takdang panahon hanggang sa ito ay maaari nang gamitin.

two-witness rule *n.* *two-witness rule*; alituntuning kinakailangan ang patibay ng dalawang saksi. Alituntunin ng Hukuman na ang pagpapatunay ay kailangan nang hindi kukulangin sa dalawang saksi gaya ng kaso ng pagtataksil sa bayan (*treason*). *Tingnan* par. 2, Art. 114, *Binagong Kodigo Penal*.

tyranny *n.* kalupitan; paniniil.

Uu

uberrima fides *Lat. uberrima fides*.

Isang sugnay na ginagamit upang ipahayag ang pinakamabuting loobin o sinasaloo ng kapuwa panig nang walang itinatago, *katulad ng kontrata ng seguro*. (*insurance contract*)

ultimate *adj.* *Esp.* ultimo; panghuli, pinakahuli.

ultimate facts *n.* Mga pangwakas na katotohanan. Katotohanang maaaring ibigay; katotohanang mahalaga/kailangan sa karapatan ng aksiyon o usapin ng depensa o pagtatanggol. Mga datos na kailangan at mahalaga para sa pasiya/desisyon ng korte. Mga lohikal na kongklusyon na mahahalaw sa ilang pangunahing katibayan.

ultimatum *n.* *Lat. ultimatum*; huling pasiya. Ang pinal at tiyak na preposisyong isinagawa sa pakikipagkasunduan para sa isang tratado, kontrata, o mga katulad.

ultra vires *n.* *Lat. ultra vires*. Mga akto ng mga direktor ng isang korporasyon na mahigit o labas sa kapangyarihang ibinigay ayon sa kanilang kartilya.

umpire *n.* *umpire*; arbitrador; reperi; tagapamagitan. Ikatlong panig na pinili para hatulan o pagpasiyahan ang di-pagkakasundo sa paggawa (*labor dispute*). Ang binigyan ng

awtoridad para tanging magbigay ng desisyon kung hindi magkakasundo ang dalawang panig.

unanimous *adj.* nagkakaisa.

unarmed *adj.* walang sandata.

unavoidable *adj.* di-maiiwasan.

unavoidable accident *n.* di-maiiwasang aksidente/sakuna.

unborn *adj.* hindi pa naisisilang; hindi pa naipapanganak.

uncertain *adj.* di-tiyak.

unconditional *adj.* walang-pasubali.

unconscionable *adj.* di-maatim ng budhi; karima-rimarim; karumal-dumal.

unconscious *n., adj.* di-malay, di-namamalayan; walang malay.

uncontrollable impulse *n.* di-mapipigilang bugso, simbuyo, o udyok. Bilang dahilan sa isang aktong kriminal, nangangahulugan ito ng bugso, simbuyo, o udyok tungo sa pagsasagawa ng krimen nang may katiyakan at intensidad kung kaya't hindi maaaring labanan ng taong gagawan ng krimen. Sanhi ito ng mahinang kondisyon ng pagkukusa (*will*) at damdaming moral (*moral*)

sense) na resulta ng pagkabalihaw o kahibangan (*mania*). *Tingnan* Art. 13, par. 6, *Kodigo Penal*.

underage *n.* menor de edad; kulang sa gulang. Wala pa sa hustong gulang.

understanding *n.* pagkaunawa, unawaan, pagkakaunawaan, pang-unawa. Sa *Law of Contracts*, isang impormal na kasunduan, nakasulat man o hindi.

undertaking *n.* *undertaking*. Isang pangako, kasunduan, o estipulasyon. Kasunduan o kompromiso ng isa sa mga panig para sa isang kontrata. Kaiba sa kapuwa kasunduan (*mutual engagement*).

underwriter *n.* *underwriter*; ahente ng seguro.

undisclosed principal *n.* lihim na prinsipal; di-bunyang na prinsipal. Kung sa panahon ng transaksyon na isinagawa ng isang ahente ay walang notisya ang ibang kapanig na siya ay kumikilos para sa isang prinsipal, ang naturang prinsipal ay mananatiling "lihim na prinsipal."

undivided *adj.* di-nahahati; buo; nagkakaisa.

undue influence *n.* di-wastong impluwensiya o hikayat. *Tingnan* Art. 1337, *Kodigo Sibil*.

unearned surplus *n.* *unearned surplus*. Ang terminong *unearned surplus* ng korporasyon ay nagpapahiwatig ng higit pa sa *earned surplus* at kasama na rito ang: **a. paid-in surplus**, mga halagang inambag o itinalaga para sa sosyo (*shares*) na labis sa inihayag na magagamit na kapital; **b. revaluation surplus**, sobra o *surplus* mula sa

rebalwasyon ng mga *asset* o ari-ariang higit sa halaga (*cost*); at **c. donated surplus**, mga kontribusyon bukod sa mga sosyo, maging kasosyo (*shareholder*) o iba pa.

unequal *adj.* di-pantay; may kiling.

unequivocal *adj.* tiyak (na kahulugan); klaro; malinaw.

unfair competition *n.* di-makatwirang kompetisyon. Sa pangkalahatan, ginagamit sa anumang di-tapat o mapanlinlang na paligsahan sa kalakalan at komersiyo. Sa partikular, ginagamit sa praktis ng pagsisikap na palitan ng sariling paninda o produkto sa bilihan ang sa iba na may matatag na reputasyon at malawak na benta. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paggaya o pagpalsipika sa pangalan, titulo, laki, hugis, kakaibang uri ng artikulo, kulay, tatak, balot, o pangkalahatang anyo ng pakete, o iba pang panggagaya na ang imitasyon ay may layuning iligaw ang publiko, o dayain ang isang walang-malay na mamimili, subalit hindi pa rin umaabot sa ganap na panghuhuwad, sa panghihimasok, o paglabag sa isang markadong pangalan o tatak (*tradename or trademark*). *Tingnan* Art. 189, *Binagong Kodigo Penal*.

unfair labor practice *n.* di-makatwirang praktis sa paggawa.

unfit *adj.* di-dapat; di-karapat-dapat.

unfortunate *adj.* kapos-palad.

ungrateful *adj.* ingrata; walang utang na loob.

uniform *adj.* pantay-pantay; pagkakapare-pareho; uniporme. Pagsunod

sa iisang alituntunin, paraan, halimbawa, o iba-ibang pamantayan; hindi natatangi sa iba't ibang panahon at lugar.

uninterrupted *adj.* patuloy; tuloy-tuloy; walang hinto o tigil.

union *n.* unyon; pagkakaisa. *Tingnan* **labor union**.

union security clause *n.* *union security clause*; probisyon sa seguridad ng unyon. Probisyon sa kontrata ng unyon na nagtatatag ng istatus nito sa isang pagawaan o pabrika. Pagtatakda sa ugnayan ng unyon sa mga manggagawa at sa kanilang posisyon.

unit *n.* yunit. Isang bahagi ng kabuuan. Ginagamit ang termino kung minsan sa kahulugan ng kabahagi/sosyo (*share*), gaya ng sa *sindikato sa langis* o bilang *katumbas* sa isang puhunan sa garantiya (*investment security*).

unity of interest *n.* pagkakaisa o pagkakasundo ng interes.

unjust enrichment *n.* hindi wastong pagpapayaman.

unjust vexation *n.* walang katwirang pangyayamot o panunudyo. *People v. Motita*, 2 C.A.R. (2s) 1264. *Tingnan* Art. 335 at Art. 287, par. 2, *Binagong Kodigo Penal*.

unknown *adj.* di-kilala; di-alam.

unlawful *adj.* ilegal; labag sa batas.

unlawful assembly *n.* labag sa batas na pagtitipon; pagtitipong labag sa batas.

unlawful detainer *n.* *unlawful detainer*. 1. di-makatwirang pananatili at

paghawak ng mga lupa at tirahan. 2. labag sa batas na pananatili bagaman legal ang simula.

unlawful entry *n.* labag sa batas na pagpasok. Pagpasok sa isang ari-arian na labag sa batas.

unmarried *adj.* di-kasal; hindi pa nakakasal kailanman. Maaari ring mangahulugang wala pang bana (*Ceb. husband*) o asawa.

unreasonable *adj.* hindi makatwiran, walang katwiran, wala sa matwid.

unsound mind *n.* hindi matinong isip; baliw.

unusual punishment *n.* hindi pangkaraniwang parusa. *Tingnan* din **punishment at corporal punishment**.

unwritten law *n.* batas na hindi nakasulat. Lahat ng bahagi ng batas, kinikilala at ipinatutupad sa mga hukuman, na hindi ipinatupad o ipinahayag sa anyo ng isang batas o ordinansa, kasama na ang mga bahaging hindi naisabatas sa batas komon (*common law*), pangkalahatan at partikular na kinagawian dahil may puwersa ng batas, mga alituntunin, prinsipyo, at kasabihang itinatag ng hudisyal na pagkasumundan (*judicial precedent*) o pagkakasunod tulad ng mga desisyon sa mga hukuman.

uprising *n.* pag-aalsa; rebelyon.

urban *adj.* *urban*; panlungsod.

urgent *adj.* apurahan; madalian.

usage *n.* nakamihansang gamit; kinaugalian.

user *n.* manggagamit, taong nangagamit.

usufruct *n.* usuprukto; gamit-bunga.

Kasunduang nagbibigay-karapatang makapagtamasa sa ari-arian ng ibang tao na kalakip ang tungkuling ingatan ang anyo at sustansiya ng bagay. Maaari itong maging petsa ng kasunduan. *Tingnan Art. 562, Kodigo Sibil.*

usurer *n.* usurera, usurero.

usurp *v.* kamkamin, kumamkam, mangamkam. Kunin at hawakan ng isang walang karapatan ang anumang

ari-arian o opisina sa pamamagitan ng puwersa.

usury *n.* usura; labis na pagpapatubo (ng utang).

utility *n.* kagamitan; kahalagahan. **1.** sa *Patent Law*, halagang industriyal o halagasa industriya. **2.** ang katangiang magagamit sa mga gawaing praktikal upang patunayan ang kabutihan o kagalingan sa ordinaryong gawain sa buhay, o magdagdag sa ikalulugod ng sangkatauhan.

Vv

vacancy *n.* bakanteng puwesto; puwang.

vacate *v.* ibakante, bakantihin; alisan.

vacation *n.* bakasyon.

vagrancy *n.* pagiging palaboy; pagiging walang hanapbuhay; bagansiya.

vagrant *n.* palaboy. *Tingnan Art. 202, Binagong Kodigo Penal.*

vague *adj.* malabo.

valid *adj.* mabisa, may-bisa; balido; valid.

validate *v.* bigyang-bisa.

validity *n.* pagkakaroon ng bisa; pagkabalido.

valuable *adj.* mahalaga.

valuable consideration *n.* konsiderasyong may halaga; mahalagang konsiderasyon. Uri ng konsiderasyong pinagbatayan ng isang pangako, na binibigyan ng karapatan ang pinangakuan (*promisee*) upang isagawa ang kaniyang paghahabol laban sa tumatanggi/umaayaw na nangako (*unwilling promisor*).

valuation *n.* kahalagahan; pagtatasa, tasasyon.

value *n.* halaga.

variance *n.* pagkakaiba, kaibhan. Sa *pleading*, ang pagkakaiba o hindi pagkakatatugma ng dalawang instrumento o dalawang alegasyon sa parehong sanhi, na dapat ay ganap na magkakaayon sa batas.

vehicle *n.* **1.** sasakyan. Ginagamit sa paglipat ng mga tao, kalakal, at iba pa, mula sa isang lugar patungo sa iba, partikular na sa lupa. **2.** behikulo. *Medium* o paraan sa paghahatid, paghahayag, pagkamit ng bagay.

vendee *n.* ang bumili; ang pinagbentahan.

vendor *n.* ang nagbili; ang nagbenta.

vendor's lien *n.* *lien* ng tindero/tindera o maglalako. Likha ng *equity*, ang pagiging *lien* ay nangangahulugan ng pag-aari ng tindero para sa hindi pa bayad na halaga ng lupa sa pagbili; ang tindero ay hindi kumuha ng ibang *lien* o garantiyang higit sa personal na obligasyon ng bumibili.

venture *n.* pakikipagsapalaran; pagbabakasakali. Gawaing may peligro lalo na kung may layuning kumita ng salapi. *v. makipagsapalaran; magbakasakali.*

venue *n.* lugar/pook na paglilitisan; paggaganapan ng anumang aktibidad.

verdict *n.* hatol; pasiya; desisyon.

verification *n.* patotoo; beripikasyon.

vernacular *n.* katutubong wika; bernakular.

versus *prep.* laban kay; versus.

vertical integration *n.* patayo, patindig, o bertikal na pagsasama-sama/integrasyon. Pag-aari o kontrol sa network ng produksiyon at distribusyon ng mga kalakal mula sa hilaw na sangkap (*raw materials*), tungo sa pagbebenta (*sale*) hanggang sa huling mamimili (*ultimate consumer*).

vessel *n.* sa *Maritime Law*, sasakyang pandagat; barko.

vested right *n.* ipinagkaloob na karapatan; karapatang iginawad. Kagyat o tiyak na karapatan sa kasalukuyan o para sa hinaharap na pagtatamasa o iyong hindi nakasalalay sa isang hindi tiyak na pangyayari. Karapatang ganap, tiyak, matatag, ginagamit, at hindi pa bukas sa kontrobersiya; sa gayong katangian, hindi maaaring alisin nang walang pahintulot ng taong nagmamay-ari ng karapatan.

veteran *n.* beterano. *adj.* bihasa; sanay.

veto *v.* *veto*; di-sang-ayunan; di-pagtibayin.

veto power *n.* kapangyarihan sa *veto*. May pasubaling kapangyarihan ng Ehekutibo upang pigilin ang mga akta o batas na ipinasa ng Lehislatura na hindi pa nagiging batas.

vexation *n.* pangyayamot; pambubuwisit.

via *prep.* *via*; sa pamamagitan ng. Sa

Civil Law, daan o kalye; karapatan sa daan. Ang karapatan sa paglalakad, pagsakay, pagmamaneho sa lupa ng iba.

viability *n.* maaaring ikabuhay; may kakayahang mabuhay. Ginagamit upang ipakahulugan ang kapang-yarihang taglay ng isang bagong silang na sanggol sa pagpapatuloy ng kaniyang independiyenteng pag-iral (*independent existence*).

vice *n.* 1. bisyo. Isang kamalian, depekto, o kasiraan. Imoral na kilos, praktis, gawi, *halimbawa* *prostitusyon*. *adj.* 2. bise. Ikalawa o pangalawa sa tungkulin.

vicinity *n.* paligid; kalapit na pook.

victim *n.* biktima; ang nasawi.

vigilant *adj.* *Esp. vigilante*; alerto; mapagbantay; listo.

vindicate *v.* mapawalang-sala; mabigyang-matwid.

vindictive *adj.* benggatibo; mapag-higanti.

violate *v.* labagin, lumabag.

violation *n.* paglabag.

violence *n.* karahasan; pagkabayolente, biyolensiya. *Tingnan Art. 1335, Kodigo Sibil.*

virgin *adj.* birhen; malinis; basal (*unadulterated*).

visitation rights *n.* mga karapatan sa pagdalaw o pagbisita. 1. sa disolusyon o hablang pagkabilanggo (*custody suit*), ang permiso o pahintulot na iginagawad sa isang magulang na dalawin ang mga anak. 2. sa usapin

ukol sa *domestic relations*, ang karapatan ng isang magulang na dalawin ang mga anak sa kasal sang-ayon sa utos ng hukuman.

villate *v.* sirain, sumira, makasira; pinsalain, puminsala, makapinsala.

vocation *n.* bokasyon. Regular na "lawag" (*calling*) o gawain ng sinuman; okupasyon o propesyon ng sinuman.

void *adj.* walang-bisa; void.

void contract *n.* kontratang walang bisa; kontratang walang saysay. Kontratang walang naging legal na pag-iral o epekto, at ang gayong kontrata ay hindi maaaring bigyang-buhay o saysay. *Tingnan Art. 1409, Kodigo Sibil.*

voidable contract *n.* kontratang mapapawalambisa. Kontratang

walang bisa sa nagkasala pero may bisa sa ginawan ng pagkakasala, liban kung nais niyang makipag-ayos.

voluntary *adj.* boluntaryo; kusang-loob.

vote *n.* boto; halal. *v.* bumoto, iboto; humalal, ihalal, maghalal.

voter *n.* botante; manghahalal.

voting trust *n.* kumpiyansa/tiwala sa pagboto.

voucher *n.* botser. Kaiba sa *payroll*.

vow *n.* sumpa; pangako. *v.* yumuko, yumukod.

voyage *n.* paglalayag. Sa *Maritime Law*, ang pagdaan ng isang sasakyan sa dagat mula sa isang lugar, daungan, o bansa papunta sa iba. Kasama dito ang gawaing ipinasok at hindi lamang ang ruta.

Ww

wage *n.* bayad; upa; sahod.

waive *v.* ipaubaya; talikdan.

waiver *n.* pagtalikod; pagpapaubaya.

want *n.* pangangailangan.

wantonly *adv.* walang pakundangan.

wanton misconduct *n.* walang pakundangang kilos. Kilos o di-pagkilos (kung may tungkuling kumilos), walang-ingat na pagwawalambahala sa mga karapatan ng iba, na may kaalamang ang sakuna ay maaaring bunga ng kilos o omisyon.

war *n.* giyera; digmaan, digma.

war crimes *n.* mga krimen sa giyera. Mga krimeng ginawa ng mga bansa sa paglabag ng mga batas pang-internasyonal na pumapatnubay sa mga giyera.

warden *n.* warden; bantay.

warehouse *n.* bodega. Estrukturang ginagamit para sa pagtanggap at pag-iimbak ng mga kalakal at paninda.

warehouse receipt *n.* resibo ng bodega. Resibong ibinibigay ng isang tagapag-ingat sa bodega para sa mga tinanggap niyang kalakal na iiimbak sa kaniyang bodega.

warning *n.* babala; warning. Pagtuturo o pagpapakita sa panganib. Gayundin, isang protesta laban sa maaaring mapala o mahita.

warrant *n.* warrant; mandamiyento; kautusan; karapatan.

warrant of arrest *n.* warrant sa pagdakip; utos sa paghuli; mandamiyento de aresto.

warranty *n.* garantiya. Pangako na ang isang proposisyon ay totoo. Isang pangako na ang ilang bagay o pangyayari ay totoo ayon sa pagkakalahad sa kanila, at mananatiling gayon sa ilalim ng anumang tinukoy na limitasyon.

waste *n.* dumi; kalat. maaaring *industrial* o *radioactive*. Mapang-abuso o mapanirang gamit ng ari-arian ng sinumang nasa makatwirang posesyon.

water *n.* tubig. Gaya ng pagtatalaga sa isang kagamitan o pag-aari, ang terminong ito ay may parehong kahulugan sa batas at sa karaniwang salita. *Tingnan din territorial waters.*

watered stock *n.* *watered stock*. *Stock* na ibinigay ng isang korporasyon bilang ganap na bayad sa *stock*, na

way bill

171

withhold

kung tutuusin, ang kabuuang bayad sa halagang aktuwal (*par value*) ay hindi pa nababayaran.

way bill *n.* *way bill*. Nakasulat na dokumento na isinasagawa ng tagadala (*carrier*) at dito inililista ang pinanggalingang lugar at destinasyon, nagpadala at pinadalhan, at inilalarawan ang mga kalakal na kasama sa *shipment*, padala sa tren, o anumang sasakyang tagapagdala.

wealth *n.* kayamanan, yaman.

weapon *n.* sandata.

weight *n.* timbang; bigat. Sukat ng bigat o kabigatan. Sa metaporikal na kahulugan, impluwensiya, bisa, o kapangyarihang humikayat ng hatol o kilos.

welfare *n.* kapakanan; kabutihan.

west *n.* kanluran.

western *adj.* pakanluran.

wharfage *n.* *wharfage*. Salaping ibinayad sa paglapag ng mga kalakal o ang paglulan/pagsakay sa mga ito mula sa isang daungan.

whim *n.* kapritso. pansamantalang kagustuhan; bugso; sumpong.

white collar crimes *n.* krimeng pang-opisina. Ginagamit kadalasan para sa paglabag sa batas ng mga korporasyon o indibidwal kasama ang pang-uumit o pandaraya at iba pang paglabag sa pagtitiwala na isinagawa sa panahong ang nagkasala ay nanunungkulan.

wholesale *adj.* pakyawan; maramihan. Pagbebenta sa mga magtitingi (*retailer*) o nangongontra/tagapamagitan (*jobber*) sa halip na sa mga mamimili.

widow *n.* biyuda; balong babae. Babaeng naiwan ng kaniyang namatay na bana (*Ceb. husband*) at hindi na muling nagpakasal o nag-asawa.

widower *n.* biyudo; balong lalaki. Lalaking naiwan ng kaniyang namatay na asawa at hindi na muling nagpakasal o nag-asawa.

will *n.* testament; huling habilin.

willful *adj.* sadya, sinasadya; boluntaryo; kusa; intensiyonal; ipinlano. Nagmumula sa *malay (conscious)* na mosyon ng kagustuhan.

willful or wanton misconduct *n.* sadya o walang pakundangang kilos. Hindi pagsasagawa ng ordinaryong pangangalaga upang maiwasan ang sakuna sa isang taong batid o inaasahang maaapektuhan ng panganib na magaganap.

window *n.* bintana; dungawan, durugawan. Puwang sa pader o dingding ng isang gusali para papasukin ang liwanag at hangin, at magbigay ng tanawin.

wiretapping *n.* *wiretapping*; paniniktik sa telepono. Anyo ng elektronikong pakikinig. Sa utos ng hukuman, palihim na nakikinig sa mga tawag sa telepono ang mga tagapagpatupad na opisyal.

withdrawal *n.* paglabas; pagkuha; pagbawi; pag-alis; paglayo; pagurong; pag-atras. Pagkuha sa o pag-aalis ng pera o mga garantiya mula sa isang bangko o iba pang lugar ng deposito.

withhold *v.* pumigil, pigilin; magkait, pagkaitan, ipagkait. 1. panatilihin sa posesyon ang bagay na pag-aari,

hinihiling, o hinahanap ng iba. **2.** huwag isiwalat ayon sa kahilingan gaya ng pagkakait sa impormasyon.

without prejudice *adv.* walang pagkiling. Kapag ang isang alok o pag-amin ay ginawa nang walang "pagkiling," o itinanggi ang isang mosyon o idinismis ang isang habla nang "walang pagkiling," nanga-ngahulugan ito bilang deklarasyon na walang itinuturing na ipinaubaya o nawala sa karapatan o pribilehiyo ng may kinalamang panig liban na lamang kung kaniya itong hayagang pinahihintulutan o tinitiyak.

without recourse *adv.* hindi mapagbabayad. Ginagamit sa paggawa ng kalipikadong endoso ng isang instrumentong negosyable (*negotiable instrument*). Nanga-ngahulugan iligtas ng nag-endoso ang sarili mula sa pananagutan sa mga kasunod na may-hawak o holder. Isa itong notipikasyon na kung tatanggihan ang bayad ng mga panig ng pangunahing may pananagutan, hindi siya maaaring bigyan ng pananagutang magbayad.

witness *n.* saksi. Sinumang may ganap na pag-iisip, nakakakita, nakakaramdam, nakasaksi sa pangyayari o krimen at handang maglahad nito sa hukuman.

work *n.* gawain; trabaho.

working capital *n.* *working capital*; ginagamit na puhunan. Salapi o iba pang ari-ariang madaling ilikida. (*quick asset*).

worship *n.* pagsamba. Anumang anyo ng serbisyong panrelihiyon na nagpapakita ng paggalang at papuri

sa Banal na Katauhan (*Divine Being*), o matinding pangangaral sa pagsunod/pagtupad sa mga utos/orden ng gayong Katauhan. *v.* sambahin, sumamba.

wounded feelings *n.* damdaming nasaktan. Hinanakit na resulta ng insulto o paghamak sa paggalang sa sarili, sensibilidad, o pagpapahalaga ng isang tao sa sarili na kaiba sa kadalasang kirot pangkaisipan (*mental pain*) at pagdurusang bunga ng pinsalang pisikal.

writ of error *n.* kasulatan ng pagkakamali; kautusan sa pagkakamali. Kasulatang inisyu mula sa hurisdiksiyon ng hukumang pang-apela (*appellate court*), ipinag-uutos sa hukom o mga hukom ng isang hukuman ng rekord (*court record*), na hinihiling na ipadala sa kanila ang rekord upang maisagawa ang pagsusuri sa ilang inaakalang pagkakamali, at upang ang hatol ay mabaligtad, maiwasto, o mapagtibay, ayon sa hinihiling ng kaso o usapin.

writ of prohibition *n.* utos sa pagpigil. Utos ng isang nakataas na hukuman sa isang tribunal, korporasyon, kalupunan, o tao na nagbabawal na ipagpatuloy ang paglilitis o pagganap ng isang bagay.

writing *n.* sulat; titik; akda.

written *adj.* nakasulat.

wrongdoer *n.* ang nagkamali; ang nagkasala. Sinumang nakagawa ng isang kapinsalaan; isang *tort-feasor*.

wrongful *adj.* mapanira; pabaya; di-makatwiran. Walang-ingat at di-makatarungang paglabag sa ilang karapatan.

Yy

year *n.* taon. Panahong nakokompleto ang pag-ikot ng mundo sa araw kasama pati ang mga pagbabago ayon sa kalikasan. *Tingnan Art. 13, Kodigong Sibil.*

yellow dog contract *n.* *yellow dog contract*. Kontratang hinihiling ng employer sa empleado na lagdaan ang isang instrumento na nangangako

bilang kondisyon na hindi siya sasali sa unyon sa panahon ng paglilingkod, na siya ay tatanggalin sakaling siya ay sumali.

youthful offenders *n.* mga kabataang nagkasala. Mga kabataang itinuturing o tinatratong delinkuente at hindi bilang mga kriminal sa mga hukumang pambata.

Zz

zoning *n.* pagsosona. Ang dibisyon o paghahati ng regulasyong lehislatibo sa isang lungsod. Ang bawat hati ay tinatawag na distrito at kasama dito ang preskripsiyon at aplikasyon ng bawat distrito ng mga regulasyong may kinalaman sa mga disenyong pang-estruktura o pang-arkitektura ng mga gusali at ng mga regulasyong nag-uutos ng maaaring paglagyan ng gamit sa alinmang gusaling nasa distritong isinasaad.